


# Pulang Saludo

## MGA MARTIR SA TIMOG KATAGALUGAN SA PANAHON NG PASISTANG REHIMENG US-DUTERTE 2016-2022

KARED-TK
Ikalawang Edisyon
HUNYO 2022

# Pulang Saludo

## MGA MARTIR SA
## TIMOG KATAGALUGAN
## SA PANAHON NG PASISTANG
## REHIMENG US-DUTERTE
## 2016-2022

KARED-TK
Ikalawang Edisyon
HUNYO 2022

*Buhay at pakikibaka. Mga kwento ng pagdakila at pag-alaala.*


*Ang pagkakasunud-sunod ng talaan ng mga kasamang Hukbong namartir ay batay sa taon ng kanilang pagkamatay sa ilalim ng mga komand ng BHB sa rehiyon na kanilang kinabibilangan at kung saan sila namartir.*

*Ang aming pagpupugay!*

*Para sa pamilya, mga kaibigan at kasama ng mga dakilang rebolusyonaryong martir ang librong ito.*

***“Katapangan hanggang huling hininga ang bumubuhay sa isang martir lagpas sa kanyang kamatayan.”***

*-Jose Maria Sison, In Praise of Martyrs*




***Ang Mga Kumand ng BHB sa ilalim ng Melito Glor Command-BHB TK***

# *Talaan ng Nilalaman*


**Talaan ng Nilalaman ..........6**

**Pambungad ..........10**

**MELITO GLOR COMMAND - BHB TIMOG KATAGALUGAN ..........11**

Ermin “Ka Romano” Baskiñas Bellen ..........13

Mario “Ka Jethro” Caraig ..........20

Bonifacio “Ka Nato” Magramo ..........24

Lowel “Ka Bernie” Riza Mendoza ..........29

Charity “Ka Rise” Diño ..........33

**EDUARDO DAGLI COMMAND - BHB BATANGAS ..........38**

Ka Reggie ..........39

John Ryan “Ka Rexel” Macatigbak ..........41

Nasugbu 14 ..........42

Joshua “Ka Maru” Hernandez ..........44

Evelyn “Ka Anna” Nuestro Manalo ..........46

Roberto “Ka Hasan” Dolleton ..........48

Henry “Ka Jessie” delos Reyes ..........49

Zaldy “Ka Venus” Aurin ..........51

Kamil “Ka Alex” Manangan ..........52

Julieto “Ka Buwi” Pellazar, Jr. ..........54

Carl “Ka CJ” Labajata ..........55

Glenmark “Ka Zenki” Aytona ..........56

Anthony “Ka Jasmine” Pilit ..........57

Josephine “Ka Ella” Lapira ..........58

Anne “Ka Bella” Casilac ..........60

Graciela Mae “Ka Alena” Penkian Pacaldo ..........62

Alfred “Ka RM” Cadag ..........63

Domingo “Ka Anghel” Razo ........................................................................................65
Edrian “Ka Reniel” Baez ...........................................................................................68

**CESAR BATRALO COMMAND - BHB LAGUNA ...........................................70**

John Carlo “Ka Iñigo” Capistrano Alberto ...............................................................71
Romy “Ka BFAR” Candor ..........................................................................................75
Emenirito “Ka Warly” Pinza ......................................................................................76
Dioscoro “Ka Termo” Cello ........................................................................................77
Alex “Ka Omar” Perdeguerra ....................................................................................81
Rey “Ka Danny” Masinas ...........................................................................................83
Christine “Ka Billy” Estocado ....................................................................................84
Cristopher “Ka Omar” Buton .....................................................................................86

**LUCIO DE GUZMAN COMMAND - BHB MINDORO .....................................87**

Muriel “Ka Donjie” Latan ..........................................................................................89
June Eric “Ka Japs” Perey .........................................................................................91
Lillibeth “Ka Moc” Donasco ......................................................................................93
Reynald “Ka Camille” Garachica ...............................................................................94
Isaac “Ka Abdul” Cataytay ........................................................................................95
Aileen “Ka Pia” Serna ...............................................................................................96
Anastasia “Ka Tessie” Rosanes Vallever ...................................................................98
Noel “Ka Allan” Barrientos .....................................................................................100
Rodel “Ka 25” Panado delos Santos .......................................................................102
Banong “Ka Eldon” Bandayan .................................................................................104
Mervin “Ka Wally” Malucon ....................................................................................105
Ricky “Ka Ronel” Delos Santos ...............................................................................107
Victor “Ka Al” Alcos .................................................................................................108
Aldrin “Ka Sam” Gamil ............................................................................................109
Jay-ar “Ka Sander” Mercado ...................................................................................110
Lorelyn “Ka Fara” Saligumba ..................................................................................115
Lito “Ka Gabby” Buyayao Mogmog .........................................................................118
Jason “Ka Bryan/Abraham” Tuberos Merciales .......................................................120
Elmar "Ka Jorel" Morillo ..........................................................................................122
Ervin "Julian/Geron” Celis .......................................................................................125
Justine Ella “Ka Pia” Vargas ....................................................................................128

Dario “Ka Poldo” Almonte ....................130
Irene “Ka Analyn” Yam-ay ....................133
Kook “Ka Jimer” Mabugay ....................135
Reagan “Ka Jake” dela Calsada ....................136
Romar "Ka Pado/Sigu" Orosa ....................137
Queenie Loricel “Ka Kira” Daraman ....................139
Cherry “Ka Lito” Velasco ....................140
Felimon “Ka Berna/Nick” Carabido ....................143
Nonoy “Ka Nonie/Simo” Ambad ....................147
Ka Alvin/Alwyn ....................149

**BIENVENIDO VALLEVER COMMAND - BHB PALAWAN ....................150**

Noli “Ka Selnon” Siasico ....................151
Ma. Andrea “Ka Naya” Rosal ....................157
Rona Jane “Ka Lemon” Manalo ....................160
Jay-ar “Ka RG” Sento ....................165
Nelyn “Ka Aldin” Dabdab Emon ....................166
Remel “Ka Azumi” Padilla Rodriguez ....................167

**APOLONIO MENDOZA COMMAND - BHB QUEZON ....................168**

Felicardo “Ka Japson” Salamat ....................169
John Paul “Ka Arki” Aringo ....................171
Jomar “Ka Roro” Resureccion ....................172
Jeramie “Ka Ash” Garcia ....................173
Crisanto "Ka Marco” Surion ....................175
July “Ka Voltaire” Elorde ....................178
Rommel “Ka Totoy” Aguado ....................179
Ka Rocky/Malvar ....................182
Ka Ramil ....................183
Ryan “Ka Reymart” Noriesta ....................184
Argie “Ka Angel” Casinillo ....................185
Eduardo “Ka Resty” Torrenueva ....................187
Ronel “Ka Michael” Batarlo ....................190
Fernando “Ka Eleven” Anda, Jr. ....................192
Rhoderick “Ka Guma” Sinas ....................196

**NARCISO ANTAZO ARAMIL COMMAND - BHB RIZAL** .............................**198**
Lucio “Ka Bisaya” Simporoso ........................................................................................199
Jose “Ka Pancho” Villahermosa.....................................................................................201
Noel “Ka Cely/Bai” Levanta ..........................................................................................203
Rodel “Ka Delo” Cruz ...................................................................................................206
Kevin “Ka Facio” Castro ...............................................................................................208
Ka Wilfred ......................................................................................................................211
Ka Payter/Rukawa .........................................................................................................212
**Katibayan ng Parangal sa mga Rebolusyonaryong Martir.............214**
**Mga Ginamit na Daglat ...................................................................214**

# *Pambungad*

Hinarap ng mamamayan ng Timog Katagalugan sa nagdaang mga taon ang isang mabangis at madugong gerang kontra-rebolusyon sa ilalim ng pasista-teroristang rehimeng US-Duterte. Sa gitna ng magiting na pakikihamok ng buong rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ng TK sa pamumuno ng PKP, kasama sa naging mahihirap at mabibigat nating sakripisyo ang pagkasawi ng ilan nating mga mahal na kasama at masang ubos-kayang humarap sa paninibasib ng AFP-PNP sa buong rehiyon.

Kaya naman, ngayong taon, kasabay ng pagsalubong sa ika-53 anibersaryo ng BHB at inaasahang huling taon ng paghahari ni Duterte, inihahandog ng KARED-TK ang **Pulang Saludo: Mga Martir sa Timog Katagalugan sa Panahon ng Pasistang Rehimeng US-Duterte** na naglalaman ng pagpupugay sa mga kasama at masang nagbuwis ng buhay para sa ating dakilang simulain mula nang maluklok si Duterte sa estado poder noong Hunyo 2016. Ang proyektong librong ito ay bukas sa mga karagdagang impormasyon na maiaambag ng mga kasama at mga mambabasa.

Kasabay ng pagbibigay ng pinakamataas na pagpupugay sa kanilang kabayanihan, at pagbabandilyo sa kadakilaan ng kanilang buhay na inilaan para sa bayan, layunin ng librong ito na magsilbing inspirasyon at mahalawan ng aral ang bawat karanasan ng masa, mga Pulang kumander at mandirigma, mga opisyal at karaniwang kasapi ng Partido na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay. Inilalagay natin sa pinakamataas na pagpapahalaga at muling inaapirma ang kahalagahan ng armadong pakikibaka at digmang bayan para tapatan ang marahas at mabangis na digma ng kaaway, ng estado at ng imperyalismo sa gitna ng banta ng pagpapatuloy ng diktadura ni Duterte o panunumbalik ng anak ng minsan na nating ibinagsak na diktador na si Ferdinand Marcos Sr.

KARED-TK
MARSO 2022

# MELITO GLOR COMMAND - BHB TIMOG KATAGALUGAN

# KAGAWAD NG KOMITENG REHIYON




Ermin “Ka Romano” Baskiñas Bellen .......... 13

Mario “Ka Jethro” Caraig .......... 20

Bonifacio “Ka Nato” Magramo .......... 24

Lowel “Ka Bernie” Riza Mendoza .......... 29

Charity “Ka Rise” Diño .......... 33

# ERMIN "KA ROMANO" BASKIÑAS BELLEN



*Kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan (KRTK) mula 2009 at Kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap (KTKR-TK) mula 2016-2019*

*Non-attending delegate ng Ikalawang Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas, 2016*

*Kalihim ng Komiteng Subrehiyon ng Partido sa mga Probinsya ng Rizal-Quezon at Laguna 2009~2019*

*"...kailangan natin ang ibayong husay, ibayong giting, ibayong kahandaan sa sakripisyo at kahirapan hanggang sa dulo para makamit ang pagsulong habang nagwawasto. Hindi lamang digmang bayan ang pinag-aralan kundi ang daigdig at paano babaguhin ito hanggang sa maitatag ang komunismo. Huwag bilangin kung kailan pa ba tayo magtatagumpay, ilang taon pa bang magtatagumpay ang rebolusyon. Kasi, kapag nagbilang tayo, maiinip tayo, kung magbibilang tayo ng taon ng tagumpay — iisipin nating mamamatay na at hindi magtatagumpay. 'Di dapat iyon ang tinitingnan, ang dapat tinitingnan ay ang rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayan. Ang pagbabago ng lipunan mula sa kasalukuyang pinaghaharian ng monopolyo kapitalismo tungong sosyalismo ay hindi nakabatay sa buhay natin, hindi nakabatay sa lifetime natin (hanggang ilang taon tayo mabubuhay) kundi nakabatay ito sa mahabang taon ng pakikibaka ng uring inaapi ng mga henerasyon ngayon at mga susunod pa, mga deka-dekada at daan-taong henerasyon para tuluy-tuloy na baguhin ang lipunan."*

*(binigkas ni Ka Romano sa pagtatapos ng isang bats ng AKP, Agosto 2019)*

Ibinibigay ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM), Bagong Hukbong Bayan at ng buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong Timog Katagalugan ang pinakamataas na pagkilala at parangal kay Kasamang Ermin Bellen. Kilala siya sa palayaw na Bong ng kanyang mga kapamilya habang minamahal na Ka Romano, Ka Monte at Ka Rudy para sa mga kasama at masa na kanyang nakasama, naging katrabaho, pinamunuan at pinaglingkuran sa kanyang 36 na taon ng matapat na rebolusyonaryong paglilingkod.

**Siya ay nasawi, sa rurok ng kanyang kasiglahan at kahusayan sa paggampan ng mga rebolusyonaryong tungkulin bilang kadre ng Partido at kumander ng Hukbo, kasama sina Jose Villahermosa at Lucio Simporoso, sa Sierra Vista Subdivision, Barangay Cupang, Antipolo City, humigit-kumulang ala-una ng madaling araw ng Huwebes, ika-5 ng Disyembre, 2019.**

Ginagampanan ni Ka Romano nang buong husay ang kanyang tungkulin bilang regular na kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan. Inihalal din siya ng Komiteng Rehiyon sa TK bilang isa sa dalawang (2) *non-attending delegate* ng Ikalawang Pambansang Kongreso ng Partido Komunista ng Pilipinas. Siya ang tumatayong Kalihim ng Komiteng Subrehiyon ng Partido na sumasaklaw sa mga probinsya ng Rizal-Quezon at Laguna sa nagdaang 10 taon. Nauna pa dito, tumayo siyang Kalihim ng Komite ng Partido sa Probinsya ng Rizal mula 2008 at kalihim ng Komiteng Subrehiyon ng Rizal-Quezon at Laguna mula 2009 hanggang bago siya pinaslang. Gumagampan din siya ng tungkulin bilang pinuno ng Kagawarang Pampulitika ng Bagong Hukbong Bayan sa Timog Katagalugan.

Sa ilalim ng kanyang pamumuno, nakamit ng rebolusyonaryong kilusan sa subrehiyon na kanyang pinamumunuan ang tuluy-tuloy na pagsulong at paglakas sa gitna ng walang puknat na paglaban at pagbigo sa mga operasyong militar na inilunsad ng 2nd ID ng Philippine Army at ng PNP-Region IV-A. Ang pwersa ng BHB na pinamunuan ni Ka Romano ang isa sa naging



modelo sa rehiyong Timog Katagalugan sa pagpapatupad ng mataas na antas ng opensibang diwa sa pagtupad sa gawain at pagharap sa kaaway. Ang mataas na opensibang diwa na ito at kahusayan sa pagtupad sa gawain ang susing salik kung bakit nagpatuloy sa paglawak at paglakas ang BHB, rebolusyonaryong base at rebolusyonaryong kilusang masa sa mga lalawigang kanyang saklaw kahit pa ang mga ito ay nasa tarangkahan ng National Capital Region, ang sentrong luklukan ng paghahari ng kaaway.

Sa gitna ng napakalakas na pwersang ginagamit ng kaaway laban sa pwersang pinamunuan ni Ka Romano, tuluy-tuloy na nakapaglulunsad ang mga ito ng matatagumpay na taktikal na opensiba laban sa mga pwersa ng AFP-PNP at mga pribadong *goons* ng mga lokal na naghaharing uri. Nito lamang nagdaang dalawang taon kung saan ipinatupad ng AFP-PNP ang sustenidong *focused military operations* (FMO), medalya ng pamumuno ni Ka Romano ang rekord na 38 na taktikal na opensiba laban sa AFP-PNP habang *zero casualty* sa mga depensibang labanan na sinabakan ng mga yunit ng BHB.

Ang pwersang BHB na pinamumunuan ni Ka Romano ang pangunahing pwersang sandigan ng masang Dumagat, Remontado, magsasaka at mamamayan sa probinsya ng Rizal, Laguna, Quezon sa pagtutol at paglaban sa maiitim na pakana upang kamkamin ang kanilang lupain at itaboy sa kanilang mga pamayanan para bigyang daan ang mga mapangwasak na mga

proyekto ng reaksyunaryong estado. Pinakasariwa sa mga ito ang pagtutol at paglaban sa mapangwasak-sa-kapaligiran na New Centennial Water Source—Kaliwa Dam Project na banta sa buhay at kabuhayan ng masa.

Libu-libong magsasaka at mamamayan ang nabigyan ng rebolusyonaryong hustisya sa mga matatagumpay na punitibong aksyong inilunsad ng BHB sa ilalim ng pamumuno ni Ka Romano. Tampok sa mga ito ang matatagumpay na operasyong militar laban sa mga pribadong armadong *goons* ng mga pinakamalalaking burgesya-kumprador sa bansa tulad ng pamilyang Lucio Tan at Ayala na ginagamit sa pangangamkam ng lupain at panggigipit sa mga magsasaka at mamamayan. Tampok din dito ang matagumpay na punitibong aksyon na nagpatigil sa mapangwasak sa kapaligirang kumpanya sa *quarry* sa Montalban, San Mateo at iba pang karatig na bayan na siyang nagiging sanhi ng malawakang pagbaha sa lalawigan ng Rizal hanggang Kamaynilaan at sa pagkawasak ng buhay ng mamamayan.

Kaya naman suko hanggang langit ang galit ng mersenaryong tropa kay Ka Romano at walang pagsidlan ang pagnanais ng AFP-PNP na patayin siya at wasakin ang Partido, BHB at rebolusyonaryong pwersa na kanyang pinamunuan. Ang pagsulong ng BHB at rebolusyonaryong kilusan sa ilalim ni Ka Romano ay nagsisilbing bangungot sa istabilidad ng kutsabahang paghahari ng malalaking burgesya kumprador-panginoong maylupa at ng imperyalismong US sa bansa.

Sandaling nakalingat si Ka Romano noong madaling araw ng ika-5 ng Disyembre, kasama ang dalawa pa. Brutal silang pinaslang nang walang kalaban-laban ng mga pasista at mersenaryong sundalo at pulis sa kabila ng katotohanang hindi sila armado. Ni hindi man lamang iginalang ang kanilang mga saligang karapatang-tao sa ilalim ng mga panuntunan ng 1949 Geneva Convention at Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at maging sa Bill of Rights ng Konstitusyon ng reaksyunaryong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Subalit kung gaano siya kinamumuhian ng mersenaryo't pasistang tropa at mga kaaway-sa-uri ay ganun naman siya minahal ng masa. Matapat niyang pinaglingkuran at itinaguyod ang interes ng masang api't pinagsasamantalan laban sa mapagsamantalang operasyon ng mga debeloper at ispekulador sa *real estate*, pagsira at dislokasyon sa kabuhayan ng masa bunga ng mapangwasak na proyektong Build, Build, Build ng rehimeng Duterte at ng mapangwasak na mga *quarry operations* ng malalaking negosyante at burukrata-kapitalista.

Dakila at puno ng rebolusyonaryong kabayanihan at pagiging mabuting tao ang buhay at pakikibaka ni Ka Romano. Ginugol niya ang tatlumpu't anim na taon (36) ng kanyang buhay sa rebolusyon. Ipinanganak siya at lumaki sa Sto. Domingo, Albay. Doon siya nag-aral hanggang hayskul at matapos nito ay nag-aral sa kolehiyo sa isang seminaryo kung saan doon siya nagsimulang mamulat at kumilos noong 1983 sa panahon ng katindihan ng paglaban at

pagpapabagsak sa diktadurang Marcos pagkaraan ang asasinasyon kay Benigno Aquino. Mula 1983, nagtuluy-tuloy na si Ka Romano sa pagkilos hanggang sa lumabas ng seminaryo. Taong 1989 nang siya ay maging kandidatong kasapi at 1990 naman nang maging ganap na kasapi ng Partido.

Nagpultaym siya at kumilos sa kilusang magsasaka sa TK noong 1990, kalaunan ay isa sa naging namumunong kadre sa Komite ng Partido sa Urban ng rehiyon noong 1995. Simula Hulyo 1998, naitalaga siyang kumilos sa Komiteng Probinsya ng lalawigan ng Rizal, una bilang pinuno ng Komite sa Puting Purok hanggang sa maging Kalihim ng isang larangang gerilya noong 2005 at naging bahagi ng Kalihiman ng Komiteng Probinsya ng Rizal. Umakto siyang Kalihim ng Komiteng Probinsya ng Rizal mula 2008 matapos na dukutin ng kaaway ang kanilang Kalihim na si Cesar 'Ka Ruben' Batralo hanggang bago siya nasawi.

Sa kanyang pagkamartir, naiwan niya ang kanyang pinakamamahal na asawa at tatlong (3) anak. Nakilala siya ng mga kasama at masa sa kanyang husay bilang isa sa pangunahing namumunong kadre sa rehiyong TK at pangunahing namumuno sa kanyang saklaw na subrehiyon. Malaki at di matatawaran ang naging ambag niya sa pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa TK at maging sa pag-agapay sa mga organo ng Partido sa katabing rehiyon.

Pinakamalaking ambag niya ang pagtiyak sa pagsulong at paglakas ng partikular na subrehiyong saklaw ng kanyang indibidwal na responsibilidad. Medalya ni Ka Romano ang matagumpay na pamumuno sa pagsusulong at pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa probinsyang tarangkahan ng National Capital Region, ang sentrong luklukan ng pambansang paghahari ng uring mapagsamantala at mapang-api sa Pilipinas.

Ipinakita ng kanilang praktika na kakayaning sumulong at lumakas ang armadong pakikibaka sa mga lugar na kanugnog ng mga pangunahing sentrong lungsod sa pamamagitan ng wastong paglalapat ng taktikal na linyang militar ng Partido na malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa at suporta ng mamamayan. Naikumbina niya ang paggamit kapwa ng bentahe ng mabundok na kalupaan ng Rizal-Laguna-Quezon at ng malawak na suporta ng mamamayan sa mga interyur, laylayan at kapatagang rural at semi-rural.

Isa sa kalakasan at kakayanan ni Ka Romano ang gawaing propaganda. Napakasipag niya sa gawaing propaganda, hindi lamang sa pagsusulat kundi maging sa indibidwal na talakayan hanggang sa pulong ng mga kasama at masa. Siya ang boses sa likod ng mga pahayag ng Narciso Aramil Antazo Command sa probinsya ng Rizal at ng Rosario Lodronio Rosal Command. Napakasipag din niya sa pagbabasa at pag-aaral bagay na nagbibigay sa kanya ng armas sa matalas at wastong pagsusuri sa mga usapin at sa pagbubuo ng mga kaparaanan sa pagtupad sa anumang gawaing iniatang sa kanya ng Partido.

Mahigpit ngunit malapit siya sa mga kasama, maging sa masa at hindi sila naiiláng sa kanya. Puna niya sa sarili ang pagiging palabiro ngunit paraan niya ito upang mailapit ang kanyang sarili kahit sa mga karaniwang mandirigma at sa masa. Gayunman, hindi niya nakakalimutang palaging pangibabawin ang pulitika sa kanyang relasyon sa mga kasama.

Uliran siyang asawa at ama sa kanyang tatlong anak. Pangunahing mungkahi niyang sakaling mailipat siya ng disposisyon ay mailagay siya sa rehiyon kung saan nandoon ang kanyang pamilya upang masubaybayan ang kanilang kalagayan at maimulat sila sa rebolusyon.

Anim na beses na nakasama si Ka Romano sa mga mayor na pulong ng KRTK simula nang naging kagawad siya ng komite ganundin sa nilahukang mga panrehiyong kumperensya ng kumand na matagumpay na naidaos. Sa mga pulong na ito, makikita ang kanyang talino, husay, disiplina at lalim ng sapul at paghuhubog sa sarili ayon sa proletaryong prinsipyo, pananaw at pamamaraan.

Aktibo siya sa pagbabahagi ng kanyang mga kaalaman at pagpapahayag ng kanyang mga ideya sa pulong. Matatalas ang mga ito at pinakikinggan ng mga kagawad ng komite at mahigpit na ikinukunsidera sa pagpapasya laluna sa mga mayor na usapin. Malalim at malawak ang kanyang pagkasapul sa partikular na kalagayan sa saklaw ng kanyang indibidwal na responsibilidad. Makikita ito kapag siya ang nag-uulat sa komite.

Sa isang banda, palagi siyang bukas sa pakikinig sa ideya ng iba pang mga kasama at pagtanggap sa mga ideyang ito kahit pa kasalungat ng kanyang ideya laluna kapag napagtanto niya ang kawastuhan nito. Matalas siyang pumuna sa kakulangan at kahinaan ng kanyang kolektibo habang bukas at maluwag din siyang magpuna sa kanyang sarili sa mga nagawa niyang kahinaan gayundin sa pagtanggap ng puna ng mga kasama sa kanya. Ipinakita ni Ka Romano ang kanyang mahigpit na pagtalima at pagsunod sa pamumuno ng Partido at ng sentro nito. Kaalinsabay, ipinakita niya ang kanyang kakayanang magsarili at mag-ugit ng sariling landas sa pagtupad sa mga atas ng Partido.

Hindi siya tumatanggi sa atas ng Partido. Hindi niya alintana ang panganib at wala siyang pinangangambahang balakid. Para sa kanya, lahat ng gawain at tungkuling ibinibigay ng Partido ay kakayaning gawin at gampanan. Mataas na kalibre ang kalidad niya bilang kadre ng Partido. Isa siya sa pinakamabuting anak ng bayan ng rehiyong TK na nagmula sa Bikol at tunay na pinakamabuting anak ng sambayanang Pilipino.

Tunay na napakalaking kawalan para sa sambayanang Pilipino, sa Partido at rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa rehiyon ang pagkasawi ni Ka Romano. Gayunman, tiyak na mabilis na makakabawi ang Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan dahil nailatag ni Ka Romano at ng Partido sa rehiyon ang sapat na tangkas ng mga kadre na agad pupuno sa kanyang kawalan at patuloy na magpapalago sa binhi ng rebolusyon na kanyang inihasik sa

hanay ng masang Dumagat, Remontado, mga magsasaka at iba pang api't pinagsasamantalahang uri sa lipunan.

Ang pagkamartir ng mga kadre ng PKP at ng isang kumander ng BHB ang katuparan at kahustuhan ng halaga ng buhay bilang rebolusyonaryo. Walang pinipiling panahon ang pagkamartir at pagkabuwal sa pakikihamok laban sa kaaway na mapagpasamantala, mapang-api at malupit. Dakila ang mamatay para sa bayan, para sa sambayanang Pilipino at para sa interes ng higit na nakararaming naghihirap, pinagsasamantalahan at inaapi. Hindi kailanman ito kinakatakutan o pinanghihinayangan ng mga Komunista at ng Pulang Hukbo dahil sadyang dito nakalaan ang kanilang buhay. Karangalan at kadakilaan ang mamatay at ialay ang buhay sa panahong ito ng dakilang pakikibaka ng sambayanang Pilipino upang ibagsak ang sagad sa kalupitan, pasista at pagkatutang paghahari ng rehimeng US-Duterte. Isang hamon sa mga tunay na anak ng bayan na sundan ang yapak at landas na pinili ni Ka Romano at ng dalawa pang kasama.

Nangangarap nang gising ang kaaway kung inaakala nilang ganap nang mawawasak ang armadong kilusang rebolusyonaryo sa tarangkahan ng Metro Manila sa pagpaslang nila kay Ka Romano at sa dalawa pang kasama. Sa kabaliktaran, nanatiling buhay ang diwa na sinasagisag ni Ka Romano ng matapat na paglilingkod sa interes ng mga api't pinagsasamantalahan. Nag-aalimpuyo at naghihimagsik ang damdamin ng mga Pulang kumander at mandirigma ng Melito Glor Command, gayundin ng rebolusyonaryong mamamayan sa ginawang brutal na pagpatay sa *hors de combat* na sina Ka Romano, Ka Bisaya at Ka Pancho. Higit na magbibigay ng ibayong inspirasyon sa lahat ang kanilang kadakilaan at kabayanihan. Higit na pag-aalabin nito ang opensiba at mapanlabang diwa upang dalhin sa mas mataas na antas ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka sa mga probinsya ng Rizal, Laguna at Quezon, sa buong rehiyong Timog Katagalugan at sa buong bansa. PS

# MARIO “KA JETHRO” CARAIG



*Kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan (KRTK) mula 2005 at Kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap (KTKR-TK) mula 2018-2020*

*Kalihim ng Komiteng Probinsya ng Batangas*
*2017~2020*

Nagpupugay at iginagawad ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan (KRTK-PKP-MLM) ang pinakamataas na pagdakila kay Kasamang Mario Caraig, isang ulirang komunista, magiting na rebolusyonaryo at martir ng rebolusyon. Inialay niya ang mahigit 36 taon ng kanyang buhay sa pagtataguyod ng interes ng mamamayang api't pinagsasamantalahan at simulain ng pambansang demokrasya.

Mas kilala si Kasamang Mario Caraig sa tawag na Ka Jethro, Lemuel, Zilong at Igpaw sa mga kasama at masa ng TK. **Brutal siyang pinaslang ng mga pasistang militar kahit isa nang hors de combat o wala na sa katayuang lumaban pagkaraang masugatan sa isang labanan noong Agosto 4 at habang nilalapatan ng lunas—isang kaso ng extrajudicial killing (EJK) ng pinagsamang pwersa ng 1st IBPA at PNP-Laguna noong madaling araw ng Agosto 8, 2020 sa San Antonio, Kalayaan, Laguna.**

Magiting at mabuting anak ng lalawigan ng Batangas si Ka Jethro. Ipinanganak siya noong Setyembre 24, 1962 sa bayan ng Nasugbu. Mula pagkapanganak, sa probinsya ng Batangas na siya lumaki, nagkaisip at nag-aral. Dito na din siya namulat sa pangangailangang baguhin ang lipunan sa ilalim ng diktadurang Marcos at kalauna'y niyakap ang rebolusyon, pumaloob sa kilusang lihim at lumahok sa anti-diktadurang pakikibaka. Hindi bababa sa 27 taon ng kanyang 36 na taong rekord sa rebolusyonaryong pagkilos ay iginugol niya sa pagpupundar ng rebolusyonaryong kilusan sa Batangas. Naging kasapi siya ng Partido noong Marso 1987. Dito na din siya nagbuo ng rebolusyonaryong pamilya.

Namulat at naorganisa si Ka Jethro noong 1984 sa panahon ng kasagsagan ng paglaban ng sambayanang Pilipino upang pabagsakin ang noo'y kinamumuhiang diktadurang US-Marcos. Bilang isang relihiyosong protestante, pinangunahan niya ang pag-oorganisa sa kabataang kristiyano at mga pagkilos laban sa diktadura ng panahong iyon. Dahil sa kanyang kasigasigan, naging panlalawigang tagapangulo siya nito sa Batangas at isa sa naging pangunahing opisyal sa antas ng rehiyon. Kalaunan, tumayo siya bilang isa sa lider-masa sa hayag na demokratikong kilusang masa sa probinsya. Noong 1985, naging pangkalahatang kalihim siya ng isang progresibong alyansa sa lalawigan ng Batangas. Pinangunahan nila ang mga pagkilos ng mamamayan sa probinsya hanggang sa bumagsak ang diktadurang Marcos.

Ang paglalim ng kanyang paglahok sa anti-diktadura at anti-pasistang kilusan ay ibayong nagbukas sa kanya ng pinto na hindi makakamit ang tunay na panlipunang pagbabago kung hindi sa pamamagitan ng armadong rebolusyon. Nasaksihan niya na ang pagpapalit sa diktadura ng mula sa karibal na paksyon ng naghaharing uri ay hindi makabuluhang bumabago sa api at siil na kalagayan ng masang anakpawis. Nagpapatuloy lamang ang mapagsamantala at mapang-aping sistema sa ilalim ng nagpapalitang paksyon ng naghaharing uri.

Sa buong 36 taon ng kanyang rebolusyonaryong paglilingkod, hindi kinakitaan ng anumang panghihina o pagtigil sa pagkilos si Ka Jethro. Naging bahagi siya sa mga kamalian at paglihis

noong huling mga taon ng dekada 1980 ngunit matapat niyang kinilala ang mga pagkakamali at marubdob niyang isinakatuparan ang pagwawasto sa ilalim ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto noong 1992 hanggang sa mga sumunod na taon.

Mula nang matalaga sa pagkilos sa larangang gerilya sa Batangas noong 1995, ginugol ni Ka Jethro ang mahigit sa 24 taon ng kanyang buong panahong rekord sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa probinsya at mga karatig na lugar.

Isa sa pangunahing namumunong kadre si Ka Jethro sa organisasyon ng PKP at BHB sa lalawigan ng Batangas. Mula sa pagiging Kalihim at opisyal pampulitika ng isang yunit sa gawaing masa, umangat siya sa katungkulan hanggang maging kalihim ng Komiteng Larangan, naging pangalawang kalihim ng Komiteng Probinsya at pagkaraan, naging kalihim nito noong 2017. Siya ang naging tagapagsalita ng Eduardo Dagli Command at nakilala sa pangalang Apolinario Matienza.

Sa kanyang kawalang pagod at mga pagsisikap, kasama ang kapwa niya kadre't kasapi ng Partido, kumander at mandirigma ng BHB, katuwang ang mamamayang Batangueño, lumawak at lumalim ang rebolusyonaryong baseng masa sa Batangas nang walang kaparis sa kasaysayan nito. Sa kanyang pamumuno, nailunsad at naipagtagumpay ang pakikibaka para sa lupa, kabuhayan, panirikan at karapatan ng mga magsasaka, mangingisda, manggagawang bukid at iba pang aping uri. Magiting niyang pinamunuan ang pakikibaka ng mga mamamayan laban sa pinakamalalaki at pinakamakapangyarihang burgesya-kumprador at panginoong maylupa tulad ng mga pamilyang Sy, Ayala, Roxas, Ang at Campos. Ang mga ito ang numero unong kaaway ng mga magsasaka't mangingisda sa lalawigan na pwersahang nagpapalayas, nangangamkam ng kanilang mga lupain at kumikitil sa kanilang kabuhayan.

Sa saklaw ng panahong ito, lumawak at lumakas din ang Hukbong Bayan at armadong pakikibakang inilulunsad ng BHB sa probinsya ng Batangas. Naisagawa ang mga taktikal na opensiba at iba pang aksyong militar na bumigwas sa kaaway ng mamamayan at nagbigay ng katarungan sa mga biktima ng inhustisya't pang-aapi ng naghaharing uri. Pinakatampok sa mga ito ang matagumpay na reyd-pamamarusa sa armadong *goons* at ari-arian ni Henry Sy sa Papaya, Nasugbu noong Enero 29, 2017.

Walang pagsidlan ang galit ng mga naghaharing-uri kay Ka Jethro, sa PKP at BHB na nagsilbing pinuno't sandigan ng aping mamamayan sa kanilang buhay at pakikibaka. Ilandaang libong ektarya ang sinaklaw ng mga antipyudal na pakikibaka, libu-libong ektarya ang naipagtagumpay at libu-libong mamamayan ang nagtamasa ng mga tagumpay na ito. Upang hadlangan ang mga tagumpay ng kilusang magsasaka, ginamit ang buong makinarya ng panunupil ng reaksyunaryong estado para supilin at wasakin ang rebolusyonaryong paglaban sa lalawigan.

Sa kanyang ipinakitang katatagan, husay at determinasyon, nahalal siya bilang kagawad ng Komiteng Rehiyon sa TK (KRTK) noong 2012 at regular na kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng KRTK noong 2018.

Kilala bilang mabait at magiliw sa mga kasama at masa si Ka Jethro. Madali siyang makapalagayang-loob at lapitan hindi lamang ng kanyang kakolektibo kundi kahit ng mga karaniwang kasapi at mandirigma na kanyang pinamumunuan.

Kilala din siya bilang mahusay na propagandista’t ahitador. Marubdob at punung-puno ng ahitasyon kung siya'y magsalita at magpaliwanag sa mga kasama at masa. Palagi niyang inililinaw ang kawastuhan at kahalagahan ng rebolusyon.

Mababa ang loob at mapagpakumbaba si Ka Jethro. Maluwag siyang tumanggap ng mga kapunahan at nagsisikap na maiwasto ang mga kahinaan at kakulangan upang maging karapat-dapat na pinuno at modelong komunista.

Tapat sa Partido, sa rebolusyon at sa interes ng masa si Ka Jethro. Palagi niyang inuuna ang interes ng Partido kaysa sa kanyang pansariling interes. Bukal sa loob na tinatanggap ni Ka Jethro ang mga atas, gawain o disposisyon. Hindi niya alintana ang sakit na *hypertension*, *diabetes* at pagiging operado sa *slipped disc*. Para sa kanya, nakahanda siyang tupdin anuman ang atas ng Partido at saanman siya itatalagang lugar at gawain. Ito ang kanyang panuntunan laluna nang italaga bilang kalihim ng Komiteng Probinsya ng Batangas. Alam niya ang bigat at panganib na dala ng kanyang tungkulin at responsibilidad, ngunit walang pag-aatubili niya itong tinanganan dahil alam niya ang kahalagahan nito sa buong rebolusyonaryong kilusan.

Sukdulan ang galit ng sambayanan at ng buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong TK sa karumal-dumal na pagpaslang kay Ka Jethro ng mga kaaway. Ninanais ng mga kaaway na ganap ng patahimikin si Ka Jethro at maghasik ng sindak sa mamamayan. Hinding-hindi kailanman masisindak ang rebolusyonaryong mamamayan at ang sambayanang Pilipino sa pasismo at terorismo ng rehimeng US-Duterte.

Ang buhay at pakikibaka ni Ka Jethro at iba pang mga kasamang martir ay magsisilbing apoy na magpapaalab sa naghihimagsik na damdamin ng sambayanan upang isulong ang digmang bayan at ang demokratikong rebolusyon ng bayan. Hindi kailanman magmamaliw ang diwa at alaala ni Ka Jethro. Sa brutal na pagpaslang sa kanya ng kaaway at sa kanyang huling hininga, mananatili siyang buhay sa puso ng mamamayan. Nakaukit sa bawat sulok ng lalawigan ang kanyang kadakilaan, sakripisyo, kawalang pag-iimbot at busilak na paglilingkod sa masa .

Aalalahanin at dadakilain ng sambayanang Pilipino ang buhay at pakikibaka ni Ka Jethro. Sa kabilang banda, lulunurin ng nag-aalimpuyong galit ng sambayanan ang rehimeng US-Duterte, ang kanyang mga kroni at mersenaryo't pasistang AFP at PNP. Darating ang panahon ng pagtutuos at paniningil. Makakamit ng sambayanan at ni Ka Jethro ang rebolusyonaryong katarungan. PS

# BONIFACIO “KA NATO” MAGRAMO



*Kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan (KRTK) mula 2001 at Kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap (KTKR-TK) mula 2016-2020*

*Kalihim ng Komiteng Probinsya ng Palawan*
*2001~2020*

Ibaling sa rebolusyonaryong katapangan ang pamimighati ng sambayanan sa pagpanaw at pagkamartir ni Kasamang Bonifacio Magramo na kilala ng masa at mga kasama sa iba't ibang bahagi ng rehiyon na kanyang pinaglingkuran bilang si Ka Tigro, Ka Gem at Ka Victor sa Mindoro at sa masang Palaweño bilang Ka Abuan, E-Boy, Boywan at Nato. Siya ang katauhan sa likod ni Salvador Luminoso, ang tagapagsalita ng Bienvenido Vallever Command ng BHB at tinig ng rebolusyon sa Palawan. Siya ay isang martir ng rebolusyong Pilipino at ng sambayanang nakikibaka.

Mataas na pagpupugay ang iginagawad ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan at ng Melito Glor Command–New People's Army Southern Tagalog kina Kasamang Bonifacio "Ka Nato/Boywan/Eboy/Abuan" Magramo, Andrea "Ka Naya" Rosal, Noli "Ka Selnon" Siasico, Rona Jane "Ka Lemon" Manalo at Jay-ar "Ka RG" Sento—mga bayani at martir ng rebolusyong Pilipino. **Namartir sila sa pataksil na pag-atake ng pasistang Force Reconnaissance Group ng 4th MBLT at 3rd MBLT sa ilalim ng 3rd Marine Brigade noong alas-sais ng umaga ng Setyembre 3, 2020 sa Brgy. Mainit, Brooke's Point, Palawan.** Dakila at simbigat ng Kabundukan ng Matalingahan ang kanilang kamatayan. Ginugol at inialay nila ang kanilang tanging buhay sa matapat na paglilingkod at pagtataguyod sa interes ng masang api't pinagsasamantalahan.

Bisaya o Ilonggo si Ka Nato, humigit-kumulang ay 67 taong gulang. May asawa, mga anak, mga apo, at mga apo sa tuhod. Isinilang sa isang pamilyang magsasaka si Kasamang Bonifacio sa Brgy. Kaligtasan, bayan ng Bongabong sa Oriental Mindoro noong Hunyo 5, 1953. Hindi man nakatapos ng pag-aaral sa mataas na antas, likas sa kanya ang pagiging isang palaaral at lider. Taong 1973, sa edad na 20 anyos nang siya ay maging opisyal sa edukasyon ng Federation of Free Farmers (FFF) sa kanilang bayan. Dinanas niya ang mga panggigipit ng bagong pataw na Martial Law at namulat sa pakikibaka ng mga magsasaka at iba pang sektor. Nang manirahan sa Brgy. Ilvita, Sablayan, Occidental Mindoro, isa siya sa mga unang nagbuo ng Bukluran ng mga Magbubukid sa Sablayan (BUKLOD MASA), isang pambayang samahan ng mga magsasaka noong dekada 1980 at di nagtagal ng Samahan ng mga Magbubukid sa Kanlurang Mindoro (SAMAKAMI).

Nakilusan ang kanilang baryo sing-aga pa ng 1980's ng mga organisador ng mga magsasaka sa panahong mainit na mainit ang pakikibaka ng mga magsasaka para sa lupa, laban sa mangangamkam nito; laban sa kapabayaan ng gobyerno sa irigasyon at dam na naging dahilan ng tuluy-tuloy na pagkawasak ng kanilang mga sakahan sa gilid ng ilog Amnay. Naorganisa at naging organisador at naging pinuno siya ng samahan ng mga magsasaka sa Sablayan hanggang sa buong probinsya. Sumampa siya sa Pulang Hukbo noong 1983 kasunod din ang iba pa niyang kamag-anak o kapamilya. Kabilang din sa sumampa ang kanyang manak (stepson) na si Ka Edson (Manuel Gabayno Gregorio), binata, taga-Baloc-Baloc, Sablayan, na

namatay sa isang engkwentro sa mga kaaway sa So. Baulan, Murtha, San Jose noong Hulyo 16, 1990.

Sa buong isla sa panahong ito, ang Sablayan ang pinakasentro ng pakikibakang magsasaka dahil sa lawak ng lupain sa kapatagan na sa halip na ibigay sa mga magsasakang walang lupa upang sakahin, ay mga konsesyon na ibinigay sa mga panginoong maylupa at mayayamang hindi taga-Mindoro para gawing pastuhan at korporadong sakahan tulad ng mga pastuhan ni Almeda, Ramirez, Arevalo, PLDT, GCFI at iba pa. Ang mga isyung ito ang nagpaalab sa damdamin at poot ng mga magsasaka at nagtulak sa kanila para kumilos at lumaban!

Pinanday ng pakikibaka para sa lupa at ng marubdob na hangaring lutasin ang dantaong problema sa kawalang lupa ng mga magsasaka at sa pagmamahal sa kanyang kauring anakpawis, nagpasya si Kasamang Boywan na buong panahong kumilos sa Bagong Hukbong Bayan noong ikalawang hati ng dekada 1980. Nakita niyang tanging ang pananagumpay lamang ng demokratikong rebolusyon ng bayan ang magpapabago sa imbing kalagayan ng mga maralita sa kanayunan at ng buong sambayanan. Taglay ang determinasyon at prinsipyo, kasama siya sa mga unang nag-organisa at nagpalawak ng baseng masa sa Occidental Mindoro at pagpapalakas ng Hukbo sa probinsya.

Dahil napakainit ng mga isyu at usapin hinggil sa lupa sa panahong ito, mabilis ding lumakas at lumaki ang Hukbong Bayan na dala pangunahin ang isyu ng lupa at rebolusyong agraryo. Ang nagsisimulang magpalaking Hukbong Bayan na unang nakakilos sa bahaging Mamburao, Sta. Cruz at Sablayan ay nakapagpadala o nakapagpalukso na ng mga MLP at SPP/SYP sa bahaging Timog ng Occidental sa Calintaan, Rizal, San Jose hanggang Magsaysay. Hindi dito naipadala si Ka Gem kundi sa dulong Norte ng Occidental upang magpalawak sa mga bayan ng Paluan, Abra de Ilog at sa tatlong bayan ng dulong Hilaga ng Oriental Mindoro (Puerto Galera, San Teodoro at Baco). Tatawagin itong ELAS. Magiging independenteng SMS sa ilalim ng Komite sa Isla. Mapapabilang dito si Ka Gem hanggang sa maging Kalihim nito. Kilalang-kilala siya sa mga lugar na ito lalo na sa mga katutubong Mangyan-Iraya sa lugar. May panahong inabot din nila at nakilusan ang ilang barangay sa dalawa pang islang bayan ng Lubang at Looc.

Nang nagpasya ang Komiteng Rehiyon sa TK na muling balikan ang pansamantalahang naiwang base sa Palawan, walang pag-aalinlangan si Ka Boywan na tanggapin ang atas at hamon na mapadestino dito noong 1997. Inugit ni Ka Nato ang karugtong na rebolusyonaryong gawain sa katabing isla ng Mindorong kanyang sinilangan. Alam niyang maraming mga Mindoreño ang nagsilipat sa Palawan para sa paghahanapbuhay at hahanapin at uugnayan sila para mapalahok sa rebolusyon. Abot-tanaw mula sa mga islang ito ang lugar na pinagmulan ng kanyang mga ninuno — ang Panay.

Sa pamumuno niya, muling nabalikan at nalatagan ng sonang gerilya ang kalakhan ng probinsya ng Palawan. Napangibabawan at nabigo ang mga kampanyang militar para durugin

ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Puspusang itinaguyod ang lahatang-panig na pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa probinsya at matatag na itinaguyod ang mga programa at prinsipyo ng Partido mula pa noong siya ay nasa Mindoro at bandang huli, sa Palawan.

Matinding hirap ang inabot ni Ka Nato sa pagkilos sa Palawan at pagsisikap na manatili at maging matatag ang Hukbo sa Isla at hindi na muling maiwan ito. Mula 1990's ay hindi na mapaalis sa probinsya ang Hukbong Bayan. Nagpursige ang mga kasama na makilusan ang buong probinsya— mula sa Timog, Sentral at Hilaga at hanggang sa Calamian Group of Islands na mag-uugnay ng Mindoro at Palawan. Naugnayan, naorganisa at napakilos ng Hukbo ang mga Cuyunin, Batak, Tao't bato at maging ang mga Moro/Muslim na malaking populasyon sa bahaging Timog — dala ang mga isyu ng lupa, kalikasan, pangingisda, laban sa mina at *palm oil plantation* at laban sa pasismo ng estado. Tiwala siyang sa higit na tatlong dekadang nakalapat ang Hukbo sa probinsya — malalim at malawak na ang kapit ng ugat ng rebolusyon sa mga Palaweño. Nagpalit-palitan na ang mga namumunong kasama sa Palawan, nanatili si Ka Nato. Biro nga sa kanya, kung sa binhi ng palay, talo niya ang mga HYV's dahil siya iyong katumbas ng *traditional variety* na *pest resistant*! Nawawala at umaalis lamang siya sa kanyang poste kapag ipinapatawag ng nakakataas na organo para sa mga konsultasyon at pulong. Kahit nga ang pakikipagkita sa kanyang asawa't anak ay sa Palawan na ginagawa.

Sa mga balita at malaking duda na magiging probinsya na ng China ang Pilipinas, mas una at orihinal dito si Ka Nato. Noong ipinadala ang RIB sa Palawan para magbigay ng mga pampartidong pag-aaral noong 2002, biro ni Ka Nato, "kung hindi pa agad kayo nakarating ay magrerekwes na kami ng ED sa China o kaya ay sa Byetnam". Ipinagmamalaki din niya ang proksimidad ng Timog Palawan sa Sabah/Borneo. Kung gusto daw bumili ng malong at tubao (na usong-uso pang gamit ng mga kasama noon) ay malapit lang ito — dagdag na biro niya "dinig nga dito sa South ang tilaok na manok sa Borneo".

Ipinagmamalaki niya ang isla ng Palawan bilang huling prontera at mga bahagi ng kalikasan na turing ng mga kasama ay makikita "onli in Palawan". Habang nagpapahinga ka sa kubo mo ay tinatanaw mo ang naglalarong mga unggoy at mga bising (*flying squirrel*) na palipat lipat ng mga puno. Pangkaraniwang nahuhuli sa palibot ng pwestuhan ng mga kasama ang mga hayop sa gubat tulad ng *peacock*, P*alawan bear*, *ant eater*, *porcupine* at baboy damo; maaamoy ang utot ng pantot; huni ng mga ibon at pagbalik sa *mainland* ay may dalang pabaon ng mga kasamang mga ibong mayna (*talking bird*) na ipapasalubong sa mga anak o kapamilya o kaya'y makulay na balahibo ng *peacock* na pinagdikit ng *rugby* at nagsisilbing *exotic* na pamaypay. Pati nga Palawan bear na nahuli ay binalak itawid sa Mindoro para paramihin pero dahil *indigenous* lamang ito sa Palawan ay hindi nagtatagal.

Kinilala ng Komiteng Rehiyon si Ka Boywan sa kanyang kahusayan, katatagan sa prinsipyo at dikit-sa-lupang pamumuno sa masa. Naging panghaliling delegado siya ng Ikatlong Pangrehiyong Kumperensya ng Partido sa TK noong 1997. Nahalal siyang kandidatong kagawad ng Komiteng Rehiyon noong 2001 sa Ikatlong Plenum nito at inihalal na regular na kagawad ng KR noong 2005 sa Ika-5 Plenum.  Muli siyang inihalal bilang kandidatong kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon (KTKR) sa Ika-7 Plenum noong 2014 at kalauna'y naging regular na kagawad ng KTKR sa Ika-8 Plenum nito noong 2016.

Mula 2013 ay umakto na itong Kalihim ng  Probinsya ng Palawan matapos mahuli ang tumatayong kalihim noon. Ginampanan niya nang abot sa kanyang makakaya ang tungkuling ito at masusing pinag-aralan ang mga usapin, bago at papabigat na mga gawain sa pamumuno — kahit na nga may mga limitasyon na ito sa kanyang pisikal na kalagayan at kalusugan.

Maaalala na dahil sa paulit-ulit na pag-atake ng *malaria* sa kanya, may panahon noong 2011 na nalumpo siya at di nakalakad nang ilang buwan; may panahong tinadtad siya hindi ng bala kundi ng mga pigsa sa buong katawan at hindi na siya makapagdala ng kanyang *pack* dahil marami siyang pigsa sa likod. Hindi niya alintana ito. Lagi niyang bukambibig— kaya pa!

Minahal siya ng masa at kinalugdang kasa-kasama saan mang dako siya maparoon dahil sa kanyang pagiging magiliw sa kanila at masayahing katangian. Tunay na isang komunista na ibinigay ang buong sarili para sa paglilingkod sa sambayanan at nagsilbing inspirasyon ng maraming kasama sa mahirap na pakikibaka at sakripisyo.

Si Ka Bonifacio “Ka Boywan/Nato” Magramo ay mananatiling buhay sa puso at diwa ng mamamayang Mindoreño at Palaweño at maaalala ng buong rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan. Ang buhay at pakikibaka niya ay magiging inspirasyon na patuloy na magpapaliwanag at maghahawan ng landas tungo sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan. Ang buhay niya at ng iba pang rebolusyonaryong martir ay mananatiling inspirasyon ng sambayanang naghahangad ng paglaya sa mapang-api at mapagsamantalang sistema sa ilalim ng pasista at teroristang rehimeng US-Duterte.

Maraming ibinunga ang mga pagpupursige ng mga kasama sa Palawan sa pangunuguna ni Ka Nato tulad na pagtatayo ng karagdagang mga yunit ng Hukbong Bayan, mga sangay ng Partido sa lokalidad at mga ganap na samahang masa.  Natala sa mga pambansang pahayagan at balita ang inilunsad na mga matatagumpay na taktikal na opensiba ng mga BHB sa Palawan at inaasahan nating magpapatuloy pa ito. Ang mga ito ang maraming mga “supok”na mabisang panlaban ng mamamayang Palaweño sa mga sakim at imbing naghaharing uri sa Palawan at sa pasistang militar sa ilalim ng rehimeng US-Duterte.

Mabuhay ang rebolusyonaryong pamana at kadakilaan ni Kasamang Bonifacio “Ka Boywan/ Nato” Magramo. Ang iyong ngalan at kadakilaan ay nakaukit sa puso ng sambayanan at mananatiling buhay at nag-aalab. Sa iyong mga naiwang bakas ay maraming mabubuting anak ng bayan ang tatalunton sa iyong mga yapak upang ipagpatuloy ang pagmartsa hanggang sa tagumpay ng demokratikong rebolusyon ng bayan tungo sa sosyalistang hinaharap. PS

# LOWEL “KA BERNIE” RIZA MENDOZA



*Kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan (KRTK) 2018~2021*

*Kagawad ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng Timog Katagalugan (ROC-TK)*

**Sina Ka Bernie, Billy at Omar ay walang laban na minasaker ng magkasanib na pasistang pwersa ng AFP-PNP noong Mayo 21, 2021 sa Brgy. Macabling, Sta. Rosa, Laguna** habang nagsasagawa ng panlipunang imbestigasyon sa kalagayan ng mga manggagawa at maralitang lungsod sa Laguna. Nakilala si Ka Bernie/Jomar bilang isang huwarang Pulang kumander ng BHB sa rehiyong TK. Pinamunuan niya ang mga tampok at matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa rehiyon. Si Ka Bernie ang kumander ng isang platung BHB na nagsagawa ng makasaysayang ambus na lumipol sa isang platun ng 23rd Division Reconnaissance Company (DRC) ng 2nd IDPA sa Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro noong ika-10 ng Marso, 2010. Siya ang kumander ng yunit ng BHB na nagsagawa ng matagumpay na reyd sa pwersa ng pasistang PNP-PA sa Paluan, Occidental Mindoro noong Nobyembre 7, 2014. Pinamunuan din ni Ka Bernie ang matagumpay na reyd sa armadong pwersa ng malaking burgesya-kumprador na si Henry Sy sa Hamilo Coast, Papaya, Nasugbu, Batangas noong Enero 30, 2017. Marami pang mga pinamunuang labanan at taktikal na opensiba si Ka Bernie na bumigwas sa kaaway at naggawad ng rebolusyonaryong hustisya sa mga mamamayang biktima ng inhustisya. Ipinagbunyi ng lahat ng mamamayan sa rehiyon at sa buong bansa ang matatagumpay na taktikal na opensibang ito.

Nagmula sa isang mabuti at napakasipag na pamilya ng isang maralitang magsasaka si Ka Bernie. Tubong Brgy. Sta Maria, Lopez, Quezon, ipinanganak siya noong Mayo 9, 1970. Dahil sa kahirapan, hindi na nakapagtapos ng *high school* at sa halip ay naging kaagapay na ng kanyang mga magulang sa paghahanapbuhay. Taong 1990 nang siya ay magpasyang magpultaym sa BHB. Tatlumpu't isang (31) taon ng kanyang buhay ang ginugol at inialay niya sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon. Naglingkod siya sa rebolusyon nang buong katapatan at dito siya bumuo ng isang rebolusyonaryong pamilyang naging kaagapay at kasama niya sa pakikibaka. Pinanday si Ka Bernie sa apoy ng paglaban at pagbigo sa mga kampanyang supresyon na inilunsad ng kaaway upang wasakin ang rebolusyonaryong kilusan sa rehiyong TK, mula pa sa panahon ng Oplan Lambat Bitag, Oplan Makabayan, Oplan Bantay Laya I at II, Oplan Bayanihan at JCP-Kapanatagan ng magkakasunod na papet na rehimeng Aquino, Ramos, Estrada, Arroyo, BS Aquino at nitong huli ng tiranikong rehimeng Duterte. Hindi siya kailanman nagdalawang-isip na harapin ang kahirapan at sakripisyo bagkus buong giting niyang iniambag ang kanyang ganang-kaya sa paglaban at pagbigo sa bawat atake ng kaaway upang mapreserba't mapalakas ang rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon.

Hindi iilang beses na nalagay sa bingit ng panganib at kamatayan si Ka Bernie. Ngunit sa bawat pagkakataong iyon, hindi siya kinakitaan ng anumang pangamba at panghihina ng loob. Nang siya ay maiwang sugatan sa isang labanan, mahigpit niyang itinagubilin sa kanyang kabiyak at mga kasama na kahit siya'y pumanaw dapat nilang tiyakin na patuloy nilang isusulong ang rebolusyon, palakasin ang digmang bayan at paglingkuran ang masa. Nagawa

niyang makawala sa kubkob ng kaaway dahil sa pagiging buo ang loob upang ligtas na makapagmaniobra at sa husay at giting ng masang tumulong upang mailabas siya sa kubkob at mailagak sa ligtas na lugar para lubusang magpagaling sa tinamong mga sugat

Mula sa pagiging karaniwang mandirigma, siya ay naging isang mahusay at masasaligang kumander ng BHB at kagawad ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon. Naging makulay at makabuluhan ang kanyang buhay bilang rebolusyonaryo. Nasubok at napanday siya sa gawaing masa, kultura at militar. Sa maagang bahagi ng kanyang pagiging Hukbo, naitalaga siya sa yunit partisano mula 1990-1993. Naging mahalaga rin ang kanyang ginampanan sa pagpapalawak, pagreaktiba, pagrekober at pagkokonsolida ng baseng masa sa dulong Timog Quezon noong Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto mula 1994 hanggang 2000. Dahil sa kanyang kapursigihan sa gawain, madalas na siya ang ipinapadala bilang reimporsment upang saluhin ang pwersa at baseng masang nasa krisis at pininsala ng kaaway. Siya ang nanguna sa ipinadalang reimporsment sa bayan ng San Francisco, Quezon nang mapinsala ang mga naunang yunit doon ng kaaway noong Nobyembre, 1993. Siya din ang nanguna sa pinadalang



reimporsment sa bayan ng Tagkawayan, Quezon nang mapaslang ng kaaway ang 8 kadre, opisyal at mandirigma doon noong Oktubre, 2008. Sa maagang yugto ng pagpapatupad ng JCP-Kapanatagan, siya ang namuno sa isang yunit upang bawiin ang naiwang baseng masa sa isang probinsya na pansamantalang naiwanan bunga ng mga pinsala ng pag-atake ng kaaway.

Larawan si Ka Bernie ng isang huwarang komunista at Hukbong Bayan – hindi namimili ng gawain, matatag, disiplinado, masipag at mapagpakumbaba. Walang hibo ng arogansya at pagmamalaki sa sarili bagkus ay nasaksihan sa kanya ang pagiging kritikal sa sarili at kahandaang laging magwasto ng mga kahinaan. Sa kanyang pagkakatalaga bilang pangunahing kumander ng rehiyon, lalo lamang lulutang ang kanyang mahusay na katangian bilang isang rebolusyonaryo.

Bilang isang punong kumander, tinitiyak niyang maagap siyang gumigising sa bawat araw upang ikutin at inspeksyunin ang lahat ng kanyang pinamumunuang pormasyon maging ito man ay laking tim, iskwad, platun o kumpanya. Tinitiyak niyang mapanatili ang malakas na pangangatawan ng mga kasama sa pamamagitan ng arawang ehersisyo sa kahit saang lugar at pagkakataon. Napakasipag niya hindi lamang sa gawaing pamumuno kundi hanggang sa karaniwang gawain tulad ng gawaing kusina at maging gawaing produksyon.

Napagpunyagian ni Ka Bernie sa tuwang ng kanyang mahal na asawa na maitayo at mapatatag ang kanilang rebolusyonaryong pamilya. Ginawa niyang inspirasyon ang kanyang mahal na pamilya upang higit na magpakatatag at walang pag-iimbot na ialay ang sarili sa pagtupad sa rebolusyonaryong tungkulin. Nagtagumpay silang maipaunawa sa kanilang mga anak ang kawastuhan ng rebolusyon, ang pagmamahal sa masang anakpawis at pagmamahal sa bayan. Naging huwaran siya bilang mahusay na ama, at mabuting tao para sa kanyang mga anak at kapamilya at sa mga kasama at masang kanyang nakasama't nakasalamuha. PS

# CHARITY “KA RISE” DIÑO



*Kagawad ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan (KRTK) mula 2015 at Kagawad ng Komiteng Tagapagpaganap (KTKR-TK) mula 2020~2021*

*Kalihim ng Komiteng Probinsya ng Palawan*
*2020~2021*

*"Ang kamatayan ay tinanggap ko na magaganap nang mahawakan ako ng kaaway.  Ang mga sakripisyong ito ang nagpatatag sa akin upang lalong piliin ang paglilingkod sa mamamayan"*
*- Kasamang Rise*

Iginagawad ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan at ng Bagong Hukbong Bayan sampu ng mga rebolusyonaryong mamamayan ang pinakamataas na pagpupugay at pagtatanghal kay Kasamang Rise bilang dakilang martir at bayani ng sambayanan at rebolusyong Pilipino.

Iginupo ng karamdaman si Ka Rise dahil mas pinili niyang ipauna ang kapakanan ng kanyang mga pinamumunuan at mga mandirigma bago ang sarili sa gitna ng matinding atake ng kaaway.  Tulad ng isang tunay na kadre at lider, ipinahuli niya ang kanyang sarili hanggang sa nang lumaon ay lumala ang kanyang karamdamang malalaman na lamang sa bandang huli na kinain at sinira na ng *tuberculosis* o TB ang kanyang baga.  Hindi na kinaya ng pagal niyang katawan gaano man ang naging pagsisikap niya at ng mga kasamang gamutin ang kanyang karamdaman.  **Pumanaw si Ka Rise noong Hulyo 29, 2021** ngunit nag-iwan siya ng isang dakilang pamana at  inspirasyon sa mga kasama at masa.  Isang tunay na komunista at rebolusyonaryo sa kaibuturan, walang pag-iimbot na inialay ang sarili sa sambayanan at rebolusyon.  Hanggang sa kanyang huling kamalayan bago nahulog sa *coma*, tanging inaalala pa rin niya ay ang mga gawaing maiiwan at ang pagtitiyak na magagamot ang mga kasamang posibleng nahawa sa kanya.

Mula sa isang maralitang pamilya at pangalawa sa tatlong magkakapatid, si Kasamang Rise ay ipinanganak noong Hunyo 23, 1980 sa Calapan City, Oriental Mindoro.  Naigapang ng kanyang mahal na ina ang kanyang pag-aaral hanggang sa siya ay makapagtapos ng kolehiyo at maging isang ganap na guro noong 2001 hanggang sa kanyang pagsampa sa BHB noong 2004.

Bilang isang kabataang estudyante, kinakitaan na agad si Ka Rise ng mga katangian ng isang lider. Naging aktibo siyang lider ng samahan ng mga kabataan at kasapi ng mga organisasyong pangsimbahan sa kanilang komunidad at parokya. Nagboluntir siya bilang isang katekista sa ilalim ng Don Bosco Sisters habang kaalinsabay ay ginagampanan din ang pagiging *coordinator* at organisador ng mga kabataan sa ilalim naman ng Mensa Domini Sisters.  Bukod sa mga organisasyong relihiyoso, naging presidente din siya ng UNESCO-ADHIKA (United Nation Educational Scientific Cultural Organization - ADHIKA) noong 1999 hanggang 2000.  Naging guro siya ng Religion at Katekismo sa pampublikong paaralan sa kanyang bayan.

Taglay ang katangian at paninindigang likas sa kanyang uring pinagmulan at ng kanyang eksposyur sa mga komunidad ng kapwa niya mahirap bilang isang katekista at aktibista, namulat si Ka Rise sa tunay na kalagayan ng mamamayang Mindoreño at aktibong lumahok sa mga pakikibaka at pagkilos para isulong ang demokratikong karapatan ng mga estudyante,

ipaglaban ang mas mataas na sahod ng mga guro, ipaglaban ang karapatan at kagalingan ng mga pambansang minorya at tutulan ang militarisasyon sa probinsya na kumitil sa buhay ng marami.  Taong 2004, sa kasagsagan ng militaristang atake sa probinsya ng Mindoro,  nagpasya siyang buong panahong kumilos sa BHB sa edad na 24.




Habang ginagampanan ni Ka Rise nang buong sigasig ang kanyang tungkulin sa Hukbong Bayan, nadakip siya ng pasistang 740th PAF sa bayan ng Talisay, Batangas noong Nobyembre 23, 2009.  Matindi ang pinagdaanan niyang pisikal at mental na tortyur at pambabastos sa kanya bilang babae sa kamay ng mga pasista. Pinapalo siya sa dibdib, inuumpog ang ulo sa pader at tinatalian ng *masking tape* ang ilong at bibig para di makahinga. Lahat ng pagpapahirap na ito ay kanyang matatag na pinangibabawan at di nagpagapi.  Nabigo ang kaaway na papanghinain ang kanyang rebolusyonaryong paninindigan.

*"Apat na taon na punung-puno ng pakikipaglaban para sa kalayaan! Apat na taon na batbat ng pasakit sa loob ng bilangguan! Apat na taon ng pagkakait ng hustisya at malalang paglabag sa karapatang pantao... Bulaan, hindi maka-mamamayan at dapat nang umalis sa poder ang administrasyong Aquino na tuluyan nang naligaw ng landasin. Kaya patuloy na naninindigan ang Talisay 3 para sa katarungan, hustisya at kalayaan. Hindi titigil, hindi mapapagod at hindi susuko!"*

Habang nakapiit, pinatatag niya ang kanyang sarili, inorganisa ang mga kapwa bilanggo para imulat at maipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan sa loob ng bilangguan hanggang sa maitayo ang isang grupo ng Partido sa loob ng bilangguan at mapakilos niya ang mga ito para sa panawagan ng pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal.  Tampok sa mga pagkilos sa loob ng bilangguan na kanyang inorganisa ay ang pagpapakalbo at pagpapa-*tattoo* ng mga kapwa preso para sa kanilang mga karapatan, kagalingan at paglaya. Nagawa rin niyang pamunuan bilang mayora ang mga pagbabago ng mga patakaran sa loob ng bilangguan — nagtayo ng kooperatibang tindahan at tinutulan ang mga karahasang pisikal lalo sa mga kababaihan.  Tapat sa kanyang propesyon bilang isang rebolusyonaryong guro, tinuruan niyang magbasa at sumulat ang mga bilanggong di pinalad na makapag-aral.  Habang nakapiit, lalo

niyang pinatatag ang sarili kaya naman nang makalaya noong Disyembre 26, 2013 ay kaagad siyang tumungo sa kanayunan sa piling ng mga kasama.

Walang pag-aatubiling tinanggap ni Ka Rise ang kanyang dispusisyon sa probinsya ng Palawan bilang bahagi ng kalihiman ng Komiteng Probinsya noong 2014. Ginampanan niya nang buong sigasig ang tungkulin dito at nagawa niyang ibreyktru ang gawaing masa saan mang larangan siya maparoon. Taong 2016 nang siya ay maging kagawad ng Komiteng Rehiyon at tumayong pangalawang kalihim ng Komiteng Probinsya mula noon. Nang maganap ang trahedyang kumitil sa buhay ng kalihim at mga kasama nito, hindi nagdalawang-isip si Ka Rise na hawakan at pamunuan ang Komiteng Probinsya ng Palawan hanggang sa dumapo sa kanya ang karamdamang unti-unting nagpahina sa kanyang katawan.

Sa pamumuno ni Ka Rise, nagawang ikonsolida ang mga pwersa matapos ang magkasunod na trahedyang dinanas ng komite—ang pagkakadakip sa mga kadre ng probinsya at ang pagkapaslang sa apat na kadre ng komite sa Brooke's Point kabilang ang kalihim. Pinangunahan niya ang pagbangong muli at napanatiling matatag ang larangang kanyang pinamunuan, hinarap ang atake ng kaaway at ipinagtanggol ang base laban sa pananalasa ng mga pasista. Saan man siya naroon, ang kanyang enerhiya ay pumapailanlang na ibayong nagpapalakas sa mga kasama niya at masa.

Si Ka Rise ay nagbigay ng inspirasyon at nagsilbing modelo sa maraming masa at kasamang nakasalamuha niya. Minahal siya at kinagiliwan ng masa kaya naman nagngingitngit ang WesCom at pinroyekto ang pagnyutralisa sa kanya, buhay man o patay, na pawang nangabigo. Sa bawat tahanang tumangkilik at kumupkop sa kanya, pawang pagmamahal at respeto ang kanilang ibinigay. Patuloy na naging tinik sa lalamunan ng pasistang kaaway at mga lokal na naghaharing uri ang Partido at Hukbong Bayan na kanyang pinamumunuan.

Punum-puno ng kulay at kabayanihan ang 17 taong paglilingkod ni Ka Rise sa rebolusyon at sambayanan. Pinanday siya ng mga kahirapan, sakripisyo at pagsubok bilang isang kadre at mandirigma, bilang isang ina at asawa. Ang kanyang mataas na rebolusyonaryong diwa at pagtangan sa mga batayang prinsipyo, ahitasyon, militansya at entusyamo ang puhunan upang mapanatili at tuluy-tuloy na mapalakas ang rebolusyonaryong kilusan sa Batangas at Palawan. Isang tampok na katangian ni Ka Rise ang kapangahasan, kasipagan sa mga gawain at pagiging magiliw sa mga kasama at masa. Kakaibang antas ang hamon sa kanya na makapagsarili sa kalagayang nakahiwalay ang lalawigan at malayo sa *mainland* ng TK, walang kagyat na katalikurang larangang gerilya na maaaring magsilbing likuran at maniobrahan. Ganunpaman, hindi ito naging hadlang para magpursige at mapangahas na ikambyo ang mga rebolusyonaryong gawain sa lalawigan nang walang patlang.

Sa dalawang beses na pag-upo ni Ka Rise bilang kagawad sa plenum ng Komiteng Rehiyon, aktibo siya sa pagbabahagi ng kanyang mga ideya at karanasan. Sapul niya ang kalagayan ng

rebolusyonaryong gawain sa kanyang saklaw at handang matuto sa karanasan ng ibang mga larangan at mga kasama.

Dahil sa ipinakitang dedikasyon, katapatan at kahusayan sa pagtupad sa mga tungkulin sa rebolusyon bilang isa sa mga nangungunang kadre sa rehiyon, hinirang siyang maging kandidatong kagawad ng KRTK noong Setyembre 2020. Para kay Ka Rise, walang hindi malalagpasang hadlang para makasulong ang rebolusyon anupaman ang kalagayan. Mapangahas niyang sinuong ang buhay at kamatayang pakikibaka at responsibilidad na iniatang sa kanya ng Partido nang wala ni anumang pag-aalinlangan.

Ang pagpanaw ni Ka Rise ay isang malaking kawalan para sa Partido at rebolusyon at sa sambayanang Pilipino na kanyang niyakap at minahal nang walang pag-iimbot. Ngunit nakatitiyak tayong ang mga binhing kanyang ipinunla ay mamumunga at yayabong at mag-aanak ng marami pang mga rebolusyonaryo na tatalunton sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Hindi man kinaya ng mahinang katawan ni Ka Rise ang pinsalang idinulot ng karamdaman sa kanya, patuloy pa ring aalingawngaw ang kanyang tinig at magsisilbing gabay sa mga kasama at masang nakikibaka laluna sa mga probinsyang kanyang pinagsilbihan sa Mindoro, Batangas at Palawan. Habang ipinagluluksa natin ang kanyang pagpanaw, hindi dapat lamunin ng kalungkutan at panghihinayang, bagkus ay ibaling ito sa ibayong rebolusyonaryong katapangan at kasigasigan. Mananatiling buhay ang diwa ni Ka Rise at magpapasalin-salin ang kanyang kasaysayan na magsisilbing inspirasyon sa mga bagong henerasyon ng mga rebolusyonaryo.

Ipagbunyi natin ang rebolusyonaryong kabayanihan ni Kasamang Rise. Ang kanyang pagpanaw at pagkamartir ay magsisilbing ningas na hindi maglalaho sa puso at damdamin ng mamamayang kanyang pinaglingkuran at pinag-alayan ng natatanging buhay. Lalaganap ito sa buong rehiyon at sa buong sambayanan at permanenteng nakaukit sa puso ng bawat rebolusyonaryo. PS

# EDUARDO DAGLI COMMAND - BHB BATANGAS

Ka Reggie ....... 39
John Ryan “Ka Rexel” Macatigbak ....... 41
Nasugbu 14 ....... 42
Joshua “Ka Maru” Hernandez ....... 44
Evelyn “Ka Anna” Nuestro Manalo ....... 46
Roberto “Ka Hasan” Dolleton ....... 48
Henry “Ka Jessie” delos Reyes ....... 49
Zaldy “Ka Venus” Aurin ....... 51
Kamil “Ka Alex” Manangan ....... 52
Julieto “Ka Buwi” Pellazar, Jr. ....... 54
Carl “Ka CJ” Labajata ....... 55
Glenmark “Ka Zenki” Aytona ....... 56
Anthony “Ka Jasmine” Pilit ....... 57
Josephine “Ka Ella” Lapira ....... 58
Anne “Ka Bella” Casilac ....... 60
Graciela Mae “Ka Alena” Penkian Pacaldo ....... 62
Alfred “Ka RM” Cadag ....... 63
Domingo “Ka Anghel” Razo ....... 65
Edrian “Ka Reniel” Baez ....... 68

# KA REGGIE

*2017 Pebrero 27*
*Lumaniag, Lian, Batangas*

Madaling-araw ng Pebrero 27, sa depensibang labanan ng BHB at pasistang tropa ng AFP sa bayan ng Lian, isang kasama ang nagbuwis ng buhay, si Kasamang Reggie.

Ang kanyang kuwento ay kuwento ng karaniwang tao; kung paanong ang inaaping sambayanan ay yumayakap sa landas ng digmang bayan upang lumaya mula sa pagsasamantala ng naghaharing uri.

Tubong Iloilo si Ka Reggie. Pangalawa sa apat na magkakapatid at pangingisda ang pangunahing hanapbuhay. Edad 17 nang siya ay mapadpad sa Salinas, Naic, Cavite at dito nanirahan. Habang nandito, sumasama siya sa taksay o malalaking bangka na nakakarating ng Olongapo at Batangas.

Sa pagsama-sama sa taksay, narating nila ang Limbones ng Papaya, Nasugbu kung saan nakilala niya ang kanyang asawa. Dito sila nanirahan hanggang noong 2012 ay lumipat sa Sityo Patungan, Brgy. Mercedez, Maragondon, Cavite para sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Iniluwal si Ka Reggie ng pakikibakang masa para sa kanilang panirikan. Kinakamkam ng Pamilya Virata ang kanilang lugar upang idevelop para sa turismo. Una siyang kumilos sa lokalidad bilang kasapi ng Partido. Dahil sa naranasang hirap ng buhay, mabilis naunawaan ni Ka Reggie ang halaga ng paglahok sa mga gawain at pagkilos ng mangingisda sa kanilang lugar na apektado ng usapin sa lupa. Nasaksihan niya ang karahasan ng mga sundalo, kapulisan at security ng panginoong maylupa na ilang ulit nagtangkang marahas na gibain ang kanilang mga tahanan. Hindi man katagalan pa sa lugar , mabilis na nasapol ni Ka Reggie ang paninindigan para sa lupa. Taong 2016 nang marahas na gibain ang mga tahanan sa Patungan. Ito ang ibayong nagmulat sa kanya upang tahakin ang landas ng armadong paglaban.

Hunyo 2016, sumama si Ka Reggie sa isang pagsasanay na inilunsad sa loob ng sonang gerilya kung saan nakilala niya ang Bagong Hukbong Bayan. Masiglang lumahok sa pagsasanay si Ka Reggie at bago ito matapos ay nagpahayag na siyang magpaiwan. Nagpakita ng kahusayan si Ka Reggie sa inilunsad na pormal na pagsasanay-militar noong Setyembre 2016 at kinakitaan ng potensyal sa pamumuno at mahahalagang gawain ng Hukbo.

Sa maikling panahon niya sa Hukbo, mahusay siya sa pakikipagkaisa sa mga kasama at laging pangunguna sa paggampan ng pang-araw-araw na gawain. Tampok kay Ka Reggie ang kababaang-loob, mahusay na aktitud, kasipagan at pagiging responsable. Isang limitasyon ni Ka Reggie ang kakulangan sa literasiya, subalit hindi ito naging hadlang upang hindi niya magampanan nang maayos ang gawain bilang sinasanay na P4. Maaalala si Ka Reggie bilang masipag na kwatro, mabait at mapagbirong kasama.

Kasalukuyan siyang gumagampan bilang *vice* iskwad lider nang siya ay magbuwis ng buhay sa isang labanan sa isang komunidad ng mangingisda sa bayan ng Lian.

# JOHN RYAN "KA REXEL" MACATIGBAK

*2017 Setyembre 24*
*Bundok ng Banoy, Batangas City*

Tulad ng karamihan, isang karaniwang kabataan si Ka Rexel, makulit at mahilig sa barkada. Naorganisa siya sa isang komunidad ng mga mala-manggagawa at mangingisda sa Brgy. 4 ng Balayan na kumakaharap sa isyu ng pagpapalayas sa kanilang tahanan. Bata pa lamang nang mamulat si Ka Makmak dahil sa pakikibaka sa kanilang lugar. Kasama sa mga palalayasin sa baybay-dagat ng Balayan ang kanilang pamilya dahil sa itatayong San Miguel Complex.

Naging aktibo siyang kasapi ng rebolusyonaryong organisasyon ng kabataan sa baryo at nagpakita ng hilig at kakayahan sa gawaing pangkultura. Naging bahagi siya ng isang pangkulturang grupo sa antas distrito na naging aktibo sa mga pagtatanghal ng mga makabayan at progresibong awit-galaw sa tuwing may mga pagkilos at aktibidad ang mamamayan para sa pagtatanggol sa kanilang lupa at panirahan.

Una siyang kumilos sa isang samahan ng kabataan upang mag-organisa ng kabataan sa Unang Distrito ng Batangas. Taong 2011 ay napaloob siya sa grupong pangkultura ng mga kabataan na SIKLAB (Sining Kalayaan ng Lahing Batangan) at naging pultaym na organisador sa hanay ng mga kabataang magsasaka. Taong 2013, nagpasya siyang sumampa sa Hukbo. Pero dahil sa likas pang kabataan at malalim na impluwensya ng kulturang burgis, hindi nagtuluy-tuloy ang pagkilos ni Ka Rexel. Bumalik siya sa kanilang komunidad at naging aktibong volunteer sa mga gawain sa hanay ng kabataan. Matapos muling magkaroon ng pagkakataon na makapasok sa loob ng sonang gerilya sa inilunsad na programa para sa Anibersaryo ng Partido noong Disyembre 2016, isa siya sa nagkakailang kabataang muling tumugon sa panawagan ng pagsampa sa BHB. Nagtuluy-tuloy siya ng pagkilos hanggang Setyembre 2017 sa yunit ng BHB sa Silangang Batangas. Sa loob ng Hukbo isa siya sa nangunguna sa gawaing pangkultura. Bago siya namartir, dumaan si Ka Rexel sa isang sangandaan ng pagpapatuloy o pagbalik sa kinasanayang buhay sa komunidad, subalit sa huli, pinili ninyang magpatuloy at nangakong magpapakatatag at maghuhubog bilang isang ganap na rebolusyonaryo.

Nagbuwis si Ka Rexel ng kanyang buhay sa naganap na depensibang labanan sa Bundok ng Banoy sa Batangas City noong Setyembre 24, 2017. Ang dugong idinilig ni Ka Rexel sa lupang Banoy ay higit na nagpapaalab sa makatarungang pakikibaka ng mamamayan laban sa dayuhang mapangwasak na pagmimina ng ginto sa lalawigan. *PS*

# NASUGBU 14

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*

Pinakamataas na pagpupugay ang ibinibigay ng Melito Glor Command – Bagong Hukbong Bayan- Timog Katagalugan sa 14 Pulang mandirigma ng BHB sa labanang naganap noong Nobyembre 28 sa Nasugbu, Batangas. Nagtagumpay ang imbing pakana ng mga malalaking burgesyang kumprador sa pangunguna ni Henry Sy na mapaslang ang 14 na kasama sa isinagawang ambus ng bayaran nitong AFP-PNP laban sa yunit ng BHB na nakasakay sa dalawang sasakyan at tumatahak sa kahabaan ng *highway* ng Nasugbu, Batangas. Nasa proseso ng paglipat ang yunit upang puntahan ang isang baryo ng mga magsasakang biktima ng pangangamkam ng lupa ni Henry Sy nang sila ay maambus ng kaaway. Magiting na lumaban ang mga kasama kung saan nagawa nilang makapatay ng lima at makasugat pa ng apat sa kaaway.

Dakilain natin ang buhay at pakikibaka ng 14 na kasama. Magsisilbing apoy at hindi magmamaliw na inspirasyon ang kadakilaan ng kanilang buhay at kamatayan. Pinakamataas na parangal ang ating ibinibigay sa mga tunay na Hukbo at bayaning sina:

1. Henry “Ka Jessie” delos Reyes ng Brgy. Quisumbing, Calaca, Batangas.
2. Joshua “Ka Maru” Hernandez ng Brgy. Mataas na Pulo, Nasugbu, Batangas;
3. Carl “Ka CJ” Labajata ng Brgy. Mataas na Bayan, Lemery, Batangas;
4. Evelyn “Ka Anna” Nuestro Manalo ng Brgy. Bunducan, Nasugbu, Batangas;
5. Anne “Ka Bella” Casilac ng Brgy. Lumaniag, Lian, Batangas;
6. Glenmark “Ka Zenki” Aytona ng Brgy. 4, Balayan, Balayan, Batangas;
7. Anthony “Ka Jasmine” Pilit ng Brgy. Patugo, Balayan, Batangas;
8. Alfred “Ka RM” Cadag ng Sto Tomas, Batangas;
9. Zaldy “Ka Venus” Aurin ng Central Quezon;
10. Julieto “Ka Buwi” Pellazar Jr. ng lalawigan ng Rizal;
11. Josephine “Ka Ella” Lapira ng Marikina;
12. Roberto “Ka Hasan” Dolleton ng Dasmariñas, Cavite;
13. Kamil “Ka Alex” Manangan ng Maynila;
14. Graciela Mae “Ka Alena” Penkian Pacaldo ng Maynila.

Hindi mauuwi sa wala ang inyong pagpanaw. Mananatili sa aming mga puso ang inyong ginintuang pamana ng kagitingan at tunay na paglilingkod sa malawak na masa ng sambayanan. Ang inyong pagkasawi ay hindi naghahatid sa amin ng panlulumo, kundi nag-aalab na damdaming yakapin ang inyong simulain at tumahak sa landas ng armadong rebolusyon.

Walang pagsidlan ang pagkamuhi ng pinakamalalaking burgesya kumprador at panginoong maylupa sa bansa sa pangunguna ni Henry Sy at ng mga dayuhang minero at mga monopolyo kapitalista sa yunit ng BHB sa Kanlurang Batangas dahil ang BHB ang pinakamalaking tinik sa kanilang lalamunan. Ninanais ng mga itong kamkamin ang lupain ng mamamayang Batangueño, dambungin ang yaman ng bayan at wasakin ang kapaligiran at kalikasan, isailalim ang mga mamamayang Batangueño sa kanilang kapangyarihan at kontrol at gamitin ang kalupaan at likas na yaman ng lalawigan ng Batangas.

Sa pamamagitan ng BHB, napaparusahan ang mga pinakasagadsaring kaaway ng mga mamamayan ng Batangas. Tampok ang pangyayari noong Enero 29, 2017 kung saan pinangunahan ng platun ng BHB sa Kanlurang Batangas ang matagumpay na reyd-pamamarusa sa mga armadong tauhan ni Henry Sy sa Pico de Loro, Brgy. Papaya, Nasugbu, Batangas. Sa reyd na ito ay nakumpiska ng BHB ang 48 iba't-ibang kalibre ng armas ng wala ni isa mang putok na naganap.

Sinunog din ng BHB ang destakamento ng armadong pwersa ni Henry Sy na nagiging base ng mga *goons* sa paulit-ulit na panununog at pagwasak sa mga kabahayan at kabuhayan ng mga magsasaka at mamamayan sa lugar.

Higit na kailangan ito sa harap ng pagbabanta ng uhaw sa dugo, pasista at sagadsaring papet na rehimeng US-Duterte na "barilin ang BHB, barilin ang mga nagra-rally, bombahin ang eskwelahan ng mga lumad, dudurugin ang mga jeep ng mga mahihirap na mga tsuper sa Pilipinas, lipulin ang mamamayang Moro, patayin ang lahat ng mga karaniwang mamamayan dahil lamang pinaghihinalaang adik at tulak ng droga" at iba pang mga hindi masikmurang pahayag at gawa ng kasalukuyang rehimen. Walang ibang matalino at makatarungang landas kundi ang lumaban at mag-armas, lumaban at mag-armas, lumaban at mag-armas hanggang magtagumpay. PS

# JOSHUA "KA MARU" HERNANDEZ

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Kasamang Joshua Hernandez, o mas kilala bilang si 'Ka Maru' ay produkto at iniluwal ng masikhay na gawaing masa at kampanyang pagpapasampa ng yunit ng Hukbo sa kanilang baryo. Si Ka Maru ay mula sa pamilya ng mga magsasaka at manggagawang bukid sa tubuhan sa Brgy. Mataas na Pulo, Nasugbu. Ang labis na kahirapan at matinding pagsasamantalang pyudal ang nagbukas ng kanyang kaisipan sa kabulukan ng lipunang malakolonyal at malapyudal. Mula sa pagkamulat sa kawastuhan ng rebolusyon, nagpahayag siya ng pagsampa sa Hukbo kahit edad 17 pa lamang. Subalit dahil wala pa siyang 18 taong gulang at labag sa patakaran ng BHB sa pagpapasampa, hindi pa siya kaagad na tinanggap sa yunit ng Hukbo. Ngunit dahil desidido na siyang kumilos at lumahok sa pakikibaka, nagboluntaryo muna siya sa gawaing pag-oorganisa ng mga kapwa niya kabataan at naging aktibong aktibistang pangkultura.

Bilang isang kabataang lumaki sa kanayunan, nanibago si Ka Maru sa bagong kapaligiran na kanyang ginalawan noong nagsisimula pa lamang bilang organisador pangkultura. Gayunpaman, dahil sa likas na kapursigehang matuto, mabilis niyang nagamay ang gawaing pag-oorganisa at mabunga ang kanyang naging ambag sa pagpapasigla ng rebolusyonaryong

kilusan ng kabataan sa lalawigan. Naging bahagi siya ng Young Communist League (YCL) sa lalawigan, mga batang kadre na masikhay na gumagampan sa mga tungkulin ng rebolusyon.

Nang sumapit na siya sa hustong gulang, taong 2015, ay determinadong muling nagpahayag ng kagustuhang maging mandirigma ng BHB si Ka Maru. Nang panahong ito ay may nakagayak na pagsasanay-militar ang yunit ng Hukbo sa lalawigan kung kaya't kaagad siyang nakalahok dito. Ipinagdiwang niya ang kanyang kaarawan sa loob na ng sonang gerilya, kapiling ang mga kasama at organisadong masa sa lugar na pinagdausan ng pagsasanay, kasabay ng pagsumpa niya bilang ganap na kasapi ng Partido.

Sa kabila ng batang edad, kinakitaan si Ka Maru ng potensyal na maging kumander, kung kaya't nagsimula siyang sanayin bilang *vice* iskwad lider. Di kalaunan ay naging Iskwad Lider na siya at kasama sa mga napiling ipadala bilang kalahok sa isang panrehiyong gawaing militar, kasama ang iba pang Pulang Mandirigma na sinasanay bilang mga ikalawang hanay ng kumander ng BHB. Sa nasabing gawain, kinakitaan siya ng tapang at lakas ng loob sa pagharap sa kaaway. Mahusay ang ipinakita niyang performance dito na ikinahanga ng mga kapwa niya mandirigma mula sa iba pang larangang gerilya. Sa pagbalik niya sa yunit, puhunan niya ang mga nakuhang aral at mauunlad na pamamaraan sa gawaing militar na kanyang natutunan sa nilahukan niyang gawain.

Si Ka Maru ay masayahin at mabait na kasama, mapagbiro at mataas ang inisyatiba sa gawain. Hinangaan at minahal siya maging ng mga masa sa iba't ibang bahagi ng lalawigan, sa kanayunan man o sa kalunsuran dahil sa ipinamalas nitong mabubuting katangian.

Katulad din ng ibang mga kasama si Ka Maru na nakakagawa ng mga kahinaan at dumadaan sa krisis, pero matibay ang paninindigan na magpatuloy at ibigay ang ubos-kaya sa pagkilos. Isa si ka Maru sa napakabatang kasama na namartir sa Nasugbu 14 ngunit sapat at walang pagtatangi ang naging dakilang ambag niya sa bawat kabataan. Ehemplo siya ng mga kasama sa kahandaang ibigay ang kaisa-isang buhay para sa bayan. Tunay nga na hindi masusukat sa haba ng pagkilos at edad ang pagiging tunay na komunista at rebolusyonaryo kundi sa ubos-kaya at buong pusong pag- aambag ng lahat ng kakayanan at kahandaang magsakripisyo alang-alang sa pagpapalaya ng sambayanan na malaon nang inapi at pinagsasamantalahan.

Si Ka Maru at ang iba pang mga kabataan na nag-alay ng kanilang buhay para sa pambansa-demokratikong mithiin ang tunay na mga bayani ng sambayanan. Tulad ng ginto, pamalagiang kumikinang ang kanilang alaala sa ating mga puso at hindi mabubura kailanman. PS

# EVELYN “KA ANNA” NUESTRO MANALO

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Ka Ana: Mukha ng paghulagpos sa pagsasamantala at kaapihan sa masang kababaihan

Nagmula sa uring maralitang magsasaka sa Visayas, dinala si Ka Ana ng kanyang ama sa Brgy. Bunducan, Nasugbu noong siya ay 14 taong gulang. Doon niya hinanap ang kapatid niyang lalaki na huli niya pang nakita noong 10 taong gulang ito bago ipaampon ng ina. Nakarating siya ng Lipa, Batangas sa paghahanap. Ngunit kaparehong sitwasyon ang kanyang kinaharap, nang maging siya ay ipinambayad-utang ng kanyang ina sa kaibigan nito sa Bunducan. Sa hirap ng buhay ay nagtrabaho si Ka Ana, bilang magtatabas at magkakarga ng tubo. Di kalaunan, naugnayan ng mga kasama ang nag-alaga kay ka Ana. Dito na rin siya naugnayan ng mga kasama.

Mabilis na naunawaan ni Ka Anna ang kahalagahan ng armadong pakikibaka, taong 1999 ay sumampa na siya sa Hukbo. Isa na siya sa maituturing na matatagal ng kasama na kumikilos sa Kanlurang Batangas noong magsimulang balikan ito noong 1997.

Pangarap ni Ka Ana na maging guro, subalit dahil madalas siyang tuksuhing ampon sa paaralang pinasukan, unti-unti na siyang nawalan ng interes sa pagpasok. Ang karanasang ito ang nagluwal ng kanyang katangian na pagiging mataray at matapang. Natuto siyang ipagtanggol ang sariling mga pagtingin. Kahit sa loob ng Hukbong Bayan, nadala niya ang ganitong mga katangian. Ngunit sa kabila nito, magiliw at maalalahanin siya sa mga kasama. Madalas siyang may dalang pasalubong para sa mga kasama sa tuwing nagkakaroon ng pagkakataon na lumabas para sa ilang partikular na gawain.

Ang pangarap ni Ka Ana na maging guro ay nagkaroon ng katuparan sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Hindi mapili sa gawain si Ka Ana. Dahil dito, napaunlad ang kanyang kamulatan at kasanayang pampulitika at tumangan sa mga mayor na tungkulin sa loob ng Hukbo. Naging punong tagapagtiyak siya ng lohistika, giyang pampultika at naging instruktor din ng mga pampulitikang pag-aaral. Nakalahok din siya sa ilang gawaing militar.

Taong 2003, nagkaroon ng karelasyon si Ka Ana. Tumagal sila ng limang taon bago nagpakasal. Away-bati raw sila kasi nga matapang sya. Kailanman, hindi ito napahiwalay sa kanyang asawa. Magkasama silang gumampan ng gawain, mapagawaing pampulitika man o gawaing militar.

Gumampan si Ka Anna bilang S4 at GP. Tulad ng marami ay may mga pinagdaanan din siyang krisis, pero nanaig sa kanya ang pananatili sa Hukbo dahil ito na ang itinuring niyang kanyang pamilya.

Matatag din ang paninindigan ni Ka Ana. Kailanman, hindi siya nakaisip na tuluyang magpahinga. Naobliga lamang ito na pansamantalang lumabas sa Hukbo nang sila ay magka-anak. Noong tatlong taon na ang bata, nagpasya muli itong bumalik sa Hukbo at nagtuluy-tuloy na sa pagkilos.

Mula sa masalimuot na karanasan ni Ka Ana bunsod ng kahirapan ng kanyang pamilya, nahubog niya mula sa simpleng tapang ng pag-depensa niya sa kanyang sarili ang rebolusyonaryong kagitingan sa pagtatanggol sa karapatan at interes ng lahat ng pinagsasamantalahang uri. Sa mahabang panahon ng buhay ni Ka Ana na inialay niya sa paglilingkod sa masa, hindi na kailanman mabubura sa lahat ng masang kanyang nakadaupang palad ang kanyang alaala. PS

# ROBERTO “KA HASAN” DOLLETON

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Roberto Dolleton, o Ka Hasan/Robert sa mga kasama, ay isang binatang nagmula sa Dasmariñas, Cavite.

Mula sa uring manggagawa si Ka Hasan. Dati siyang OFW sa Middle East. Naging foreman sa isang pagawaan. Mayroon siyang mga anak ngunit hiwalay sa kanyang unang asawa, hanggang sa nagkaroon siya ng karelasyon sa loob ng rebolusyonaryong kilusan na siyang naging daan sa kanyang pagkamulat. Namulat si Ka Hasan sa armadong pakikibaka nang magkaroon siya ng pagkakataon na makapasok sa loob ng sonang gerilya matapos dumalo sa isang programa ng pagdiriwang ng anibersaryo ng Hukbo noong 2015. Kalaunan, nagpasya na si Ka Hasan na sumampa at buong panahong magsilbi bilang *fulltime* na mandirigma ng BHB sa Batangas. Ikinasal sila sa Partido ng kanyang karelasyon noong Disyembre 2015.

Bilang isang manggagawa at OFW, malalim ang pagsapol ni Ka Hasan sa krisis at kalupitan ng sistemang kapitalista. Ang karanasan niya bilang isang *foreman* ay nagbigay sa kanya ng kakayanan sa pangangasiwa ng tao at gawain. Tampok ang husay at sigasig niya sa paggampan ng gawain bilang P4 dahil natitiyak niya ang mahusay na pagdaloy ng mga iskedyul at suplay sa pang-araw-araw. Sa kabila ng kanyang edad, hindi ito naging hadlang upang mag-ambag sa armadong pakikibaka. Malakas din ang kanyang inisyatiba sa gawain. Likas din siyang magiliw at may kakulitang taglay kaya paborito siyang kabiruan ng mga kasama at masa. Ito ang mga tampok na katangiang maalala sa kanya ng lahat ng kanyang nakasama. PS

# HENRY “KA JESSIE” DELOS REYES

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Mula sa uring magsasaka si Henry “Ka Jessie” delos Reyes. Isinilang siya at lumaki sa isang komunidad ng tubuhan sa Brgy. Coral ni Lopez, Calaca bago nagka-asawa at nanirahan sa Brgy. Quisumbing ng nasabing bayan.

Bata pa lamang si Ka Jessie, namulat na siya at naorganisa habang matapang na nakikibaka para sa karapatan sa lupa ang kanyang kinalakhang komunidad. Bata pa lamang ay nasaksihan niya na ang aping kalagayan ng mga magsasaka dahil sa daantaong paghahari ng Pamilya Lopez sa kanilang lugar. Nasaksihan niya ang maraming beses na pagmamaniobra ng PML

kasabwat ang pasistang AFP upang supilin ang pakikibaka ng mamamayan sa kanilang barangay. Naging aktibo siya sa rebolusyonaryong gawain ng mga kabataan sa kanilang baryo.

Noong mag-asawa at lumipat sa Brgy. Quisumbing ay hindi din siya nakaligtas sa pangangamkam at pagsasamantala. Nakaamba din ang pagpapalayas sa mga tao dito, dulot ng pangangamkam ng Taiwanese na si Gabby Tong. Para mabuhay ang kanyang pamilya, nagtatabas ng tubo si Ka Jessie.

Una siyang kumilos sa lokalidad, hanggang tumugon siya sa panawagan ng kilusang pagwawasto noong taong 2016. Isa siya sa mga kabataan na hindi na umuwi matapos ang anibersaryo ng Partido.

Bagaman bago pa lamang sa Hukbo, si Ka Jessie ay kinakitaan na ng katapangan, dedikasyon at kababaang loob sa paggampan sa mga rebolusyonaryong gawain. Seryoso at masinop siyang tumutupad sa disiplina at patakaran bilang isang mandirigma ng BHB.

Punung-puno ng sigla si Ka Jessie na mabalikan ang kanyang mga kamag-anak, kaya naman noong marating ng yunit ang mga ito, ipinagmamalaki niya ang kanyang paghuhukbo.

Tulad ng ibang mga bagong kasama, naninindigan siya, pero buong tatag na napangibabawan niya ito sa pamamagitan ng matamang pakikinig sa payo sa kanya ng mga kasama. Kahit sa huling mga araw ng kanyang mga buhay, naninidigan siya sa kanyang desisyon ng pagpapatuloy kahit pa hinihikayat na siya ng kanyang asawa na bumaba dahil mag-aabroad ang huli.

Maalala siya bilang masipag, maalalahanin at mapagpakumbabang kasama.

Kalaunan, kinakitaan din siya ng potensyal sa gawaing militar. Gumagampan siya bilang *vice* iskwad lider nang siya ay magbuwis ng buhay sa labanan sa Kaylaway noong Nobyembre 28, 2017. Tangan ang makauring paninindigan para sa masang anakpawis, matapang na nakipaglaban si Ka Jessie sa pasistang kaaway hanggang sa kanyang huling hininga. PS

# ZALDY "KA VENUS" AURIN

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Zaldy "Ka Venus" Aurin ay isang binatang tubong Brgy. Lusacan, Tiaong, Quezon.

Si Ka Venus ay mula sa komunidad ng mga maralita sa Brgy. Lusacan, Tiaong. Naorganisa ito nang sumigla ang kilusang magsasaka at mala-proletaryado sa Central Quezon. Taong 2016, nagkaroon ito ng pagkakataong makapasok sa loob ng sonang gerilya sa pagdiriwang ng ika-48 Anibersaryo ng Partido hanggang sa magpasya itong sumampa sa BHB. Si Ka Venus ay may asawa, subalit hindi ito nakasagka sa kanyang hangarin na ialay ang kanyang buhay para sa bayan. Kasama siya sa 14 na kasamang namartir sa depensibang labanan sa Brgy. Aga at Kaylaway noong Nobyembre 28, 2017 na tinaguriang Nasugbu 14. *PS*

# KAMIL “KA ALEX” MANANGAN

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Mula sa uring petiburges si Kamil ‘Ka Alex’ Manangan. 1st year college siya noon sa kursong Business Administration sa Polytechnic University of the Philippines (PUP) nang mamulat.

Sa masikhay na pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa hanay ng kababaihan, nakita ni Ka Alex ang pangangailangan para sa demokratikong rebolusyong bayan; pangunahin sa anyo ng armadong pakikibaka upang mapalaya ang bayan. Disyembre 2016, nagpasya siyang makipamuhay sa BHB.

Isa siya sa mga kabataang tumugon sa panawagan ng Kilusang Pagwawasto noong 2016. Matapos ang anibersaryo, ay nagpaiwan na ito para sa anim na buwang programa ng kanyang TOD. Maikli subalit makulay at mayaman ang naging karanasan ni Ka Alex sa loob ng Hukbo na siyang nagpanday ng kanyuang desisyong pag-fu-*fulltime* kalaunan. Dahil sa antas at kakayanan niya ay naihanay agad siya bilang giyang pampulitika sa isang iskwad sa yunit. Nakasama din siya sa gawaing militar, noong ireyd ang mga *security* ni Henry Sy. Kabilang siya sa mga nagpanggap na tauhan ng DENR. Labis ang kanyang kasiyahan ng mapabilang siya dito kahit wala sa *front line*, karangalan na niya ang makasama sa makasaysayang pamamarusa sa ganid na MBK na kumamkam ng libong

ektaryang lupain ng mamamayan sa lalawigan.  Matapos ang *breakthrough* na karanasang ito, napasabak naman siya sa gawaing masa, kung saan tumayo siya bilang deputy PI ng nakadetats na platun, sa bayan ng Lian. Isa siya sa nanguna sa gawaing propaganda, edukasyon sa masa. Malaking kaibahan para sa isang tulad niya na lumaki sa lungsod ang buhay bilang isang gerilya. Ngunit aniya, 'napapawi ang lahat ng pagod kapag nakikipagtalakayan sa masa hinggil sa kanilang buhay at pakikibaka.'

Sinubok lalo ang kanyang pagiging GP sa depensibang labanan sa barangay ng Lumaniag, kung saan ay napahiwalay silang tatlo nila Ka Jessie at Ka Zac. Iniatras niya ang dalawang kasamang sugatan. Hindi siya nasiraan ng loob, bagkus tinahak ang bahayan ng masa upang humingi ng tulong. Hindi nila kilala ang masa, pero ginamit niya ang kanyang husay sa propaganda at nagpakilala na mga kasama. Kalaunan, kahit takot ang masa, ay tinulungan sila, binigyan ng damit, gamot at binigyan ng cell phone para makaugnay sa mga kasama. Higit na ipinakita niya ang kanyang katatagan noong pinupuntahan na ng kaaway ang bahay na kanilang tinitigilan. Tuluy-tuloy niyang pinalakas ang loob ng dalawang kasamang sugatan sa pamamagitan ng pagkanta ng Tigreng Papel, at paulit ulit napag-usal ng sumpa ng Partido ... "buhay man ay ialay, kung kinakailangan".  Matapos ang karanasan niyang ito, hindi man lamang siya kakikitaan ng pagkadala, bagkus ibayong nagpanday sa kanya.

Matapos makaranas ng isang depensibang labanan noong Marso 2017, ang magiliw na pagtataguyod ng masa sa Hukbo sa kabila ng matinding operasyon ng militar ang nagsindi ng pasya ni Ka Alex na buong panahong magsilbi sa armadong pakikibaka. Matapos ang kanyang TOD noong Hulyo, nagpasya na siyang magpultaym sa Hukbo. Buwan din ng Hulyo nang maihalal siya bilang Kagawad ng Komiteng Larangan. Ibinuhos ni Ka Alex ang kanyang husay, sa gawaing masa, kahit nakadetats ay pinangungunahan niya ang mga gawain na nakahanay. Masipag si Ka Alex, anumang ibinigay na gawain sa kanya ay titiyakin niya na makamit ang target.

Sa loob pa lamang ng ilang buwan bilang fulltime, naitalaga si Ka Alex bilang giyang pampulitika hanggang deputy PI at upisyal sa lohistika ng yunit. Nagpamalas siya ng husay at kasigasigan sa gawaing pampulitika sa hanay ng Hukbo at masa.

Maalala lagi si Ka Alex bilang mahusay, masipag, malambing at sulong na kababaihan. Lagi din siyang maalala sa kanyang paboritong kawikaan ni Kasamang Mao na " ang kababaihang nakikibaka ay kababaihang hindi magagapi". Isinabuhay niya ito hanggang sa kanyang huling hininga. Kailanman ay hindi mawawala ang kanyang diwa.

Napakaiksi man ng panahon ng pagkilos ni Ka Alex sa Hukbo ngunit napakabigat ng kabuluhan ng kanyang naging buhay sa masang ubos-kaya niyang pinagsilbihan. Ang tatag ng kanyang paninindigan at sigla sa gawain ay inspirasyon sa mga kabataan at kababaihang nagpapatuloy sa pagsusulong ng DRB.

# JULIETO "KA BUWI" PELLAZAR, JR.

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Ka Buwi ay nagmula sa lalawigan ng Rizal. Isang binatang mula sa uring petiburgesya, gumampan siya ng gawain sa kilusang kabataang estudyante bago sumampa sa BHB. Mula sa kanyang tinapos na kurso, naiambag niya ang kanyang mga kaalaman sa *gadgets* sa mga kasamang kanyang nakatrabaho. Bagaman ilang panahon pa lamang na *fulltime* sa Hukbo si Ka Buwi, nagpasya itong buong panahong ialay ang kanyang buhay sa armadong pakikibaka ng sambayanan, kasama ng kanyang karelasyon sa kanayunan. Hanggang sa namartir, gumampan si Ka Buwi ng gawain bilang giyang pampulitika sa yunit.

Unang sumampa si Ka Buwi bilang TOD noong buwan ng Abril-Hulyo 2017. Bumalik siya noong Setyembre bilang *fulltime*. PS

# CARL “KA CJ” LABAJATA

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*

Si Ka CJ ay isang mahusay na kabataan mula sa komunidad ng pangisdaan sa Brgy. Mataas na Bayan, Lemery, Batangas. Nagmula sa Pasay ang pamilya ni Ka CJ, nademolis at napalipat sila sa Paliparan sa Cavite. Dahil sa hirap ng buhay, lumipat sila sa Lemery, kung saan ang trabaho nila ay mangalakal ng basura gamit ang kanilang padyak. Subalit sa kanilang paglipat ay nakaamba din ang pagdemolis sa kanila dito.

Naorganisa siya dahil sa isyu ng demolisyon na kinaharap ng kanyang komunidad. Bago nagpasyang sumampa sa BHB, naging aktibo rin si Ka CJ sa gawain ng kabataan, hindi lamang sa kanilang baryo. Aktibo siyang lumahok sa gawaing pag-oorganisa at gawaing pangkultura ng mga kabataan sa lalawigan.

Nagpasya siyang mag-TOD noong buwan ng Agosto, kasama ng iba pang mga kabataan mula sa kanilang baryo. Tahimik ngunit malalim at hindi makasarili si Ka CJ. Buwan ng Oktubre dapat matatapos ang kanyang programa ng TOD, panahon naman ito ng kasagsagan ng operasyon sa yunit, hindi niya ipinauna ang pag-iisip ng pag-uwi noon bagkus ay nanatili siya sa mga kasama at banggit pa niya “ hindi ko kayo kayang iwanan sa ganitong kalagayan”. PS

# GLENMARK “KA ZENKI” AYTONA

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Ka Zenki, 22, ay isang kabataan, mula sa komunidad ng mga mangingisda sa Brgy. 4, Balayan, Batangas.

Namulat si Ka Zenki sa pakikibaka sa kanilang lugar. Sasaklawin ng proyekto ng San Miguel Complex ang baybayin ng Brgy.4 at kasama ang kanilang tinitirahan na madedemolis dito. Unang sumampa si Ka Zenki noong 16 anyos pa lamang siya, dinaya niya ang kanyang edad sa mga kasama. Noong makumpirma na wala pa siya sa hustong gulang ay pinababa na muna siya. Kumilos muna siya sa lokalidad bilang organisador ng mga kabataan, habang tumutulong sa kanyang ama sa pagtitinda ng manok sa bayan. Likas na tahimik, mahiyain ngunit seryoso si Ka Zenki at may taglay itong husay sa gawaing pangkultura. Kasama ng kanyang kapwa kabataan mula sa baryo, naging aktibo sila sa pagpapasigla ng pag-oorganisa at gawaing pangkultura sa hanay ng mga kabataang magsasaka sa lalawigan.

Taong 2017 nang sumampa si Ka Zenki sa Hukbo. Nakabilang siya sa reyd sa mga *security* ni Henry Sy. Bukod dito, ay nakasama siya sa isang reyd na may putok sa isang elemento ng PSOG. Siya ang may karanasan na sa ilang segundo ay nakapagkawala ng 12 bala ng shot gun.

Nagtuluy-tuloy siya sa pagkilos at naging isa sa mga maaasahang sekundaryong opisyal militar at sinasanay na IL ng yunit hanggang sa siya ay magbuwis ng buhay noong Nobyembre 2017. Maalala si Ka Zenki, bilang mabait at masunuring kasama. PS

# ANTHONY “KA JASMINE” PILIT

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Ka Jasmine ay isang kabataan mula sa kanayunan. Mula sa uring magsasaka, namulat si Ka Jasmine sa pakikibaka para sa lupa sa Brgy. Patugo ng Balayan, Batangas. Bata pa lamang at may kakulitan nang mamulat si Ka Jasmine dahil sa laban sa kanilang baryo kung saan kinakamkam ng Manzano Rubio ang 1003 ektaryang lupain sa Patugo. Kinakamkam ang kanilang lupang sakahan at panirahan sa balangkas ng Metro Taal Tagaytay Development Project (MTTDP) at nahubog siya ng militanteng pagkakaisa at paninindigan ng kanilang komunidad para sa lupa.

Unang gumampan ng gawain si Ka Jasmine sa lokalidad, bilang taguyod ng mga kasama habang naghihintay ng wastong edad.  Taong 2017 nang sumampa siya sa Hukbo.

Kaya naman, nang magpasyang sumampa sa BHB si Ka Jasmine, may malalim na siyang pagsapol sa tunggalian ng mga uri at mulat niyang naitaguyod at naisabuhay ang rebolusyonaryong gawain at adhikain ng BHB. Bagaman may kakulitan sa pang-araw araw na buhay, masinop, seryoso at masipag na gumampan sa kanyang tungkulin bilang sinasanay na sekundaryong opisyal militar (VIL) si Ka Jasmine hanggang sa sandali ng kanyang pagbubuwis ng buhay para sa sambayanan. PS

# JOSEPHINE “KA ELLA” LAPIRA

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Josephine “Ka Ella” Lapira ay isang dalagang nagmula sa uring petiburgesya sa Marikina. Gumampan siya ng gawain sa kilusang kabataan-estudyante sa UP-Manila at aktibong miyembro ng organisasyon ng mga kababaihan bago nagHukbo. Bago namartir, gumampan siya bilang giyang pampulitika sa yunit.

Lahat na yata ng maaaring hilingin ng isang kabataan ay na kay Josephine ‘Ka Ella’ Lapira. Lumaki siya sa marangyang buhay, maganda, mahusay makisama, edukado. Ngunit sa lipunang malakolonyal at malapyudal, walang puwang para sa isang kabataang tulad niya na hindi mamulat sa pang-aapi at pagsasamantala sa mamamayang Pilipino.

Nasa puso ni Ka Ella ang maglingkod. Tangan ang pangarap na maging doktor noong pumasok siya ng UP Manila, namuno si Ka Ella sa mga kapwa niya estudyante bilang kinatawan sa konseho ng kanilang kolehiyo. Sa proseso ng pagsisilbi sa mga Iskolar ng Bayan at pakikipamuhay sa mga magsasaka at manggagawa, namulat siya na walang ibang solusyon sa

suliranin ng mamamayan kundi armadong pakikibaka para ibagsak ang bulok na sistema ng lipunan.

Nagpasya si Ka Ella na sumanib sa Hukbo noong Hulyo 2017. Napasabak agad siya sa gawaing masa, kung saan naranasan niya ang pagbubuo ng mga SOM, pagbibigay ng edukasyong masa at pampartido, hanggang sa makalahok sa pagbubuo ng sangay ng Partido sa lokalidad. Hindi pa man natatapos ang buwan ng Agosto ay nagpasya na din agad siya ng buong panahon ng pagkilos sa Hukbo.

Mabilis siyang nakaangkop sa sona, sa kabila ng ibang buhay na kinalakihan niya. Sa loob ng Hukbo, mulat niyang tinutunggali ang mga kahinaang bahid pa ng burges na kultura, higit lalo sa usapin ng pagmamaliit sa kababaihan. Sa gawaing masa naman, mabilis niyang nakukuha ang atensyon ng mga kabataan sa mga kinilusan niyang baryo dahil sa angkin niyang husay sa propaganda. Larawan si Ka Ella ng isang kabataang hindi maibibilanggo sa bulok na kultura at marangyang buhay habang ang sambayanang Pilipino ay nagdarahop sa kahirapan.

Bago siya nasawi, nais niyang maipatawag ang kanyang pamilya sa loob ng sonang gerilya upang imulat sa propesyon na pinili niya. Walang pag-iimbot niyang tinalikuran ang sariling interes para ialay ang kanyang panahon at buhay para sa rebolusyon. PS

# ANNE “KA BELLA” CASILAC

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Ka Bella, 20 taong gulang, dalaga, mabuting anak ng bayan.

Palangiti. Matikas. Mabait. Hindi mahilig makipagtunggali. Malambing at palakaibigan. Sa pamilya, mabait sa mga pamangkin. Masipag na bata. Determinado. Masunurin sa atas. Dahil sa pagiging kabataan pa, mabilis pang ma-inlove si Ka Bella. Ito ang mga katangiang naaalala ng mga kasamang nakaintegra ni Ka Bella.

Si Ka Bella ay mula sa uring magsasaka. Nagmula siya sa isang pamilya ng mangingisda sa Cebu. Nang mapadpad sila sa tabing-dagat ng Brgy. Lumanyag, Lian, doon na sila nanirahan. Dito na siya namulat at naorganisa ng mga kasama. Apektado sila ng nakaambang demolisyon

sa kanilang lugar. Isa siya sa mga aktibong nanindigan para sa pagtatanggol sa kanilang karapatan sa lupang panirikan. Planong idevelop, upang pagtayuan ng mga resort ang kanilang lugar sa kapinsalaan ng mga tao dito. Nang maimbitahan siyang dumalo sa isang pagdiriwang sa anibersaryo ng Partido sa loob ng sonang gerilya, dito niya nakilala ang Bagong Hukbong Bayan hanggang sa nagpasya na siyang makipamuhay sa Hukbo. Hindi naging madali ang pagpapasya para kay Ka Bella dahil sa pagtutol ng kanyang mga magulang. Sa huli, nanindigan pa rin siya para sa kanyang desisyon. Taong 2017 nang magpasya siyang magpultaym sa Hukbo.

Sa maikling panahon nitong pagsisilbi sa bayan bilang BHB, ang naging pangunahin nitong responsibilidad ay ang pagiging opisyal sa medikal at lohistika. Nakadalo rin siya sa mga pagsasanay at sumabak sa ilang gawaing militar bilang VIL. Pangarap niya noon ang maging kumander. Masikhay na gumampan si Ka Bella ng mga rebolusyonaryong gawain hanggang sa kahulihan niyang hininga. Kung paanong mabilis na niyakap ni Ka Bella ang armadong paglaban, ganoon din siya kadaling minahal at di-kailanman malilimot ng masang kanyang pinaglingkuran.

# GRACIELA MAE "KA ALENA" PENKIAN PACALDO

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*

Mula sa pamilya ng mga aktibista si Ciela 'Ka Alena' Pacaldo, mula sa uring mala-manggagawa sa Maynila. Pamilya 'Von Trapp' kung tawagin ang kanilang pamilya dahil sa galing nilang kumanta, tumugtog ng gitara at magtanghal. Napabilang si Ka Alena sa isang grupo ng mga mang-aawit mula sa isang samahan ng kababaihan. Kalaunan naging *volunteer* siya sa isang NGO na nagtataguyod sa karapatan ng mga bata. Mula sa dinanas na karahasang militar ng kanyang pamilya noong panahon ng diktadurang Marcos hanggang sa pakikipamuhay niya sa masa, sa kanyang paglahok sa pambansa demokratikong pakikibaka ng iba't ibang sektor, kalaunan ay nagpasya si Ka Ciela na tahakin ang mas mataas na anyo ng pakikibaka. Setyembre 2017, nagpasya si Ka Ciela na makipamuhay sa Bagong Hukbong Bayan.

Sa loob ng Hukbo, naging masigasig at masiglang tagapagtaguyod ng mga gawaing pampulitika sa hanay ng masa si Ka Alena. Kasama nina Ka Alex at Ka Ella, kabilang si Ka Alena sa mga bayaning kababaihan na nagbuwis ng buhay para sa pakikibaka ng inaaping sambayanan. *PS*

# ALFRED "KA RM" CADAG

*2017 Nobyembre 28*
*National Highway, Brgy. Aga at Kaylaway, Nasugbu, Batangas*



Si Ka RM o Alfred Cadag ay isang kabataang magsasaka na itinulak ng kahirapan at nakipagsapalarang maghanapbuhay sa lungsod. Dahil dito, napadpad siya, kasama ang kanyang ina at kapatid, sa Sto. Tomas, Batangas. Ipinanganak siya noong Nobyembre 27, 1998 sa probinsya ng Quezon.

Hanggang Grade 2 sa elementarya ang inabot na pag-aaral dahil bata pa lang ay nasabak na sa pagbabanat ng buto para may pangkain sa kanyang sarili at sa kanyang nakababatang mga kapatid at ina. Namuhay siya sa mahirap na kalagayan na kapos sa pinansya, kaalaman at malayo sa serbisyo ng gobyerno.

Sa kabila ng kakulangan sa literasiya at pagiging mahiyain, si Ka RM ay masipag at may pagsisikap na matuto. Paminsan-minsang nagbibiro at masayahin din ang ilan pa sa kanyang mga taglay na katangian.

Taong 2015, palagi na siyang sumasama sa mga pagkilos ng mga manggagawa at iba pang sektor. Kasama rin siyang sumuporta sa welga ng mga manggagawa sa Tanduay. Nakita at naranasan niya mismo ang pandarahas sa piketlayn ng mga pulis at goons ng kumpanya nang buwagin ang mapayapang pagkilos ng mga manggagawa. Kabilang din siya sa grupong pangkultura na nagtatanghal sa mga pagkilos. Palagi niyang inaalala ang kanyang kabayo kapag nasama sa mga aktibidad at pagkilos dahil walang magpapakain at mangungumpay dito, pero nagagawan niya naman ng paraan dahil gustung-gusto niyang makasama sa mga pagkilos lalo na kapag paluwas ng Maynila.

Dahil na rin sa ramdam niya ang hirap ng buhay at maagang natuto kung pano lumaban sa araw-araw na dinadanas na kahirapan, pumaloob siya, kasama ang iba pang mga kabataan sa komunidad, sa kilusang lihim. Nabigyan ng pag-aaral hinggil sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino at ilan pang pampulitikang aralin. Dahil dito, nagtuluy-tuloy siya sa pagkilos at naimbitahan sa Liga ng Kabataang Komunista (Young Communist League), habang naghihintay na sumapit ang edad na 18 taon. Sa pagdiriwang ng ika-48 anibersaryo ng Partido, naging kasapi siya ng Partido Komunista ng Pilipinas at nagpasyang sumampa sa BHB. Nakita niya ang kawastuhan ng armadong pakikibaka na tanging solusyon para mapalaya ang tulad niyang aping magsasaka.

Nobyembre 28, 2017, isang araw pagkatapos ng kanyang kaarawan, kasama ang 13 pa, walang-awa silang pinagbabaril ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa bayan ng Nasugbu, Batangas. Sinabi ng mga militar na nanlaban sila sa *checkpoint* na kinasa nila. Pero malinaw na *ambush* ang nangyari. Hindi inalintana ng mga militar kung sibilyan ba o BHB ang kanilang pinagbabaril.

Pumanaw na si Ka RM, pero ang kanyang mga naging ambag at pagkamartir ay hindi maglalaho. Ang rebolusyonaryong diwa niya ay hindi kailanman malilimutan. Sa kabila ng kanyang kabataan ay hindi siya nagdamot na iambag ang kaisa-isa niyang buhay para sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Napatay man ng mga berdugong militar si Ka RM o sa kanilang mga isip ay natalo nila sa isang partikular na labanan ang BHB, ang galit sa dibdib ng mga kabataang Batangueño ay magiging poot.

Ang poot ay magpupuyos at magpapaalab at gagawin ang kapasyahang sumampa sa kanayunan at umanib sa BHB gaya ni Ka RM. Sa panahon ng papatinding pasismo at atake sa mamamayan ng berdugong rehimeng US-Duterte, higit na aasahan na daan-daang Ka RM ang sasampa sa kanayunan at doon hahanapin ang nararapat na rebolusyonaryong hustisya laban sa mapang-aping estadong ito. PS

# DOMINGO "KA ANGHEL" RAZO

*2019 Abril 29*
*Brgy. Quipot, San Juan, Batangas*

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Eduardo Dagli Command – Bagong Hukbong Bayan Batangas kay Domingo 'Ka Anghel' Razo, martir ng sambayanan sa naganap na labanan sa Brgy. Quipot, San Juan, Batangas nitong ika-Abril 29, 2019.

Sa edad na 56, inialay ni Ka Anghel ang kahuli-hulihang hininga sa paglilingkod sa interes ng rebolusyon at sambayanan. Binawian ng buhay si Ka Anghel sa proseso ng pag-atras ng mga Pulang mandirigma. Kaagad siyang tinamaan sa unang bugso ng putok, subalit matapang pa rin siyang nakalaban at nakapagmaniobra pabalik sa mga kasama hanggang sa matiyak na maayos na nakaatras ang buong tropa. Hanggang sa huli, itinaguyod ni Ka Anghel ang kapakanan ng nakararami at buong giting na inialay ang kanyang buhay para sa dakilang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan.

Pansamantalang inihimlay ng mga kasama si Ka Anghel sa kagubatan at pinagtulung-tulungang maisaayos at mapangalagaan ang kanyang labi sa kabila ng matinding lukob ng operasyong militar upang tiyaking hindi ito mapasakamay ng kaaway, na sa karanasan ay sinasalaula o ipinaparada sa initan at sa publiko ang mga nakukuha nilang bangkay ng mga nabubuwal na BHB. Nitong Mayo 5, ganap nang nakuha ng pamilya ang mga labi ni Ka Anghel upang maiuwi sa kanyang bayang kinalakhan at mabigyan ng pinakamataas na pagpupugay bilang martir ng sambayanan.

Si Ka Anghel ay mula sa uring magsasaka, pangatlo sa magkakapatid at tubong Mauban, Quezon. Una siyang naorganisa noong dekada 1990 bilang aktibistang masa sa laban ng mga mamamayan ng Mauban laban sa pagtatayo ng mapaminsalang planta ng *coal* sa nasabing bayan. Dahil bata pa man ay mulat na si Ka Anghel sa kahirapan at may ilan nang karanasang nakakasalamuha ang mga kasama, hindi kalaunan ay nagpasya si Ka Anghel na sumampa sa BHB at tahakin ang pinakamataas na landas ng armadong pakikibaka. Matapos ang mahigit isang dekadang paglilingkod bilang rebolusyonaryong mandirigma ng sambayanan, nahuli si Ka Anghel sa Dolores, Quezon noong taong 2002 at nakulong nang ilang buwan sa lungsod ng Lucena. Matapos makalaya, pansamantalang nagpahinga sa pagkilos upang makapiling ang

kanyang pamilya. Hindi nagtagal, muling naorganisa si Ka Anghel at naging aktibong lider ng mga maralitang lungsod. Naging susing kadre ng Partido sa lokalidad sa kanilang bayan hanggang sa muling nagpasya na makipamuhay sa Hukbo sa lalawigan ng Batangas kasabay ng pagdalo sa pagdiriwang ng ika-49 na taong anibersaryo ng Partido noong Disyembre 2017.

Hindi kalaunan, dahil sa taglay na dedikasyon at mataas na rebolusyonaryong diwa, nagpasyang muling magpultaym sa Hukbo si Ka Anghel sa yunit ng BHB sa Silangang Batangas at gumampan ng mga susing tungkulin sa gawaing pampulitika at militar ng Bagong Hukbong Bayan.

Likas na masayahin at palabiro at laging nagtataglay ng positibo at pasulong na diwa; ganito isalarawan ng mga kasama si Ka Anghel. Sa gitna ng mahihirap na sitwasyon at kinakaharap na mga suliranin sa gawain man o sa gitna ng pasistang kampanya ng kaaway, nagpamalas si Ka Anghel ng mataas na rebolusyonaryong inisyatiba at pasulong na diwa na hindi alintana ang pagharap sa hirap, sakripisyo at kamatayan. Taglay niya ang rebolusyonaryong katapangan at hindi nangingiming humarap sa kaaway, gayundin ang kahusayan hindi lamang sa gawaing militar kundi maging sa gawaing pampulitika sa hanay ng kapwa Hukbo at masa.

Hindi matatawaran ang kanyang ipinamalas bilang isang kadre ng Partido at kumander militar. Nagpamalas siya ng mahigpit na pagtangan sa disiplina at patakaran at sa tuwina ay punung-puno ng rebolusyonaryong entusyasmo sa paggampan sa bawat gawaing iniaatang sa kanya. Wala siyang gawain o tungkuling tinatanggihan bagkus ay laging bukas sa pagkatuto at uhaw sa mga bagong kaalaman at kasanayan at nagpamalas ng kababaang-loob sa kabila ng inabot na ring tagal at karanasan sa Hukbo at kilusan.  Taglay niya sa bawat oras ang diwa ng pagtulong at pag-agapay sa mga kasama sa oras ng kagipitan, hirap, sakripisyo at kamatayan. Sa isang labanan na kinaharap ng mga kasama, kahit sa kabila ng kanyang masamang pakiramdam ay walang alinlangan siyang umayuda sa mga kasamang unang napaharap sa laban at tumulong na matiyak ang kaligtasan ng lahat.

Marangal, makabuluhan at dakila ang rebolusyonaryong buhay na inialay ni Ka Anghel para sa sambayanan. Isinabuhay niya nang buong-puso ang diwa ng simpleng pamumuhay at puspusang pakikibaka at hindi nagmaliw kailanman ang kanyang pagmamahal sa masa at rebolusyon kahit sa kabila ng karalitaan ng kanyang pamilya, dinanas na tortyur at kalupitan nung siya ay makulong, gayundin ang maruruming pakana ng kaaway laban sa kanyang pamilya. Nananatiling matatag at nagpunyagi sa lahat ng ito si Ka Anghel na ang laging bukambibig ay "kung saan ako italaga ng Partido, doon ako... Kung ano ang atas, susunod ako..."

Tunay na dakila, huwaran at inspirasyon sa bawat naiwang mandirigma, kadre at rebolusyonaryong mamamayan ng Batangas si Ka Anghel at kailanman ay hindi mabubura ng estado at pasistang kaaway ang kanyang matingkad at magiting na rebolusyonaryong alaala na

nakaukit na sa puso at diwa ng mga mamamayan ng Batangas na pinili niyang paglingkuran at pag-alayan ng kanyang buhay.

Sa gitna ng umiigting na pyudal, pasista at imperyalistang pananalakay sa karapatan ng uring magsasaka at manggagawa sa lalawigan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, patuloy na magpupunyagi ang Bagong Hukbong Bayan sa ilalim ng absolutong pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas upang isulong ang demokratikong rebolusyong bayan na pangunahing nakasalalay sa daantaong pakikibaka ng mamamayan sa saligang suliranin ng kawalan ng lupa at pagsasamantalang malapyudal at malakolonyal sa lipunang Pilipino.

Hindi kailanman magtatagumpay ang pasistang estado at kaaway na igupo ang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanan, bagkus ibayo itong susulong at magkakamit ng tagumpay. Habang patuloy na binabayo ng estado ng samu't saring krisis at anti-mamamayang pakana ang sambayanan tulad ng nagaganap na liberalisasyon sa industriya ng niyog, asukal at palay na lansakan at ibayong nagpapabagsak sa kabuhayan ng sambayanan, patuloy na mataba ang lupa sa pagyabong ng rebolusyonaryong pakikibaka; at maibabaon si Duterte at ang kanyang alipores sa kahiya-hiyang libingan ng kasaysayan habang ang mga martir ng sambayanan, tulad ni Ka Anghel at ang marami pang ibang nagbuwis ng buhay para sa pakikibaka ay maitatanghal sa pedestal ng pagdakila ng sambayanang inaapi at pinagsasamantalahan na pinili nilang pag-alayan ng kanilang buhay at kamatayang pakikibaka.

PS

# EDRIAN “KA RENIEL” BAEZ

*2021 Mayo 26*
*Brgy. Macalamlam B, Rosario, Batangas*



Si Ka Reniel, ipinanganak at lumaki sa San Juan, Batangas, ay isang kabataang magsasaka na maagang naging biktima ng karahasan ng naghaharing estado. Taong 2011, namulat at naorganisa si Ka Reniel matapos na maging biktima ng paglabag sa karapatang pantao ng mga pasistang militar ang kanyang pamilya. Binugbog ng mga berdugong sundalo ng 740th CG PAF ang kanyang 17-anyos na kapatid matapos itong tumanggi na magparekluta sa CAFGU. Dahil sa sinapit sa kamay ng mga militar, nagdulot ito ng *trauma* at naging sanhi ng pagkakaroon ng sakit sa isip ng kanyang kapatid. Siya man, sa edad na 16 taong gulang, ay sapilitan ding nirerekluta sa pagka-CAFGU. Dahil sa panliligalig sa kanyang pamilya, naobliga silang lisanin ang kanilang baryo at lumipat ng panirahan. Hinubog at pinanday sa paglaban sa pang-aapi at pagsasamantala ang kaisipan ni Ka Raniel. Mataas ang kanyang dedikasyon na ibigay ang

kanyang buong kakayanan bilang ambag sa rebolusyonaryong paglaban ng mamamayan sa probinsya ng Batangas. Si Ka Raniel ay isang mahusay na manggagawang pangkultura't artista ng sambayanan. Buhay na buhay na naisasalarawan sa kanyang mga awit, galaw, pag-arte at mga obra ang buhay, kaapihan at pakikibaka ng masang Pilipino.

Si Ka Raniel ay namartir habang magiting na nakipaglaban sa pasistang kaaway sa Brgy. Macalamcam B, Rosario, Batangas noong Mayo 26. PS



# CESAR BATRALO COMMAND - BHB LAGUNA


John Carlo “Ka Iñigo” Capistrano Alberto ........ 71

Romy “Ka BFAR” Candor ........ 75

Emenirito “Ka Warly” Pinza ........ 76

Dioscoro “Ka Termo” Cello ........ 77

Alex “Ka Omar” Perdeguerra ........ 81

Rey “Ka Danny” Masinas ........ 83

Christine “Ka Billy” Estocado ........ 84

Cristopher “Ka Omar” Buton ........ 86

# JOHN CARLO “KA IÑIGO” CAPISTRANO ALBERTO

*2019 Pebrero 14*
*So. Pinamintian, Brgy. San Buenaventura, Luisiana, Laguna*



Si John Carlo “Ka Iñigo”Capistrano Alberto, Ka Iñigo/Yago/Greg/Dao sa mga kasama, ay mula sa Virac, Catanduanes. Siya ay mula sa uring petiburgesya, may piniling kasarian, kumilos sa kilusang kabataan-estudyante sa UP-Los Baños. Sumampa siya sa BHB noong Disyembre 2016 sa isang larangang gerilya sa Quezon. Bago namartir, inabot niya ang pusisyong pampulitikang instruktor at kagawad ng Komiteng Probinsya sa eryang kanyang kinilusan.

Ibinibigay ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa rehiyong Timog Katagalugan ang pinakamataas na pagkilala, pagpupugay at parangal kay Kasamang John Carlo

Capistrano Alberto, mas kilala sa tawag na Ka Yago at Ka Iñigo sa mga kasama at masa na kanyang nakapiling sa buhay at kamatayang pakikibaka sa kanayunan.

Namartir si Ka Iñigo habang magiting na nakikipaglaban sa mersenaryong pwersa ng 1st IBPA, 202nd Brigade, Philippine Army sa So. Pinamintian, Brgy. San Buenaventura, Luisiana, Laguna, bandang alas-9 ng umaga, araw ng Huwebes, ika-14 ng Pebrero, 2019.

Namartir si Ka Iñigo sa kanyang batang edad bilang kadre ng Partido at opisyal ng BHB. Lampas dalawang taon pa lamang si Ka Iñigo sa BHB at halos tatlong taon nang kasapi ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Isa si Ka Iñigo sa mga kabataang tumugon sa panawagan ng kilusang pagwawasto na sumampa sa BHB noong huling kwarto ng taong 2016. Ang patuloy na pagpapakatuta sa imperyalismo at walang pakundangang pamamaslang, pagpapahirap, at pandarahas ng pasistang rehimeng US-Duterte sa sambayanang Pilipino ang higit na nagpatibay sa kanyang adhikaing isulong ang armadong pakikibaka at buung-buong ialay ang sarili para sa rebolusyon.

Kumilos si Ka Iñigo sa loob ng lampas dalawang taon sa yunit ng BHB sa larangang gerilya sa hangganang Quezon-Laguna. Dito niya iginugol ang pinakamahalagang bahagi ng kanyang buhay sa paglilingkod sa masa at pagsusulong ng rebolusyon.

Ang larangang gerilya at yunit ng Bagong Hukbong Bayan na kinabibilangan at pinamumunuan ni Ka Iñigo ang nagtagumpay na muling balikan, kilusan at panimulang pasiglahin ang mga rebolusyonaryong gawain sa mga bayan sa hangganang Laguna-Quezon, isa sa mga larangang gerilya ng TK na nasa tarangkahan ng sentrong luklukan ng kapangyarihan ng kaaway.

Ang mga probinsya sa larangang ito ay idineklara ng reaksyunaryong estado na Conflict Manageable and Ready for Development (CMRD) na katumbas ng pagsasabing nalipol na ang pwersa ng BHB dito.

Pinatunayan ng yunit nina Ka Iñigo na malaking kasinungalingan ang pagkalipol ng BHB sa hangganang Laguna-Quezon. Ang yunit nina Ka Iñigo ay buong sikhay na kumikilos rito para tugunan ang interes at kahilingan ng masa laluna sa usapin ng lupa at kabuhayan. Nagamit ni Ka Iñigo ang kaalamang nakuha niya sa kursong Veterinary Medicine upang gamutin ang mga maysakit na kalabaw, kabayo at iba pang alagang hayop ng mga magsasaka sa saklaw ng kanilang larangan. Ito ang isa sa dahilan kung bakit nakilala at minahal siya ng masang magsasaka.

Sa pamamagitan ng mahusay na paglubog sa hanay ng masa, pagtatanggol at pangangalaga sa kapaligiran at pamayanan, nagtagumpay ang BHB na muling mapalapit at yakapin ng masa. Muling sinuportahan at isinulong ng masa sa hangganang Laguna-Quezon ang armadong pakikibaka.

Nagpakita si Ka Iñigo ng mataas na antas ng kahusayan, dedikasyon at disiplina sa pagtupad sa gawain. Gumampan siya bilang giyang pampulitika (GP) at kalaunan bilang political instructor (PI) sa platung kanyang kinapalooban. Siya ang sumulat sa mga mayor na papel kaugnay ng panlipunang pagsisiyasat sa saklaw ng kanilang larangang gerilya at ng mga kampanyang masa na inilunsad ng kanilang larangan at ng kanilang yunit. Siya rin ang nangunang kadre sa gawaing edukasyon, propaganda at kultura sa kanilang larangan.



Malapit sa kanyang puso ang gawaing medikal kaya kasabay ng pagiging opisyal pampulitika, gumampan din siya bilang opisyal medikal sa yunit at sa larangan.

Maalalahanin, maalaga at mapagmahal si Ka Iñigo sa mga kasama at masa. Palangiti at napakasipag sa gawain. Pana-panahon siyang nagrerehistro ng dinadanas niyang pangungulila sa kanyang mga magulang at kapamilya at ng pagnanais na makita at makasama ang mga ito ng kahit saglit na panahon. Pana-panahon ding hinahanap niya ang alwan ng kanyang dating buhay petiburges bilang kabataang intelektwal. Gayunman, napangibabawan niya ang mga ito sa pamamagitan ng malalim na dedikasyon sa paglalaan ng kanyang panahon, sarili, talino, husay at galing sa paglilingkod sa masang magsasaka at sa pagsusulong ng mga gawain sa rebolusyon.

Malapit at magiliw sa masa si Ka Iñigo, ngunit matapang siya sa harap ng kaaway. Ipinakita niya ito sa mga nilahukan niyang labanan at sa hindi pag-alintana sa kilos at galaw ng kaaway sa proseso ng pagtupad ng gawain sa  larangan.

Dahil sa ipinakitang kahusayan, dedikasyon at disiplina ni Ka Iñigo, inihalal siya ng Komiteng Rehiyon ng Timog Katagalugan bilang kadre ng Komiteng Probinsya na sumasaklaw sa larangang kanyang kinabilangan at pinamunuan. Sa panahon ng kanyang pagkamartir, isa na siya sa namumunong kadre ng Komiteng Larangan na kanyang kinapalooban.

Si Ka Iñigo ay larawan ng tunay na anak ng bayan ng Pilipinas. Isa siyang modelong mandirigma at opisyal ng BHB at huwarang kasapi at kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas. Matapang siya sa paglaban sa kaaway ngunit mapagpakumbaba siyang naglilingkod sa masa. Walang hanggan niyang pinahalagahan ang kanyang mga rebolusyonaryong tungkulin at ipinailalim ang kanyang sariling interes para sa interes ng sambayanan. Sa kanyang pagkamartir, walang pag-iimbot niyang inialay ang kanyang kaisa-isang buhay para sa kapakanan ng sambayanan at sa dakilang adhikaing palayain ang inang bayan at itatag ang sosyalismo sa Pilipinas.

Pumanaw man sa kanyang kabataan, hindi kailanman nasayang ang buhay ni Ka Iñigo tulad ng gustong palabasin ng rehimeng US-Duterte. Hindi sa edad sinusukat ang buhay ng isang tao, kundi sa naging kabuluhan nito sa buhay at pakikibaka ng sambayanang Pilipino. Si Ka Iñigo ang halimbawa ng bagong Gat Andres Bonifacio ng kasalukuyang panahon.

Sa pagkamartir ni Ka Iñigo, nagsimula ang kanyang kawalang kamatayan. Itatala sa aklat ng rebolusyong Pilipino ang kadakilaan ng kanyang buhay at pakikibaka.

Dakila ang buhay at pakikibaka ni Ka Iñigo na magiging inspirasyon at susundan ng kapwa niya kabataan, intelektwal at ng lahat ng mamamayan hindi lamang sa rehiyong Timog Katagalugan, kundi sa buong bansa. Sa harap ng kasalukuyang sitwasyong pambansa kung saan ang sambayanang Pilipino ay maigting na nakikibaka upang ibagsak ang papet, pasista at tiranikong rehimeng US-Duterte, magsisilbing dagdag na inspirasyon na lalong magpapaalab sa galit at determinasyon ng mga kabataan at sambayanang Pilipino ang buhay at pakikibaka ni Ka Iñigo. PS

# ROMY “KA BFAR” CANDOR

*2020 Enero 19*
*Tagpo, Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna*

Si Ka Bfar/Meñaly ay binata, taga-Brgy. Malaya, Lopez, South Quezon. Nag-*fulltime* siya noong huling bahagi ng 1990’s. Mahabang panahon siyang kumilos sa larangan sa Laguna at magiting na Pulang mandirigma ng Cesar Batralo Command-BHB Laguna. Ilang panahon din siyang naitalaga sa larangan sa North Quezon bago muling nakabalik sa Laguna. Isang tahimik ngunit masipag at puno ng dedikasyon si Ka Bfar sa paggampan ng gawain. Palibhasa’y produkto siya ng isang matandang base ng rebolusyonaryong kilusan sa Quezon, hindi naging mahirap sa kanyang batahin at pangibabawan ang mga sakripisyo at kahirapang mapalayo sa kanyang pamilya sa napakahabang panahon. Hindi siya kinakitaan ng panlulumo dahil hindi nakakadalaw sa pamilya. Sapat na sa kanyang makabalita sa kalagayan ng kanyang mga magulang habang patuloy na gumagampan ng mga rebolusyonaryong gawain. Malapit siya sa masa, palabiro at masipag siyang kaulayaw laluna ng masang magsasasaka sa kanilang aktibidad sa produksyon at kaingin. Mahigpit siya sa disiplina at masigla laging magbahagi ng mga karanasan sa mga talakayan.

Isang kahirapang dinanas ni Ka Bfar sa kanyang pagkilos ang ilang panahong napahiwalay siya matapos maambus ng kaaway ang kanilang yunit habang nasa byahe papunta sa panibagong erya. Pero hindi siya pinanghinaan ng loob, kahit na sugatan, kinupkop siya ng mga masa sa lugar habang nagsisikap na makaugnay sa kanyang yunit.

Larawan ng katatagan ang dalawang dekadang pagkilos ni Ka Bfar na habambuhay na aalalahanin ng mamamayan ng Laguna at Quezon, at ng kanyang mga nakasama sa buhay-at-pakikibaka. Sinasanay siyang platun lider bago mapaslang sa isang labanan sa So. Tagpo, Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna noong Enero 19, 2020. PS

# EMENIRITO "KA WARLY" PINZA

*2020 Enero 19*
*Tagpo, Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna*



Disyembre 2019 nagHukbo, tubong Gumaca, Quezon, may asawa at limang anak si Ka Warly. Mataas ang dedikasyon niya sa gawain sa kabila ng kanyang edad. Mataas ang kahandaan niyang gampanan ang anumang atas. Dinala niya sa Hukbong Bayan ang kanyang pagiging lider masa. Kalakasan niya ang pagbibigay ng pag-aaral at ang gawaing propaganda sa masa at mga kasama. Sa kabila ng kanyang edad at mayamang karanasan sa pakikibaka, mapagkumbaba siya kahit pa sa mga nakababata sa kanya. Isa siyang halimbawa ng mga kasamang may mahusay na rebolusyonaryong aktitud. Kasama niyang napaslang si Ka Bfar noong Enero 19, 2020 sa So. Tagpo, Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna. PS

# DIOSCORO “KA TERMO” CELLO

*2020 Agosto 4*
*Sityo Balatkahoy, Brgy. San Antonio, Kalayaan. Laguna*



*“Ang masaklaw at malayong tanaw ang kailangan pang harapin at pagsisikapan. Ang kasunod na buko ngayon ng gawain ay nakakagulat... mas mabigat at mas maraming hamon. Matapos malaman at mailinaw ang bagong kaayusan, bagama’t napunta sa hindi inaasahang mapuntahang yunit at pakat sa kasalukuyan, maraming hamon dahil matututunan ang maniobra ng malaking pwersa sa gawaing masa at gawaing militar.”*
*(Pahayag ni Ka Termo kaugnay sa paglilipat ng gawain at disposisyon ng erya)*

Si Kasamang Dioscoro “Ka Termo/Octa/Ambo” Cello, 48 taong gulang, ay nagmula sa uring magsasaka, Ipinanganak siya noong Disyembre 14, 1971 sa Brgy. Himayangan, Liloan, Southern Leyte. Nagmula siya sa pamilyang magsasaka at kalauna’y naging mala-manggagawa. Nakapagtapos siya ng hayskul noong 1989.

Namulat siya sa pamamagitan ng kanyang kapatid na isang unyonista sa pabrika. Bukod sa kanyang kapatid, naugnayan si Ka Termo ng mga kasama na nakatalaga sa kilusang paggawa noong 1989. Mula nang maugnayan at makatalakayan ang mga kasama ay madali siyang namulat sa usapin ng isyu sa lupa at  isyu ng mga manggagawa. Naging usapin sa pamilya ang pag-aagawan ng lupa habang ang isyu naman ng manggagawa ay mula sa aktwal niyang karanasan. Taong 1990 ay nagtrabaho si Ka Octa bilang isang  manggagawa  sa isang dressing plant sa isang bayan ng Rizal. Dito ay naging aktibo siya sa mga piket ng kilusang paggawa para sa dagdag na sahod. Napataas niya ang kanyang kamulatan sa pamamagitan ng paglahok sa mga  pagkilos at progresibong pag-aaral. Nanumpa siya bilang kandidatong kasapi ng Partido noong Disyembre 1993 at naging ganap na kasapi noong Enero 1995.

Sumapi siya sa BHB noong 1992. Mandirigma pa lamang ay nakitaan na siya ng mga kasama ng potensyal. Hindi nagtagal ay naging isa sa mga Pulang kumander ng probinsya ng Rizal si Ka Octa. 1993 naging kagawad at kasama sa binuong yunit sa partisan base building sa bahagi ng panabihang kalsada at lawa ng probinsya at  matapos ang ilang buwan ay pinabalik narin sa sonang gerilya. Sa proseso naging kagawad ng PG, naging sinasanay na GP at sinasanay na VIL. 1994 ginawang pangalawang TL ng MLP sa kapatagan ng probinsya. Ang MLP na ito ay paghahanda sa pagpasok ng iskwad SYP sa kapatagan. 1996 naging kagawad ng sangay sa platun binuo noon at binuwag din kaagad dahil dumating na ang bagong pagsasaayos sa organisasyon. Sa panahong ito ay napaerya naman sa paligid ng kampo ng 2nd ID ng PA. Nakaranas na lumahok sa ilang isparo operations kabilang ang pagparusa sa isang dating hepe ng pulis at mahusay at magaling bumaril. Nakaranas din ng mga depensibang labanan at may mga abanteng  karanasan sa mapangahas na pagsesero sa detatsment ng kaaway hanggang mailunsad ang matagumpay na reyd.  Hindi matatawaran ang mahabang karanasan ni Ka Termo sa gawaing militar at paglulunsad ng mga matatagumpay na TO hanggang sa pagbihag at pangangalaga ng mga POW. Malawak din ang kanyang karanasan sa pagsusulong ng RA at pagpapakilos ng masang magsasaka.

Naging kagawad siya ng KomProb ng Rizal noong 2002 at gumagampan ng tungkuling maging PL o PI sa iba’t ibang panahon at napaloob sa tim sa pagsasanay militar sa probinsya. Di naglaon ay naging VCO ng nagkakailang *coy-sized operations* sa Rizal na nagpalitaw ng mahigit 50 matataas na kalibreng armas. Mula 2009 hanggang 2014 ay nagpatuloy ang pag-angkop ni Ka Termo sa gawaing sa teritoryo at militar bilang pinunong opisyal ng FOC. Sa panahong ito naganap ang matagumpay na ambus sa PNP-SAF-34SAC kung saan

nakakumpiska ng higit 10 HPR. at nakabihag ng POW.  2015 ay nalipat sa teritoryal na gawain sa pagbabalik sa mga lugar sa hangganan ng NQ-Laguna-CQ.

Pinamunuan niya ang ilang matatagumpay na taktikal na opensiba na nagkumpiska ng armas mula sa kaaway at naggawad ng rebolusyonaryong hustisya sa mga abusadong pulis at militar. Iginagalang siya ng mga kasama bilang pinuno at malapit sa masang kanyang nakakasalamuha at inoorganisa.

Matatag na itinaguyod ni Ka Termo ang mga simulain ng armadong pakikibaka saanmang larangan siya italaga ng Partido at sa harap ng mabangis na kaaway. Mahusay sa pagtupad sa mga atas, buong sikhay niyang ginagampanan ang mga iyon sa bawat eryang itinalaga siya. Nakilusan at naitalaga na siyang mamuno sa Hukbo sa maraming tipo ng erya, mula sa ekspansyon at konsolidasyon hanggang sa rekoberi at reaktibasyon sa mga eryang naiwanan ng mga kasama nang ilang panahon. Kumilos din siya sa Hilagang Quezon sa mahabang panahon.

Mataas ang paghawak ni Ka Termo sa disiplina at mahigpit din niya itong ipinatutupad sa kanyang mga kasama. Mataas ang pagpapahalaga niya sa gawain, at matalas tumukoy ng mga nagiging problema o kahinaan sa paggampan sa mga ito, lalo na sa usaping seguridad o buhay-at-kamatayan ang nakasalang. Sa kabila nito, mainit siyang makitungo sa mga kasama at masa. Sa kanyang pamumuno, sinikap niyang lutasin ang mga hinaing ng masa at isulong ang kanilang pakikibaka para sa kabuhayan. Makulit at palabiro siya sa mga kasama. Sa mga eryang kinilusan ni Ka Termo, isa siya sa mga hindi kailanman malilimutan ng mga masa at laging hinahanap sa pagbalik ng Hukbo sa kanilang mga lugar.

Nahuli si Ka Termo ng kaaway noong Disyembre 1998 at nakaranas ng mental at pisikal na tortyur na matagal niyang ininda sa kanyang katawan. Sinikap niyang hindi makapagpahamak ng mga kasama kung kaya pinahirapan siya ng kaaway.

Masipag at matiyagang magbasa si Ka termo ng mga sulating militar at iba pang pampartidong dokumento at nakahanda siya laging magbahagi nito sa mga talakayan at pag-aaral.

Kagawad si Ka Termo ng Komiteng Probinsya at kumander ng yunit sa Laguna-Central Quezon nang mamartir sa isang depensibang labanan sa So. Balatkahoy, Brgy. San Antonio, Kalayaan. Laguna noong Agosto 4, 2020.  Kasama niyang namartir sina K. Omar at K. Danny — ang mga tunay na anak at lingkod ng bayan na walang iniisip sa buong panahon ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka kundi ang isulong ang kapakanan at interes ng katulad nilang mga mamamayang pinagsasamantalahan at inaapi ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Ang kanyang buhay ay maituturing na walang katulad ang bigat at halaga dahil hitik ito sa yaman ng aral at kadakilaan. Hindi nasayang ang  buhay na inialay bagkus nag-iwan ito ng

napakalaking ginintuang alaala sa mga kasama at magsasakang labis nilang minahal at pinaglingkuran. Mga alaalang magiging puhunan at inspirasyon para sa marami pang katulad nilang mga magsasakang susunod sa kanilang mga yapak, sasapi sa BHB at lalahok sa demokratikong rebolusyon ng bayan.

Halos 30 taon ng kanyang buhay ang inilaan sa NPA kasabay ng kanyang pagpapamilya. Hiwalay sa asawa, mayroon siyang dalawang anak na madalas nakakapasok at nakakasama niya sa sonang gerilya. Kahit na magkalayo sila sa napakahabang panahon ay labis siyang minamahal ng kanyang naiwang dalawang anak at isang apo.

Paalam Ka Termo.  Salamat sa iyong dakilang buhay na inialay para sa bayan. Ang inyong ginintuang alaala ng kabayanihan ay laging nakaukit sa puso't isipan ng mga kasama at sambayanang Pilipino na labis ninyong minahal at pinaglingkuran. Kayo ay mga matapat at huwarang mga kasama na kailanman ay hindi namin malilimutan.

Walang ibang tanging paraan upang suklian ang kanilang pinamalas na kabayanihan kundi ang ibaling ang ating pamimighati sa rebolusyonaryong katapangan. Singilin at pagbayarin ng mahal ang mga pasistang tropang 1st IB-PA at RMFB4A na kumitil sa buhay ng tatlong mga kasama at siyang patuloy na naghahasik ng karahasan at terorismo sa mamamayan ng Laguna. PS

# ALEX “KA OMAR” PERDEGUERRA

*2020 Agosto 4*
*So. Balatkahoy, Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna*



Si Kasamang Alex “Ka Omar/Vic/Daniel” Perdeguerra ay nagmula sa uring maralitang magsasaka na pangunahing pagkokopras ang ikinabubuhay, tubong Buenavista, Quezon at diborsyado. Gumampan siya ng gawain sa lokalidad bago sumampa sa Hukbo noong 1990 sa isang yunit ng BHB sa Quezon. Nagmula si Ka Daniel sa isang pamilyang rebolusyonaryo. Dahil sa tindi ng kahirapan, madaling namulat at napaloob sa organisasyon ang kanyang mga magulang at nakatatandang mga kapatid hanggang sa sila’y naging kasapi ng Partido at kalaunan ay isa-isang sumampa sa Hukbo ang kanyang mga kuya.

Maagang bahagi ng dekada 1990 nang magpasyang sumampa si Ka Daniel para sundan ang yapak ng kanyang dalawang nakatatandang kapatid na lalaki. Pagkaraan ng ilang taon ay

sumunod namang nagpultaym ang isa pa niyang nakatatandang kapatid at sumunod ang anak nito. Tatlo sa kanyang nakatatandang kapatid at isang pamangkin ay mga martir ng rebolusyon.

Masalimuot at mahaba ang pinagdaanang landas ng pagrerebolusyon ni Ka Daniel. Isa siyang seryosong kasapi ng Partido at mandirigma ng Hukbong Bayan. Mahusay siyang makitungo sa mga kasama, palabiro, mapagkumbaba sa anumang gawain at masinop sa pinansya. Isa siyang huwaran ng tapat na pagrerebolusyon. Hindi makakalimutan ng mga kasama ang kanyang kapursigehan sa pagsusulong ng armadong pakikibaka. Napatunayan ito sa dalawang beses na pagkakahuli at pagkakakulong sa kanya ng kaaway. Unang nahuli si Ka Daniel noong 1994 at nakalaya noong 1998. Matapos lumaya mula sa pasista ay kaagad siyang bumalik sa Hukbo upang muling humawak ng armas at magpatuloy sa pakikibaka.

Muli siyang nadakip ng kaaway noong Pebrero 16, 2010 sa So. Badjao, Brgy. Cagsiay 2, Mauban, Quezon. Nakaranas siya ng matindi at paulit-ulit na pisikal at mental na tortyur at imbestigasyon. Paulit-ulit din siyang inalok ng pagbabagong-buhay, pera, bahay basta't aamin at makikipagtulungan sa kaaway pero hindi niya ito ginawa. Tulad ng naunang pagkakahuli sa kanya, matapos siyang makalaya, walang sinayang na panahon si Ka Daniel at agaran ding umugnay sa mga kasama para bumalik sa agos ng pakikibaka bilang Hukbo. Nakalaya siya noong 2020.

Nagkaroon ng asawa si Ka Omar ngunit hindi nagkaanak. Nagkahiwalay sila ng kanyang asawa habang nasa kulungan sa Muntinlupa Bilibid Prison. Hindi siya pinanghinaan ng loob, bagkus lalong tumibay ang kapasyahan niyang bumalik sa mga kasama kapag siya'y nakalaya.

Pinaunlad niya at hinubog ang sarili hanggang sa maging opisyal ng Pulang Hukbo. Dahil salat sa buhay, hindi nakatungtong sa burges na paaralan si Ka Omar at sa loob na ng Hukbo siya nagsikap at natutong magsulat, magbasa at magkwenta.

Mahalaga ang kanyang naging papel sa pagpapalawak at pagpapalalim ng baseng masa sa Gitnang Quezon.

Tumatayo na siyang platun lider bago namartir sa isang depensibang labanan kasama sina Ka Termo at Ka Danny noong Agosto 4, 2020 sa So. Balatkahoy, Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna. PS

# REY “KA DANNY” MASINAS

*2020 Agosto 4*
*So. Balatkahoy, Brgy. San Antonio, Kalayaan. Laguna*



Si Kasamang Rey “Ka Danny” Masinas, mula sa uring magsasaka, binata, mula sa Brgy. Sta. Catalina, Atimonan, Quezon. Kahanga-hangang katatagan din ang ipinakita niya. Nagpasya siyang sumapi sa Hukbo noong 2019 sa kabila ng kanyang matandang edad at pisikal na limitasyon.

Bago ito, gumampan muna siya ng gawain sa lokalidad. Hindi hadlang ang kanyang edad at ilang pisikal na limitasyon para iambag ang natitirang mga panahon ng kanyang buhay sa pinakamataas na porma ng pakikibaka. Labis na ikinatuwa ni Ka Danny na makalipas ang ilang dekada ay muling nabalikan ng mga kasama ang kanilang lugar para lunsaran muli ng gawain, dahilan para higit siyang magpursigeng sumampa sa BHB.

Tahimik pero palabirong kasama si Ka Danny. Mahilig siyang dumalo sa mga pampulitikang aktibidad at makinig sa talakayan ng mga kasama kahit na medyo mahina na ang kanyang tainga. Matiyaga siya sa mga lakaran at sa mahirap na buhay ng Hukbo, mga katangian ng likas na masipag na magsasaka. Naging modelo siya ng mga kabataan sa kanilang lokalidad na sumunod sa kanyang yapak at sumampa rin sa Hukbo. Humarap siya sa mababangis na operasyon ng kaaway na nagparanas sa kanya ng pambihirang hirap at sakit. Sa kabila nito’y nagawa niyang magtagal sa Hukbo hanggang sa huling patak ng kanyang dugo. Napaslang siya kasama nina Ka Termo at Ka Omar sa So. Balatkahoy, Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna noong Agosto 4, 2020.

Bagama’t ilang panahon lamang ni Ka Danny ang nailaan niya sa Hukbo, ang kanyang determinasyon para mag-ambag ng nalalabi niyang buhay ay inspirasyon para sa higit na nakararaming batang mga Pulang kumander at mandirigma. PS

# CHRISTINE “KA BILLY” ESTOCADO

*2021 Mayo 21*
*Buena Rosa Subdivision, Brgy. Macabling, Sta Rosa, Laguna*



Nagmula si Christine “Ka Billy/Blue” Estocado sa Sorsogon, may piniling kasarian. Sumampa siya noong Disyembre 2016 sa isang larangan sa Central Quezon-Laguna. Nailipat at kumilos siya sa bahaging NQ-Rizal mula 2019. Gumampan siya ng mga tungkulin ng pagiging opisyal sa lohistika (P4) at giyang pampulitika. Seryoso siya sa kanyang mga tungkuling ginagampanan at masaya at masigla niyang ipinatutupad ang mga misyon at  atas, kahit na laging may dalang panganib ang mga gawain sa pagrerebolusyon.  Minsan ay muntik na siyang mahuli ng kaaway sa pagsisiyasat niya o pag-iipon ng paniktik para sa isang ilulunsad na TO. Dumalo siya sa pagsasanay militar noong 2020 at kinakitaan si Ka Billy ng malaking potensyal bilang isang Pulang kumander.

Si Ka Billy ay isang huwarang manggagawa.  Namulat siya sa pangangailangang magrebolusyon mula sa sariling karanasan ng pagsasamantala at pang-aapi ng kapitalista sa masang mangggawa at ng malakas na impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan

sa probinsya ng Sorsogon na kanyang probinsyang kinalakhan. Isa siyang kontraktwal na manggagawang napakababa ang sahod, walang kasiguruhan sa trabaho at dumanas ng napakahirap na kundisyon sa paggawa. Sapul niyang hindi sapat na makibaka lamang para sa mataas na sahod at seguridad sa trabaho. Nakita niya ang pangangailangang maglunsad ng pakikibakang pampulitika ng uring manggagawa upang tuluyang maibagsak ang kapangyarihan ng kapital at ng burgesya at kamtin ang sosyalismo. Lumahok siya sa pambansa-demokratikong kilusan at di kalaunan ay buong panahong kumilos upang isulong ang kapakanan ng kapwa manggagawa at bigyang katarungan ang kanilang kaapihan. Puno ng kasiglahan at entusyasmo si Kasamang Billy at walang pag-aalinlangang tinanggap ang tungkuling ibinigay sa kanya ng Partido. Maalaga din siya sa mga kasama. Simple at mapagkumbaba, isa siya sa pinakamaaasahan sa anumang gawain dahil sa kanyang dedikasyon. Namartir siya sa isang reyd ng magkasanib na pwersa ng AFP at PNP sa hinihimpilan nila noong Mayo 21, 2021 sa Brgy Macabling, Sta. Rosa Laguna. Kasama niyang napaslang din sa reyd si Ka Bernie at Ka Omar.

Tapat sa kanyang uri, si Ka Billy ay isang huwaran at inspirasyon para sa kanyang kapwa manggagawa at masang Pilipino. Halimbawa siya ng tunay na Komunista at Hukbo ng mamamayan na walang pag-iimbot na inialay ang kaisa-isang buhay para sa masang api't pinagsasamantalahan. PS

# CRISTOPHER "KA OMAR" BUTON

*2021 Mayo 21*
*Buena Rosa Subdivision, Brgy. Macabling, Sta Rosa, Laguna*

Si Ka Omar ay isang kabataang magsasaka mula sa bayan ng Brooke's Point, probinsya ng Palawan. Dahil sa kahirapan, hindi na siya nakatapos ng elementarya. Bunga ng kakapusan ng kinikita ng magulang sa lupain ng panginoong maylupa, nagtrabaho siya bilang *construction worker*, naging mangingisda sa bira-birang bangkang pantulingan at kung anu-ano pang mapagpaupahan para makadugsong sa kabuhayan ng kanilang pamilya. Dahil sa sariling karanasan, madali na para sa kanya na maunawaan ang kawastuhan ng rebolusyonaryong adhikain at pangangailangang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at magsulong ng armadong pakikibaka. Mula sa pagiging mandirigma ng Bienvenido Vallever Command ng BHB sa isla ng Palawan, walang pag-aatubili niyang tinanggap ang gawain sa isang mayor na yunit ng BHB sa rehiyong TK. Tahimik na kasama kapag bagong kakilala ngunit nagiging masigla kapag nakapalagayan na ng loob. Higit sa lahat, matapang, disiplinado, masipag at determinado si Ka Omar sa pagtupad sa kanyang gawain bilang Hukbo ng mamamayan.

Napaslang si Ka Omar kasama sina Ka Bernie at Ka Billy sa isang reyd ng pinagsanib na pwersa ng AFP at PNP sa Brgy. Macabling, Sta. Rosa Laguna noong Mayo 21, 2021. Nagbuwis sila ng buhay habang tumutupad ng dakilang misyon sa rebolusyon—mga dakilang martir at bayani ng sambayanan sa rehiyong TK. Buong tapat nilang itinaguyod ang interes ng masang anakpawis laban sa lokal na mga tiranong kinakatawan ng pasistang rehimeng US-Duterte at para sa katuparan ng dakilang adhikaing kamtin ang pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Nakatanghal ang mga sandata ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon at nakataas ang kamao ng mamamayan sa mga rebolusyonaryong base sa paggunita ng Partido sa TK sa dakilang buhay ng mga martir ng rebolusyon. Pinupuspos ng kadakilaan ang kanilang buhay at pakikibaka ng mga kwento at kagitingan ng lahat na nakasalamuha at nakadaupang-palad na mga kapwa rebolusyonaryo at masa na naging saksi kung papaano nila ginamit at iniambag ang kanilang husay, talino, kagitingan, disiplina, tatag at kababaang-loob. Sukdulan ang galit at nagpupuyos ang damdamin ng Partido, BHB at mamamayan sa rehiyong TK sa karumal-dumal at pataksil na paraan ng pagkitil ng kaaway sa mga mahal na kasama. PS

# LUCIO DE GUZMAN COMMAND - BHB MINDORO

Muriel “Ka Donjie” Latan ........................................................................89
June Eric “Ka Japs” Perey ........................................................................91
Lillibeth “Ka Moc” Donasco........................................................................93
Reynald “Ka Camille” Garachica ........................................................................94
Isaac “Ka Abdul” Cataytay ........................................................................95
Aileen “Ka Pia” Serna ........................................................................96
Anastasia “Ka Tessie” Rosanes Vallever........................................................................98
Noel “Ka Allan” Barrientos........................................................................100
Rodel “Ka 25” Panado delos Santos........................................................................102
Banong “Ka Eldon” Bandayan ........................................................................104
Mervin “Ka Wally” Malucon ........................................................................105
Ricky “Ka Ronel” Delos Santos........................................................................107
Victor “Ka Al” Alcos ........................................................................108
Aldrin “Ka Sam” Gamil........................................................................109
Jay-ar “Ka Sander” Mercado........................................................................110
Lorelyn “Ka Fara” Saligumba........................................................................115
Lito “Ka Gabby” Buyayao Mogmog........................................................................118
Jason “Ka Bryan/Abraham” Tuberos Merciales ........................................................................120
Elmar "Ka Jorel" Morillo........................................................................122
Ervin "Julian/Geron” Celis........................................................................125

Justine Ella “Ka Pia” Vargas ........................................................................128
Dario “Ka Poldo” Almonte ...........................................................................130
Irene “Ka Analyn” Yam-ay ............................................................................133
Kook “Ka Jimer” Mabugay ............................................................................135
Reagan “Ka Jake” dela Calsada ....................................................................136
Romar "Ka Pado/Sigu" Orosa .......................................................................137
Queenie Loricel “Ka Kira” Daraman .............................................................139
Cherry “Ka Lito” Velasco ..............................................................................140
Felimon “Ka Berna/Nick” Carabido ..............................................................143
Nonoy “Ka Nonie/Simo” Ambad ...................................................................147
Ka Alvin/Alwyn .............................................................................................149

# MURIEL “KA DONJIE” LATAN

*2017 Pebrero 5*
*So. Libun-libunan, Brgy. Pinagturilan, Sta. Cruz, Occidental Mindoro*



Mariing kinokondena ng buong rebolusyonaryong kilusan ang pataksil na pag-atake ng mga pwersa ng 76IB PA kahit na hindi pa pormal na winawakasan ang mutwal na *unilateral ceasefire* at usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at ng PKP-BHB-PNP.

Nitong Pebrero 5, 2017 naganap ang isang labanan sa pagitan ng mga kasama sa ilalim ng LDGC-BHB Mindoro at mga elemento ng 76IB ng PA, sa So. Libun-libunan, Brgy. Pinagturilan, Sta. Cruz, Occidental Mindoro.

Napaslang ng mga pasistang militar si Ka Donjie, isang katutubong Mangyan, 16 taong gulang at taga-Mansalay, MOR. Nang maganap ang labanan, kasalukuyang nakasanib si Ka Donjie at dumadalaw sa isang malapit na kamag-anak na nakatalaga sa yunit ng BHB sa lugar. Napahiwalay siya sa mga kasama sa panahon ng labanan at pinaslang ng mga pasistang kaaway. Naganap ang labanan isang araw lamang matapos ianunsyo ng Malacanang ang pag-atras ng GRP sa usapang pangkapayapaan at sa kanilang idineklarang unilateral na tigil putukan. Kung babalikan, sadyang hindi talaga sinunod at ipinatupad ng mga pwersa ng AFP-PNP ang utos ng kanilang *commander-in-chief* na si Pangulong Rodrigo Duterte na itigil ang operasyong militar sa mga erya ng BHB. Kaya mula nang magkahiwalay na nagdeklara ang GRP at PKP-BHB-PNP ng tigil-putukan noong Agosto, 2016 hanggang nitong Pebrero 2, tuloy pa rin ang paglulunsad ng operasyon ng kaaway sa mga sonang gerilya ng BHB at mas malala pa ay ang pagdadagdag/*repositioning* pa ng kanilang mga *detachment* at kampo sa mga interyor. Tunay na isang akto ng panghahamon at pang-uupat

ang ganitong hakbangin ng mga batalyon ng PA na nasa ilalim ng 203rd Brigade ng AFP. Habang ang mga pwersang gerilya ay seryosong ipinatupad ang kanilang idineklarang unilateral na tigil putukan at iibayong nagtitimpi para umiwas at di maganap ang anumang armadong sagupaan upang bigyang daan ang nagaganap na usapang pangkapayapaan.

Sa ganitong kalagayan at kahit na may panawagan si Duterte na bumaba ang mga BHB at dumalaw sa kanilang mga pamilya noong panahon ng kapaskuhan at bagong taon, nanatili tayo sa piling ng masa at kung may pagkakataon, ang mga pamilya natin ang pinasasanib sa Hukbo para makipamuhay sa kanilang hukbo. Dapat na maging maingat at mapagbantay sa patraydor nilang pag-atake sa rebolusyonaryong mga pwersa.

Sa kasaysayan ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro, inilulunsad ng mga elemento ng AFP-PNP ang mga kontra-rebolusyonaryong kampanya ng pagkubkob at pag-atake sa rebolusyonaryong pwersa kahit na may deklarasyon sila ng *unilateral ceasefire*. Sa ilalim ng rehimeng US-Cory Aquino, sa panahong umiiral ang kasunduang tigil-putukan sa pagitan ng PKP-BHB-PNP at GRP ay napaslang si Ka Arturo de Guzman (Ka Eric), taga-Cabugao, Bulalacao sa pataksil na pag-atake sa mga kasama sa Brgy. Balugo, Mansalay noong Enero 31, 1987. At sa ilalim ng rehimeng US-Macapagal Arroyo, sa panahon ng dineklarang SOMO ng AFP sa kapaskuhan at bagong taon noong Disyembre 2010, ay sinalakay ng mga elemento ng 80IB ang isang tim ng BHB na sinasalubong ang ilang kamag-anak na dumadalaw sa kanilang kapamilya sa loob ng BHB. Namatay sa labanan si Ka Michael – Stephen Lester Barrientos isang kabataang aktibistang pangkultura noong Disyembre 23, 2010 sa So. Upper Balading, Brgy. Bayotbot, San Jose, MOC.

Totoong kabataan pa si Ka Donjie ngunit unawa na niya ang adhikain ng kilusan na pinasok ng kanyang kamag-anak at handang handa siyang tuluy-tuloy na kumilos at makapag-ambag ng kanyang kakayanan, lakas at talino para sa pagsusulong at pagtatagumpay ng rebolusyon—isang rebolusyong nakikibaka para sa malaya at masaganang kinabukasan ng mga kabataang katulad ni Ka Donjie, Ka Michael at Ka Eric at iba pang mga rebolusyonaryong martir. Isang rebolusyong nagtataguyod ng karapatan at kagalingan ng mga mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Isang rebolusyong nilalahukan at itinataguyod ng mga masang anakpawis ng manggagawa, magsasaka at mga katutubong Mangyan at iba pang demokratikong uri ng lipunang Pilipino.

Rebolusyonaryong dahas laban sa mga naghaharing uri at pinagbubuwisan ng buhay at dugo ng mamamayan. Kung gayon, ang bawat patak ng pawis, dugo at buhay na iniaalay para sa sambayanan ay dinadakila at ambag sa pagtatagumpay ng dakilang adhikain.

# JUNE ERIC “KA JAPS” PEREY

*2017 Marso 30*
*So. Lalawan, Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro*



Si June Eric “Ka Japs/Jebs” Perey ay nagmula sa uring magsasaka. Kagawad siya ng Komiteng Larangan bago naging kaswalti at namartir sa isang taktikal na opensiba-ambus sa So. Lalawan, Brgy. Benli, Bulalacao noong Marso 30, 2017.

Hahanap-hanapin natin ang galing at husay ni Ka Jebs, binata, 28 taong gulang, taga-Silang, Cavite, sa gawaing masa, sa gawaing militar hanggang sa gawaing kultura. Natipon niya ito mula sa mahabang karanasan sa gawain sa puting purok bilang organisador ng mga kabataan at mga magsasaka mula pa noong 2009 hanggang 2012. Pinalalim niya ang mga

rebolusyonaryong karanasan sa pagdeklara niya na mag-TOD hanggang magpultaym sa kanayunan noong 2013 hanggang 2017. Nakasama siya sa mga mahahalaga at matatagumpay na laban sa Mindoro at gumampan ng papel bilang opisyal paniktik sa platung kinapapalooban niya. Ipinakita ni Ka Japs ang kanyang pagiging mapamaraan at mapangahas kung papaano kukuha ng impormasyon sa isang target para matiyak na maipagtatagumpay ang mga ilulunsad na taktikal na opensiba. Masigasig siyang mag-aral at magsanay.

Habang nasa loob ng Hukbong Bayan, ginabayan ang kanyang praktika sa larangan ng digma ng mga natutunan niya at napagsanayan sa BKPM, gawaing paniktik, at isnayping. Naging opisyal din siya sa pulitika sa loob ng platun at naging kagawad ng namumunong komite ng Partido sa platun. Malaking tulong ang nakuha niyang mga pag-aaral sa BKP, IKP at iba pang ispesyal na kurso ng ating Partido.

Mamimiss din natin ang kanyang kakulitan sa mga kasama; ang mga pagbibiro; ang kanyang tiyaga sa pag-iimprenta ng ating mga tsino tuwing anibersaryo; ang mga istrimer at *mural*, ang kanyang pag-e-*emcee* sa mga pulong anibersaryo at pulong masa; ang di prinaktis na *flag dance* na laging nalalaglag ang bandila; ang kanyang pananampo paminsan-minsan. Di na natin maririnig ang malakas at mabilis niyang pagsasalita na paminsa'y nagkakandautal na sa pagmamadali. Di na niya maitutuloy ang kanyang panliligaw sa isang kasamang napupusuan. Hindi na rin natin siya kukulitin na magpagupit ng kanyang mahabang buhok. Pero mananatili sa ating puso at diwa si Ka Japs.

# LILLIBETH “KA MOC” DONASCO

*2017 Marso 30*
*So. Lalawan, Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro*



Buhay ang diwa at maaalala natin si Ka Moc/Ka BJ (Lillibeth Donasco) higit 30 taong gulang, walang asawa at may piniling kasarian. Nanggaling siya sa pamilyang magsasaka sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Sumampa siya sa Hukbo noong 2009 at naipaloob sa yunit sa gawaing masa. Nahuli siya noong Pebrero 2010 noong dumalo sa isang pagsasanay medikal at matapos makalaya noong Disyembre 2010 ay kagyat na bumalik sa mga kasama sa kanayunan.

Sa loob ng halos isang dekada niyang pagiging hukbo, ipinamalas niya ang kanyang pag-unlad mula sa isang kabataang magsasaka tungo sa isang kumander, giyang pampulitika at medik ng bayan. Taglay ang mga katangiang pagiging matapang, masayahin, mabait at maasikaso sa mga kasama at masa, hahanap-hanapin natin si Ka Moc. Maalalahanin at mapagmalasakit siya sa kanyang pamilya kahit na nasa Hukbo na siya. Bibigkasin natin ang kanyang mga tula. Maririnig natin ang kanyang magandang boses at makabuluhang mga awitin. Ang kanyang matibay na paninindigan at pagharap sa kaaway sa panahong nabihag siya. Babalik-balikan natin ang kanyang kulang sa isang dekadang paglilingkod sa bayan na puno ng mga sakripisyo at karanasan sa pakikibaka. Nawalan tayo ng isang mahusay na kadre ng larangan. *PS*

# REYNALD “KA CAMILLE” GARACHICA

*2017 Marso 30*
*So. Lalawan, Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro*



Sumampa sa Hukbo si Ka Camille noong 2016 at kahit na nga halos isang taon pa lamang nating nakakasama sa Hukbo si Ka Camille, balo, humigit-kumulang sa 24 taong gulang, tubong Socorro, Oriental Mindoro, nakasama natin siya sa pagpupundar muli sa kanilang erya at mga karatig na lugar. Walang kaparis ang kanyang sipag at tiyaga sa mga gawain ng Hukbo — mapa-teknikal man ito o ibang gawain. Nagpakita siya ng kahusayan sa mga inilunsad na mga pag-aaral at pagsasanay. Inihanda niya ang kanyang sarili sa matagalang digmang bayan. Gayunman, pinutol ng balang tumagos sa kanyang katawan ang pagnanais na tuluy-tuloy na makapaglingkod sa bayan. Hindi na natin siya makakasama sa pangangahoy, sa pagbabantay, pagluluto at higit sa lahat sa pananalo sa *basketball*. Napaslang si Ka Camille sa taktikal na opensiba sa Benli, Oriental Mindoro. PS

# ISAAC "KA ABDUL" CATAYTAY

*2017 Abril 7*
*So. Lalawan, Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro*



Si Isaac "Ka Abdul" Cataytay, binata, higit 30 taong gulang at taga-Mamburao, MOC ay sumampa sa Hukbo noong 2008. Naging isang matapang, masigasig at masipag na mandirigma hanggang isang responsable at maaasahang opisyal ng BHB. Naging kasapi ng Partido at naipaloob at naging kagawad ng Komiteng Larangan sa isang larangang gerilya sa Mindoro Occidental. Nasugatan siya sa isang taktikal na opensiba-ambus noong Marso 30, 2017 sa So. Lalawan, Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro.

Sa kabila ng ating pagsisikap hindi na nailigtas si Ka Abdul sa matinding pinsala ng balang tumama sa kanyang ulo. Hindi na nadala sa pagamutan si Ka Abdul at binawian siya ng buhay noong Abril 7, 2017. Tinapos ng tama sa kanyang ulo ang halos isang dekada na rin niyang paglilingkod sa Hukbo ng sambayanan. Mula sa di makatarungang pagkakakulong at gawa-gawang kasong kriminal laban sa kanya, pinili niyang maglingkod sa Hukbong Bayan. Mahaba at maraming karanasan si Ka Abdul sa larangan ng mga labanan. Siya ang naging IL at VIL natin. Nagpakahusay siya sa kaalaman sa *ordnance* at demo, isnayping kahit na nga may limitasyon siya sa pagbabasa at pagsusulat. Siya rin ang isa sa ating mga bangkero kung kinakailangan. Hindi makakalimutan ng mga kasama at masa ang "gintong kamay" ni Ka Abdul— siya ang tagapag-ayos ng lahat ng sira — mula sa pinakamaliit na *flashlight*, solar, radyo, *generator*, baril, bala, at lahat na. Kahit na nga lumang-luma nang radyo ng masa ay aayusin pa niya. Sira-ulo nga lamang daw ang hindi niya kayang ayusin. Lalong nagpakahusay ito sa ibayo pang pag-aaral at pagsasanay sa gawaing elektroniko. Hahanap-hanapin natin si Ka Abdul, ang kanyang galing at tiyaga sa gawain. Hahanap-hanapin natin ang isang mahusay at mabait na kasama. PS

# AILEEN "KA PIA" SERNA

*2017 Mayo 8*
*So. Tagbungan, Brgy. Barahan, Sta. Cruz, Occidental Mindoro*



Si Aileen "Ka Pia/Vicky" Serna ay 37 taong gulang, ipinanganak siya noong Setyembre 22, 1979 at nanirahan sa Magsaysay, Occidental Mindoro. Uring magsasaka ang kanyang pinagmulan. Panganay si Ka Pia sa apat na magkakapatid. Nakapag-aral si Ka Pia hanggang dalawang taon sa kolehiyo sa kursong BS Elementary Education.

Nagpasya siyang  magpultaym at sumapi sa Hukbo noong Disyembre 1999 upang makapiling ang kanyang ama  na si Ka Armando Serna (Ka Sixto) . Pero hindi nagtagal ay nasugatan sa labanan si Ka Sixto at tuluyan nang pinatay ng mga pasistang militar sa Brgy. Antonino, Victoria, Oriental Mindoro noong Enero, 2000.

Nag-asawa si Ka Pia noong 2003 at may dalawang anak na lalaki—edad 11 at 5 taong gulang. Isang mapagmahal na asawa at ina si Ka Pia.

Si Ka Pia  ay isang kagawad ng Komite sa Isla ng Mindoro.  Isang katungkulan at responsibilidad na karapatdapat sa isang kasamang may matibay na paninindigan at may mahabang rebolusyonaryong karanasan at kasaysayan.  Sa halos dalawang dekada niyang pagkilos, dinaanan niya ang unti-unting pagpanday bilang isang rebolusyonaryo at namalas ng mga kasama ang kanyang kahusayan sa maraming gawain sa rebolusyon.  Isa siyang haligi ng Komiteng Larangan sa Hilagang Mindoro – gumampan sa mga gawain sa organisasyon, edukasyon, pinansya. Maliban sa kanyang mga unang taon sa gawaing teknikal (radio-komunikasyon), may mahabang karanasan si Ka Pia sa gawaing masa — sa mga eryang ekspansyon, konsolidasyon  at rekoberi.

**Isang babae at rebolusyonaryo.** Kabilang at nakikiisa si  Ka Pia sa mga kasamang babae na nagpasyang sumapi sa partido at hukbo at kumilos sa  rebolusyonaryong kilusan.  Nanguna at kasama siya sa mga palitan  ng mga karanasan para lalo pang tumibay ang paninindigan ng mga kasama sa rebolusyon, paano itataguyod at kokonsolidahin ang mga rebolusyonaryong pamilya.  Dinaanan niya ang mga pagsubok ng isang rebolusyonaryong asawa at ina.  Sinikap niyang maging obhetibo at matatag sa mga usaping nasasangkot ang asawa, mga anak at mga kasama at organisasyon.

Si Ka Pia ay napaslang sa labanan sa pagitan ng mga kasama at elemento ng 76IB sa So. Tagbungan, Brgy. Barahan, Santa Cruz, Occidental Mindoro nitong Mayo 8, 2017.

**Dakilang martir ng rebolusyon.** Sinundan ni Ka Pia ang landas ng tinahak ng kanyang ama na si Ka  Sixto, ng kanyang tiyuhin na si Ka Nikki, at ng iba pang mga kasamang nagbuwis ng buhay para sa  rebolusyon.  Inilatag ng mga dakilang martir ng rebolusyon ang kinakailangang mga sakripisyo. Pinapula ng kanilang dugo ang landas ng rebolusyon hanggang maipagtagumpay ito.

Tungkulin nating damputin ang sandatang nabitiwan ng kasamang martir, ang kanyang mga naiwang gawain at ipagpatuloy ito hanggang sa tagumpay. Nagluluksa at naghihimagsik ang buong rebolusyonaryong kilusan sa pagpanaw ni Ka Pia.  Kaalinsabay nito, inaalala natin ang mga nauna pang martir ng rebolusyon na nag-alay ng buhay para sa bayan. PS

# ANASTASIA “KA TESSIE” ROSANES VALLEVER

*2018 Abril*
*Cavite*

Pinakamataas na pagpupugay at pulang pagsaludo ang ipinaaabot ng Komite sa Isla ng Mindoro at ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro kay Kasamang Tessie/Wilma na pumanaw nitong Abril 2018 sa edad na 58 dahil sa matagal nang pagkakasakit.  Ihahatid natin sa imortalidad si Kasamang Tessie sa pag-aalay ng kanyang kaisa-isang buhay para sa rebolusyon.

Mahaba ang rebolusyonaryong kasaysayan at paglilingkod ni Ka Tessie sa bayan na pinutol ng kanyang pagkakasakit hanggang sa kanyang pagpanaw. Gayundin ang kanyang pamilya. Aktibo silang lumaban sa diktadurang Marcos sa panahon ng pag-iral ng batas militar at maging sa mga sumunod pang mga rehimen. Dinanas ng pamilya ni Ka Tessie ang labis na kahirapan at karahasan lalo na nang dukutin at patayin ng kaaway ang kanyang dalawang kapatid na lalaki sa panahon ng batas militar.

Si Ka Tessie ay namulat sa rebolusyonaryong kilusan noong ang kanilang pamilya na nakatira sa Tagkawayan, Quezon ay napupuntahan ng BHB.  Sumampa sa Hukbo si Ka Tessie noong huling bahagi ng dekada 1970 at naging bahagi ng mga nagpundar ng rebolusyonaryong lakas sa  mga bayan at barangay sa larangan sa hangganan ng Quezon-Bikol (QBZ).  Sa loob ng kilusan nag-asawa si Ka Tessie at nagsimulang magtayo ng rebolusyonaryong pamilya. Nagkaroon sila ng apat na anak na purong babae habang nagpapatuloy sa pagkilos sa Hukbong Bayan.

Dala-dala ang positibong karanasan sa QBZ sa gawaing ekspansyon at pagbubukas ng mga bagong sonang gerilya, ipinakat si Ka Tessie at ang kanyang asawa na si Ka Brendo sa isla ng Mindoro.  Magkasama silang mag-asawa sa pagbubukas at paglalatag ng sonang gerilya sa dalawang probinsya ng Mindoro — sa Oriental at Occidental Mindoro sa pinakamahihirap na mga taon ng pagpupundar mula 1980 hanggang 1990.

Naitalaga si Ka Tessie noong 1982 sa bahaging Mamburao at Sta. Cruz para sa paghahanda ng paglulunsaran ng itatayong SYP sa probinsya sa ilalim ng POLEX hanggang sa mabuo ang mga yunit sa gawaing masa sa lugar.  Nahalal si Ka Tessie bilang kagawad ng Komite sa Isla matapos ang Unang Kumperensya ng Partido sa Isla ng Mindoro noong 1988. Nakakilos at

naging kagawad din siya ng binuong Komiteng Distrito sa sentral na bahagi ng MOR (DSD) mula 1987 hanggang 1989.

Ipinakat silang mag-asawa sa Palawan mula 1989 hanggang 2002. Dito binawian ng buhay ang kanyang asawang si Ka Brendo dahil sa matinding *malaria* noong 1990 at ipinangalan sa kanya ang kumand ng BHB sa Palawan—ang Bienvenido Vallever Command - BHB Palawan. Di nagtagal ay nahuli at nakulong si Ka Tessie sa Puerto Princesa. Matapos lumaya, kaagad na bumalik sa pagkilos si Ka Tessie. Bilang pagtugon sa panawagang pumakat sa Hilagang Luzon, muling inilipat si Ka Tessie noong 2003 kasama niya ang kanyang dalawang anak na babae na nag-*fulltime* noong panahong iyon. Kumilos siya sa Hukbo sa Hilagang Luzon hanggang magkasakit siya noong 2008. Mas maaga pang sumampa sa Hukbo ang kanilang panganay na anak na babae.

Buong panahong isinabuhay ni Ka Tessie ang pagpapatatag ng rebolusyonaryong pamilya kahit na napakabigat ng pagkakamartir ng kanyang asawa (Ka Brendo 1990), anak (Ka Mayang) at mga kapatid kabilang sina Ka FL (Gregorio Rosanes, 2002) at Ka Yayang (Nora Rosanes, 2015) sa proseso sa iba't ibang panahon. Hinding hindi natin makakalimutan ang kabayanihan ng mga kasamang ito, na inialay ang kanilang buhay para sa bayan, para sa Partido, para sa rebolusyong itinataguyod natin. Mananatili silang buhay sa ating puso. Mananatiling buhay ang kabayanihan at diwa ni Ka Tessie – isang rebolusyonaryong ina, asawa, kapatid at kasama.

Habang nagpupugay tayo kay Ka Tessie at iba pang rebolusyonaryong martir, tungkulin nating ipagpatuloy ang kanilang nasimulan—ang landas na tinahak nila, ang landas ng pagrerebolusyon. Sakali man na hindi na natin abutin ang pagtatagumpay nito, tiyak na ipagpapatuloy din ito ng ating mga anak, apo, kapatid at ng susunod na henerasyon hangga't hindi nakakamit ang tunay na demokrasya, hangga't hindi naitatatag ang sosyalismo.

Nakikiramay kami sa pamilya ni Ka Tessie sa kanyang pagpanaw. Hindi lamang kayo nawalan ng isang ina, lola at kapatid, nawalan tayo ng isang mahusay na kasama, organisador, propagandista at edukador. Kinikilala ang naging ambag ni Ka Tessie at nakamarka ang kanyang naging ambag hindi lamang sa mga probinsya ng Quezon, Mindoro, Palawan sa Timog Katagalugan kung sa iba pang bahagi ng ating bansa.

Magiging inspirasyon si Ka Tessie sa maraming mga rebolusyonaryo na tuluy-tuloy na magpunyagi sa landas ng pagrerebolusyon kahit sa gitna ng mga kahirapan at sakripisyo. Ang kanyang puso ay patuloy na pipintig sa puso at diwa ng bawat rebolusyonaryo at mamamayan. PS

# NOEL “KA ALLAN” BARRIENTOS

*2018 Mayo 4*
*Lipa, Batangas*

Nagluluksa ang buong rebolusyonaryong kilusan sa pagpanaw ni Kasamang Noel Barrientos (Ka Wataw/Allan/Abeng) noong madaling-araw ng Mayo 4, 2018 sa Lipa, Batangas dahil sa matagal at malalang pagkakasakit. Nakikiramay tayo sa buong pamilya sa pagkawala ng ating mahal na si Ka Allan sa edad na 58.

Nagpupugay at sumasaludo ang Partido, Hukbo at masa sa isla ng Mindoro sa isang mapagmahal na asawa, mabuting ama at lolo, kaibigan at higit sa lahat, matatag na rebolusyonaryo. Iniaalay niya ang kanyang kaisa-isang buhay sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan.

Si Ka Allan ay may asawa, apat na anak at mga apo. Tubong Mindoro siya at nanirahan sa Brgy. Ibaba, Calapan City. Dati siyang empleyado sa munisipyo ng Calapan at ng DENR sa ilang panahon na namulat at naorganisa sa komunidad noong 1990’s. Kumilos sa hanay ng mga maralitang lunsod at sa ibang sektor sa sentrong bayan upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan.

Habang gumagampan ng gawain noong 1999 ay hinuli siya ng kaaway sa bahaging San Teodoro, Oriental Mindoro at nakaranas ng matinding tortyur sa kamay ng kaaway. Matatag niyang hinarap ang mga pagpapahirap na ito.

Matapos ito, sumampa na si Ka Wataw sa Hukbo at kumilos sa unang distrito ng Oriental Mindoro hanggang taong 2002 — panahong nagsisimula na ang pandarahas at pananalasa ng Oplan Habol Tamaraw sa Hukbo at masa sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo. Walang pag-aalinlangang tumugon si Ka Allan sa itinakdang gawain sa labas ng isla at rehiyon mula 2002 hanggang 2007. Noong 2008 hanggang 2013 ay muling naibalik at kumilos sa Mindoro. Nakakilos si Ka Allan sa bahaging Timog Mindoro, yunit sa dagat, at ekspansyon sa katabing isla/probinsya ng Romblon.

Itinayo niya, katuwang ang kanyang asawa, ang isang rebolusyonaryong pamilyang matapat at naglilingkod sa bayan. Napanday ang pamilyang ito sa mahirap at masalimuot na pakikibaka sa halos tatlong dekada. Pinakamahirap na mga panahon ang pagharap sa pananalasa ng Oplan Habol Tamaraw noong 2001 hanggang 2004 sa ilalim ng rehimeng US-Arroyo kung saan

napilitang lumikas ang buong pamilya ni Ka Allan dahil sa panganib dulot ng terorismo at militarisasyon ni Palparan; ang pagpapalaki at pagmumulat sa mga bata sa napakahirap na sitwasyon; ang taong 2010 kung saan napaslang ang kanyang dalawang anak na lalaki sa magkahiwalay na labanan — si Ka Olip (Christopher Barrientos) noong Hunyo 2010 sa Mansalay at si Ka Michael (Stephen Lester Barrientos) noong Disyembre 2010 sa San Jose, Occidental Mindoro.

Pinakahuling kinaharap ni Ka Allan at pamilya niya ay nang matuklasan siyang may *cancer* sa lalamunan noong taong 2010. Pinakitunguhan at nilabanan niya ang sakit habang nagpapatuloy sa pagkilos sa larangang gerilya ng Mindoro.  Matapos siyang ma-opera noong 2013, kinakailangang patuloy ang pagpapagamot na nakapaglimita sa kanyang kilos at gawain. Nagsisikap pa rin siyang gumampan ng rebolusyonaryong gawaing kakayanin niya hanggang sa tuluyan na siyang iginupo ng sakit nitong 2018.

Iniwan tayo ni Ka Allan na may malaking responsibilidad sa pagpapatuloy ng kanyang laban at pagdampot sa sandatang kanyang binitawan — tulad ng ginawa nating pagbalikat ng naiwang tungkulin nina Ka Olip at Ka Lester at iba pang mga dakilang rebolusyonaryong martir.

Ipagpapatuloy natin ang pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan dala ang mga aral, diwa at inspirasyon mula sa mga kasamang nauna at walang pag-iimbot na nag-alay ng kanilang buhay para sa rebolusyon. Ang kanilang diwa at sakripisyo ang magpapatatag pang lalo sa ating pakikibaka hanggang sa ganap na tagumpay. PS

# RODEL “KA 25” PANADO DELOS SANTOS

*2019 Pebrero 22*
*So. Bagacay, Brgy. Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro*



Kilala siya ng mga kasama at masa noong maagang bahagi ng 1990’s bilang Ka Maykel na Bisaya dahil hindi pa siya gaanong nakakapagsalita ng Tagalog. Naging Ka 25 siya noong 2013 sa pagdiwang niya ng kanyang ika-25 taon sa Hukbo. Siya si Rodel Panado delos Santos, may-asawa at isang anak na babae. Ipinanganak siya sa pamilya ng mga Ilonggo mula sa Panay at nakatira sa Brgy. Limlim, Rizal bago siya sumampa sa Hukbo noong 1988.

Kabilang ang pamilya ni Ka 25 sa mga pamilyang napilitang magsilikas mula sa Barangay Limlim noong 1988 dahil sa karahasan at pananalasa ng PML na si Ato Guevarra at mga *goons*, mga paramilitar na Alsa Masa at mga berdugong PC. Pinaslang ang ilang lider-magsasaka at masa na kalahok sa inilunsad na kampanyang RA sa lugar. Kasama ang kanilang bahay at kalabaw sa sinunog at pinatay ng malupit na PML na si Ato. Mula ikalawang hati ng 1988, kabilang si Ka 25 at kanyang pamilya sa naging mga IRs o *internal refugees*. Inilikas at ipinwesto sila ng mga kasama sa tulong ng baseng masa sa interyor na bahagi ng larangang gerilya sa

Timog Mindoro — kung saan ipinundar nila ang dating mga pastuhan para maging tubigan at produktibo— sa saklaw na bayan ng San Jose, MOC at Mansalay sa MOR at upang turuan at tulungan ang mga katutubong Mangyan sa pagsasaka.

Hindi magtatagal, magsisisampa sa Hukbo ang karamihan ng mga IRs na ito kabilang na si Ka 25. Sa halos higit 50 na sumampa mula sa kanilang barangay mula noong 1988, naging martir na ang iba habang ang iba naman ay nagsibaba na. Nitong 2017 lamang ay naging martir ang kanyang pinsang buo na si Ka Ken (Ronnie Magbitang Panado) matapos ang pagkakasakit dulot pa ng kanyang sugat sa matagal nang depensibang labanan.

Ginugol ni Ka 25 ang tatlumpung (30) mahahalagang taon ng kanyang buhay bilang isang Hukbo, kasapi ng Partido sa paglilingkod sa masa ng sambayanan. Sa loob ng 30 taong tuluy-tuloy na pagkilos (walang rekord ng panlalamig, DA o pag-AWOL) sa Hukbo na siya nagbinata at nagka-asawa at nagkaanak noong 2014 at nagkauban. Nalampasan at napangibabawan niya ang iba't ibang kahirapan at sakripisyo kasama na ang malalang pagkakasakit noong 2007, habang nagpupursige sa gawain sa kanayunan. Naging iskwad lider siya at sa maraming panahon ay mga gawaing teknikal at lakad sa pag-ugnay sa mga masa ang kanyang ginampanan.

Pangkaraniwang tanawin natin si Ka 25 na kaulayaw ang masa, nangungumusta, nakikipagtalakayan, nagsisiyasat. Kahit sa gitna ng kanyang limitasyon na halos hindi na siya nakapag-aral sa burges na paaralan, ginampanan niya ang mga gawaing iniatang sa kanya ng Partido sa abot ng kanyang makakaya. Matalas siya na mag-obserba at dahil malapit siya sa masa, marami siyang nakukuhang impormasyong kapaki-pakinabang sa iba't ibang usapin lalo hinggil sa seguridad. Kilalang-kilala siya ng mga masa dahil sa matingkad niyang katangian at hitsura na maputi, matangkad at guwapo ika nga ng mga masa.

Matiyaga siya sa gawain, matiisin at ni hindi mariringgan ng reklamo kahit puno na ng halas at alipunga ang kanyang paa, o kaya'y iba pang sakit sa balat na tumama sa kanya. Masaya na siya kapag nagampanan niya ang kanyang atas, nakakwentuhan niya ang masa at babalik sa mga kasama bitbit ang gulay at prutas o niyog na suporta ng masa at masayahing magkukuwento sa mga kasama.

Nitong Pebrero 22, 2019 nasawi si Ka 25 kasama si Ka Eldon, isang Hanunuo na bagong sampa na taga-Brgy. Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro sa isang depensibang labanan sa parehong barangay. Dadalhin nating ang diwa ng kanyang marubob, matapat at payak na paglilingkod sa masa sa halos tatlong dekada. Dapat lamang na damputin natin ang sandatang kanyang nabitawan at isulong ang matagalang digmang bayan hanggang sa tagumpay! PS

# BANONG "KA ELDON" BANDAYAN

*2019 Pebrero 22*
*So. Bagacay, Brgy. Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro*

Si Banong "Ka Eldon" Bandayan ay nagmula sa So. Bagacay, Brgy. Sta. Teresita, Mansalay, binata, mula sa uring magsasaka - pambansang minorya (Mangyan-Hanunuo). Dahil sa kahirapan, pumasok siya bilang katulong. Ginawa siyang utusan ng kanyang amo, pinaghihila ng kahoy mula Baet hanggang sa Sta. Teresita. Sa magdamag ay pinasasahod lamang siya ng 10 piso. Dahil sa lupit ng amo, ninakawan niya ito ng 2500 dahil hindi rin siya pinasasahod. Naipaloob sa organisasyong masa ng mga katutubo sa kanilang sityo nooong Pebrero 2019. Naging katuwang ng mga kasama noong nasa kanilang erya. Nagamit sa ilang mga teknikal na gawain kagaya ng paggiya, pagkuha ng mga panustos, at pagsundo sa ilang mga masang ipinatatawag.  Gumampan siya ng gawain sa lokalidad bago sumanib sa Hukbo noong Pebrero 14, 2019. Idineklara lamang na sanib habang nasa lugar nila ang mga kasama para makatulong sa ruta at masa.  Namartir siya sa isang depensibang labanan noong Pebrero 22, 2019 sa Brgy. Sta. Teresita, Mansalay, Oriental Mindoro. Kasama niyang nasawi sa nasabing labanan si Ka 25. *PS*

# MERVIN “KA WALLY” MALUCON

*2019 Hunyo 3*
*Brgy. Loyal, Victoria, Oriental Mindoro*



Kabataan, 20 taong gulang, binata, magsasaka at mestisong Mangyan-Hanunuo. Masayahin, masipag at laging handang matuto sa iba't ibang gawain, sa larangan man ng militar o gawaing masa nang walang pag-aalinlangan. Mula pa noong 14-15 taong gulang ay kinasanayan na niyang sumanib sa mga kasama habang nag-aasikaso ng RA sa kanilang lugar. Kahit sa murang edad ay responsable siya at larawan ng sigla at sipag sa pagtulong sa gawain sa bukid lalo na noong nagpultaym ang kanyang ama at noong tumagal pati ang kanyang kuya. Naiwan siyang nagsasaka ng kanilang bahagi ng lupain at nag-aalaga ng kanilang mga hayop sa bukid. Lagi’t lagi siyang nagsasabi na kapag nagbinata siya ay sasama na rin siya sa Hukbo. Ilang beses siyang nagtangkang sumama sa yunit ng Hukbo ngunit dahil sa pakiusap ng kanyang ina na tumulong muna sa kanila ay naantala ang kanyang pagsampa.

Tuluyan nang sumampa sa Hukbo si Ka Mighty/ Ka Wally noong 2014 kasabay ang mga pinsan at iba pang kabataan mula sa kanilang lugar sa saklaw ng Brgy. Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro. Naipakat at kumilos siya sa yunit sa gawaing masa at noong 2015 ay ipinaloob sa SDG ng isla. Nakalahok siya sa mga pagsasanay-militar at naging bahagi sa mga inilunsad na mga TO mula 2015 hanggang kasalukuyan.

Bilang isang kabataang kumander na sinasanay magdala ng iskwad, mapangahas niya itong hinarap at kung may mga kahinaan at kakulangan ma'y maagap siyang nagpupuna at nagwawasto. Hindi rin siya nangingiming magtanong at humingi ng gabay sa mga makaranasang kasama.

Nitong Pebrero 2019 ay nasugatan siya sa kanyang taynga sa isang labanan sa San Jose ngunit hindi niya ito inininda at matapang na hinarap ang hamon at mga gawain sa pagpapatindi ng digma sa isla habang binabaka ang konserbatismo, pasibidad, gerilyaismo at milisyaismo.

Nitong Hulyo 3, 2019 ay napaslang siya sa isang labanan sa Brgy. Loyal, Victoria, Mindoro Oriental. Sa murang edad, ipinakita niya ang magiting na pakikihamok sa kaaway at pag-aalay ng kanyang buhay kung kinakailangan tulad ng pag-aalay ng buhay ng katulad niyang kabataan na sina Ka Moc, Ka Jebs, Ka Camille at iba pang rebolusyonaryong martir sa mga nakaraang taon. PS

# RICKY “KA RONEL” DELOS SANTOS

*2019 Hunyo 13*
*So. Mawan, Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro*

Matagal nang hukbo si Ka Ronel noong dekada 2000 at naging kagawad ng panlabang yunit ng Quezon bago namahinga noong 2009. Muling sasampa sa Hukbo noong 2019 sa isang larangan gerilya sa Batangas at inabot ang pagiging iskwad lider bago namartir sa isang depensibang labanan sa Oriental Mindoro.

Nagpamalas naman ng kahusayan sa gawaing militar si Ka Ronel, tubong Gumaca, Quezon. Bata pa lamang siya nang una siyang sumampa sa BHB at dito na rin siya nagkapamilya. Mula sa maralitang pamilya ng magsasaka, taglay niya ang likas na katapangan at tatag ng makauring paninindigan, kung kaya't kahit nakaranas na makulong ay nagsumikap siyang makatakas mula sa kamay ng pasistang kaaway. Nakalahok siya sa mga taktikal na opensibang inilunsad ng kanyang pinagmulang yunit kung saan matapang siyang nakakadikit sa kampo ng kaaway at buo ang loob na humaharap sa bawat labanan. PS

# VICTOR "KA AL" ALCOS

*2019 Hunyo 13*
*So. Mawan, Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro*

Dekada 1980 pa lamang nang unang mamulat si Ka Al, 68 taong gulang at tubong Talumpok Silangan, Batangas City. Naging saksi ito sa pagpupundar ng Partido at BHB sa lalawigan at ilang panahong sumanib sa Hukbo noong kanyang kabataan. Nagpatuloy ito sa pagtataguyod sa Hukbo kahit nang siya ay magkapamilya na hanggang sa muling magpasyang sumampa sa BHB noong 2012. Sa kabila ng kanyang edad, buong-pusong inialay ni Ka Al ang kanyang lakas at kakayanan sa paglilingkod sa masa at pag-agapay sa kanyang mga kasama. Nagpamalas ito ng kasipagan sa paggampan sa mga gawain sa loob ng Hukbo at mainit na tinangkilik ng masa dahil sa kanyang lapat na pakikisalamuha sa kanila.

Bagaman pana-panahong nasasabik sa kanyang mga anak, karaniwang bukambibig ni Ka Al na ang kanyang buhay ay nakalaan na sa Partido at sa masa.

Namartir siya sa isang depensibang labanan sa Oriental Mindoro kasama sina Ka Sam at Ka Ronel. PS

# ALDRIN “KA SAM” GAMIL

*2019 Hunyo 13*
*So. Mawan, Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro*

Si Ka Sam, mula sa Brgy. Laiya, San Juan, mula sa uring magsasaka, binata, ay sumampa sa BHB noong 2019.  Napaslang siya kasama si Ka Ronel at Ka Victor sa isang depensibang labanan.

Si Ka Sam, 18 taong gulang, ay nagmula sa hanay ng kabataan at namulat matapos maging biktima ng marahas na demolisyon sa kanilang pamayanan. Sa kabila ng murang edad, maagang nakita at naunawaan ni Ka Sam ang pangangailangang tahakin ang landas ng armadong paglaban bunsod na rin ng karahasang sinapit mula mismo sa kamay ng pasistang militar at kapulisan na naging kasangkapan ng estado at mayayamang debeloper sa pag-agaw sa kanilang lupa at panirahan. Para kay Ka Sam, hindi hadlang ang edad sa kagustuhan niyang makapaglingkod sa kapwa naghihirap na mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan ng bulok na sistema. Kahit siya ang pinakabatang mandirigma, mahigpit na tinanganan ni Ka Sam ang disiplinang-bakal ng Bagong Hukbong Bayan at nagpamalas ng mahusay na aktitud at mainit na pakikitungo sa mga masa at kasamang kanyang nakakasalamuha saan mang lugar.

*PS*

# JAY-AR “KA SANDER” MERCADO

*2020 Enero 26*
*Brgy.Cambunang, Bulalacao*



Pinakamataas na pagkilala at pagpupugay ang iginagawad ng rebolusyonaryong kilusan sa Mindoro kay Jay-ar Mercado o mas kilalang Ka Herby, Ka Sander at Ka Bodgie ng mga masa at kasamang nakasama niya sa walang kapagurang paglilingkod sa sambayanan. Isang rebolusyonaryong martir na walang pag-iimbot na inialay ang kanyang kabataan at nag-iisang buhay sa mga masang inaapi at pinagsasamantalahan. Ipinagluluksa natin ang ang pagkamatay ng isang dakilang anak ng bayan, kapatid, kaibigan at mahal nating kasama.

Si Ka Sander ay kabilang sa mga umusbong na mga batang kadre ng Partido, rebolusyonaryong guro, isang manggagawang pangkultura, kumander at mandirigma. Isa rin siyang mabuting anak, kapatid, kaibigan at kasama.

Si Jay-ar "Ka Sander" Mercado, 26 taong gulang at binata ay tubong Brgy. Malaya, General Luna, Quezon. Nagmula siya sa uring magsasaka at may isang anak. Nagmula siya sa isang rebolusyonaryong pamilya. Sa murang edad ay nasaksihan ang kaliwa't kanang paglabag sa karapatang pantao ng mga mersenaryong AFP noong panahon ng Oplan Bantay Laya I ng rehimeng US-Arroyo. Napilitang lumikas ang kanyang pamilya sa General Luna at lumipat sa Cavite dahil sa panggigipit ng mga pasistang militar sa kanyang mga magulang. Dito niya higit na naunawaang hindi lamang sila ang nakararanas ng karahasan ng estado, kundi marami pang mga pamilya ng mga magsasaka at mga katutubo ang napipilitang lumikas mula sa kanilang tahanan at harapin ang mas masalimuot na buhay sa kanlungan. Nagbinata na siya sa ganitong sitwasyon kung saan, kailan man may banta sa kanilang pamilya ay lumilikas upang tiyakin ang kaligtasan. Ang rebolusyonaryong pamilya ang higit na nagmulat sa kanya sa kawastuhan ng kanilang pakikibaka.

Gumampan siya sa gawain sa lokalidad sa pag-organisa ng mga magsasaka. Nagpultaym siya at kumilos sa kilusang magsasaka sa rehiyon, kung saan nakilala siya sa gawaing pangkultura. Buong sigasig na ginampanan ang kanyang tungkulin bilang aktibistang pangkultura. Hindi lamang sa pagtatanghal sa mga kilos-protesta kundi sa pag-oorganisa sa marami pang kabataan upang lumahok sa pakikibaka. May isang pagkakataon na nahuli at napiit ng kaaway, sa ilang araw sa kulungan ay ipinakita niya ang kanyang katapangang harapin ang kaaway at makipaggitgitan dito.

Sa pagkilos sa ligal o hayag man ay tampok na ang katangian ni Ka Sander sa pagiging mahusay sa pagpapalaganap ng rebolusyonaryong kultura—mapaawit man ito, galaw-sayaw at mga dula. Lalo niya itong napaunlad sa panahong nasa Hukbong Bayan siya. Karaniwang tanawin sa mga kulturang handog sa kanayunan sa mga pulong masa, pulong anibersaryo at mga malalakihang pulong paglalagom ang Ka Sander na sumasayaw, umaawit at nagfa-flag dance. Hinahangaan siya ng mga kabataan at mga kasama sa kahusayan niya sa gawain, husay niya sa pakikitungo sa mga masa at dagdag pa ang pagiging magandang lalaki at tikas ng kanyang tindig.

Naging kasapi ng Partido si Ka Sander noong 2014, nag-TOD hanggang sa sumampa siya sa Hukbo noong 2015, sa isang larangang gerilya sa Mindoro. Sa loob lamang ang ilang buwan sa Hukbo, nakadalo siya sa mga kursong pag-aaral ng Partido, mga batayang pagsasanay pulitiko-militar, pagsasanay sa gawaing paniktik at kumando-isnayper — mga paghahanda at paghuhubog sa kanya bilang isang mandirigma hanggang maging isang pulang kumander. Umunlad si Ka Sander bilang isang mahusay na propagandista, edukador at kadreng pangkultura at batang kumander. Gumampan siya ng mga tungkulin ng VPL at masinop sa gawaing paniktik. Hindi iilang matatagumpay na TO sa Timog Mindoro ang ibinunga ng husay at tiyaga ni Ka Sander sa gawaing paniktik — pagze-*zero* ng target, pagdikit sa pwesto ng

kaaway, pagpapakilos sa masa para dito, at iba pang gawain. Ilang TO din ang pinangunahan at nilahukan ni Ka Sander dala ang rebolusyonaryong determinasyon, kapangahasan at tapang na tatak ng kanyang pamilya. Nariyan ang kanyang mga ambag sa mga matatagumpay na TO tulad ng isnayping at haras at nakasama din siya sa ilang reyd ng mga kasama. Dahilan ito para maging target siya ng kaaway at pagplanuhan na paslangin.

Inialaan niya ang mahigit na limang taon (5) ng kanyang kabataan at buhay rebolusyonaryo sa Mindoro. Mahusay na ginampanan ni Ka Herby ang kanyang tungkulin bilang kadre at kumander ng Bagong Hukbong Bayan. Sa loob ng panahong ito, nahirang siyang kagawad ng Komite sa Larangang Gerilya, at pangalawang platun lider sa Hukbong Bayan dahil sa kanyang husay at kasiglahan.

Bilang kabataang kadre ay masikhay siyang gumampan ng kanyang tungkulin sa pagsusulong ng armadong sandatahang pakikibaka; ang pagpapalakas ng Hukbong Bayan, pagsusulong ng RA at pagbubuo ng konsolidadong baseng masa.

Mapangahas siyang tumugon sa panawagang balikan ang mga eryang ekspansyon at rekoberi sa Timog Mindoro upang bawiin at konsolidahin ang mga ipinagtagumpay sa pakikibakang agraryo noon pang dekada nobenta hanggang bago ang Oplan Habol Tamaraw sa Isla. Katuwang siya ng mga kasama sa pagbalikat sa mahahalagang tungkuling muling organisahin at pakilusin ang masa, nagbigay ng inspirasyon sa mga masa upang ang mga nasimulang pagkakaisa sa nakaraan ay muling maging puhunan sa nagpapatuloy na paglaban.

Magiliw sa mga masa at handang makipagpalitang-kuro upang lutasin ang suliranin ng mga masang magsasaka at katutubong muling inaagawan ng lupa at biktima ng pagpapalit-gamit ng lupang agrikultural tungong eko-turismo, pribatisasyon ng tubig at mga *renewable energy projects*. Masiglang laging naglilinaw sa masa ng pangangailangang magkaisa at lumahok sa pakikibaka sa anumang anyo, higit ang paglahok sa armadong paglaban.

Libu-libong mamamayan sa Timog at sa buong isla ng Mindoro ang nabigyan ng hustisya nang naparusahan ang mga pasistang tropa ng kaaway na laging pangunahing lumalabag sa karapatang pantao at instrumentong tagapagtanggol sa mga proyekto ng dayuhang magmimina at lokal na burukrata. Nagmarka sa kasaysayan at hindi makakalimutan na sa bawat putok na pinakawalan niya mula sa kanyang riple ay nalugmok ang pasistang kaaway na protektor ng itatayong minahan ng langis at *natural gas* sa Sitio Cambayang, Brgy Cabugao at ng minahan ng *carbon* sa Sitio FF Cruz, Brgy Cambunang, Bulalacao, Oriental Mindoro.

Sa patuloy na paglulunsad ng *focused military operations* sa Timog Mindoro, sa walang tigil na pananalasa ng kaaway sa mga baseng masa, nagbigay ng inspirasyon sa mga kasama sa yunit ng Hukbong Bayan at sa mga masa sa larangan ang kanyang katapangan, determinasyon at kahandaang harapin ang kaaway upang biguin ang pagnanais nitong pinsalain ang yunit ng Hukbong Bayan at wasakin ang buong rebolusyonaryong kilusan dito.

Maalala natin si Ka Herby sa kanyang mabubuting katangian, magiliw at malambing sa mga kasama, sa kasamang opisyal hanggang sa mandirigma sa yunit. Siya ang tipo ng kasamang nais alamin ang naiisip at nararamdaman ng mga kasama kung kaya hindi lamang sa simpleng kwentuhan, biruan hanggang sa mga pormal na talakayan sa mga kasama ay masigla siya.

Maalalahanin at malapit siya sa mga kasama, sa bawat pagdating niya saanman at anuman ang pinagmulang lugar at gawain, ay laging may "pasalubong" sa mga kasama. Isa sa mga katangian niya ang pagdadala sa mga kasama ng mga bagay na ibinibigay sa kanya ng mga masang nakakasalamuha niya.

Hahanap-hanapin ng mga masa ang Ka Herby na malambing, palangiti at maalalahanin sa kanila. Laging handang tumulong sa kanila mula sa gawaing-bahay hanggang sa gawaing produksyon bagaman may pisikal siyang kakapusan.

Hindi siya kailanman tumanggi sa mga atas, bagaman minsan ay may pag-iisip na hindi niya kayang gampanan, subalit bukas siyang matuto at magabayan ng mga kasama. Minsan siya'y mabilis na ma-*frustrate* sa mga kabiguan subalit maagap namang makita at maunawaan ang kanyang kakapusan at matuto mula dito. Kung kaya, sa kabila ng kanyang mga kakapusan at kabaguhan sa gawain, hindi naging salik ito upang hindi umabante at umunlad bilang kadre at opisyal ng Hukbong Bayan. Ang kapangahasan ng kanyang kabataan ang kanyang puhunan upang mabilis na umunlad at maunawaan ang sitwasyon ng digma sa larangan.

Mapagmahal siyang anak at kapatid, ang kanyang mungkahing pagdalaw ay hindi lamang upang makita at mabisita sila kundi upang higit na makonsolida ang rebolusyonaryong pamilyang nag-aruga at nagmulat sa kanila. Nasa alaala niya lagi ang mga kapatid at kung paanong makatulong na makagabay sa kanila at magiyahan sa pagtahak sa armadong pakikibaka. Higit sa lahat ay mapagmahal siyang ama sa kanyang nag-iisang anak.

Pinaslang ng mga pasista si Ka Herby dahil sa pagmamahal at paglilingkod sa bayan at sa marubdob na pagnanais na kamtin ang lipunang payapa hindi lamang para sa kanyang supling kundi sa marami pang mga anak ng bayan.

Sa kabila ng kanyang kabataan pa sa kilusan, ilang kakulangan at pagkakamali, higit na matimbang ang kanyang mahusay na aktitud at paggampan sa mga gawain, pakikitungo sa masa at kasama. Seryoso niyang pinuna ang kanyang sarili sa iresponsableng pagpasok sa pakikipagrelasyon noong 2018 na nagbunga ng isang anak. Maluwag niyang tinanggap ang nararapat na aksyong pandisiplina dito at lalo siyang nagpursige sa gawain.

Noong Enero 26, 2020, nahuli siya ng mga elemento ng 4IBPA sa Sitio Lupgis, Brgy. Cambunang, Bulalacao habang may inaasikasong gawain sa lugar. Biktima siya ng ekstrahudisyal na pamamaslang bilang *hors de combat*. Ang mga atake ng kaaway na epektibong sinalag at binigo ng mga yunit sa larangan ang dahilan upang siya'y paslangin sa kabila ng kanyang katayuang *hors de combat* sa panahong nahuli. Kahanga-hanga at

maipagmamalaki ng sambayanan ang pagiging tunay niyang anak ng bayan na sa kabila ng pahirap at tortyur ay hindi kailanman ipinagkanulo ni Ka Herby ang mga kasama at higit ang mga masang nagtaguyod sa Hukbo.

Malaking kawalan sa atin ang pagkasawi ni Ka Herby, subalit hindi kailanman magtatagumpay ang kaaway na tayo'y pahinain at patigilin sa pagkilos, bagkus hihigpitan ang hawak sa ating mga sandata upang ipagpatuloy ang dakilang tungkuling iniwan ni Ka Herby. Ang galit ng masang inaapi at pinagsasamantalahan sa pasistang kaaway ang dadaluyong upang maging malakas na pwersang magpapatuloy ng kanyang nasimulan.

Dakila ang buhay at pakikibaka ni Ka Herby. Magsisilbing inspirasyon sa mga kasama at masa ang kanyang alaala at rebolusyonaryong katapangan. Dadamputin ng mga kabataang nakasama niya ang sandatang kanyang nabitawan upang itutok sa pasista at tahakin ang landas ng armadong pakikibaka. Nagluluksa ang buong rebolusyonaryong kilusan at ang sambayanang Pilipino sa pagpanaw ng isa sa pinakamamahal nating kasama. Ang pagluluksa ay ibabaling sa paghihimagsik at katapangan upang harapin at biguin ang todo-gerang atake ng rehimeng US-Duterte sa rebolusyonaryong kilusan at sa mamamayan.

Taas-kamaong pagpupugay, Ka Herby, sapagkat sa paghimlay ng iyong katawan sa katapusan ng iyong kaisa-isang buhay, nagsimula naman ang iyong pagiging ganap na proletaryado. Tunay na hindi masasayang ang iyong buhay sapagkat mananatili kang buhay na inspirasyon ng bawat isa, upang magsikhay ng buong giting sa pagdadala ng digmang bayan sa mas mataas na antas hanggang sa tagumpay. PS

# LORELYN "KA FARA" SALIGUMBA

*2020 Hunyo 4*
*Brgy. Mangangan Uno, Baco, Oriental Mindoro*



Pinakamataas na parangal ang ibinibigay ng buong rebolusyonaryong kilusan sa Timog Katagalugan kay Kasamang Lorelyn Saligumba, isang bayani at martir ng rebolusyon at sambayanan.

Si Ka Fara, 34 taong gulang, ipinanganak noong Abril 20, 1986, may asawa at dalawang anak, ay tubong Barangay Arellano, Sablayan, Occidental Mindoro. Ipinanganak siya sa isang pamilya ng magsasaka at rebolusyonaryo. Una siyang namulat sa kanyang tiyuhin na si Michael "Ka Migo/Cromwell" Saligumba na kabilang sa mga aktibistang kabataang magsasaka sa lugar na sumampa sa Hukbo sing-aga pa noong 1985 ngunit napaslang sa isang labanan noong Setyembre 2005. Naorganisa si Ka Fara at nag-organisa sa hanay ng mga kabataan sa kanilang hayskul. Sumampa sa Hukbo si Ka Fara noong Marso 2006. Naging kandidatong

kasapi ng Partido noong 2007 at naging ganap na kasapi ng Partido noong 2007. Naitalaga siya sa yunit sa gawaing masa sa bahaging Calintaan-Sablayan-STC, Occidental Mindoro. Bandang 2008 ay nalipat siya sa dulong Timog ng probinsya. Nakilala natin si Ka Fara bilang isang kabataang kadre, masigasig sa lahat ng gawain, mahusay sa gawaing kultura, matapang at mapangahas, maingay, may katarayan ngunit matibay at may matatag na paninindigan.

Noong 2010 ay nakaranas siya ng iligal na pag-aresto, ikinulong at sinampahan ng gawa-gawang kaso. Lumaya siya makaraan ang isang taon at matapos ito, higit na tumibay ang kanyang realisasyon na ang gamot sa nagnanaknak na kanser ng lipunan ay mahahanap lamang sa rebolusyonaryong pagbabago ng lipunang Pilipino sa pamamagitan ng armadong pakikibaka. Kagyat na bumalik si Ka Fara sa kanayunan upang iambag ang kanyang kaalaman at serbisyo sa mamamayan sa kanayunan ng Mindoro.

Mula sa pagiging isang mandirigma ay tuluy-tuloy na umunlad si Ka Fara sa isang mahusay na kadre ng Partido at kadreng militar nito. Naging kagawad siya ng Komiteng Larangan noong 2013. Bago siya napaslang nitong 2020 ay kagawad siya ng Komite sa Isla at tumatayo siyang pampulitikang instruktor sa yunit at naging isang VPL din kalaunan. Kabilang siya sa mga sinanay na mga babaeng kumander sa isla. Mapangahas at matapang siyang humarap sa mga inilunsad na gawaing militar tulad ng isang matagumpay na isparo sa bayan ng San Jose noong 2008 at kahit na sa mga depensibang labanan. Nakadalo siya sa isang pagsasanay sa isnayper-kumando at nakapagtapos nito, kahit na mag-isang babae lamang siya sa nasabing pagsasanay. Nakadalo siya sa pagsasanay-medikal at nagpraktis bilang isang masipag at dedikadong manggagamot ng bayan.



Isang walang-kapagurang propagandista, edukador, organisador at manggagamot si Ka Fara — nakakilos siya sa hanay ng mga magsasaka at mga katutubong Mangyan. Bilang isang manggagawang pangkalusugan na nagpasyang yakapin ang landas ng

rebolusyon at iukol ang kanyang buong buhay sa pagbibigay ng serbisyo sa masa sa kanayunan na matagal nang pinagkakaitan ng serbisyong medikal at disenteng kabuhayan ng bulok na sistema.

Nagmahal at nag-asawa si Ka Fara sa loob ng rebolusyonaryong kilusan. Nagbuo ng isang rebolusyonaryong pamilya. Ikinasal siya noong 2006 at nagkaroon ng dalawang anak — isang babae at lalaki. Isang mapagmahal na asawa at ina si Ka Fara at sinubaybayan ang kanilang mga anak kahit na malayo sa kanila habang gumagampan ng kanyang tungkulin sa rebolusyon. Lumaki ang mga bata na mahal ang kanilang mga magulang.

Walang pag-aalinlangang tinanggap niya ang tungkuling balikan ang mga pansamantalang naiwanang lugar upang maghatid ng serbisyong medikal at edukasyon sa masa sa pagharap at paglaban sa COVID-19. Nasa proseso ng pagtupad ang kanyang yunit ng misyong medikal nang kubkubin ng militar ang kanilang pwesto noong Hunyo 4, 2020 sa Barangay Mangangan Uno, Baco, Oriental Mindoro. Namatay din sa nasabing labanan si Ka Gabby/Albyur.

Nasugatan at tinamaan si Ka Fara sa binti at nagawa pa niyang mag-*tourniquet* at lagyan ng benda ang kanyang sugat para patigilin ang pagdurugo bago pagapang na umatras. Inabutan siya ng mga kaaway sa sapa habang gumagapang papalayo at isa nang *hors de combat* o wala nang kakayanang lumaban. Buhay siyang nadakip, ininteroga at sinakal pa bago walang-awa siyang pinaslang at tinadtad ng bala ang kanyang katawan ng mga pasista.

Mariing kinukundena ang 203rd Infantry Brigade sa ilalim ni Col. Jose Augusto Villareal sa ginawang pagpaslang kay Ka Fara — na isa nang sugatan at wala nang kakayahang lumaban — sa halip na bihagin na lamang siya at lapatan ng kaukulang lunas ang tinamong mga sugat mula sa tama ng mga punglo ng mga pasista. Malinaw na paglabag ito sa CARHRIHL at Protocol I at II ng 1977 Geneva Conventions.



Mabuhay ang rebolusyonaryong diwa ni Ka Fara, isang asawa, anak at mabuting ina sa kanyang mga anak. Ang kanyang bakas ay susundan ng libu-libong mamamayan na tulad niya ay ninanais na gamutin ang nagnanaknak na kanser ng lipunang Pilipino. Ang armas na kanyang nabitawan ay dadamputin ng mga tulad niyang mabubuting anak ng bayan upang ipagpatuloy ang kanyang ipinaglalaban para makamit ang tunay na kapayapaan, kasaganaan at demokrasya sa bansa. PS

# LITO "KA GABBY" BUYAYAO MOGMOG

*2020 Hunyo 4*
*Brgy. Mangangan Uno, Baco, Oriental Mindoro*



"Ang mamatay nang naglilingkod sa masang inaapi at pinagsasamantalahan ay simbigat ng bundok ng Naapog, samantalang ang naglilingkod sa mga pasista at mapang-api ay singgaan ng balahibo." Ganito ang naging kamatayan ng ating mahal na kapatid, kaibigan at kasama na si Lito Buyayao Mogmog o mas kilala bilang Ka Albyur o Gabby.

Si Ka Gabby, 23 taong gulang, ay isang mahusay na mandirigma at opisyal ng Hukbong Bayan. Inilaan niya ang mahigit tatlong taon ng kanyang buhay sa buong pusong paglilingkod sa sambayanan. Naging kagawad siya ng Komiteng Seksyon sa platun at tumatayong iskwad lider sa mga iskwad ng Hukbong Bayan bago siya napaslang.

Namartir si Ka Gabby noong Hunyo 4, 2020 kasama si Lorelyn "Ka Fara" Saligumba. Nasugatan siya sa pakikipaglaban sa mga tropa ng 76th IBPA sa Brgy. Mangangan Uno, Baco, Oriental Mindoro. Nakaatras siya mula sa pinagkubkuban sa kanilang tim subalit natunton din siya ng kaaway sa karatig na sagingan. Pinaslang siya kahit wala nang kakayahang lumaban at iniwan na lamang ang kanyang bangkay.

Nagmula si Ka Gabby sa uring magsasaka at pambansang minorya, binata, ipinanganak noong Marso 14, 1997 at nagmula sa Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Mula sa pagiging kabataan ay nakita niya ang kalagayang kinasadlakan ng pamilya at ng marami pang inaapi at pinagsasamantalahan. Bilang kabataan sa baryo, pinangunahan niya ang kapwa kabataan para sa tulungan at paglahok sa mga gawain sa pagtataguyod sa armadong

pakikibaka. Inspirasyon siya ng iba pang kabataan sa kasigasigan sa pagtataguyod sa mga kasama sa panahong nasa kanilang baryo. Nakita niya mula sa kanyang karanasan ang kawastuhan ng paglulunsad ng armadong paglaban na siya lamang tanging solusyon sa paghihirap ng sambayanan. Tinanggap niya ang hamon nang magpasyang tahakin ang landas ng armadong pakikibaka. Taong 2016 ay nagpasya siyang magpultaym sa isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan.



Bukas siyang maitalaga sa iba't ibang bahagi ng Mindoro. Walang alinlangan niyang tinanggap ang mga atas at tungkulin mula sa Partido, kabilang na ang pagpakat nitong 2020 sa yunit na sasaklaw sa dulong hilaga ng Mindoro.

Hindi natin malilimutan ang kanyang kasigasigan sa paggampan sa mga gawain, gawaing masa man o gawaing militar. Nang minsang nasugatan sa isang depensibang labanan, matapos na gumaling sa pagkakasugat, agad siyang bumalik sa buong panahong pagkilos sa yunit ng Hukbong Bayan.

Nagmarka rin ang kanyang katapangan sa nilahukang taktikal na opensiba sa So. Buhuan, Brgy. Bugtong na Tuog, Socorro, Oriental Mindoro — ang pinakaunang putok sa 2020 — kung saan dalawang sundalo ng 76th IBPA ang nasugatan. Dahil ito sa kanilang matiyaga at puno-ng-determinasyong pag-aabang sa mga mersenaryong sundalo na ilang araw nang nag-ooperasyon sa erya.

Ang katapangan niya at kapangahasan bilang kabataan ang inspirasyon ng mga kasama. Maaalala natin siya bilang isang kasamang malakas sa pagbubuhat, isang responsableng mandirigma na walang tinatanggihang atas. Sa kanyang pamilya, siya ay isang mapagmahal at responsableng anak at kapatid na nagtataguyod ng kanilang kabuhayan.

Sa harap ng todo-gerang atake ng rehimeng US-Duterte sa rebolusyonaryong kilusan at sa mamamayan sa gitna ng paglaban sa nakamamatay na pandemyang COVID-19, magiting na hinarap ni Ka Gabby ang hamon na biguin ang pangarap na gising ni Duterte na durugin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. PS

# JASON “KA BRYAN/ABRAHAM” TUBEROS MERCIALES

*2020 Mayo 4*
*Pinamalayan, Mindoro*

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Larangan ng ICM-JV at buong rebolusyonaryong kilusan kay Jason "Ka Bryan" Tuberos Merciales sa kanyang pag-aalay ng kaisa-isang buhay alang-alang sa sambayanan.

Si Ka Jordan, Ka Abraham o mas kilala natin sa pangalang Ka Bryan ay namartir noong ika-4 ng Mayo, humigit-kumulang alas-9:30 ng umaga, taong kasalukuyan dahil sa kanyang karamdaman.

Si Ka Bryan, Jason Merciales sa tunay na pangalan, ay ipinanganak noong Disyembre 24, 1991 sa Brgy. Cabuyao, Padre Burgos, Quezon.

Siya ay Remontadong Dumagat, integrado na sa mga Tagalog kaya hindi na rin bihasa sa pagsasalita ng kanilang lenggwahe. Nagkaroon siya ng kinakasama sa loob ng halos dalawang taon at naghiwalay sila noong 2014 kung saan mayroon silang dalawang anak na babae. Si Ka Bryan ay mula sa uring maralitang magsasaka. Nag-*fulltime* siya noong 2018 sa edad na 25.

Simula pagkabata ay nakakasalamuha na si Ka Bryan ng mga kasama, napapakisuyuan sa pagbili ng *supply* at iba pang mga pangangailangan.

Noong 2018 ay nagpasya siyang sumanib sa mga kasama at kalaunan ay nagdeklara ding magfulltime bilang isang Hukbo.

Kumilos sa bahagi ng South Quezon Bondoc Peninsula, sa ilalim ng Apolonio Mendoza Command, nang halos mas mahabang panahon bago na-dispo sa yunit sa isang larangan sa Mindoro nitong Marso 2020.

Ang katangian ni Ka Bryan noong siya'y nasa lokal pa ay tahimik lang, dala-dala niya ang katangiang ito hanggang sa siya ay maghukbo. Mabiro din siya kapag nakapalagayang loob na niya ang sinuman sa mga kasama. Kapag meron naman siyang problema ay agad na nilulutas sa sarili, at kapag hindi na kaya ay saka kinakausap ang mga kasama na alam niyang responsable at makakatulong sa kanya.

Si Ka Bryan ay gumagampan bilang S4, sinasanay din na *vice* iskwad lider. Mahusay naman niyang tinutupad ang mga gawain na iniaatang sa kanya, sabi pa nga niya ay "wala akong atas na hindi sinunod, wala akong tinatanggihan. Ayos lamang sa akin ang simpleng pamumuhay, walang luho. Tinanggap ko na ito sa sarili ko."

'Yan si Ka Bryan na nakilala, nakabiruan at napamahal na sa mga kasama at masa.

Bago namatay si Ka Byan ay may plano itong magmungkahi ng panliligaw sa isang kasamang babae. Sumulat ito sa kasamang babae, pinuna ito at mapagpakumbaba naman niya itong tinanggap.

Nalulungkot at nagluluksa tayong lahat sa kanyang pagkawala. Inialay niya ang kanyang buong buhay sa paglilingkod sa kabila ng mga kahirapan at sakripisyo. Isang malaking kawalan siya para sa atin bilang kapamilya at kasama, ang kanyang kakayahan sa pagrerebolusyon ay hindi mapapantayan ng kahit maraming bilang ng kaaway na namamatay sa labanan. Sa kanyang pananatili dito sa Hukbo ay ipinakita niya ang isang tunay na Hukbo ng mamamayan, namuhay ng simple sa piling ng mga masa at kasama habang puspusang nagrerebolusyon buhay man ang kapalit, isang tunay na rebolusyonaryo. Ngayon ay isa na siyang ganap na rebolusyonaryo at ganap na komunista... "ang kanyang kamatayan ay kasingbigat ng bundok ng Sierra Madre ang kabuluhan".

Mananatili sa ating mga puso ang mga naiwang alaala ni Ka Bryan, ang armas niyang nabitiwan ay mahigpit nating tanganan upang ipagpatuloy ang kanyang sinimulan.

Hindi tayo dapat manghina at manglumo sa kanyang pagkawala, bagkus ay dapat maging masikhay at matatag pa tayo sa pagsusulong ng rebolusyon. Maging hamon sa ating lahat ang pagkamartir ng pinakamamahal nating kasama para mas lalo pang magpatuloy sa nasimulang laban. PS

# ELMAR "KA JOREL" MORILLO



*2020 Mayo 31*
*So. Marum, Brgy. Bugtong na Tuog,*
*Socorro, Oriental Mindoro*

Si Elmar "Ka Jorel/Gino“ Morillo ay taga-Brgy. Ilayang Ilog, Lopez, Quezon, mula sa uring magsasaka, may asawa. Sumampa siya sa Hukbo noong 2014 sa isang larangan sa Quezon hanggang sa naitalaga sa panlabang yunit noong 2016. Bago namartir sa isang depensibang labanan sa Socorro, Oriental Mindoro,  tumatayo siyang PL at kagawad ng komite ng Partido sa subrehiyon.

Maihahambing si Ka Jorel sa sikat ng araw sa umaga — napakaaliwalas at napakasigla. Bata pa lamang, nakakasalamuha na ni Ka Jorel ang Pulang Hukbo. Kaya't bata pa lang malaki na ang impluwensya sa kanya ng rebolusyonaryong kilusan na kalauna'y magiging tuntungan din ng kanyang pagsampa sa BHB.

Sanay siyang mamuno dahil naging lider siya sa kanilang baryo. Naging SK Chairman siya noong binatilyo pa siya at kagawad ng barangay pagpasok sa edad na 18 taon. Katatapos lamang ng kanyang termino nang sumampa siya sa Hukbo sa edad na 24 taon.

Si Ka Jorel ay isang mag-aaral ng bayan. Napaka-aktibo niya sa pag-aaral. Mabilis niyang naunawaan ang mga paksa dahil karanasan niya mismo ang nagturo sa kanya. Nangunguna siya sa pagsagot sa mga katanungan lalo sa talakayan

hinggil sa malapyudal na pagsasamantala sa mga magsasaka. Danas niya ang kahirapan sa tuwing bumababa ang presyo ng kopra at ang pagrami ng iba pang hindi makatwirang kaltas ng asyendero-komersyante-usurero tulad ng daya sa timbangan, resikada at taktak.

Masayahin lagi si Ka Jorel sa mga pag- aaral, atentibo, masigla at laging handang matuto. Ganito rin siya bilang mag-aaral ng bayan, lagi siyang magiliw sa masang kanyang pinaglilingkuran at laging nag-aalam sa kanilang kalagayan.

Walang malungkot at tahimik na sandali kapag kasama mo si Ka Jorel. Natural sa kanya ang pagiging masayahin at masigla. Laging natutuwa ang mga kasama sa mga pormasyon na kanyang kinabibilangan.

Bilang iskwad lider, lagi niyang nilalaanan ng panahon ang mga kasamang may problema. Pinupuntahan niya ang mga kasama para payuhan o kaya ay pasayahin. Ayaw niya na ang mga kasama ay nababagot at nakakaisip na umuwi. Mabilis siyang makapalagayang-loob ng mga kasama dahil sa kanyang angking-giliw lalo na sa mga bagong sampa.

Maalalahanin din si Ka Jorel sa mga kasama. Lagi siyang may dalang pasalubong para sa mga kasama, pagkain at mga gamit. Mahihiya pa siya kung kaunti lamang ang kanyang dala at hindi kakasya para sa lahat ng kasama sa yunit.

Magiliw si Ka Jorel sa mga kasama at masa pero iba ang kanyang ipinapakitang tapang sa pagharap sa kaaway. Pagdating sa mga labanan, matapang niyang hinaharap ang atake ng pasistang AFP-PNP. Isang mahusay na kasama at matapang na Pulang kumander si Ka Jorel. Walang pag-aalinlangan niyang tinanggap ang anumang gawaing iniatas sa kanya kaya't mabilis din ang kanyang naging pag-unlad.

Wala pa siyang isang buwan noon nang ipadala siya sa ibang larangan upang lumahok sa ilulunsad na taktikal na opensiba. Nang bumalik siya sa yunit, baon niya ang mga kwento at aral ng kanilang karanasan sa matagumpay na aksyong militar na iyon.

Walang anumang bahid ng pagmamayabang o pagmamataas si Ka Jorel. Sa kabila ng kanyang mga karanasan, nanatili ang kanyang kababaang-loob. Tumaas din ang kanyang kumpyansa upang magpakahusay pa sa iba't ibang larangan ng gawain sa rebolusyon lalo na sa larangang militar at pagsusulong ng rebolusyong agraryo.

May angking husay si Ka Jorel sa pagguhit na kanyang nagagamit sa pagmamapa sa kalupaan kaya hindi mahirap unawain ang kanyang mga krokis o *sketch* ng mga target.

Isang mahusay na kasama at responsableng pinuno si Ka Jorel. Huwaran siya sa pagharap sa anumang hirap at sakripisyo. Lagi siyang hindi nawawalan ng pag-asa. Mas inuuna pa niya ang kapakanan ng kanyang pinamumunuan kaysa sa kanyang kapakanan.  Nakaranas noon ng isang panahon ng taggutom ang kanyang pinamumunuang *detach* iskwad habang nasa gitna ng atake ng kaaway. Labis ang pag-aalala niya sa mga kasama. Madalas niyang punuin ng

talakayan ang mga sandaling iyon upang hindi mapanghinaan ng loob ang mga kasama hanggang sa makakonsentra sila sa *main body*.

Alam niya ang sikreto sa pananagumpay ng mga taktikal na opensiba — ang pagsalalay at pagpapakilos sa masa upang durugin ang kaaway. Dahil lapat siya sa masa, natutukoy niya kung sino ang mapagkakatiwalaan at makakakatuwang sa kanila upang mailarga ang mga opensiba.

Namartir si Ka Jorel sa edad na 29. Saglit lamang ang panahong nakapiling natin si Ka Jorel, subalit isang karangalan na makasama at makapiling siya bilang isang tunay na rebolusyonaryo.

Hinding-hindi siya malilimutan. Isa na siyang Pulang alamat sa hanay ng mga kabataang nagpapatuloy ng dakilang pamana ng rebolusyon at magpapatuloy ang kanyang imortalidad bilang isang bayani ng sambayanang api. Sa kanyang pagkamatay, tiyak na maraming kabataan pa ang sasampa sa Pulang Hukbo upang tanganan ang kanyang nabitiwang armas at isulong ang rebolusyon hanggang ganap na tagumpay. PS



# ERVIN "JULIAN/GERON" CELIS

*2020 Hulyo*
*Magsaysay, Occidental Mindoro*



Iginagawad ng lahat ng Pulang kumander at mandirigma ng Lucio de Guzman Command - Bagong Hukbong Bayan Mindoro (LDGC - BHB Mindoro) ang pinakamataas na pagdakila at pagkilala kay Kasamang Ervin “Ka Elvis/Geron” Celis, huwaran ng kabataang Pilipino sa pagiging matapang, mapangahas at determinado sa pagsusulong ng demokratikong rebolusyon!

Si Ka Julian/Guiller ay nagmula sa Antipolo City, Rizal, binata, 26 taong gulang. Nagmula siya sa isang rebolusyonaryong pamilya galing Kabisayaan na lumikas at lumipat sa probinsya ng Rizal. Nagtrabaho siya sa pagawaan hanggang sa maugnayan ng mga kasama sa komunidad at mula dito ay sumampa sa Hukbo noong 2015. Isang mahusay na kadre at kagawad ng Komiteng Larangan at batang kumander si Ka Guiller. Sa ilang taong pagkilos niya sa Hukbo ay kinakitaan siya ng ibayong kasigasigan sa pagpropaganda, pag-oorganisa at pagpapakilos sa masang mga magsasaka at katutubong Dumagat. Tinatanggap niya nang malugod ang anumang atas at gawaing itinatakda ng Partido. Bandang 2019 ay naitalaga siya sa yunit sa gawaing masa sa isla ng Polillo, Quezon. Hindi rin makakalimutan ng masa ang kanyang sipag sa pagtulong sa produksyon, at iba pang gawain nila. Gumampan siya ng gawain bilang iskwad lider sa larangang gerilya sa subrehiyon ng NQ-Rizal-Laguna. Isa siya sa mga batang kumander na

gumampan ng susing papel sa ilang matatagumpay na aksyong militar na inilunsad sa eryang saklaw ng kanyang yunit.

Kinakitaan siya ng kahusayan at pagiging aktibo sa anumang gawaing kanyang ginampanan. Mataas ang diwa niyang tupdin ang mga atas ng Partido, anuman ang mga balakid. Isa siyang matiyaga at aktibong mag-aaral ng lipunan at rebolusyong Pilipino. Ipinadala siya ng subrehiyon noong Enero 2020 para dumalo sa isang pagsasanay-militar bilang paghahanda sa mas malalaki pa niyang tungkulin sa armadong pakikibaka. Ipinakita niya dito ang kanyang katapangan, kahusayan, disiplina, at mapagkasamang pakikitungo sa lahat. Mapagkumbaba, palangiti, mabait, at madaling kagiliwan si Ka Guiller ng mga kasama at masa. Mahilig siyang tumula at umawit ng mga rebolusyonaryong awit at maging mga burges na awitin sa saliw ng kanyang gitara.

Si Ka Geron ang larawan ng mga makabagong Katipunero. Higit pa rito, katulad siya ng dinadakila natin ngayon na mga batang heneral ng Katipunan gaya nina Gat Andres Bonifacio, Emilio Jacinto, Gregorio del Pilar at Macario Sakay. Ipinamalas niya ang sigla, pagkamapanlikha, sigasig, kapangahasan at determinasyon ng kabataan, habang inaarmasan sa tuwi-tuwina ang sarili ng proletaryong pananaw at paninindigan sa pamamagitan ng pag-aaral sa syensya ng kasalukuyang digmang bayan. Nilipos si Ka Geron ng pagmamahal sa bayan na naantig sa kawalang katarungan ng hikahos na sambayanan habang namumuhi sa mga naghaharing mapagsamantala at mapang-api.

Ang ganitong mga katangian ni Ka Geron ay higit niyang naipamalas sa kanyang kapangahasang pasukin ang mga eryang dating hindi napapasok ng mga yunit ng BHB.

Pinamunuan din ni Ka Geron ang mga operasyong atritibo laban sa mga tropa ng berdugong AFP-PNP na naglulunsad ng kanilang kontra-mamamayan at kontra-rebolusyonaryong *focused military operations (FMO)* at *retooled community support program operations (RCSPO)* na malaon nang hinihiling ng mamamayan na parusahan at palayasin sa kanayunan. Sa gitna ng mga kahirapan sa paglulunsad ng operasyon, hindi ito nawawalan ng loob, bagkus higit pang nagsigasig si Ka Geron hanggang malampasan ang mga balakid at matagumpay na maisagawa ang kanilang operasyon laban sa kaaway.

Sa kanyang kapangahasan, maalala si Ka Geron sa kanyang mga katagang "matuto tayong agawin ang tinapay sa hapagkainan ng leon."

Halimbawa si Ka Geron ng isang kabataang proletaryong rebolusyonaryo. Bilang batang kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), ginampanan ni Ka Geron ang gawaing pampulitika ng PKP bilang giyang pampulitika ng BHB, kasabay na ginagampanan ang tungkulin bilang *vice platoon leader*. Nilipos ni Ka Geron ang sarili hanggang sa kanyang huling hininga ng mga saligang pananaw at paninindigan ng isang komunista na, higit sa lahat, ay ang pagsalig sa lakas ng masa bilang makapangyarihang pwersang tagapaglikha ng kasaysayan.

Minamahal siya ng masa at mga kasama saanman siya mapunta sapagkat magiliw siya sa kanila, palangiti, palabiro, mahusay makisama, maalalahanin at mapagmalasakit. Hindi siya madamot sa pagtuturo ng kanyang mga natutunan sa mayamang karanasan ng pakikidigma. Matyaga siyang magturo at mamuno sa mga kasamang nahuhuli, lalo na sa mga kasama at masang may limitasyon sa pagbasa, pagsulat at pagkuwenta. Ito ang mga dahilan kung bakit mabilis niyang naipatatagos sa masa at mga kasama ang linyang pampulitika ng PKP.

Nasawi si Ka Geron sa edad na 25 anyos. Habang nasa isang *test mission* kaugnay ng kanilang pagsasanay-militar, dumanas si Ka Geron ng isang karamdaman dulot ng pagkakalason sa pagkain. Hindi na nadala si Ka Julian sa ospital at namatay noong Hulyo 2020, sa Magsaysay, Occidental Mindoro. Sa araw na namatay siya, nasa piling siya ng masang kanyang buong pusong pinaglingkuran na ginawa ang ganang makakaya nila upang isalba ang noo'y Ka Geron na pinahina ng pagkakalason.

Nasawi si Ka Geron sa gitna ng pandemyang Covid-19, kung kailan nalantad ang sagad-sa-butong kawalang malasakit ng naghaharing sistema sa kalusugan ng mamamayan. Hindi maisasalba ang buhay ng isang mahal nating kasama dahil sa kawalan ng isang pangmasang serbisyong medikal sa kasalukuyang bulok na lipunan. Malaon nang dumaragdag ang ganitong mga kamatayan sa maraming dahilan ng masa upang kamuhian ang isang bangkaroteng sistema na naglilingkod lamang sa mga despotiko't malalaking panginoong maylupa, malalaking burgesya komprador at dayuhang imperyalista!

Mabigat ang kamatayan ni Ka Geron. Siya, kasama ang libu-libo pang bayani ng sambayanan at rebolusyong Pilipino, ay itatanghal bilang mga walang-kamatayang inspirasyon ng kasalukuynag henerasyon ng mga Pulang kumander at mandirigma upang walang pag-aalinlangang dalhin ang demokratikong rebolusyong bayan sa ganap na tagumpay!

# JUSTINE ELLA "KA PIA" VARGAS



*2020 Setyembre 14*
*Barangay Gapasan, Magsaysay, Occidental Mindoro*

Pinakamaalab na pulang saludo ang alay ng Melito Glor Command-BHB ST kay Kasamang Justine Ella "Ka Pia" Vargas, Pulang mandirigma na nasawi sa labanan sa Barangay Gapasan, Magsaysay, Occidental Mindoro nitong Setyembre 14. Isa siyang kabataan at manggagawang pangkalusugan na walang pag-iimbot na nag-alay ng kanyang lakas at talino sa pagtatanggol at pagsusulong ng kapakanan at interes ng sambayanang Pilipino. Huwaran siya ng pagpupunyagi sa pambansa demokratikong rebolusyon sa harap ng kalupitan at pasismo ng estado.

Nagmula si Ka Pia sa isang pamilyang mangingisda sa isla ng Paly sa Palawan, maaga siyang namulat sa pangangailangang makibaka para sa karapatan at kabuhayan. Kasama ang kanyang pamilya at buong komunidad, nakibaka siya upang pigilan ang pangwawasak sa kanilang kabuhayan at tirahan. Nilabanan niya ang pagtatayo ng mga proyektong ekoturismo na magdidisloka sa kanilang kabuhayan. Tinutulan niya ang pagpasok ng mga mapanirang kumpanya ng mina sa kanilang probinsya.

Sa kanyang pakikibaka, nasaksihan niya kung papaano nakikipagkutsabahan ang reaksyunaryong gobyerno sa mga dayuhang negosyo at malalaking burgesya kumprador upang dambungin ang yaman ng isla ng Palawan. Nakita niya ang kahungkagan ng pangakong kaunlaran na isinusubo ng naghaharing uri at mga burukrata sa tulad nilang mahihirap. Natunghayan niya ang pandarahas ng estado sa mga taong lumalaban para sa kanilang lehitimong karapatan.

Ang pagsidhi ng krisis at pagtindi ng pasismo ang panlipunang kalagayan na humubog sa rebolusyonaryong pagpapasya ni Ka Pia. Naunawaan niyang hindi makakamit ng mga inaapi't

pinagsasamantalahan ang katarungan at tunay na demokrasya't kalayaan sa kasakuluyang bulok na lipunan. Kailangang magrebolusyon upang mabunot ang ugat ng kahirapan at maitayo ang gobyernong bayan na tunay na maglilingkod sa mamamayan.

Sumampa si Ka Pia sa Hukbo noong 2019 sa isang yunit ng BVC-BHB Palawan. Nakakilos siya dito ng isang panahon bago ipinadala para sa isang pag-aaral at pagsasanay-medikal sa labas ng Palawan.

Ang pagsapi sa BHB ang nakitang paraan ni Ka Pia upang makapag-ambag sa adhikaing palayain ang mamamayan mula sa kahirapan at pang-aapi. Sa kanyang isang taon bilang BHB, nakitaan siya ng dedikasyon at kasigasigan sa pagtupad sa mga atas at gawain. Pinakamaningning na bahagi ng kanyang pagiging BHB ang paggampan niya bilang upisyal medikal ng Hukbo sa panahon ng pandemyang COVID-19. BIlang rebolusyonaryong *medical frontliner*, tumungo siya sa mahihirap na komunidad sa Mindoro upang giyahan ang kanilang pagharap sa sakit na COVID-19. Sa kanyang paglahok sa digmang bayan, sabay niyang ginagamot ang sakit ng mamamayan at binibigyang-lunas ang kanser ng lipunan.

Punung-puno ng inspirasyon ang kwento ng buhay at pakikibaka ni Ka Pia para sa mamamayang nagpupursige sa paglaban hanggang sa mapabagsak ang rehimeng Duterte. Hindi ito kayang dungisan ng itim na propaganda ng AFP-PNP. Lantad ang kahibangan ng rehimen at AFP-PNP sa paggamit nito sa pagkasawi ni Ka Pia upang maghasik ng takot at pahinain ang pakikibaka ng mamamayan. Mariing kinukundena ng MGC ang *red-tagging* ni Lt. Col. Alexander Arbolado ng 203rd Brigade sa mga demokratikong organisasyon sa komunidad ni Ka Pia at pagmamalaki niya na "sumuko na" ang magulang ng nasawing kasama. Wala itong ibang layunin kundi ipahamak ang pamilya't komunidad ni Ka Pia at pasahulin ang tuluy-tuloy na karahasan sa Palawan sa kumpas ng kontra-rebolusyonaryong NTF-ELCAC at JTF-Peacock.

Nagkakamali ang rehimeng Duterte at AFP-PNP sa pag-iisip na nagtatagumpay sila sa pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan tuwing may napapaslang silang BHB. Galit, hindi takot, ang itinatanim nila sa puso ng mamamayan. Ang terorismong pinapakawalan nila ang nagtutulak sa aping mamamayan na bumaling sa armadong pakikibaka para ipagtanggol ang sarili at kamtin ang katarungan.

Ngayong katindihan ng terorismo ni Duterte, dakilang hamon sa kabataang Pilipino na nagmamahal sa kanyang kapwa at sa bayan na sundan ang yapak ni Ka Pia at taus-pusong maglingkod sa sambayanan. Nananawagan ang MGC sa lahat ng kabataan na tugunan ang hamong ito at lumahok sa demokratikong rebolusyong bayan bilang mga mandirigma at kumander ng BHB. Kasama ang mga manggagawa, magsasaka at lahat ng inaaping uri, igupo natin ang mersenaryong AFP-PNP hanggang maibagsak ang papet, inutil at teroristang rehimeng Duterte. Ibayo nating palakasin ang BHB at ipagwagi ang rebolusyon upang makamtan ang maaliwalas at masaganang bukas sa lipunang Pilipino. PS

# DARIO "KA POLDO" ALMONTE

*2020 Disyembre 14*
*So. Sorong, Brgy. Aguas, Rizal, Occidental Mindoro*



Si Ka Poldo/Solar/Rona/Padi, 57 taong gulang, may asawa at apat na anak (tatlong lalaki at isang babae), ay ipinanganak sa San Mariano, Roxas, Oriental Mindoro noong Pebrero 10, 1963. Nakarating sa iba't ibang lugar para sa pagtatrabaho bilang isang manggagawa. Tumira ang pamilya nila sa San Jose, Occidental Mindoro at dito siya natuto ng iba't ibang gawain upang makatulong sa kanyang pamilya. Naging mangigingisda siya at nakasama sa mga pangisdaan hanggang sa Palawan at mga isla sa West Philippine Sea. Nang lumipat ang pamilya sa Batangas, nagtrabaho siya sa *pier* bilang *arrastre*/ kargador at naging isang lider unyonista sa Batangas noong dekada 1980. Namulat siya at pinanday sa pakikibaka ng mga manggagawa at maralita sa Sta. Clara laban sa demolisyon upang ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa, kabuhayan at panirikan sa panahon ng pagtatayo ng Batangas International Port. Buong pamilya ni Ka Solar ay kasama sa pagkilos sa pakikibaka para sa pagtutol sa demolisyon at pagtatanggol sa kanilang panirikan at hanapbuhay. Nagpasya siyang sumampa sa BHB noong 1985 at kumilos bilang isang mahusay na kumander ng BHB sa Batangas. Nasugatan siya sa isang labanan sa Batangas noong 1987 kung kaya napilitan siyang magpahinga sa kanyang mga

kamag-anakan sa Roxas, Oriental Mindoro. Muling bumalik si Ka Solar noong 1988 hanggang 2007 sa larangang gerilya ng Batangas.

Ipinundar ni Ka Solar ang isang rebolusyonaryong pamilya. Iminulat niya ang kanyang asawa at anak sa mga problema ng lipunan at ang pangangailangan ng pagsusulong ng rebolusyonaryong pagbabago. Hinahangad niya ang regular na ugnayan at pagkikita sa kanyang pamilya upang masubaybayan at matiyak ang kanilang kalagayan, magabayan ang kanilang paglaki at maging mahuhusay na mga mamamayan. Labis ang kanyang kaligayahan at katuparan nang may ilang panahong nakasama niya sa Hukbo ang kanyang dalawang anak na lalaki. Gayundin ang taunang pakikipagkita sa kanyang asawa at mga anak.

Isang matapat, matatag at matibay na kasapi ng Partido Komunista si Ka Solar sa loob ng halos apat na dekada ng kanyang buhay. Bukambibig niya at ibinabahagi sa mga nakababatang kasama ang kanyang pasasalamat sa Partido-- na kung hindi sa Partido, hindi niya maaabot ang ganung katayuan, pati kalagayan ng kanyang pamilya. Nagpapasalamat siya dahil kahit nasa Hukbong Bayan siya ay nakapag-aral ang kanyang mga anak at naging mabuting mamamayan. Walang puwang sa kanya ang anumang hinanakit at mahusay niyang hinarap ang mga suliraning personal at pampamilya sa pamamagitan ng Marxista-Leninistang pananaw at pagsusuri at mga desisyon ng organisasyon.

Isang matiyaga at mahusay na kumander si Ka Solar na nagdala ng ilang matatagumpay na labanan at mga ispesyal na operasyon sa probinsya. Nahasa din siya sa pangangasiwa sa mga laban ng mga magsasaka sa lupa sa maraming mga laban dito dahil sa pangangamkam sa lupa at malawakang ispekulasyon ng mga panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador. Isang kumprehensibong kadreng manggagawa si Ka Solar. Disiplinado, organisado, palaaral at matiyaga siya. Istrikto pero maalalahanin. Artista din siya at mahusay sa mga dula at pagtatanghal. Kaya niyang magdrama o magkomedya. Kinaluluguran siya ng mga kasama at masa lalo kapag nag-aawit-galaw na siya.

Habang nasa kanyang dalaw at sandaling pamamahinga matapos ang eleksyon ng 2007, nahuli siya ng kaaway sa Batangas at ikinulong nang ilang panahon. Pagkalabas niya ay kagyat siyang bumalik sa mga kasama at di nagtagal, naitalaga siya sa kanyang bayang sinilangan sa Mindoro noong 2007 at mula noon ay tumayong platun lider dito sa YGM Platun na sumasaklaw ng mga bayan sa Timog Occidental Mindoro. Pinamunuan ni Ka Padi ang ilang reyd at ispesyal operation laban sa mga goons ng panginoong maylupa sa bahaging San Jose at Rizal gayundin ang mga taktikal na opensiba laban sa mga pasistang Militar.

Naging kagawad si Ka Padi ng KLG. Noong 2013-2014 ay itinalaga siya sa yunit sa dagat (YSDA) ng Mindoro dahil sa kanyang pagkabisa ng karagatan at karanasan sa pangingisda. Ginalugad nila at inabot ang mga barangay sa tabing dagat at mga maliliit na isla sa Mindoro.

Nag-organisa sila ng mga mangingisda. Noong 2016 ay naitalaga siya sa  yunit  na kikilos sa bahaging Rizal-Calintaan at Sablayan.

Kagawad si Ka Padi ng Komite sa Isla mula 2018 hanggang sa panahong mapaslang siya sa Sorong, Brgy. Aguas, Rizal noong Disyembre 14, 2020.  Kasama niyang napaslang sa labanan sina Irene “Ka Analyn” Yam-ay, Kook “Ka Jimer” Mabugay at Reagan “Ka Jake”. Si Ka Padi at mga kasama ay nasawi sa magiting na pagtatanggol laban sa atake ng mga berdugong militar ng 203rd Brigade. Sila ang pinakahuling bayani ng sambayanan na nagbuwis ng kanilang tanging buhay upang isulong ang interes ng pinagsasamantalahan at inaaping mamamayang Mindoreño at sambayanang Pilipino.

Ang naganap na labanan ay isang panandang bato sa marubdob na pagnanais ng  masang Mindoreño at ng sambayanan na wakasan na ang reaksyunaryo, pasista, anti-mamamayan at tuta-ng-dayuhang rehimeng Duterte.  Ang kanilang sakripisyo ay simbolo ng pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan na abutin ang lahat ng sulok ng isla. PS



# IRENE “KA ANALYN” YAM-AY

*2020 Disyembre 14*
*So. Sorong, Brgy. Aguas, Rizal,  Occidental Mindoro*



Si Ka Analyn ay isang kabataang Mangyan mula sa Rizal, Occidental Mindoro na nagpasyang magpultaym sa Hukbo noong 2014.  Dalaga, ulilang lubos at 22 taong gulang. Dinanas niya ang diskriminasyon sa mga pambansang minorya, laluna sa mga kababaihang Buhid. Ang kanilang pamilya at angkanan ay biktima ng pangangamkam ng mga lupaing ninuno ng mga panginoong maylupa. Aktibo ang kanyang pamilya sa paglaban sa mga pastuhan hanggang ma-organisa sila ng mga kasama.  Hindi iilan sa kanilang kamag-anak ang sumampa sa Hukbo upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kaapihan. Hindi na nakapagtapos ng pag-aaral si Ka Analyn kaya sa Pulang paaralan na siya nagtuluy-tuloy sa pag-aaral ng pagbabasa,

pagsusulat at pagkukwenta. Mula sa isang napakamahiyain at mayuming kabataang Buhid, umunlad si Ka Irene sa isang matapang, maganda at masigasig na Pulang mandirigma. Naitalaga siya sa mga YGM sa Timog Mindoro. Walang pag-aalinlangan siyang maitalaga sa mga eryang mahirap at militarisado. Inspirasyon siya ng mga kababaihang Buhid sa lokalidad at yaong mga humawak ng sandata upang ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at lupaing ninuno. Tumatayo siyang upisyal sa lohistika ng kanilang iskwad at pana-panahon ng kanilang platun.

Pinakamataas na pagpupugay at parangal ang iginagawad ng LdGC-NPA-Mindoro kina Dario “Ka Poldo” Almonte, Irene “Ka Analyn” Yam-ay, Kook “Ka Jimer” Mabugay at Reagan “Ka Jake” na kasamang namartir sa isang labanan sa pagitan ng LdGC at ng 4th IB sa ilalim ng 203rd Brigade- Philippine Army noong Disyembre 14, 2020 alas-sais ng umaga sa Sitio Surong, Barangay Aguas, Rizal, Occidental Mindoro. Ang naganap na labanan ay isang panandang bato sa marubdob na pagnanais ng masang Mindoreño at ng sambayanan na wakasan na ang reaksyunaryo, pasista, anti-mamamayan at tuta-ng-dayuhang rehimeng Duterte. Ang kanilang sakripisyo ay simbolo ng pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan na abutin ang lahat ng sulok ng isla.

# KOOK “KA JIMER” MABUGAY

*2020 Disyembre 14*
*So. Sorong, Brgy. Aguas, Rizal, Occidental Mindoro*

Si Ka Jimer ay isang kabataang Ratagnon (mestisong Mangyan-Hanunuo at Bisaya) na nagpasyang sumapi sa BHB dahil sa kahirapang dinanas bilang manggagawang bukid at katutubo. Mabilis niyang naunawaan ang kahalagahan ng pagsusulong ng rebolusyon at ang dalisay na hangarin nito para sa mga katulad niyang magsasaka. Gumagampan siya ng mga rebolusyonaryong tungkulin sa lokalidad bago sumampa sa BHB nitong Pebrero 2020. Isa siya sa mga kabataang tinanggap ang hamong tahakin ang landas ng rebolusyon upang baguhin ang kanilang abang kalagayan at pawiin ang pagsasamantala at pang-aapi sa kanilang uri.

Pinakamataas na pagpupugay at parangal ang iginagawad ng LdGC-NPA-Mindoro kina Dario “Ka Poldo” Almonte, Irene “Ka Analyn” Yam-ay, Kook “Ka Jimer” Mabugay at Reagan “Ka Jake” na kasamang namartir sa isang labanan sa pagitan ng LdGC at ng 4th IB sa ilalim ng 203rd Brigade- Philippine Army noong Disyembre 14, 2020 alas-sais ng umaga sa Sitio Surong, Barangay Aguas, Rizal, Occidental Mindoro. Ang naganap na labanan ay isang panandang bato sa marubdob na pagnanais ng masang Mindoreño at ng sambayanan na wakasan na ang reaksyunaryo, pasista, anti-mamamayan at tuta-ng-dayuhang rehimeng Duterte. Ang kanilang sakripisyo ay simbolo ng pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan na abutin ang lahat ng sulok ng isla. *PS*

# REAGAN “KA JAKE” DELA CALSADA

*2020 Disyembre 14*
*So. Sorong, Brgy. Aguas, Rizal, Occidental Mindoro*

Mula sa Brgy. Daraitan, Tanay, Rizal, si Ka Jake ay sumampa sa BHB noong 2016 sa isang yunit ng Apolonio Mendoza Command sa Quezon. Taong 2019 nang mailipat siya sa isang yunit ng Lucio de Guzman Command sa Mindoro, hanggang sa maging sinasanay na VIL.

Si Ka Jake/Morgan ay isang kabataang Remontado na namulat dahil sa sariling dinadanas na kahirapan, pagsasamantala at pang-aapi ng kanilang lahi. Sa gayon, madali na para sa kanya na maunawaan ang kawastuhan at kahalagahan ng armadong rebolusyon at ng BHB. Sa murang edad hanggang paglaki nakita niya ang katapatan ng BHB sa pagtupad sa kanyang tungkulin na ipagtanggol at ipaglaban ang karapatan sa lupang ninuno ng mga Dumagat at Remontado. Nakita niya na ang BHB lamang ang isa sa mayor na sandigan nila sa kanilang pakikibaka para ipagtanggol ang kanilang karapatan at kagalingan. Mula pagkabata ay laman na siya ng mga ilog at sapa sa paghahanap ng pagkain. Kasiyahan na niya ang manisid ng isda upang may maihain sa hapagkainan ang kanyang pamilya. Magiliw siya sa kanyang mga kapatid. Responsable siyang anak na maagang nabatak ang katawan sa paghahakot ng tabla’t pangangamuhan sa kabayanan, pagkaingin at iba’t ibang pagkakakitaan para lamang may maitulong sa pamilya. Dahil sa pagkamulat sa kahirapan, di siya nag-atubiling sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Nakita nila at nasaksihan ang kahirapan at kalupitan ng pasistang rehimen.

Pinakamataas na pagpupugay at parangal ang iginagawad ng LdGC-NPA-Mindoro kina Dario “Ka Poldo” Almonte, Irene “Ka Analyn” Yam-ay, Kook “Ka Jimer” Mabugay at Reagan “Ka Jake” na kasamang namartir sa isang labanan sa pagitan ng LdGC at ng 4th IB sa ilalim ng 203rd Brigade- Philippine Army noong Disyembre 14, 2020 alas-sais ng umaga sa Sitio Surong, Barangay Aguas, Rizal, Occidental Mindoro. Ang naganap na labanan ay isang panandang bato sa marubdob na pagnanais ng masang Mindoreño at ng sambayanan na wakasan na ang reaksyunaryo, pasista, anti-mamamayan at tuta-ng-dayuhang rehimeng Duterte. Ang kanilang sakripisyo ay simbolo ng pagsisikap ng rebolusyonaryong kilusan na abutin ang lahat ng sulok ng isla. PS

# ROMAR "KA PADO/SIGU" OROSA

*2021 Hunyo 22*
*So. Dayandang, Brgy. Conrazon, Bansud, Oriental Mindoro*



Si Ka Pado/Sigu, 24 taong gulang, ay may-asawa at isang anak, taga Sitio Imperial, Brgy. Naibuan, San Jose, Occidental Mindoro. Isa siyang mestisong Hanunuo.  Lumaki siya at nabuhay sa pagsasaka sa mga dating pastuhan sa San Jose na binawi ng mga magsasaka at katutubo katuwang ang Bagong Hukbong Bayan sa mga  tinatawag na RA erya (rebolusyong agraryo). Nagmula si Sigu sa isang rebolusyonaryong pamilya na namulat sa pangangailangan ng rebolusyonaryong pagbabago sa lipunang Pilipino.   Mula pa pagkabata ay nasanay na si Ka Sigu na kaulayaw ang mga kasamang Hukbo — pagkikibaka laban sa pastuhan at mga armadong kowboy nito, sa pagpupundar ng sakahan, sa pagtatanim at pag-ani, sa mga pag-

aaral at iba pang rebolusyonaryong gawain. Nang tumuntong siya ng edad 18 ay nagpasya na siyang sumampa sa BHB noong 2013.



Sa kanyang kabataan ay natutunan ni Ka Sigu ang mga gawain ng rebolusyon hanggang sa maging isa siyang sinasanay na upisyal sa platun.  Halos magkasabay sila ni Ka Wally (kanyang pinsan) na sumampa at sa kabataan nila ay makikita ang kanilang pagiging masipag, mapangahas at responsable.  Naitalaga siya sa larangang gerilya sa Central Oriental at tumatayong IL.  Nakasama si Ka Pado sa ilang mga matatagumpay na taktikal na opensiba  tulad noong ambus sa Hagan, Bongabong noong 2016,  sa ambus sa Lalawan, Panaytayan noong 2016 at iba pa.

Noong 2020 ay nag-asawa si Ka Pado at nagkaroon ng isang anak.  Namartir si Ka Pado sa isang depensibang labanan noong Hunyo 22, 2021 nang makaengkwentro nila ang mga elemento ng 4IBPA sa So. Dayangdang, Brgy. Conrazon, Bansud, Oriental Mindoro.

Kahima't hindi niya matagal na nakasama ang anak, iniaalay ni Ka Sigu ang kanyang buhay para sa kanyang anak at mga susunod na henerasyon upang makamtan ang isang malaya, masagana at makatarungang lipunang pinag-alayan ng kaisa-isang buhay ng mga rebolusyonaryong martir. PS

# QUEENIE LORICEL “KA KIRA” DARAMAN

*2021 Hulyo 5*
*Buscad, Tuban, Sablayan*



Si Queenie Loricel “Ka Kira” Daraman ay tubong Cavite, mula sa uring petiburgesya, dalaga. Sumampa siya sa BHB noong maagang bahagi ng 2021 sa isang yunit ng Lucio de Guzman Command sa Mindoro, at namartir sa pagkubkob ng 76th IB sa yunit na kinabibilangan niya sa So. Buscad, Brgy .Tuban, Sablayan, Occidental Mindoro.

Dumaan sa isang proseso ang pagpapasya ni Ka Kira na sumampa sa hukbo dahil sa pagsasaalang-alang sa kanyang magulang at mga kapatid na may panumulang pagtutol sa kanyang pagsampa.  Inihanda niya ang kanyang sarili sa mga kakaharapin niyang mga balakid at nanindigang manatili sa hukbo at kaalinsabay nito, imulat ang pamilya upang matanggap nila ang landas na kanyang pinili at tinahak.

Inaalala natin ngayon si Ka Kira at ang kanyang walang pagod na panunuyod sa bulwagan ng pamantasang kanyang pinagmulan. Minumulat niya ang mga kabataang tulad niyang namumuhi sa pasismo, korapsyon, at pagpapahirap ng rehimeng Duterte sa masang Pilipino. Inaalala siya ng mga kasama bilang isang magilas na lider-masang sa mga talumpati ay gamay ang bawat bato ng salita at bawat daloy at punto—mga salitang sumasalamin sa kalagayan at buhay ng masang inaapi ng naghaharing sistema. PS

# CHERRY “KA LITO” VELASCO

*2021 Setyembre 23*
*Occidental Mindoro*



Si Cherry “Ka Edson/Vincent/Gado” Velasco, humigit-kumulang 35 taong gulang, binata, ay nagmula sa uring magsasaka-pambansang minorya (Manide) sa hangganan ng Camarines Norte at Quezon. Sumampa siya sa BHB noong 2014 sa larangan sa hangganang QBZ at inabot ang pusisyon sa Hukbo na VIL.  Malugod niyang tinangaap na maitalaga sa larangang gerilya malayo sa kanilang lugar sa Mindoro noong 2018.  Nakasama at nakaugnayan niya dito ang katulad niyang mga katutubong Mangyan at kumilos sa hanay nila.  Isang matibay at matiyagang kasama si Ka Edson.  Walang maliit o malaking tungkulin para sa kanya.  Namartir siya matapos atakehin sa puso.

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Komiteng Rehiyon - Partido Komunista ng Pilipinas Timog Katagalugan kay Cherry Velasco, mas kilala ng mga kasama bilang Ka Lito/ Edson/Gado/Carding/Vincent, isang matapat na rebolusyonaryong Hukbo at lingkod ng mamamayan hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. Pumanaw siya noong Setyembre 23, ganap na 4:00 ng hapon, dahil sa atake sa puso. Sa panahon ng pagkamartir ay kagawad si Ka Lito ng Komiteng Tagapagpaganap ng sangay sa platun ng isang yunit ng BHB sa Timog Katagalugan.

Ipinagbubunyi ng mamamayan ng TK ang buhay at pakikibaka ni Ka Lito na salaminan ng marubdob na pagnanais ng masang anakpawis na isulong ang rebolusyon at kamtin ang mas maaliwalas na kinabukasan para sa bayan. Nagmula siya sa tribu ng mga Manide sa Sta. Elena, Camarines Norte sa QBZ, isang maralitang magsasaka na biktima ng pambubusabos ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Bilang pambansang minorya, dumanas si Ka Lito ng diskriminasyon at pag-aabandona ng estado. Upang mabuhay, kinailangan niyang pasukin ang mga napakahirap na trabahong pag-uuling at paghahanap ng *treasure*. Ibayo siyang nagsikap upang itaguyod ang kanyang pamilya lalo ang kanyang ina na labis niyang minahal.

Ang ganitong kalagayan ang nagpabilis ng kanyang pagkamulat sa pangangailangang magrebolusyon hanggang sa magpasya siyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan noong huling kwarto ng 2012. Mula noon, matatag niyang tinalunton ang puno ng sakripisyong landas ng armadong pakikibaka nang may kasiyahan sa kanyang puso. Hindi siya nagpakita ni anumang bahid ng pagsisisi sa kanyang piniling bokasyon. Sa huling bahagi ng kanyang buhay, nagpunyagi siyang manatili sa Hukbong Bayan at maglingkod sa masa sa kabila ng lumalalang karamdaman sa altapresyon at puso.

Laging maaalala ng mga kasama ang tinuran ni Ka Lito, na kung siya'y wala sa Hukbo ay malamang na napariwara na ang kanyang buhay. Pagkilala niya ito sa naging kabuluhan ng kanyang buhay sa loob ng rebolusyon. Patutunayan din ito ng mga kasama na labis na humahanga sa kanyang walang pag-iimbot na pagsisilbi sa dakilang adhikain na likhain ang isang masagana, makatarungan at mapayapang lipunan. Buong-puso niyang ginagampanan ang lahat ng gawaing iniaatang sa kanya, maliit man ito o malaki sa mata ng iba. Dahil sa angking talino sa pagkabisa ng tereyn, naging maaasahang giya siya ng platun. Isa rin siya sa matitiyagang tanod ng yunit na nagseseguro sa kaligtasan ng mga kasama at masa. Mataman siyang nag-oobserba't nakahandang lumaban sa kaaway, subalit nagiging magiliw na tagatanggap kapag masa ang nakakadaupang-palad sa bantayan.

Hindi marunong magbasa at magsulat si Ka Lito, isang kalagayang ibinunga ng pagkakait ng estado ng serbisyong edukasyon sa mga tulad niyang katutubo. Gayunman, hindi nito hinadlangan ang kanyang kumpyansa sa sarili. Buong pagmamalaki niyang ipinalaganap ang mensahe ng rebolusyon at ipinahahayag ang kanyang paninindigan. Sa kanyang pag-unlad sa

Hukbo, humawak siya ng tungkulin bilang pangalawang iskwad lider at por ng iskwad. Masipag siya sa mga gawaing ito, at bilang por, tinitiyak niyang kakain nang sapat at malulugod ang mga kasama sa ihahain niyang pagkain.

Halos sampung taong tumagal si Ka Lito sa gawaing pagtataguyod sa mga kasama—isang gawaing minsan ay minamaliit at inaayawan ng ibang mandirigma dahil diumano'y nakakabagot. Dito nakita ang mataas na kamulatan at malalim na pagsapul ng nasawing kasama sa mga prinsipyo ng komunistang pamumuhay. Ang kasigasigan niya sa gawain ay tanda ng mataas niyang pagpapahalaga rito. Ang kanyang katapatan at walang pag-aatubiling pagsunod sa lahat ng atas ay patunay ng kanyang kahandaang ibigay ang lahat para sa rebolusyon. Hindi nagrereklamo, hindi naghahangad ng gantimpala, hindi naghihintay ng promosyon. Batid niyang bawat kasama ay mahalagang piyesa sa pagsusulong ng rebolusyon. Maihahambing siya kay Chang Szu Teh, ang dakilang taguyod ng Partido Komunista ng Tsina, na nasawi sa pagguho ng hurno sa proseso ng kanyang pag-uuling. Tulad ni Szu Teh, naglingkod siya sa Partido at sa rebolusyon hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay. PS



# FELIMON “KA BERNA/NICK” CARABIDO

*2021 Nobyembre 28*
*Occidental Mindoro*



Pulang propagandista, manggagawang pangkultura at magiting na Pulang mandirigma—sa ganito gugunitain ng rebolusyonaryong kilusan ang alaala ni Felimon “Ka Berna/Nick” Carabido, kasapi ng BHB at kagawad ng sangay sa platun ng Lito na pumanaw noong Nobyembre 28, 2021 sa isang sonang gerilya sa Mindoro. Nasawi si Ka Berna bunsod ng atake sa puso sa proseso ng paglalakbay ng kanyang yunit. Hanggang sa malagutan ng hininga ay ipinakita niya ang marubdob na pagmamahal sa rebolusyon at mga kasama. Hinding-hindi siya malilimutan ng masa at mga kasama.

Sa kanyang pagkamartir, ganap nang naging alamat ng Pulang Hukbo si Ka Berna na naglaan ng apat na dekada ng kanyang buhay sa tapat na paglilingkod sa Partido at

sambayanang Pilipino. Ginagawaran siya ng Komiteng Rehiyon ng Partido at ng Panrehiyong Kumand ng Bagong Hukbong Bayan ng pinakamataas na pulang saludo. Hinahamon ng Partido ang lahat ng nakababatang mandirigma ng BHB at ang malawak na inaaping mamamayan laluna ang mga maralitang magsasaka na tularan si Ka Berna at isulong ang pambansa demokratikong rebolusyon sukdulang mag-alay ng buhay.

Patunay si Ka Berna na ang uring magsasaka ang pangunahing pwersa at balon ng lakas ng rebolusyon. Iniluwal siya ng matagumpay na pagbawi ng rebolusyonaryong gobyernong bayan sa Lupang Pagkatipunan sa San Narciso, Quezon noong dekada 1980. Isa ang pamilya Carabido sa tumanggap ng parsela ng lupang nabawi sa RA. Dahil doon, napagtanto nilang tunay na para sa mga maralita ang Partido at BHB.

Naging maaasahang pwersa ng rebolusyon ang pamilya Carabido mula 1980. Si Ka Berna, na kilala sa palayaw na Piming sa kanilang lugar, ay nagsilbing kuryer ng mga kasama. Halos sampung taon siyang aktibong kasapi ng milisyang bayan. Taong 1996, nagdeklara siyang regular na pultaym sa Pulang Hukbo. Katuwang siya ng mga yunit sa gawaing masa na nagpalawak at nagpalalim ng base sa Timog Quezon, Bondoc Peninsula, pati sa hangganang Quezon-Bicol o QBZ. Laksang mamamayan na mayorya ay magsasaka ang kanyang inalayan ng awit, pinukaw sa propaganda at inakit na sumampa sa BHB.

Bukod sa pagiging bihasa sa propaganda, pinanday si Ka Berna sa makauring pakikipaglaban para sa interes ng masa. Kasama siya sa mga di makalilimutang laban ng BHB na nagkaloob sa kahilingan ng mga maralitang magsasaka sa Timog Quezon. Kabilang dito ang pagkumpiska sa higit 80 kalabaw at pamimigay nito sa masa noong dekada 1980 at ang reyd sa Murray noong 1997 na nagsamsam ng dose-dosenang armas. Nagkakailan ang mga nasamahan niyang depensibang labanan kung saan magiting siyang lumaban para ipagtanggol ang masa at Pulang Hukbo.

Bantog din si Ka Berna sa pagiging matibay na *sentry*. Ito ang kanyang naging gawain sa loob ng mahabang panahon bilang kagawad ng serbisyong yunit ng rehiyon. Katuwang siya ng yunit na nagtaguyod kay Kasamang Armando Teng noong huling bahagi ng dekada 1990—isang panahong itinatangi niya at laging ipinagmamalaki sa mga kasama—at hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay ay naglingkod bilang tanod ng himpilan ng Partido.

Sa loob ng rebolusyonaryong kilusan at Hukbong Bayan, umunlad si Ka Berna at naging larawan ng anakpawis na taimtim na nananalig sa kawastuhan at katiyakan ng tagumpay ng rebolusyon. Dito na siya natutong magbasa at magsulat na kanyang nagagamit para magpropaganda sa masa. Buum-buo niya ring ibinahagi ang kanyang talento sa musika at sining. Pansin sa kanyang pag-awit ang madamdaming rendisyon na lalong nagbibigay-kulay sa pakikibaka ng masa na laman ng mga rebolusyonaryong obra. Nagdadagdag din siya ng sariling

estilo at galaw sa mga awit at hindi siya nagpapapigil kahit na pagtawanan pa ng mga kasama. Pamoso niyang katwiran, “ganyan talaga ang artista ng bayan, may sariling *style*.”

Likas din kay Ka Berna ang pagiging mahusay na *mass worker*. Madali siyang mapalapit sa masa dahil lapat sa lupa ang kanyang lenggwahe at sapul niya ang paghihirap na dinaranas nila. Mabilis din siyang mapamahal sa masa na handa niyang paglingkuran sa kahit anong paraan, mula sa pagiging Hukbong tagapagtanggol hanggang tagahilot ng kanilang mga pisikal na karamdaman. Ipinagmamalaki ng mga kasama ang mga pasyenteng napagaling ni Ka Berna, kabilang ang mga na-*stroke* at matagal nang ‘di nakakalakad. Pati mga kasama ay siya ang takbuhan tuwing masakit ang katawan o kaya’y may pilay o bali.

Sa loob din ng Hukbong Bayan makikilala nang lubusan ni Ka Berna ang kanyang sarili at kanyang kasarian. Noong 2019, ibinukas niya sa yunit na mayroon siyang piniling kasarian — isang bagay na kaagad tinanggap at ipinagdiwang ng mga kasama. Mula noo’y maluwag na niyang naipapahayag ang kanyang damdamin at sarili sa mga kasama, at sabay nito’y ginagabayan siya sa wastong pakikitungo sa mga kasamang kalalakihan.

Ang taglay niyang mahuhusay na katangian ang dahilan kaya mahal na mahal ng masa at mga kasama si Ka Berna. Hinihigitan nito ang kanyang mga kahinaan at kakapusan tulad ng



laging pinupuna sa kanya na pagiging pabaya sa kalusugan. Malaon na siyang pinatitigil sa paggamit ng tabako at pagkain ng maalat bilang hakbanging pangkontrol sa kanyang *hypertension*, pero dahil matigas ang ulo ay tuluy-tuloy lamang siya sa ganitong gawain. Noong Enero-Pebrero 2021, naalarma ang mga kasama dahil sa hindi pagbaba ng kanyang BP. Lulundo ang paglala ng kanyang karamdaman sa atake sa puso habang nasa mabigat na maniobra ang yunit noong Nobyembre.

Napakaraming kaibigan at kasama sa rebolusyon ang nauulila sa pagkawala ni Ka Berna. Hinahangaan siya dahil sa tagal ng kanyang serbisyo sa Hukbong Bayan at angking husay sa gawaing propaganda-kultura. Hinahanap-hanap siya at kinagigiliwan saanman magpunta dahil lagi siyang puspos ng sigla sa pagtatanghal ng mga rebolusyonaryong awit. Siya mismo ay laman ng propaganda sa pamamagitan ng kanyang mga litrato na naging imahen ng hindi nagmamaliw na pagrerebolusyon ng mga magsasaka at pagpupunyagi ng rehiyong TK sa gitna ng tumitinding atake ng kaaway.



Hindi lamang mga awit at pangkulturang handog ang ikinintal ni Ka Berna sa puso't isip ng masang anakpawis. Iniwan niya sa libu-libong magsasaka, katutubo at kabataang kanyang nakadaupang palad ang inspirasyon at patotoo na rebolusyon lang ang solusyon para magwakas ang pang-aapi at pagsasamantala sa lipunan. *PS*

# NONOY “KA NONIE/SIMO” AMBAD

*2021 Agosto 25*
*Mindoro*



Ibinibigay ng Lucio de Guzman Command - BHB Mindoro ang pinakamataas na pagpupugay kay Nonoy Ambad aka Simo/Noni, mahusay na Pulang mandirigma ng BHB. Si Ka Simo ay namartir bunga ng kumplikasyon mula sa kanyang sakit na *tuberculosis* noong Agosto 25, 2021 sa isang larangang gerilya sa isla ng Mindoro.

Isinilang si Ka Simo sa So. Kilapnit, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Isa siyang Hanunuo Mangyan at mula sa uring magsasaka. Mula sa batang edad, kinamulatan na ni Ka Simo ang rebolusyon at BHB at sa maagang yugto ng kanyang buhay ay gumampan na siya ng mga gawaing pangrebolusyon.

Taong 2008 nang sumama si Ka Simo sa mga kasama. Maghahatid lamang sana siya sa yunit pero hindi na umuwi dahil nagpasya na itong magpultaym. Sa umpisa napakat siya sa isang panlabang yunit at kalaunan ay sa mga yunit sa gawaing masa kaya naman naikot na nito ang buong Isla ng Mindoro.

Masayahin si Ka Simo lalo na kapag ang kanyang kausap ay kapwa katutubo.

Gumampan si Ka Simo pangunahin bilang S4 ng yunit hanggang maging iskwad lider.

May mga panahon na nagpahinga si Ka Simo bilang pultaym na Hukbo. Sa panahon ng kanyang



pamamahinga, siya ay namuhay sa lokalidad kapiling ng masa, tumutulong sa produksyon kasabay ng tuluy-tuloy na pagtataguyod niya sa yunit ng BHB na nakakasaklaw.

Taong 2018, muli siyang sumanib sa mga kasama para sa ilang gawaing pagtataguyod at mula noon nagtuluy-tuloy na muli bilang pultaym na mandirigma hanggang sa siya ay napaslang.

Matingkad na kalakasan niya ang mahusay na pagkabisa sa *terrain* at pamilyarisasyon sa lugar. Hindi nakakapangambang maligaw ang yunit kapag siya ang giya. Isa ito sa mga dahilan kung bakit halos ayaw siyang ihiwalay ng yunit lalo na sa mga lugar na matagal na niyang nakilusan. Karaniwang siya ang tagapagsiyasat ng ruta at giya ng yunit sa paglalakad.

Hindi nagpalimita kay Ka Simo ang kanyang payat na katawan at hindi tinanggihan ang mga atas lalo na ang mga teknikal na gawain at gawaing militar. Kung hindi din lang masama ang kanyang pakiramdam mas gusto nito ang gawain na mahihirap tulad ng mga gawaing kailangan ng malayuang paglalakad.

Ang katatagan ni Ka Simo ay hindi kayang pasubalian hanggang sa kanyang huling sandali. Sa kabila ng kanyang karamdaman ay pinili niya pa rin na manatili sa piling ng mga masa at kasama. Tayo ay nagdadalamhati sa pagkasawi ni Ka Simo. Ang kanyang pagkamatay ay magiging inspirasyon ng Hukbong Bayan at buong rebolusyonaryong kilusan para ipagpatuloy ang kanyang nasimulan. Ang kanyang mga alaala ay di natin kalilimutan, ang kanyang mga naging ambag sa rebolusyon ay ipagpapatuloy natin at mas payayabungin. PS

# KA ALVIN/ALWYN

*2021*
*Mindoro*

Nasawi si Ka Alvin/Roman, binata, dahil sa isang malalang karamdaman.

Bagama't tinapos ng pagkakasakit ang kanyang buhay, mananatili sa mga kasama ang ilang taon niyang paglilingkod sa sambayanan.

Hindi naging mahirap ang pagkamulat ni Ka Roman sa pangangailangan ng armadong pakikibaka. Lumaki siya sa mahirap na buhay at pamilya. Dahil dito, nagsikap siyang maghanapbuhay upang makatulong sa pang-araw-araw na pantustos ng kanilang pamilya.

Sumampa si Ka Roman sa isang larangan ng BHB sa NQ-Laguna-Rizal noong 2016. Kalaunan, idinispo siya sa ibang larangan at nakilala ng mga masa sa SQBP at Mindoro.

Pana-panahong maaalala ang imahe ni Ka Roman bilang isang masayahing kasama. Mapagbiro siya at mahusay mang-aliw sa mga nakakasama niya sa mga gawain. Mahusay din niyang nagagaya ang tunog ng mga hayop lalo na ng kabayo.

Madaling makapalagayang-loob si Ka Roman. Madali rin siyang magbukas ng kanyang mga nararamdaman at iniisip, at gayundin, mahusay makinig sa mga ibinabahagi ng mga kasama sa kanya.

Gumagampan bilang S4 at VIL si Ka Alvin bago namartir. Masipag siya sa pagtupad sa mga atas sa kanya, lalo na sa gawaing teknikal. Sa katunayan, kahit hindi na siya atasan, malakas ang kanyang inisyatiba sa gawaing kwatro.

Anuman ang naging sanhi iyong kamatayan, hindi nito mababago ang kabuluhan ng paglilingkod mo sa masang api at pinagsasamantalahan gayundin ang pag-aalay mo ng iyong buhay para sa sambayanan. Mabuhay ang iyong alaala at rebolusyonaryong ambag, kasama!

PS

# BIENVENIDO VALLEVER COMMAND - BHB PALAWAN

Noli “Ka Selnon” Siasico ..........151
Ma. Andrea “Ka Naya” Rosal ..........157
Rona Jane “Ka Lemon” Manalo ..........160
Jay-ar “Ka RG” Sento ..........165
Nelyn “Ka Aldin” Dabdab Emon ..........166
Remel “Ka Azumi” Padilla Rodriguez ..........167

# NOLI “KA SELNON” SIASICO

*2020 Setyembre 3*
*So. Kibuyon, Brgy. Mainit, Brooke’s Point, Palawan*



Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Lucio De Guzmand Command BHB Mindoro kay Ka Lines, isang magiting na kumander at kadre ng Partido na walang pag-iimbot na inialay ang kanyang buhay sa paglilingkod sa uring inaapi at pinagsasamantalahan.

Isa sa namumunong kadre sa Isla ng Mindoro si Ka Lines. Naging kagawad ng Komiteng Probinsya sa MOR noong 1994; kagawad ng Komite sa Isla ng Mindoro mula 2009 hanggang 2018. Matapos ito ay inilipat siya sa Palawan bilang kagawad ng Komite sa Isla ng Palawan.

Dakila ang buhay na inialay ni Ka Lines, ginugol niya ang mahigit na tatlong dekada ng buhay at pakikibaka upang ipagtanggol ang interes ng uring magsasaka at ibang pinagsasamantalahan. Saksi tayo sa walang pag-iimbot na pag-aalay ng kanyang buhay upang paglingkuran ang uring api. Ang malalim na dedikasyon at paninindigan upang itaguyod ang isang dakilang adhikaing palayain ang sambayanan.

Si Ka Lines ay pinaslang ng mga berdugong tropa ng Western Command ng AFP sa bayan ng Brooke’s Point, Palawan noong Setyembre 3, 2020. Kasama niyang napaslang sina Rona Jane “Ka Lily” Manalo, Kasamang Bonifacio “Ka Nato” Magramo, Andrea “Ka Naya” Rosal at Jay ar “ Ka Argie" Sento.

Si Ka Lines/Homer/Lumen/Tsino/Selnon o Noli Siasico ay humigit-kumulang 50 taong gulang. May asawa siya at isang anak na lalaki edad 14. Nagmula siya sa angkan ng mga Ilonggo. Tumira at nagsaka si Noli "Ka Selnon" Siasico sa Ilvita, Sablayan, Mindoro Occidental.

Magiting at mabuting anak siya ng Mindoro o mas kilala ng mga masa at kasama sa Mindoro bilang si Ka Lines/Emjohn/Homer/Tsino. Ipinanganak sa bayan ng Rizal at nagmula isang pamilyang magsasaka. Namulat at naorganisa ang kanilang pamilya kasabay ng paglakas ng kilusang magsasaka sa probinsya ng panahon ito.

Kumilos sa samahan ng mga magsasaka sa Sablayan noong unang mga taon ng dekada 1980. Nakalahok siya sa mga pakikibakang magsasaka, tampok ang mga laban sa Campano-Guevarra  sa *boundary* ng Rizal at Calintaan. Kasama ang kanilang pamilya sa pakikibaka sa okupasyon sa lupang PLDT sa Ilvita, Sablayan noong 1986-1987. Namulat siya sa gitna ng masiglang pakikibaka ng mga magsasaka para sa lupa mula sa pangangamkam ng mga lokal na malalaking panginoong maylupa sa Mindoro Occidental tulad ng mga pamilyang Mendiola, Almeda, Ramirez at Cojuangco.

Pinanday ng pakikibakang magsasaka, nabuo sa Milisyang Bayan na magtatanggol sa lupang ipinagtagumpay bago tuluyang nagpasyang magpultaym sa Hukbo noong  1985 at kumilos at napaloob sa isang SYP/YGM sa probinsya. Mula sa dating puro mga YGM na nakakalat para maggawaing masa, unti-unti nating itinayo ang mga yunit-gerilya na nagsilbing sentro-de-grabidad ng mga ito. Sa isla ay naitayo ang YG na laking iskwad noong 1985, na naging platung gerilya noong Oktubre 1986 at umabot sa pinalaking platun noong Disyembre 1987. Naging bahagi si Ka Lines ng binuong AGSP (YG Platun sa Mindoro) hanggang maging isang kumpanya (GMK). Naging PL siya  mula 1990, naging Coy kumander nitong 2014.

Sa Hukbo, nagpatuloy siyang mag-aral at magpanday ng sarili bilang lingkod ng uring api at bilang Hukbo ng magsasaka. Umunlad siya mula sa pagiging opisyal medikal ng iskwad at kumpanya, hanggang sa maging opisyal sa lohistika, hanggang sa maging iskwad lider at platun lider ng mga yunit ng Hukbong Bayan sa Isla.  Sa gitna ng maniningning na karanasan sa pakikihamok laban sa kaaway ng mamamayan, natipon ang kaban ng kanyang kaalaman na naging puhunan upang higit na maging mahusay na kumander at kadre ng Partido. Matingkad ang kanyang karanasan sa matatagumpay ng taktikal na opensiba noong nagpapalakas pa lamang ang Bagong Hukbong Bayan sa Isla. Kasama siya sa mga matutunog na opensibang militar sa isla noong dekada 1990, tampok ang mga matatagumpay ng reyd sa mga MPS sa magkabilang probinsya at ang mga matatagumpay na operasyong ambus sa parehong probinsya.

Nang ilunsad natin ang IDKP at binuwag ang kumpanyang gerilya para maipakat sa gawaing masa — sa horizontal na mga pormasyon, naitalaga si Ka Lumen/Tsino sa bahaging Norte ng Oriental sa mga bayan ng San Teodoro, Baco at Puerto Galera. Naging iskwad lider siya nina Ka Alyana/Sol (Pamela Jane Lapiz) kung saan lagi niyang sinasambit na napilitan siyang pag-aralan ang mga gawain sa propaganda, pag-oorganisa at iba pa.  Inoobliga siya ng kanilang kalihim o GP na magturo sa masa, gumawa ng mga ulat, SI at iba pa na dati'y hindi niya kinasanayan

noong nasa yunit panlaban pa siya.  Bagnas-bagnas ngang pawis ang inaabot niya kapag nagtuturo ng BKP at iba pang kurso ng Partido.

Nang lumalarga na ang kilusang masa ay damang-dama na ito ng lokal na naghaharing uri. Ayon sa dating *mayor* ng San Teodoro na si Aldaba - dalawang Chinese ang kanyang problema sa lugar— si Boyet Py na kalaban niya sa pulitika  at si Ka Tsino ang kumander ng BHB sa lugar.

Mula sa pagiging platun lider ng yunit gerilya sa dulong Hilagang Mindoro, tumayong platun lider ng panlabang yunit ng Isla mula 2004 hanggang 2009 at nailipat sa larangan sa Timog at naging punong kumander ng FOC dito. Tumayong kalihim at platun lider ng Platun Doods noong 2011 na naipakat sa gawaing reaktibasyon at rekoberi sa Sablayan. Naging platun lider at pangalawang kalihim ng yunit ng YGM na naipakat sa Bongabong-Bansud, naging Kalihim at platun lider ng yunit  na naipakat sa gawaing rekoberi sa Central MOR. Naging  Pangunahing Kumander at pangalawang kalihim sa bagong buong larangan sa Central MOR noong 2017 at tumayong pang-islang kumander ng Hukbong Bayan. Naikot at nakilusan ni Ka Lines halos lahat ng mga bayan at kasuluk-sulukan ng  Mindoro at hindi mapaparisan ang kanyang kaalaman sa pisikal at sosyal na tereyn nito.

Gumanap si Ka Lines  bilang platun lider hanggang maging CO siya ng buong SRMA ng isla noong 2013. Pinangunahan niya ang paglulunsad ng kakayaning mga BTO at iba pang TO sa isla.  Naging bahagi siya ng pagsasanay sa mga kasama at matiyaga niya itong ginagampanan. Malaki ang papel na ginampanan niya sa pagharap at pagbigo sa mga kampanyang militar sa isla tulad ng Oplan Saliksik noong 1988-89, PNP Experiment noong 1990's, Oplan Habol Tamaraw noong 2000-2004 at mga kasunod pang lokal na oplan sa balangkas ng Oplan Bantay-Laya I at II at Oplan Makabayan.

Umangat siya sa katungkulan mula sa pagiging mandirigma tungong kumander ng teritoryal na kumand sa operasyon sa isla ng Mindoro at Palawan dahil sa mahabang rekord ng mabuti at matapat na paglilingkod sa rebolusyon at kahusayan bilang kadreng militar. Ihanay ang mga malalaking mga labanan (TO at DL) sa buong isla ng Mindoro mula 1985 hanggang 2018 at hindi mawawala ang kanyang papel dito — bilang mandirigma hanggang maging kumander — mga labanang puminsala sa mga kaaway at nagkumpiska ng malalakas na armas para sa Hukbong Bayan.  May matatagumpay at may mga nangabigo; natanggap niya sa proseso ang mga papuri, pagpuna at mayroon pa ngang aksyong pandisiplina at luha dahil sa mga napaslang na mga kasamahan.  Nariyan ang isang *checkpoint* ng BHB na nagdulot ng pinsala at kaswalti sa mga masa; isang TO na bigo at apat na kasama ang napaslang. Naging tagapagsanay siya ng mga bago at sumisibol na mga mandirigma at kumander.

Naging tuluy-tuloy ang kanyang pagkilos at ni minsan hindi pinanghinaan ng loob maging sa harap ng mga kahirapan at sakripisyo. Naranasan niyang mamatayan ng asawang si Ka Lani sa gitna ng labanan at labis niya itong dinamdam. Lagi niyang maaalala ang asawang nagsasabing

"Pa, may tama ako". Ngunit hindi siya nagpatalo sa lungkot at pagluluksa kundi ibinaling niya ito sa mga hamon at gawain sa rebolusyon.  Maging ang madalas na tanong ng kanyang anak na "Pa, bakit ang ibang bata ay may nanay, ako, wala?" ay matatag niyang napakitunguhan.

Hindi niya inalintana ang kanyang mga karamdaman. Nagkasakit siya noong 2007 na halos ikamatay niya (*fatty liver*, bato sa apdo at problema sa *pancreas*). Ito ang dahilan bakit pili na lamang ang kanyang pwedeng kainin dahil mahina na ang panunaw niya. Mula 2008 ay humina na ang kanyang pandinig ngunit hindi ito naging balakid sa paggampan sa gawain. Sabi nga, mahina ang taynga niya, pero ang bulungan at kaluskos sa paligid ay malinaw sa kanyang pandinig. Alam din niya kapag pinag-uusapan siya! Kahit sa ganitong kalagayan ay walang sinusukuang gawain si Ka Lines. Para sa kanya, basta kaya, larga. Wala pang kupas ang kanyang katapangan at kapangahasan. Tiwala sa kanya ang mga nakakasama niya sa labanan bilang kumander, mandirigma at kasama. Siya ang tipong di mang-iiwan sa labanan.

Isa siyang kumander na mapagkumbaba, maasikaso, alerto.  Bukas din lagi ang kalooban niya upang tumanggap ng mga kapunahan sa kanya at laging handang magwasto.  Sa paglalarawan ni Ka Lines sa kanyang sarili, mabait pero balasubas din, prangka at madaling maemosyon kaya binabantayan niya ang mga ugaling ito.

Lagi niyang pinangingibabaw ang pangkalahatan sa personal na interes. Maraming pangyayari na nasubok ang kanyang tatag at tibay bilang isang rebolusyonaryo--  nariyang makasama ang pinsan niyang PNP sa naambus nila sa Zigzag, San Jose noon ding 2007; pagkamatay ng kanyang asawang si Ka Lanie sa labanan sa Gloria, MOR noong 2008 na labis niyang dinamdam; ang pangungulila sa kanyang kaisa-isang anak na lalaki.



Inspirasyon si Ka Lines ng bawat kasama dahil sa kanyang katatagan at dedikasyon sa rebolusyon. Matiyaga niyang tinanganan at tinupad ang kanyang mga tungkulin, kapiling ng mga kasama, sa pinakamahihirap na kalagayan at sitwasyon, sa gitna man ng gutom, sakripisyo o panganib. Hindi siya kailanman nag-alinlangan sa pagtupad sa kanyang tungkulin, kahit kaakibat nito ang mas malalaking hamon at sakripisyo na kanyang kinaharap hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay.

Tapat sa Partido at rebolusyon, sa gitna ng maraming kakapusan at kakulangan, matapang na hinarap ang mga usapin sa pagkilos, sa diwa ng pagpupuspos ng pagwawasto sa mga estilo ng pamumuno at paggawa. Mapagpakumbabang tinanggap ni Ka Lines ang hamon na maipakat sa kabilang isla upang magdagdag ng lakas sa tangkas ng mga kadre sa pagpapalakas ng Hukbong Bayan sa dakong ito ng rehiyon. Bagaman ang kapalit nito ay ang paglalayo sa nag-iisang anak at sa pamilya, bukas ang loob na tinanggap ang bagong disposisyong ito upang tumupad sa atas ng Partido na maging instrumento ng pagpapalakas at pagbawi sa probinsya.

Nitong 2019 hanggang bago siya napaslang ay laging mababalita ang matatagumpay na TO sa Palawan. Tiyak malaki ang papel niya doon. Mababalitang ikinasal na sila ng kanyang kasintahan! Tagumpay ang kanyang TO. Sa ganito maaalala lagi si Ka Selnon—magiting at walang takot na kumander, masayahin at mababa ang kalooban. Isang komunistang kumander. Kumander ng masa. Kaya hindi maubos maisip bakit nabigwasan ang mga kasama at napakalaki ng kaswalti sa nasabing labanan.

Maraming katanungan. Maraming lungkot, pait, galit ang idinulot ng pangyayari. Kahit na *golden boy* na si Ka Lines, may tikas pa ito at marami pa sanang magagawa at maiaambag sa rebolusyon. Kahit na nga bingi siya, maraming limitasyon at may ilang kahinaan at pagkukulang sa kanyang mga gawain, hindi siya nangingiming humingi ng tulong at alalay ng mga kasama, tumanggap ng kapunahan at magpakita ng pagwawasto sa maraming pagkakataon. Sabi ng iba ay suplado siya pero labis na kabaitan at pag-aaruga sa mga kasama ang nasa kaibuturan nito. Mabiro siya pero seryoso sa kanyang tungkulin. Ah, Ka Lines, hindi ka malilimutan, namin, ng mga kasama, ng masa at maging ng kaaway.

Sa kanyang pagkamatay, nawalan tayo ng mapagmahal na ama, kaibigan at maalalahaning kasama. Maalala natin siya sa bawat paghampas ng hangin, kalasti at lagitik ng mga siit ng kahoy. Maalala natin siya sa bawat hasaang hawak natin na magpapaalala sa atin sa tinaguriang "Boy Hasa" ng Isla. Kasabay ng pagpapatalas ng hawak na itak, ay pagpapatalas lagi ng kaisipan upang hawanin ang landas ng rebolusyon, kagaya ng talas ng diwang itayo ang mga binhi ng larangan sa Isla. Sa bawat kalasti at lagitik ng mga siit na nagpapaalala sa atin kung gaano din katalas ang kanyang pandinig kahit pa nga may diperensya na ang tenga bunga ng mga kinaharap na labanan ang nagtuturo sa atin na sa kabila ng mga limitasyon ay kailangang patalasin ang mga pandama upang unahan lagi ang kaaway at mabigong pinsalain

tayo. Maaalala natin siya sa tiyaga niyang turuan tayo sa mga taktika ng pakikihamok sa kaaway. Ang walang-sawang pagbabahagi niya ng mayamang karanasan sa mga nilahukang digmaan at mga taktika upang biguin ang pagsisikap ng kaaway na tayo ay gapiin.

Ang 40 taon niyang buhay at pakikibaka (38 sa Mindoro at 2 taon sa Palawan) ay hindi mawawalan ng saysay at kapupulutan natin ng maraming tagumpay at mga aral, sapat para maging sandata natin at inspirasyon sa mga susunod pang mga taon ng paķikibaka. Tulad ng isang bulkan— may mga panahon ng pagsabog, ng paghupa at pag-aalburuto; parang bulkan ang nagngangalit na makauring poot natin sa kaaway sa pagkakapaslang sa mga kasama—kina Ka Nato, Ka Lines-- lumilikha ng matinding init at sasabog sa huli laban sa naghaharing uri, para sa pagtatagumpay ng rebolusyon. Sukdulan ang galit ng mamamayang Pilipino higit ang mga Mindoreño at Palaweñong minahal at pinaglingkuran ni Ka Lines sa kanyang pagkasawi. Napatigil man nila ang kanyang paghinga at pagtibok ng puso, subalit hindi ang paghihimagsik ng mga magsasaka at mga katutubong binusabos, ng mga kababaihang patuloy na inaapi, ng mga kabataang pinagkaitan ng karapatan. Ang galit ng mamamayan sa isang ganid at tiraniko teroristang katulad ni Duterte ang magpapalagablab ng apoy ng paghihimagsik ng inaaping uri. PS

# MA. ANDREA “KA NAYA” ROSAL

*2020 Setyembre 3*
*So. Kibuyon, Brgy. Mainit, Brooke’s Point,  Palawan*




*“Ate, hindi ako nagkaroon ng pagkakataong makapagpasalamat and I'm sorry. I never thought and prepared something like this will happen dahil nga I thought we were partners, an inseparable one. Palagi tayong pigil, although we want to brag about us being daughters of great revolutionaries, we never had our chance to show that, until our parents died. But we did it at first, silently, behind the shadows to protect ourselves against the brutal state.  At ngayon, I was about to do the same thing, for you, after your death. They never gave you a fair fight, dahil natatakot sila sa pagsambulat ng galit mo sa kanila. They took your life but they can never take the life that you have lived since September 23, 1982 up to the day of your death. A fruitful life of being Ma. Andrea Lodronio Rosal, Ka Roger and Ka Soly's eldest, my best sister, a great revolutionary, humble servant of the masses and a loving mother.*

*Baka iniisip ng kaaway, they won this time. They must not, especially Duterte, at lahat ng bulok na nakapaligid sa kanya. Maaaring napatay nila kayo. But that's just another proof that people like us still exists, actually, a lot of us, kahit paulit-ulit na nila tayong idineklarang sumuko, nahuli o napatay.. And we're growing in numbers. Because people like us, oppressed and deprived of our*

*every right know just one thing: TO FIGHT. They must tremble and hold their knees for they never know, we might just strike back tomorrow. We will stab them, all of them until they bleed. We will crush them and this rotten system until they were  buried to their grave.  They must know that we don't fear death, it's the other way around. Because this is the life we were born into, just like every other sons and daughters of our motherland. Whatever happens, we will always choose this life, no matter how hard or miserable it might get. For we believe, in the end, WE WILL WIN THIS FIGHT. Goodbye Ate. I love you and I'm so proud of you, always have and always will."*

Si Kasamang Andrea "Ka Naya" Rosal ay taga-Brgy. Talaibon, Ibaan, Batangas, mula sa uring petiburgesya. Sumampa siya sa BHB noong 2003 sa larangan ng Laguna. Tumatayo siyang kalihim ng isang larangan at kagawad ng KomProb-Palawan nang mapaslang noong Setyembre 2020 sa So. Kibuyon, Brgy. Mainit, Brooke's Point, Palawan.

Nakilala si Kasamang Andrea "Ka Naya" Rosal bilang anak ng yumaong Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas. Sa murang edad niya, namulat siya sa api at busabos na kalagayan ng masang magsasaka. Anim na taong gulang pa lamang nang ipadukot si Ka Andrea ni Gen. Galido, hepe ng SOLCOM noon, upang pasukuin si Ka Roger. Subalit bumwelta ang pakanang ito ng SOLCOM nang umani ng malawakang pagbatikos ang pasista at buhong na iskemang ito mula sa malawak na hanay ng mamamayan.





Nagmula sa isang rebolusyonaryong pamilya si Ka Andrea.  Kapwa lider ng Partido ang kanyang yumaong mga magulang.  Hinubog ang kanyang pananaw ng simulain ng pambansang demokrasya at niyakap niya ang simulain ng masang anakpawis sa paglaban sa pagsasamantala at pang-aapi.  Kaya nang umabot siya sa tamang gulang ay nagpahayag siyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan upang sundan ang yapak ng piniling landas ng kanyang mga magulang sa armadong pakikibaka.

Pinalaki siyang mahusay at ulirang rebolusyonaryo ng kanyang magulang. Kabalikat niya ang kanyang inang si Rosario "Ka Soly" Lodronio Rosal sa pagbawi ng lakas ng larangang gerilya sa hangganan ng Laguna-Quezon-Rizal sa Sierra Madre. Nadakip at ikinulong si Ka Andrea mula Mayo 2014 hanggang Setyembre 2015 batay sa gawa-gawang kaso at mga itinanim na ebidensya kung saan dinanas niya ang malupit na kundisyon sa piitan. Pinagkaitan siya ng karampatang atensyong medikal sa kanyang pagbubuntis—dahilan upang mamatay sa pagsilang ang kanyang sanggol na si Diona makaraan ng dalawang araw dahil sa kumplikasyon.

Sa kanyang paglaya, buong puso niyang tinanggap na gampanan ang rebolusyonaryong tungkulin sa Palawan kung saan iniambag niya ang kanyang galing at talino para sa pagsusulong ng interes ng mga katutubong mamamayan sa Palawan laban sa pandarambong at pag-agaw ng kanilang lupaing ninuno ng malalaking dayuhang kumpanya sa pagmimina at plantasyon ng *oil palm*. Laging maaalala ng masa ang mapagkalinga at matatag na paninindigan ni Ka Andrea para sa interes ng masang pinagsasamantalahan at inaapi. PS

# RONA JANE "KA LEMON" MANALO

*2020 Setyembre 3*
*So. Kibuyon, Brgy. Mainit, Brooke's Point, Palawan*



Pinakamataas na pagpupugay at pagpaparangal para kay Rona Jane "Ka Lily" Manalo, huwaran ng kabataan at sambayanang Pilipino!

Namartir si Ka Lily sa bayan ng Brooke's Point, Palawan noong Setyembre 3, 2020 nang makubkob sila ng berdugong tropa ng Western Command ng AFP. Kasama niyang namartir dito sina Kasamang Bonifacio "Ka Boywan" Magramo, Andrea "Ka Naya" Rosal, Noli "Ka Selnon" Siasico at Jay-ar "Ka RG" Sento.

Si Rjei, o mas kilala sa Pulang Hukbo at masa sa Mindoro bilang si Ka Lily, ay isang patunay na ang pagiging rebolusyonaryo ay hindi isang akto ng desperasyon, kundi isang pampulitikang desisyon.

Kilala siya bilang lider-organisador at ahitador sa loob at labas ng pamantasan. Pinangunahan niya ang pagsusulong ng karapatan ng mga kababaihan sa loob ng pamantasan hanggang sa mga lansangan.

Nakilala siya bilang si Rjei, at naging permanenteng tanawin sa mga pagkilos sa lansangan sa kalunsuran ng Timog

Katagalugan hanggang sa Kamaynilaan bilang tagapagsalita sa isyu at samahan ng kababaihan. Aktibo rin siyang lumaban at nagtanggol para sa mga karapatang pantao. Naging masigasig siyang organisador ng kababaihan at iba pang sektor para sa pambansang demokrasya.

Tubong Candelaria, Quezon, lumaki si Rjei katulad ng mga kabataang Pilipino na punung-puno ng pangarap sa buhay sa kabila ng dinaranas na kasalatan sa oportunidad. Sa pagsusumikap ng kanyang ama sa pagiging drayber ng *tricycle* at iba pang hanapbuhay, nakapag-aral si Rjei sa eskwela hanggang tamasahin niya ang pribilehiyo na makapasok sa isa sa pinakabantog na pamantasan sa bansa, ang Unibersidad ng Pilipinas (UP) sa Los Baños, Laguna. Nagtapos siya dito sa kursong BS Forestry Major in Social Forestry. Nakamit niya ang diploma na itinuturing ng maraming kabataang tulad niya bilang gintong tiket para sa maningning na kinabukasan.

Ngunit hindi kuminang ang diplomang ito kay Rjei habang malinaw sa kanyang konsensya na kinakatawan ng diplomang ito ang makadayuhan, komersyalisado at pasistang edukasyon.

Pagpasok pa lamang sa UP noong 2006, binagabag si Rjei ng banta ng 300 porsyentong pagtaas ng matrikula sa UP. Nakipagkapit-bisig siya sa kanyang kapwa iskolar ng bayan upang mariing tutulan ito, ngunit patagong ipinasa ang naturang pagtaas ng matrikula ng pamunuan ng pamantasan. Iyon pala ay hudyat lamang ng marami pang neoliberal na mga patakaran sa edukasyon na lalong naglayo rito sa kabataan. Nasaksihan ni Rjei sa loob ng pamantasan kung paano ginawang kalakal ang dapat sana'y karapatan sa edukasyon: tumaas ang upa sa dormitoryo; nagsulputan ang iba't ibang bayarin; at ginawang negosyo ang lupa at pasilidad ng pamantasan. Naganap ito kasabay na inaalisan ng kalayaang akademiko ang mga iskolar ng bayan: iniayon ang *general education program* sa pangangailangan ng dayuhan habang tinipid ang gastos sa mga klase sa pamamagitan ng *large-lecture class policy*; dinemolis ang mga "tambayan" ng *student organizations*, inalisan ng pondo ang pahayagang pangkampus at tinangkang lusawin ang *university varsity* at maging ang Konseho ng mga Mag-aaral.

Saksi rin si Rjei sa ganap na pagtransporma ng UP bilang elitistang institusyon — bilang isang eskwelahan ng mayayaman at namumuhi sa masang anakpawis: ipinagbawal ang mga pampasaherong dyip at *ambulant* na manininda sa pamantasan na umano'y "masakit sa mata" ng mga turista.

Habang nagpapakadalubhasa sa siyensyang pangkagubatan, ipinagtanggol ni Rjei ang karapatan sa edukasyon ng kabataang Pilipino kasama ang mga libu-libong mag-aaral ng UP na lumahok sa muling pagbabangon ng aktibismo at kilusang protesta sa pamantasan. Humawak siya ng plakard upang dumalo sa mga rali, ng mikropono upang magsalita sa mga porum, ng polyeto upang mamahagi nito sa *room-to-room discussion*. Bukod dito, ginamit niya ang kanyang talento sa teatro upang itanghal ang pakikibaka ng mga iskolar ng bayan.

Pinakanadudurog ang puso ni Rjei sa taghoy ng mga kababaihan dahil sa pang-aapi batay sa uri at kasarian. Naging boses si Rjei ng makabagong Gabriela Silang sa pagtatambol ng isyu at realidad ng buhay ng kababaihang magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda, katutubo, manggagawa at maralitang lungsod sa rehiyon.

Nasaksihan din niya sa tuwina ang karahasan ng estado, katulad ng paniniktik, *red-tagging*, pagbabanta sa buhay, arbitraryong pag-aresto, gawa-gawang kaso at iligal na pagdetine. Siya mismo ay naging bahagi ng tinaguriang Southern Tagalog 72 na mga lider-masa at aktibista na sinampahan ng mga gawa-gawang kasong kriminal at tinugis ng reaksyunaryong pulisya.

Bukod dito, nasaksihan niya ang marahas na pagbuwag sa mga piket ng mga manggagawa na walang ibang layunin kundi humiling ng dagdag-sahod at mapabuti ang kalunus-lunos na kalagayan sa paggawa. Nasaksihan mismo niya paano marahas na dinemolis ang mga maralitang komunidad tulad sa So. Buntog sa Calamba, Laguna at Lupang Arenda sa Taytay, Rizal; gayundin ang mga pamayanan ng mga magsasaka na kinakamkam ang lupa tulad sa Hacienda Yulo sa Calamba, Laguna.

Pinakamalala ang pagpaslang sa mga kritiko at aktibista na mga kabataang estudyante tulad niya, gaya nina Ambo Guran at Cris Hugo. Ang ilan pa ay mga kakilala niya't nakasama sa gawain sa kilusang masa, tulad ni Stephen Lester Barrientos. Naglalayon ang lahat ng ito na supilin ang noo'y lumalawak na kilusang protesta laban sa rehimeng US-Arroyo.

Sa harap ng talamak na pagpaslang noon sa mga mamamayang nakikibaka, malalaman ni Rjei ang mga kabataang sumampa sa BHB at namartir bilang mga Pulang mandirigma. Mauunawaan ni Rjei na hindi maiiwasang yakapin ng mamamayan ang armadong rebolusyon bilang tanging paraan upang baguhin ang marahas na lipunan at kamtin ang katarungang ipinagkakait sa kanila. Hindi lihim, bagkus ay isang bukas na libro ang realidad ng dalawang porma ng pakikibaka kay Rjei — ang rebolusyonaryo at armado, sa isang banda; at ang hayag at ligal, sa kabilang banda.

Nagpatuloy si Rjei sa pagpapanday ng sarili at pag-aambag sa kilusang masa hanggang Mindoro at Palawan, kung saan naging organisador siya ng iba't ibang sektor.  Taong 2014 nang maitalaga siya sa isla ng Mindoro.  Pinamunuan niya ang muling pagbabangon ng mga pambansa-demokratikong organisasyong masa sa Mindoro para sa mga sektor ng magsasaka, manggagawang bukid, mangingisda, kababaihan, kabataan at estudyante at guro. Nabuo, napagkaisa  at napasayaw nila ang mga kababaihang magsasaka at Mangyan, mga kabataan, propesyunal at maging mga kababaihang pulis sa pagdadala ng "One Billion Rising"  at mga isyu laban sa diskriminasyon at pang-aapi sa kababaihan. Gayundin ang pagbubuo ng mga multisektoral na alyansa laban sa mina at para sa pagsuporta sa mga adbokasiya ng katutubong Mangyan. Partikular sa Mindoro, gumampan ng mahalagang papel si Rjei upang basagin ang teror na nilikha ni Jovito Palparan at ng Oplan Habol Tamaraw noong maagang

bahagi ng bagong milenyo. Tampok dito ang makasaysayang pag-iipon ng mga biktima ng karapatang pantao noong 2015 na nagbuo ng kanilang alyansa. Mula noon ay naging aktibo si Rjei at ang grupong ito sa paglulunsad ng mga *fact-finding* at *mercy mission* sa mga eryang malubhang apektado ng paglabag sa karapatang tao. Naging aktibo din siya sa alyansa at pakikibaka sa gubyernong Duterte. Naging empleyado ng gubyerno si Rjei kung saan niya higit na nakita ang sistematikong pag-iral ng burukrata-kapitalismo mula sa loob mismo ng burukrasya.



Higit na lumalim sa proseso ng kilusang praktikal ang marubdob niyang pagnanais na baguhin ang bulok at mapagsamantalang sistema sa bansa at gamutin ang nagnanaknak na kanser ng lipunang pinaghaharian ng mga oligarkong malalaking burgesya-kumprador, panginoong maylupa't burukratang kapitalista na pawang maamong naninilbihan sa interes ng imperyalismong US.

Hinanap niya ang solusyon sa mga sakit ng lipunan sa aktibismo sa lansangan sa pamamagitan ng pagsusulong ng makabuluhang repormang panlipunan sa pamamagitan ng parlamentong pakikibaka.  Subalit sa ilang taong paglahok niya sa mga pakikibakang ligal na nagsusulong ng reporma, napagtanto niya na hanggang hindi napapalitan ang sistemang pinaghaharian ng mga lokal na oligarko, mananatiling sa panaginip lamang ang paghahangad ng tunay na pagbabago sa lipunan.

Ngunit noong 2018, inihudyat ng kilusang pagwawasto ang pagsampa ni Rjei sa BHB. Marubdob siyang tumalima sa panawagan na palakasin ang armadong pakikibaka. Inihanda niya ang sarili para pumakat sa mga rebolusyonaryong gawain sa larangang gerilya, kung saan nakilala na siya ng mga kasama at masa bilang si Ka Lily, Pandan at Lemon.

Inabot ng kanyang kamulatan ang paglahok sa armadong pakikibaka para ipaglaban ang karapatan ng mga kabataan, kababaihan at ng masang anakpawis. Bilang giyang pampulitika ng platun at sinasanay na pampulitikang instruktor, siya ang tanglaw ng mga Pulang

mandirigma ng kanilang yunit sa pagsusulong ng digmang bayan para baguhin ang kasalukuyang tagibang at naghihirap na kalagayan ng lipunan.

Hinanap niya ang kasagutan sa armadong pakikibaka at sa maikling panahong ng paglahok sa yunit ng Hukbong Bayan, higit na tumibay ang kanyang komitment na tanging armadong pakikibaka lamang ang landas para magkaroon ng tunay na kapangyarihang pampulitika ang mamamayan — isang kapangyarihang nagmumula sa dulo ng baril upang ipagtanggol ang kanilang karapatan sa lupa na marahas na inaagaw ng malalaking dayuhang kumpanya sa pagmimina at plantasyon ng oil palm, ng busabos na kundisyon sa pagpapasahod ng mga manggagawang bukid, ng mapagsamantala at madayang sistema ng pagbili ng kanilang produkto lalo sa hanay ng mga magbabagtik at maliliit na minero, at ng terorismo ng estado na sagot ng mersenaryong AFP at PNP sa mga lehitimong karaingan ng mamamayan.

Ang buhay at pakikibaka ni Ka Lily ang malinaw na patunay na ang diwa ng paglilingkod — ang pag-aalay ng buhay — sa sambayanan ay dinadalisay sa aktwal na paglahok sa pakikibaka ng mamamayan. Dinala si Ka Lily sa lansangan upang magprotesta hanggang sa mga kasuluk-sulukan ng mga pamayanan sa lungsod at kanayunan ng diwang ito. Hanggang sa makita niya ang kanyang sarili sa pagsusulong rebolusyonaryong sandatahang pakikibaka, hindi simpleng na-“brainwash” si Ka Lily kundi dumaan siya sa isang mahaba at kumplikadong proseso ng pakikihamok sa kaaway sa uri ng sambayanan. Mistulang bakal na paulit-ulit na pinapanday at dinadarang sa apoy hanggang maging ganap na sundang — matalim at matalas — na tatarak sa mala-dyablong dibdib ng halimaw.

Pinatay ng mga berdugo ang pisikal na katawan ni Ka Lily, ngunit hindi ang kanyang diwa at mga alaala. Sa kanyang pagpanaw, inihahatid ang mga ito ng masa at mga kasama sa imortalidad. Sapagkat sa tuwi-tuwina’y magiging inspirasyon, si Ka Lily ay magiging walang kamatayang huwaran ng kabataang Pilipino, ng mga kababaihang anakpawis, at ng buong sambayanan. PS

# JAY-AR "KA RG" SENTO

*2020 Setyembre 3*
*So. Kibuyon, Brgy. Mainit, Brooke's Point, Palawan*

Isang lokal na Palaweño si Ka RG na nagpasyang tahakin ang landas ng armadong pakikibaka dahil sa labis na kaapihan, kahirapan at pagsasamantala ng lokal na mga naghaharing malalaking negosyo, panginoong maylupa at tiwaling mga pulitikong aktibong nakikipagsabwatan sa malalaking kumpanya sa pagmimina at plantasyon. Sinasagisag niya ang pag-ugat ng simulain ng rebolusyon sa masang Palaweño at ang malalim na suporta nila sa demokratikong rebolusyong bayan.

Namartir sila sa pataksil na pag-atake ng pasistang Force Reconnaissance Group ng 4th MBLT at 3rd MBLT sa ilalim ng 3rd Marine Brigade noong alas-sais ng umaga ng Setyembre 3 sa Brgy. Mainit, Brooke's Point, Palawan. Dakila at simbigat ng Kabundukan ng Matalingahan ang kanilang kamatayan. Ginugol at inialay nila ang kanilang tanging buhay sa matapat na paglilingkod at pagtataguyod sa interes ng masang api't pinagsasamantalahan. PS

# NELYN “KA ALDIN” DABDAB EMON

*2020, Oktubre*
*Brgy. Iraan, Rizal, Palawan*

Si Nelyn “Ka Aldin” Emon ay isang kabataan mula sa katimugang bahagi ng probinsya ng Palawan na sumampa sa hukbo noong 2020. Matapos ang depensibang labanan noong Setyembre 3, 2020 nagkasakit si Ka Aldin sa proseso ng pag-atras ng mga kasama. Lumala ang kanyang sakit hanggang mamatay noong Oktubre, 2020. Naging matatag na mandirigma si Ka Aldin sa gitna na kahirapan, mga sakripisyo dulot ng panunugis ng kaaway ngunit nanatili ang kanyang diwang palaban. Dapat tularan ng mga kabataang Palaweño ang kanyang tatag sa pagharap sa nararanasang matinding pagsasamantala at pang-aapi sa ilalim ng rehimeng US-Duterte at ang kapasyahang lumaban. PS

# REMEL “KA AZUMI” PADILLA RODRIGUEZ

*2021 Disyembre 10*
*Brgy. Tinitian, Roxas, Palawan*



*“Ang pagtingin ko sa kahirapan, sakripisyo, at kamatayan ay normal lang ito sa gawain ng Hukbo dahil may ipinaglalaban tayo, kasi lahat naman ng bagay ay mahirap. Halimbawa, sa panghuhuli ng baboy kailangan mo munang maghirap nang magdamag sa paghihintay sa baboy, puyat minsan pero wala namang kuha.”*

Si Ka Azumi, Remel Padilla Rodriguez, 18 taong gulang, lalaki, ay ipinanganak noong Enero 29, 2002, taga-Brgy. Magara, Roxas. Ang uring pinagmulan niya ay magsasaka. Ang ikinabubuhay ng pamilya niya ay pagbabagtik, minsan ay pag-uuling at pagyayantok, pakikianihan sa mga tao at minsan nasa mga palengke upang magtadtad ng karneng baboy. Sari-saring hanapbuhay ang pinapasok at ginagawa ng pamilya ni Ka Azumi upang may maipantustos sa araw-araw nilang pamumuhay. Walo silang magkakapatid.

Dahil sa matinding kahirapan, hanggang Grade 8 lamang ang natapos ni Ka Azumi at naobligang maghanapbuhay na lamang upang makatulong sa pagpapaaral sa kanyang kapatid na bunso. Kahit ang pagpasok niya sa ALS ay hindi niya na rin natapos dahil nahatak muli siya ng pangangailangang magtrabaho. Maraming lugar na ang kanyang narating dahil sa paghahanapbuhay at sari-saring lenggwahe na rin ang kanyang natutunan tulad ng Cuyonin, Ilonggo, Tagalog at Bisaya. Nang makilala niya ang Hukbong Bayan at nakasalamuha, unti-unti siyang namulat at naunawaan ang pangangailangan na maglunsad ng armadong pakikibaka.

Masayahing bata, mahilig din siyang makipagbiruan sa mga kasama, at minsan nama’y tahimik siya. Sa maikling panahon ng pagiging Pulang mandirigma, naunawaan niya rin ang pangangailangan ng paghuhubog ng sarili upang maging proletaryado, handang pangibabawan ang mga kahinaan. Hanggang sa huli, inialay niya ang kanyang buhay sa pagpapalaya sa sambayanan laban sa kahirapan. *PS*

# APOLONIO MENDOZA COMMAND - BHB QUEZON


Felicardo “Ka Japson” Salamat ........ 169

John Paul “Ka Arki” Aringo ........ 171

Jomar “Ka Roro” Resureccion ........ 172

Jeramie “Ka Ash” Garcia ........ 173

Crisanto "Ka Marco” Surion ........ 175

July “Ka Voltaire” Elorde ........ 178

Rommel “Ka Totoy” Aguado ........ 179

Ka Rocky/Malvar ........ 182

Ka Ramil ........ 183

Ryan “Ka Reymart” Noriesta ........ 184

Argie “Ka Angel” Casinillo ........ 185

Eduardo “Ka Resty” Torrenueva ........ 187

Ronel “Ka Michael” Batarlo ........ 190

Fernando “Ka Eleven” Anda, Jr. ........ 192

Rhoderick “Ka Guma” Sinas ........ 196

# FELICARDO “KA JAPSON” SALAMAT

*2017 Marso 7*
*Brgy. Camflora, San Andres, Quezon*



Pinakamataas na pagkilala at parangal kay Ka Japson, batikang mandirigma at kumander ng BHB sa Timog Katagalugan. Ipinanganak siya noong Agosto 16, 1968. 49 taong gulang. Binata. Anak ng mga magsasaka sa bayan ng Guinayangan, Quezon, nagpultaym sa kanyang kabataang edad noong 1985 at mula noon ay nagsilbi sa Bagong Hukbong Bayan nang wala ni anumang rekord ng pamamahinga. Tatlumpu’t dalawang taon ng kanyang buhay ang walang pag-aaksayang ginugol at ibinuwis niya sa paglilingkod sa masa at pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan para sa pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalismo.

Kilala bilang matapang na mandirigma at kumander ng BHB si Ka Japson. Nasugatan sa maraming labanan at nagkamit ng maraming matatagumpay na labanan sa harap ng kaaway. Naipakat din siya at nakakilos sa ilang mga larangang gerilya sa Timog Katagalugan. Ipinadala

siya sa Mindoro noong maagang bahagi ng 1991 at sa hangganan ng QBZ ngunit mas mahabang panahon ay sa mga larangang gerilya sa SQBP sa Quezon. Nahuli at ikinulong ng kaaway nang dalawang beses ngunit pagkalaya ay kaagad na bumalik sa rebolusyonaryong pagkilos at pagseserbisyo sa Hukbong Bayan nang walang pag-aalinlangan.

Tunay na bayani si Ka Japson, mahal ng mga kasama at masa, bilang kasama, kuya, tatay, kapatid at kaibigan. Inspirasyon sa lahat ang buhay na kanyang tinahak na tiyak na susundan ng libu-libong kabataan at mamamayan sa lalawigan ng Quezon, sa Timog Katagalugan at sa buong bansa.

Kasama niyang namartir sina Paul Aringo aka Ka Arki/Ka Junpio, Jomar Resureccion aka Ka Roro at Jeramie Garcia aka Ka Ash. Magiting silang lumaban at nagbuwis ng kanilang buhay nang kubkubin ng pasistang pwersa ng 2nd Jungle Fighter Company na nasa ilalim ng kumand ng 85th IBPA, 201st Brigade at direktang pinamumunuan ng isang Captain Zander Khan Usman ang kanilang pansamantalang pahingahan sa sityo Umagos, Brgy. Camplora, San Andres, Quezon ganap na 2:45 ng hapon noong ika-7 ng Marso, 2017. Kasalukuyan noong nagsasagawa sila ng papulong sa mga residenteng magsasaka na may problema sa lupa at mga pagnanakaw ng kanilang hayop. PS

# JOHN PAUL “KA ARKI” ARINGO

*2017 Marso 7*
*Brgy. Camflora, San Andres, Quezon*




Pinakamataas na pulang pagpupugay at parangal ang ibinibigay sa kabataang si Ka Paul Aringo aka Ka Arki/Ka Junpio ng Lungsod ng Caloocan. Siya’y kabataan na sa maagang panahon ng kanyang buhay ay nagpasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at ilaan ang kanilang lakas at talino upang paglingkuran ang pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino, laluna ng hirap, api at abang masang magsasaka at manggagawa.

Kasama niyang namartir sina Felicardo “Ka Japson” Salamat, Jomar “Ka Roro” Resureccion at Jeramie “Ka Ash” Garcia. Magiting silang lumaban at nagbuwis ng kanilang buhay nang kubkubin ng pasistang pwersa ng 2nd Jungle Fighter Company na nasa ilalim ng kumand ng 85th IBPA, 201st Brigade at direktang pinamumunuan ng isang Captain Zander Khan Usman ang kanilang pansamantalang pahingahan sa sityo Umagos, Brgy. Camplora, San Andres, Quezon ganap na 2:45 ng hapon noong ika-7 ng Marso, 2017. Kasalukuyan noong nagsasagawa sila ng papulong sa mga residenteng magsasaka na may problema sa lupa at mga pagnanakaw ng kanilang hayop.

Sila ang tunay na Hukbo at bayani ng sambayanang Pilipino. Kahanga-hanga ang kanilang katapangan at kasigasigan. Ang kanilang buhay ay hindi kailanman nasayang at ang tinahak nilang landas ay paparisan ng daang libong kabataan ng kasalukuyang henerasyon. PS

# JOMAR “KA RORO” RESURECCION

*2017 Marso 7*
*Brgy. Camflora, San Andres, Quezon*



Pinakamataas na pulang pagpupugay at parangal ang ibinibigay sa kabataang si Jomar Resureccion aka Ka Roro ng probinsya ng Cavite. Siya’y kabataan na sa maagang panahon ng kanyang buhay ay nagpasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan at ilaan ang kanilang lakas at talino upang paglingkuran ang pambansa-demokratikong interes ng sambayanang Pilipino, laluna ng hirap, api at abang masang magsasaka at manggagawa.

Kasama niyang namartir sina Felicardo “Ka Japson” Salamat, Paul “Arki/Junpio” Aringo at Jeramie “Ka Ash” Garcia. Magiting silang lumaban at nagbuwis ng kanilang buhay nang kubkubin ng pasistang pwersa ng 2nd Jungle Fighter Company na nasa ilalim ng kumand ng 85th IBPA, 201st Brigade at direktang pinamumunuan ng isang Captain Zander Khan Usman ang kanilang pansamantalang pahingahan sa sityo Umagos, Brgy. Camplora, San Andres, Quezon ganap na 2:45 ng hapon noong ika-7 ng Marso, 2017. Kasalukuyan noong nagsasagawa sila ng papulong sa mga residenteng magsasaka na may problema sa lupa at mga pagnanakaw ng kanilang hayop. PS

# JERAMIE "KA ASH" GARCIA

*2017 Marso 7*
*Brgy. Camflora, San Andres, Quezon*



Pinakamataas na pulang pagpupugay at parangal ang ibinibigay sa kabataang si Jeramie Garcia aka Ka Ash ng probinsya ng Laguna.

Tahimik na bata, pero seryoso sa bawat paggampan — sa ganyan natin maaalala si Ka Ash. Hindi siya katulad ng ibang mga kasamahan niyang kabataan na kasing-edad niya na makulit. Bagama't tahimik at mahiyain, nagbabago ito sa bawat pagtatanghal niya kasama ang iba pang mga kabataan. Isa siyang manggagawang pangkultura sa rehiyon. Mahusay umarte, sumayaw at mag-awit-galaw, at sa pamamagitan nito mahusay ding nailalarawan ang tunay na kalagayan ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan at ang kanilang pakikibaka.

Sa isang pag-aaral sa kurso ng Partido, nangibabaw siya sa kanyang mga kamag-aral sa mga katangiang iyon. Noong tinatalakay ang tungkol sa digmang inilulunsad natin, makikita ang kanyang interes at ang pagsapol niya sa mga ugat ng rebolusyon, mararamdaman sa mga pahayag niya ang paghihimagsik, ang hangad niyang makapaglingkod sa sambayanan. Tiim-bagang siyang nagsalita, matibay ang paninindigan, puno ng pag-asa.

Kung kaya, hindi na nakapagtataka na sa maagang panahon ng kanyang buhay ay nagpasya na siyang sumampa sa BHB. Tinahak ni Ka Ash ang pinakamataas na antas ng pakikibaka, ang armadong pag-aambag at inilaan dito ang kanyang lakas, talino at maging ang kanyang buhay. Maiksi man ang panahon ng kanyang pagiging Pulang mandirigma matapos mamartir sa isang depensibang labanan, hindi matatawaran ang kanyang kadakilaan sa pag-aalay ng buhay alang-alang sa pagpapalaya ng sambayanan..

Kasama niyang namartir sina Paul Aringo aka Ka Arki/Ka Junpio, Jomar Resureccion aka Ka Roro. Magiting silang lumaban at nagbuwis ng kanilang buhay nang kubkubin ng pasistang pwersa ng 2nd Jungle Fighter Company na nasa ilalim ng kumand ng 85th IBPA, 201st Brigade at direktang pinamumunuan ng isang Captain Zander Khan Usman ang kanilang pansamantalang pahingahan sa sityo Umagos, Brgy. Camplora, San Andres, Quezon ganap na 2:45 ng hapon noong ika-7 ng Marso, 2017. Kasalukuyan noong nagsasagawa sila ng papulong sa mga residenteng magsasaka na may problema sa lupa at mga pagnanakaw ng kanilang hayop. PS

# CRISANTO "KA MARCO" SURION

*2018 Marso 29*
*Lopez, Quezon*



Maralitang magsasaka at maagap namulat sa nararanasang kahirapan ng lipunan si Kasamang Marco, Crisanto Surion sa tunay na pangalan. Mula Caramoan, Camarines Sur, pinalaki si Ka Marco ng kanyang ina na masipag, mapagpakumbaba at mapagmahal sa kanyang mga kapatid.

Musmos pa lamang ay nakaranas na ang kanyang pamilya ng kalupitan ng pasistang militar. Ito ang isa sa mga dahilan kung bakit niyakap ng kanyang nakatatandang kapatid ang armadong pakikibaka, na siya ring nakaimpluwensya kay Ka Marco. Wala pa man sa sapat na

gulang ay nagnanais na siyang maging BHB. Nangako siya sa sarili at sa mga kasama na pagtuntong niya ng disiotso ay magpupultaym siya sa BHB.

Habang naghihintay siya ng takdang panahon upang maging isang ganap na Hukbo ng mamamayan ay namasukan si Ka Marco bilang tindero sa *grocery store* at gumagampan ng mga gawain sa lokal upang mag-organisa ng mga kabataan at magsasaka. Hindi niya binigo ang mga kasama sa pangako niyang mag-BHB nang siya ay magdisiotso noong 2013.

Kilala si Ka Marco ng kapwa niya Pulang Hukbo na isang kasamang tahimik. Nagsimula sa paggampan ng mga gawaing teknikal at pagsama-sama sa ilang mga gawaing militar. Mula rito sa simpleng pagsama niya sa mga misyon, nakitaan ng potensyal si Ka Marco  at inihanay siya mga sasanaying Pulang kumander.

Pinadala siya sa isang malaking pagsasanay-militar kasama ang mga kapwa mag-aaral na Pulang mandirigma mula sa iba't ibang larangan ng Timog Katagalugan. Naging mahusay na estudyante si Ka Marco kung saan naging Top 1 siya sa isnayping. Pagkatapos ng nasabing treyning ay pinahusay pa siya ng mga karanasan niya sa pakikipaglaban, dahilan upang tagurian siyang 'Batang Kumander'.

Naging masikhay sa paggampan ng mga gawain si Ka Marco, mapagawaing militar o gawaing masa ay buong-sipag niya itong tinupad. Walang reklamo kahit  saan siya madestino, ang bawat takdang misyon ay tinatanggap niyang buong puso.

Bilang Hukbo ng mamamayan na naglilingkod para sa paglaya ng bayan ay hindi maiiwasan ang mga mararanasang suliraning personal at pampamilya. Bagama't naging bagahe ito sa isang panahon hindi ito naging sagabal sa mga misyon na hinawakan at tiniyak niya.

Sa loob ng halos limang taon na ibinigay ni Marco ang kanyang buong buhay sa rebolusyon ay maraming beses na rin siyang humawak ng mga matatagumpay na bira laban sa mga pasistang militar. Nakasama siya sa mga taktikal na opensiba na may mga espesyal na tungkulin, at nagawa niya ito nang buong husay.

Nakilalang kumander na tahimik, kalmado at matapang – mga mahahalagang katangian upang maging isang mahusay na kumander. Wika ng mga kasamang matagal at madalas niyang nakakasama sa mga gawaing militar, si Ka Marco ang taong hindi bumabalik sa mga kasama hangga't hindi natatapos ang misyon, anuman ang mangyari.

Samantala, hindi lang naman puro gawaing militar ang mga ginampanan ni Marco. Kumakanta rin si Ka Marco, dahil dito'y naging bahagi siya ng koro ng Pulang Bandila. Mataas ang pagpapahalaga sa pag-aaral kung saan napasama siya sa komite sa edukasyon at pagsasanay na nakapaloob sa seksyon sa pulitika ng yunit ng Hukbong Bayan.

Dahil sa kahusayan ni Ka Marco, marami ang sa kanya'y humahangang kasama na ibig siyang makarelasyon. Hanggang dumating din sa kanyang buhay ang maranasan at maramdaman na umibig at ibigin.

Ang nakilalang matapang at walang inuurungan ay nangatog din noong panahon na siya ay manliligaw sa kanyang magiging karelasyon. Ika nga niya "ngayon lang ako nakaramdam ng kaba." Kung sa dati'y tanging nakaalay ang kanyang buhay para sa bayan, natutunan din ni Kasamang Marco na ialay ang puso niya para sa taong kanyang minamahal.

Sa kabuuan ng kanyang karanasan sa pakikipaglaban ay may higit 20 taktikal na opensiba – atrisyon at anihilasyon – siyang tiniyak at may espesyal na ginampanan na karamihan ay matatagumpay na bira laban sa reaksyunaryong militar.

Sa huli niyang hinawakang misyon na ikinasawi niya at ng isa pang kasamang si July "Ka Voltaire" Elorde, maraming makukuhang aral ang mga Pulang mandirigma at kumander kung paano mas mahusay na panghawakan ang isang gawain. Ang nangyari kina Ka Marco ay nagpapaalala ng diwang mahigpit na pagtangan sa tungkulin, buhay man ay ialay, na marapat na isabuhay ng bawat rebolusyonaryo.

Ang lamig ng kanyang boses kapag kumakanta ay kahalintulad ng kanyang pagiging kalmado sa lahat ng bagay. Ang matatag niyang pagsusulong ng armadong pakikibaka ay sumasalamin sa tatag ng kanyang paggampan upang maisagawa nang mahusay ang bawat rebolusyonaryong tungkulin.

Sa loob ng limang taon, hindi matatawaran ang naiambag ng Batang Kumander sa armadong pakikibaka. Sa maagang yugto ng kanyang buhay-kabataan ay pinili niyang paglingkuran ang sambayanan, buhay man niya ay ialay.

Ang kanyang pagkawala ay hindi makapanlulumo sa mga kasama, sapagka't ang kanyang buhay na inialay para sa bayan ay upang magpalakas pa ng loob sa lahat ng rebolusyonaryong pwersa na labanan at talunin ang pasistang kaaway na nagpapahirap sa buong sambayanan.
PS

# JULY “KA VOLTAIRE” ELORDE

*2018 Marso 29*
*Lopez, Quezon*



Si July “Ka Voltaire” Elorde ay mula sa uring magsasaka, binata, tubong Brgy. Bulala, Sta. Elena, Camarines Norte. Sumampa siya sa BHB noong 2017 sa isang larangan sa Hangganang Quezon-Bicol hanggang sa kalaunan ay naitalaga sa isang yunit ng Apolonio Mendoza Command-BHB Quezon. Magiliw at palangiti si Ka Voltaire. Sa unang tingin sa kanya ay aakalaing tahimik siya, pero masayahin siya kapag nakakwentuhan. Masipag din siya sa gawaing kusina. Pangarap niyang maging kumander balang-araw, dahilan kaya hindi siya sumusuway sa mga atas. Mapangahas, malakas ang kanyang loob na sumubok ng mga bagay at gawain para sa pagpapaunlad ng kanyang sarili sa loob ng Hukbo. Sa loob ng dalawang taong pagiging mandirigma ng BHB ay ni hindi siya nakaisip na umuwi, hindi dinaanan ng krisis at buo ang loob na magtuluy-tuloy sa rebolusyon.

Sa huli niyang paggampan sa misyon bilang sinasanay na Pulang kumander na ikinasawi niya at ng kanyang opisyal na si Crisanto “Ka Marco” Surion, maraming mahahangong aral ang mga Pulang mandirigma at kumander kung paano mas mahusay na panghawakan ang isang gawain. Ang nangyari kina Ka Marco at Ka Voltaire ay nagpapaalala ng diwang mahigpit na pagtangan sa tungkulin, buhay man ay ialay, na marapat na isabuhay ng bawat rebolusyonaryo. PS

# ROMMEL “KA TOTOY” AGUADO

*2018 Hulyo 27*
*Brgy. Montes Kallagan, Atimonan, Quezon*



*“Namulat ako nang mapasama sa pag-aaral at naitayo ang aming unyon. Napasali ako sa kilusang lihim noong Agosto 4, 2015. Mula noong mapasali ako sa unyon ay tuluy-tuloy ang pagsama ko sa mga pagkilos at hindi ako nanlamig. Gusto kung pumunta sa kanayunan , unang-una ay nakikita ko sa TV, naririnig sa radyo ang mga kabulukan na ginagawa ng gobyerno at dahil sa pag-aaral ay lalong nadagdagan ang aking kaalaman tungkol sa kabulukan ng gobyerno. Inihahanda ko ang aking sarili hindi lamang sa pansariling interes, gusto ko pang mapaunlad ang sarili para mai-share at mapalaganap ang paglaban, gusto ko rin na ibahagi ang aking buhay para sa ipinaglalaban ng ating mga kasama at sambayanan”*

Si Rommel "Ka Totoy" Aguado, 36 taong gulang, binata, dating manggagawa, taga-Brgy. Natividad, Lambunao, Iloilo. Sumampa siya sa hukbong bayan noong Hulyo 2016 sa isang larangan sa hangganang Quezon-Bicol. Isang engkwentro ang naganap sa Brgy. Montes Callagan, Atimonan, Quezon sa pagitan ng AFP at BHB noong Hulyo 27, alas-5 ng hapon kung saan siya namartir.

Pulang saludo at pinakamataas na pagpupugay ang iniaalay ng Revolutionary Council of Trade Unions – National Democratic Front of the Philippines – Southern Tagalog (RCTU-NDFP-ST) kay Rommel "Ka Totoy" Aguado, isang manggagawa na namulat sa hindi makataong pagtrato at matinding pagsasamantala ng kapitalista. Naging katuwang siya sa pagbubuo ng mga unyon ng manggagawa at namuno sa kanilang welga sa isang pabrika sa rehiyon. Noong Hulyo 21, 2016, niyakap niya ang armadong pakikibaka at naging mandirigma hanggang sa ialay ang kanyang natatanging buhay sa armadong rebolusyon para sa pagpapalaya ng bayan.

Si Rommel o Ka Totoy ay ipinanganak noong Setyembre 10, 1989. Ang kanyang pamilya ay mula sa uring magsasaka. Siya ay ulila na sa magulang. Anim silang magkakapatid na pawang may pamilya na. Mula pagkabata ay sa kanilang bayan siya lumaki kasama ng kanyang pamilya. Nakatuntong siya ng isang taon sa kolehiyo pero dahil sa kakapusan sa pinansya ay huminto sa pag-aaral. Umalis siya sa kanilang probinsya upang maghanap ng trabaho. Nakarating siya sa Laguna at dito nakakuha ng trabaho sa isang pagawaan sa loob ng engklabong industriyal bilang kontraktwal na manggagawa.

Bilang manggagawa, dinanas niya ang matinding kapitalistang pagsasamantala sa kagaya niyang isang manggagawang kontraktwal sa ilalim ng iskemang *labor flexibilization* na pinatindi pa ng mga dikta ng neoliberal na patakaran ng imperyalistang globalisasyon gaya ng Two-Tiered Wage System para maipako sa napakababa ang *minimum wage*, No Union No Strike Policy sa mga engklabo, at Tripartite Industrial Peace Council – Manifestos of Commitment na sa esensya ay kolaborasyon ng AFP, PNP, mga kapitalista, gobyerno at mga ahensya nito tulad ng Department of Labor and Employment (DOLE) upang busalan ang bibig ng mga manggagawa at pigilan sa kanilang pag-oorganisa. Para kay Kasamang Totoy at sa kapwa niya manggagawa, hindi naging hadlang ang mga ito. Nag-organisa sila at nagtayo ng unyon kahit mga kontraktwal at matagumpay nilang naipanalo ito.

Malinaw kay Kasamang Totoy na hindi lang welga ang kailangan para baguhin ang lipunan at wakasan ang pagsasamantala ng kapitalista. Makalipas ang ilang buwan nilang pagsasagawa ng welga, nagpasya si Kasamang Totoy kasama ang iba pang manggagawa na tumungo sa kanayunan at sumapi sa BHB.

Halos eksaktong dalawang taong kasalamuha ng masang magsasaka at mamamayang minorya sa kanayunan si Kasamang Totoy. Masikhay siyang gumampan sa mga gawain sa loob ng Hukbo. Mahusay siyang gumampan bilang opisyal sa lohistika sa isang yunit ng Hukbo at

naging mahigpit na katuwang sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga masa sa eryang kanyang kinilusan. Siya ay magiliw, mabait at mapagmahal sa kanyang kapwa Pulang mandirigma at sa masa. Sa gitna ng tumitinding atake ng rehimeng US-Duterte laban sa PKP-BHB, ipinakita niya ang kanyang katapangan at mataas na diwa upang biguin ito. Nagsilbing inspirasyon ito sa kanyang kapwa mandirigma at opisyal ng BHB para magpatuloy sa kanilang laban at hawakan nang mahigpit ang kanilang sandata.

Sa loob ng halos tatlong taong pagkilos ni Kasamang Totoy, hindi kailanman nagmaliw ang kanyang katapatan sa masa at sa buong rebolusyonaryong kilusan. Ipinakita niyang handa niyang ialay ang kanyang buhay alang-alang sa interes ng mamamayang inaapi't pinagsasamantalahan ng naghaharing uri sa loob at labas ng bansa.

Malaking hamon sa uring manggagawa na higit pang paramihin ang kasapian ng BHB at pamunuan ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa makamit ang ganap na tagumpay. Hindi malalagot ang tanikala ng pagkaalipin sa loob ng mga pagawaan hangga't hindi naibabagsak ang reaksyunaryong estado na nagpapanatili ng kapitalista at neoliberalistang pagsasamantala sa uring manggagawa. Hindi masasayang ang kanyang inialay na buhay, ang kanyang nasimulan at naiwan na sandata bagkus susundan at tatanganan ito ng mas marami pang manggagawa at demokratikong uri sa lipunang Pilipino upang wakasan ang kahirapan sa bansa. Sumapi sa BHB at kamtin ang mas malalaki pang tagumpay tungo sa pagkakapatas at ganap na paglaya ng mga uring inaapi! Mag-ambag para sa paghawan ng landas tungo sa isang sosyalistang kaayusan! Ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyong bayan! PS

# KA ROCKY/MALVAR

*2019*
*Quezon*

# KA RAMIL

*2019*
*Quezon*

# RYAN “KA REYMART” NORIESTA

*2020 Marso 31*
*Gumaca, Quezon*

Tunay na anak ng bayan at responsableng anak, yan ang katangi-tanging pagkakakilanlan ni Kasamang Ryan “Ka Reymart” Noriesta, 27 taong gulang, mula sa uring magsasaka sa Brgy. Cawayan, Gumaca, Quezon. Namartir si Ka Reymart sa labanan sa bayan ng Gumaca noong Marso 31, matapos tusong atakehin ng 59th IBPA ang yunit ng BHB na naghahanda para sa paggunita sa ika-51 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Bago maging kasapi ng Bagong Hukbong Bayan si Ka Reymart, likas na sa kanya ang maging responsable sa kanyang mga magulang at pamilya. Wala siyang ibang inisip kundi papaano mabubuhay ang kanyang pamilya sa araw-araw. Nagtrabaho siya sa kalunsuran at nakipagsapalaran para sa kakarampot na kita na makukuha niya bilang manggagawa. Ngunit dahil sa hirap ng buhay, pinili muli nitong bumalik sa probinsya at dito na magbuo ng sarili niyang pamilya. Mula pagkabata, mataas na ang pagkilala ni Ka Reymart sa rebolusyonaryong kilusan sa lalawigan. Kaya kahit gaano man kalayo ang mga kasama ay pilit siyang sisipot para sa mga gawaing iniaatas sa kanya ng mga kasama.

Bago siya sumampa bilang Hukbo noong Marso 2019 ay ipinabenta niya sa kanyang mga magulang ang kanyang dalawang *power saw* at buong ibinigay ang pinagbentahan nito sa kanyang magulang. Alam niya at unawa ni Ka Reymart na mas kailangan ng kanyang pamilya ang pera para maging puhunan.

Nabitbit din ni Ka Reymart ang pagiging responsable sa loob ng yunit ng Apolonio Mendoza Command. Naitalaga siya bilang S4 o *logistic officer*. Maalalahanin at tinitiyak niyang nakakakaing mabuti at sapat-sapat ang mga panustos na nabibitbit ng mga kasama. Wala siyang atas na tinanggihan at hindi natapos sa loob ng yunit.

Nakalahok din sa nagkakailang mga aksyong militar si Ka Reymart, tulad ng TO na inilunsad ng yunit sa bayan ng Lopez at Macalelon noong taong 2019. Katulad ng iba pang mga kasamang martir, hindi malilimutan ng masa si Ka Reymart dahil sa pagiging maasikaso, magalang at tapat na Hukbong Bayan. Bago namartir si Ka Reymart ay isa siyang sinasanay na *vice* iskwad lider. Hindi malilimutan ng sambayanan ang isang responsable, maalalahanin at matapang na anak ng bayan na katulad ni Ka Reymart. Mananatili ka sa puso’t isipan ng mamamayang inaapi at pinagsasamantalahan. Hindi matatawaran ng kahit anumang bagay sa daigdig ang naiambag ni Ka Reymart sa rebolusyon. PS

# ARGIE “KA ANGEL” CASINILLO

*2020 Abril 1*
*So. Puting Bato, Brgy. Whitecliff, San Narciso, Quezon*

Pinakamataas na pagpupugay ang iginagawad ng Apolonio Mendoza Command - Bagong Hukbong Bayan (BHB-Quezon) kay Argie "Ka Angel" Casinillo, at sa lahat ng mga rebolusyonaryong bayani na nagbuwis ng buhay para sa sambayanan. Gaano man kahaba ang paglalakbay, ulan, init, hirap, gutom — buhay at sakripisyo man ay palaging handang iaalay ng mga Pulang mandirigma ng BHB sa sambayanang Pilipino.

Ang mga dakilang martir ng rebolusyon at ang kanilang walang imbot na paglilingkod sa Partido at sa mamamayan ay nagsisilbing inspirasyon sa masa at mga kasama. Tulad ng kasabihan na “ang mamatay nang naglilingkod para sa inaaping sambayanan ay kasimbigat ng bundok Tai at ang mamatay na naglilingkod sa kaaway o naghaharing uri ay kasinggaan lamang ng balahibo”, kasimbigat ng bundok Sierra Madre ang kamatayan ni Ka Angel.

Ubos-kayang ginagampanan ng Bagong Hukbong Bayan ang mga mahalaga at mapanganib na mga gawain para sa masang anakpawis sa lalawigan, buhay man ay ialay. Sa anyo ng paghahatid ng mga serbisyong panlipunan tulad ng libreng serbisyong medikal at iba pang sosyo-ekonomikong gawain tugon sa kahilingan ng mamamayan, mayroon man o walang *ceasefire*. Seryoso at tapat na tumatalima ang mga Pulang kumander at mandirigma sa pagrespeto sa internasyunal na makataong batas at paggalang sa karapatang pantao.

Sa kabila nito walang pakundangang hinahalihaw, tinatakot at lumilikha ng *trauma* sa masang anakpawis sa lalawigan ang mga pasistang tropa ng AFP-PNP ng rehimeng US-Duterte sa anyo ng mala-*martial law* na *lockdown* at *enhanced community quarantine* na sinasakyan ng mga militar. Malayo sa tunay layunin nito sa paglutas at pagsupil sa lumalaganap na krisis pangkalusugan kung hindi upang gipitin, harangin ang pagkain at blokeyo sa ekonomya at kontrolin ang galaw ng sambayanan.

Sa likod ng maskara ng *unilateral ceasefire* lantarang naglulunsad ng *focused military operations* ang AFP-PNP sa tono ng madugong kampanyang kontra-insurhensya laban sa PKP-BHB. Walang ibang biktima ang malawakang operasyong kombat ng mga reaksyunaryong sundalo kung hindi ang mga maralita sa kanayunan.

Kahit sa panahon ng sarili nilang *ceasefire*, inatake ng AFP ang yunit ng BHB na nagresulta sa isang labanan noong Abril 1, 2020 sa So. Puting Bato, Brgy. Whitecliff sa bayan ng San Narciso. Sa labanang ito namartir si Argie "Ka Angel" Casinillo.

Tubong Masbate ang pamilya ni Ka Angel. Si Ka Angel 28 taong gulang, binata at ipinanganak sa bayan ng San Francisco, Quezon, ay nagmula sa uring magsasaka. Batid niya ang kalagayan ng mga maralita sa bayang sinilangan at na patuloy na nakagapos sa malapyudal na pagsasamantala ng mga nahaharing uri. Sa kabila ng problemang dinanas ni Ka Angel dahil sa mga gawa-gawang kasong ipinataw sa kanya ng mapanupil na estado, nagpursigi siyang hanapin ang daan tungo sa landas ng armadong paglaban. Bagama't maiksing panahon lamang nakasama sa yunit ng BHB si Ka Angel, sa unang linggo pa lamang ng pamamalagi sa loob ng Hukbo ay nakitaan na si Ka Angel ng inisyatiba sa paglahok sa mga gawain tulad ng gawaing produksyon upang ibangon ang kabuhayan ng mga magniniyog na pinadapa ng nagdaang bagyong Tisoy na sumalanta sa lalawigan noong Disyembre 2019.

Aktibo siya sa paglahok sa mga arawang gawain ng Hukbo. Masikhay sa pagdalo sa mga pag-aaral at pagsasanay-militar at sa mga talakayan at pampulitikang gawain ng yunit. Maalalahanin siya sa masa at kasama. Tumutupad siya sa disiplina at proletaryong aktitud na itinuro ng BHB. Bukambibig din niya sa mga kasama at masa na ang pagtangan ng baril ay upang iputok ang makatwirang hustisya na dudurog sa mga abusadong armadong pwersa ng reaksyunaryong estado at sa bawat punglo ay katumbas ng pagtatanggol sa masa. Sa loob ng hukbo ay higit na naunawaan ni Ka Angel ang dahilan ng mala-impyernong kalagayan ng magsasaka sa Hacienda Belt at mayamang sakahan ng Bondoc Peninsula na pinaghaharian ng mga despotikong panginoong maylupa.

Hindi sa pagkamatay ng mga Pulang mandirigma hihinto ang rebolusyon at takbo ng digmaan. Tiyak na higit na malaki pa ang magagawang kabayanihan at pagsasakripisyo ng Bagong Hukbong Bayan. Marami pa ang sisibol at yayabong na mga katulad nilang bayani mula sa uring anakpawis na patuloy na lalahok sa gerang magsasaka. Mamumukadkad at mamumulat sa ganap na kahulugan ng makauring digmaan na inilulunsad ng mamamayan sa pangunguna ng Bagong Hukbong Bayan sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas. PS

# EDUARDO “KA RESTY” TORRENUEVA

*2021 Pebrero 5*
*Brgy. Masaya, Buenavista, Quezon*

Si Ka Resty ay 22 taong gulang na ipinanganak noong Mayo 18, 1998 sa Barangay Libertad, bayan ng Hilongos sa lalawigan ng Leyte. Bata pa lamang ay tumutuwang na si Ka Resty sa kanyang mga magulang sa paghahanapbuhay kagaya ng pakikipagkoprahan sa kanilang lugar. Dahil sa kanyang murang edad, hindi niya kinayang makipagsabayan sa pagtatrabaho ng mga matatanda na ang kairalan sa kanilang lugar ay inaakyat ang puno ng niyog para makuha ang bunga na kokoprahin. Dahil sa kahirapan, sa edad na 14 taon ay nagpasya siyang makipagsapalaran sa Maynila para makatulong sa kanyang mga magulang at mapag-aral ang mga kapatid. Namasukan siya sa iba't ibang klaseng trabaho.

Tinatawanan na lamang niya ang mga naging karanasan sa mga trabahong ito habang ikinikwento sa mga kasama tulad na lang nang magtrabaho siya sa barbekyuhan, dahil sa nahihirapan na siyang magtuhog ng karneng iihawin, inilipat siya sa paggawa ng sarsang sawsawan. Natanggal siya sa trabaho dahil hindi daw masarap ang pagkakatimpla. Pagkatapos noon ay namasukan naman siya sa isang karinderya bilang *delivery boy*. May pagkakataon na tinanong siya ng may-ari kung bakit pulang-pula ang mukha habang may sunong na lutong ulam, yun pala ay nabuhusan siya ng mainit na sabaw ng idedeliber na ulam. Nagtinda siya ng DVD sa bangketa, nagconstruction worker, namasukan sa pagawaan ng kaldero at ilan pang di na mabilang na trabaho ang kanyang pinasukan.

Isang responsableng anak at kapatid si Ka Resty sa kanyang pamilya, sa bawat kinikita niya hindi niya nakakalimutan na magpadala sa kanyang mga magulang at kapatid bilang pangtustos sa pag-aaral. Tiniis ang mapalayo at hirap ng palipat-lipat ng trabaho para sa pamilya.

Dahil sa sistemang kontraktwalisyon, sa dami ng pinaglipat-lipatang trabaho ni minsan ay hindi nito naranasan ang magkaroon ng regular na trabaho. Pagkatapos ng kanyang kontrata ay maghahanap at pipila na naman siya para mag-apply at makakuha ng panibagong trabaho. Dito niya rin naranasan ang pang-aapi at pagsasamantala ng kanyang mga naging amo, mga kapitalista at mismong mga kontra-manggagawang mga patakaran ng reaksyunaryong gobyerno.




Lalo niya itong naunawaan nang mamasukan siya bilang kontraktwal na manggagawa sa isang pagawaan sa Laguna. Pinili ni Ka Resty na unawain ang totoong kalagayan ng mga manggagawa. Dumalo siya sa mga pag-aaral ng mga karapatan ng mga manggagawa at mula doon ay naunawaan niya ang pambubusabos at pagsasamantala ng mga kapitalista kasabwat ang mga ahensya ng reaksyunaryong gobyerno sa mga manggagawa kagaya ng napakababang sahod, walang benepisyo at walang seguridad sa trabaho.

Mula doon ay namulat siya sa tunay na kalagayan. Kaya't nagpasya siya na ipaglaban ang sahod, trabaho at karapatan ng mga manggagawa. Isa siya sa naging bahagi ng pagbubuo ng pagkakaisa ng mga kontraktwal na mga manggagawa sa kanilang pabrika para ipaglaban ang regularisasyon sa trabaho.

Lumahok si Ka Resty sa inilunsad na welga ng kanilang unyon. Kagaya ng kanilang inaasahan ay naging malupit ang pandarahas ng kapitalista gamit ang kanyang mga bayarang *goons* kasabwat ang DOLE, NLRC, LGU, PNP at AFP sa pagbuwag sa hanay ng nagkakaisang mga manggagawa. Sa kabila ng panggigipit at pandarahas, hindi tumigil si Ka Resty at kanyang mga kasama na ipaglaban ito.

Habang patuloy nilang ipinaglalaban ang kanilang mga karapatan ay napilitan si Ka Resty na mamasukan muna bilang *construction worker* para hindi maputol ang kanyang pagpapadala ng tulong sa kanyang mga magulang at mga kapatid.

Hindi rin tumigil si Ka Resty sa pag-alam ng tunay na kalagayan at paano ito mababago. Natuklasan niya na hindi lang pala ang mga katulad niyang manggagawa ang inaapi at pinagsasamantalahan kundi ang malawak na mamamayan. Natuklasan niya na hindi lamang pala ang ilang ahensya ng gobyerno ang nang-aapi at nasasamantala kundi ang mismong reaksyunaryong gobyerno. Natuklasan niya na hindi lamang ang sistema sa kanilang pagawaan ang bulok at kailangang baguhin kundi ang buong sistema. Natuklasan niya din ang armadong pakikibaka.

Sa pag-unlad ng kanyang kamulatan, Marso 2020 ay nagpasya siya na tumungo sa kanayunan at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Si Kasamang Resty ay lagi't laging maaalala ng mga kasama at ng masa sa kanyang sigla bilang BHB, dedikasyon at kasigasigan sa paggampan ng gawain. Taglay niya ang katapangan mula sa kanyang pagkakaunawa sa paninindigan at prinsipyo ng pagrerebolusyon.

*Abai*, hinding-hindi ka malilimutan ng mga kasama at ng malawak na sambayanang iyong pinaglingkuran. Mananatili ang iyong mahahalagang ambag sa pagsulong ng rebolusyon at magiging inspirasyon namin at ng malawak na mamamayang api para ibayo pang kumilos, lumaban at ipagpatuloy ang iyong naiwanang tungkulin hanggang sa tagumpay. PS

# RONEL “KA MICHAEL” BATARLO

*2021 Pebrero 5*
*Brgy. Masaya, Buenavista, Quezon*

Dakila ang buhay na inialay ni Ka Marwin/Michael para sa bayan. Naglalakbay sila patungo sa aping mamamayan sa mga liblib na komunidad ng Quezon nang makaengkwentro nila ang berdugong 85th IBPA. Magiting na lumaban ang mga kasama hanggang sa magbuwis ng buhay si Ka Marwin.

Si Ka Marwin, 31, ay ipinanganak sa So. Tagbibituin, Brgy. Malabahay, Macalelon, Quezon. Mula sa uring magsasaka, saksi at danas niya ang pang-aapi at pagsasamantala ng panginoong maylupa at mga komersyante-usurero sa kanilang lugar at ang karahasan ng mga armadong pwersa ng estado. Isa siyang mapagmahal at responsableng anak sa kanyang pamilya. Kinalakhan niya ang pakikibaka ng kanyang pamilya sa lupa at ang pagharap sa panunupil at karahasan ng mga sundalo—kalagayang nagbunsod sa kanyang pagkamulat hanggang sa magpasya siyang lumahok sa rebolusyon.

Isang mahusay at huwarang kabataang magsasaka, kinikilala si Ka Marwin ng kapwa niya kabataan kaya siya inihalal bilang tagapangulo ng balangay ng Kabataang Makabayan sa kanilang lugar. Iminulat at inorganisa niya ang mga kabataan para sa kanilang kagalingan. Lumahok sila sa mga kampanya ng rebolusyong agraryo (RA) upang igiit ang pagpapataas ng presyo ng kopra at pagbabago ng partehan sa lupa.

Bilang kalihim ng sangay ng Partido sa lokalidad, marubdob niyang nilabanan ang pyudal na kaisipang ikinintal sa kanila ng PML na "kung wala ang may-ari ng lupa, walang ni anuman ang magsasaka.” Isa siya sa mga lider na nangunang baklasin ang kaisipang ito at naging paraan upang maorganisa ang kapwa niya magniniyog at kabataan sa iba pang mga baryo. ‘Di nagtagal, naging kalihim siya ng Komiteng Seksyon.

Isang mapangahas na kasapi ng Milisyang Bayan si Ka Marwin. Naglingkod siya bilang giya, tagapag-ulat at taguyod ng mga yunit ng AMC para ligtas na makapagmaniobra ang mga kasama upang iwasan ang  mababagsik na operasyong militar ng kaaway. Lumahok din siya sa mga taktikal na opensiba ng BHB Quezon bilang bahagi ng kanyang pagsasanay-militar. Mula sa mga karanasang ito, nagkaroon siya ng kumpyansa para pangunahan at pamunuan ang mga atrisyong inilulunsad ng Milisyang Bayan laban sa mga nag-ooperasyong sundalo.




Buung-buong niyakap ni Ka Marwin ang armadong pakikibaka at sumapi sa BHB noong 2018 sa isang yunit ng Apolonio Mendoza Command sa Quezon.

Sa kanyang ilang taong paggampan ng gawain bilang BHB, nagpamalas siya ng mga katangi-tanging kakayahang mamuno sa mga gawain pampartido at pangunahan ang mga inilunsad na mga taktikal na opensiba sa mga bayan ng Macalelon, Lopez, San Francisco at San Narciso.

Walang atas na tinanggihan at matapang niyang hinarap ang lahat ng balakid at sakripisyo sa kanyang mga gawain. Isa siyang kadre ng Partido na mahusay hindi lamang sa gawaing militar kundi maging sa gawaing propaganda, edukasyon at pagsusulong ng rebolusyong agraryo at pag-oorganisa. Hindi kayang tawaran ang naging ambag ni Ka Marwin para sa pagpupundar at pagpapalakas ng rebolusyonaryong kilusan sa South Quezon Bondoc Peninsula. Kagawad ng Komiteng Probinsya ng Partido si Ka Marwin at tumatayong platun lider nang siya ay mamartir sa isang labanan noong Pebrero 5, 2021 sa Buenavista, Quezon.

Hindi malilimutan ng masa ang masayahin, matapang, at mapagkumbabang si Ka Marwin. Inspirasyon siya ng sambayanan para lalong paigtingin ang pakikibaka para sa pambansang pagpapalaya laban sa mga naghaharing uri at mga dayuhan.

Hindi masasayang ang pagbubuwis ng buhay ni Ka Marwin. Patuloy na lilitaw ang mas marami pang Pulang mandirigma mula sa hanay ng uring magsasaka na matapat na pinag-alayan ni Ka Marwin ng kanyang kaisa-isang buhay. PS

# FERNANDO “KA ELEVEN” ANDA, JR.

*2021 Oktubre 11*
*Brgy. Recto, General Luna, Quezon*

Nabawasan ng matapang at magiting na Pulang kumander ang BHB sa larangan ng South Quezon-Bondoc Peninsula. Nanawagan kami sa lahat ng kauring magsasaka ni Ka Eleven at iba pang inaaping mamamayan na tahakin ang armadong landas at punuan ang nabakanteng rebolusyonaryong tungkulin niya.

Namartir sa isang labanan si Fernando Anda, Jr, kilalang si Ka Eleven sa rebolusyonaryong kilusan noong ika-11 ng Oktubre, 2021 sa Barangay Recto, General Luna.

Si Ka Eleven ay tubong-Lopez, Quezon at mula sa mababang panggitnang saray ng uring magsasaka. Namulat si Ka Eleven sa tulong ng kanyang mga kaanak at ng BHB na nakakasalamuha niya sa kanilang baryo. Kabilang siya sa mga bagong henerasyong iniluwal ng mayamang kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa probinsya kung saan daan-daang magsasaka ang sumasapi sa BHB at nagsusulong ng armadong pakikibaka.

Naging kasapi si Ka Eleven ng Kabataang Makabayan noong 2005. Masikhay siyang naglingkod at gumampan ng tungkulin para suportahan ang pakikidigmang gerilya ng BHB. Pagsapit ng Agosto 2017, nahirang siyang punong kumander ng Yunit Milisyang Bayan (YMB) sa kanilang lugar. Pinangunahan niya ang pagrerekrut ng mga bagong kasapi ng YMB, paglahok sa mga pagsasanay-militar at pagkumbinsi sa kapwa niya magsasaka na sumanib at sumampa sa BHB.

Noong Hunyo 2018, nagpultaym siya sa BHB. Bilang Pulang mandirigma, kinakitaan siya ng kasigasigan, katapangan at inisyatiba. Dahil dito, mabilis siyang umunlad hanggang sa maging kadreng panlarangan ng Partido at platun kumander ng BHB. Kabilang siya sa mga Pulang kumander na humawak sa mga taktikal na opensiba sa gitna ng pananalasa ng *focused military operations* sa larangan.

Si Jay-ar ay ipinanganak noong ika-30 ng Marso, 1989 sa bayan ng Lopez. Nagmula siya sa rebolusyonaryong pamilya ng uring magsasaka. Ang kanyang ama ay kilalang lider-rebolusyonaryo sa lokalidad at kabilang sa mga masigasig na kumilos sa panahon ng pagpupundar ng armadong kilusan sa SQBP noong dekada 1980.

Responsableng anak si Jay-ar sa kanilang pamilya. Hindi niya natapos ang elementarya dahil maaga na siyang sumabak sa gawain sa bukid. Bago siya nagpultaym at noong kasiglahan ng paggampan niya ng gawain sa baryo, naisasabay niya ang paghahanapbuhay para makatuwang sa pagtataguyod ng kanilang pamilya.

Bukod sa pagiging magsasaka sa niyugan, pinasok ni Jay-ar ang iba't ibang trabaho kaya may mga panahong nakapangibang-bayan siya.

Noong Hunyo 2018, nagdeklara siyang kumilos nang buong panahon sa yunit ng Bagong Hukbong Bayan. Itinulak ito ng mainit na panawagan ng kilusang pagwawasto sa pangangailangang ang mga rebolusyonaryong pwersa sa lokalidad ay lumahok sa armadong pakikibaka at humawak ng mas malalaking tungkulin lampas at labas ng kanilang mga baryo. Sila ni Ka Marwin, na isa na ring martir, ang kabilang sa tumugon sa panawagang ito.

Maiksi ngunit makabuluhan ang mahigit tatlong taon na pagseserbisyo ni Ka Eleven sa Bagong Hukbong Bayan at aping magsasaka sa kanayunan ng SQBP. Tinupad niya ang sumpang buhay man ay ialay para sa bayan, at ito ang naghatid sa kanya para mapabilang sa dambana ng mga bayani ng rebolusyong Pilipino.

**Si Kasamang RB**

Mga magulang at kapatid ni Jay-ar ang mismong nagmulat at nag-organisa sa kanya, kasabay nito ay nakasalamuha niya ang BHB sa murang edad. Sabi niya sa kanyang rebolusyonaryong talambuhay, "sumasamâ ang loob ko sa pananabik sa mga kasama kapag matagal ko silang hindi nakikita dahil hindi napapadaan sa lugar namin."

Taong 2005 nang marekrut siya sa Kabataang Makabayan. Dahil menor de edad pa hinding-hindi siya mapahintulutang bigyan ng armadong tungkulin sa BHB. Gayunman, ipinakita ni Jay-ar bilang aktibistang kabataan na walang malapit o malayo, walang magaan o mabigat, at walang maliit o malaking tungkulin basta ito ay para sa pagtataguyod sa Bagong Hukbong Bayan.

Hindi niya makakalimutang karanasan bilang aktibistang kabataan nang minsang masalubong siya ng nag-ooperasyong sundalo habang may dala-dalang isang sakong dahon ng gabi na panggulay ng BHB. Dahil likas na matalino at mabilis mag-isip, nalusutan niya ang mga sundalong nag-imbestiga sa kanya.

Taong 2016 na nang muling masumpungan ng yunit ng BHB si Jay-ar na noon ay kababalik mula sa pagtatrabaho kung saan-saang lugar. Walang pagdadalawang-isip na muli siyang nag-aktibo, na noo'y gumamit ng pangalan sa pakikibaka na Ka RB. Dito na siya magiging bantog na pwersa ng rebolusyon sa lokalidad.

**Kumander ng Milisyang Bayan**

Noong Agosto 2017, nanguna si Ka RB sa pag-oorganisa sa kanilang baryo para mapagtapos ng Batayang Kursong Pulitiko-Militar ang mga kapwa niya Milisyang Bayan. Nahirang na punong kumander si Ka RB ng laking platun na Yunit Milisyang Bayan.

Nanguna si Ka RB sa pagrerekrut ng mga bagong kasapi ng YMB at tumulong siyang magmulat at mangumbinse ng mga magsasakang sasanib at sasampa sa BHB. Lalong sumigla ang rebolusyonaryong gawain sa kanilang lokalidad sa paglahok ng masa sa pakikidigmang gerilya.

Ang pamumuno ni Ka RB ay mahusay niyang naisasagawa sa pagiging mahusay na ehemplo sa anumang gawain. Sa kabila ng mababang literasiya, ipinakita niya sa kapwa rebolusyonaryo na kaya niyang manguna sa pagpapatakbo ng mga pulong, pakikipagtalakayan, pagbibigay ng pag-aaral at pag-oorganisa ng komprehensibong gawain sa lokalidad.

**Rebolusyonaryong Pag-aambag**

Kadreng panlarangan ng Partido Komunista ng Pilipinas at platun kumander ng Bagong Hukbong Bayan si Ka Eleven nang siya ay mamartir.  Mabilis ang naging pag-unlad ni Ka Eleven bilang kadre ng Partido at kumander ng Hukbong Bayan sa maiksing tatlong taon ng kanyang pagiging pultaym na gerilya ng Apolonio Mendoza Command. Maraming taktikal na opensiba at aksyong militar ang sinamahan at pinangunahan ni Ka Eleven.

Mahalaga ang naging papel ni Ka Eleven sa panahon ng pananalasa ng kontra-rebolusyonaryong gera ng rehimeng Duterte. Isa siya sa mga Pulang kumander ng Apolonio Mendoza Command na hindi napapagod mag-isip kung papaano haharapin ang napakahigpit at napakabangis na *focused military operations* ng JCP-Kapanatagan.

Isang karanasang hindi makakalimutan ang pangunguna niya kasama ang iba pang kumander na maitawid sa ilog ang yunit na napalaban sa kasagsagan ng pursuit operations at bagyo. Laging maaalala ng mga kasama ang larawan ni Ka Eleven na nakatayo sa gitna ng kawayang ginawang tulay para isa-isang itawid ang mga BHB sa malaking ilog.

**Kuwentong Barbero**

Ang matapang at magiting na kumander ay isa ring mahusay na barbero. Bahagi ng serbisyo ng yunit ng BHB ang libreng gupit sa masang magsasaka. Isang bagay itong tatatak sa isipan ng mamamayan ng SQBP na nakasalamuha si Ka Eleven.

Bawat kasama, bawat masa ay siguradong may kanya-kanyang masayang kuwento tungkol kay Ka Eleven. Natural siyang komikero, mahusay na impersonator o manggaya ng boses at galaw ng mga tao, napakasarap magluto at sa panahong malakas ang loob niyang magtalumpati sa mga programa, siguradong pasasayahin niya ang mga tagapakinig. Mahilig rin siyang kumanta kahit laging mali ang kanyang lyrics.

Si Ka Eleven ang Pulang kumander na mahinahon, simpatiko, maalalahanin at laging magiliw sa kasama at masa.

Malaking kawalan si Ka Eleven sa rebolusyonaryong kilusan ng South Quezon-Bondoc Peninsula at buong rehiyon. Ipinagdiriwang ng mamamayan ang buhay-at-kamatayang pakikibaka ni Ka Eleven, kasabay nito ay nagngingitngit ang rebolusyonaryong kilusan sa kaaway. Lahat tayo ngayon ay nakakuyom ang kamao at nagpupuyos ang galit laban sa mga kaaway ng rebolusyon.

Patuloy lamang mabibigyang kabuluhan ang rebolusyonaryong pag-aambag ni Ka Eleven kung ipapagpatuloy rin ng kanyang naulilang masang magsasaka at iba pang inaaping uri ang naputol niyang armadong pag-aambag. PS

# RHODERICK “KA GUMA” SINAS

*2021 Nobyembre 12*
*Brgy. Gitnang Barrio, Gumaca, Quezon*

*“Ang pagpapatibay sa patuloy na puspusang sakripisyong pakikibaka ay iyong tuluy-tuloy pa ding [rebolusyonaryong] pag-aaral.”*

Nagdadalamhati ngayon ang buong rebolusyonaryong mamamayan ng lalawigan sa pagkamartir ni Rhoderick "Ka Guma" Sinas, bayani ng uring proletaryado at karamay ng uring magbubukid sa lalawigan.

Si Ka Guma ay nasawi sa isang engkwentrong labanan noong Nobyembre 12, 2021 sa Barangay Gitnang Barrio, Gumaca ganap na 9:30 ng gabi.

Hindi kayang tumbasan ng kahit anumang bagay sa daigdig ang mga naging ambag at aral na ibinahagi niya sa mga kasama at masang magsasaka. Sa limang taon ng kanyang pagkilos bilang Pulang mandirigma at kumander, nagpamalas siya ng hindi matatawarang katatagan at tapang sa pagharap sa krisis, sakripisiyo, hanggang sariling buhay ay kanyang ialay.

Tulad ng iba pang mga manggagawa sa kalunsuran, naranasan niya ang  pagsasamantala sa loob ng pabrikang pinasukan. Nasaksihan niya mismo ang epekto ng malawakang tanggalan sa trabaho sa ngalan ng tubo at patuloy na pagpapasasa ng mga kapitalista sa kanilang lakas paggawa; mga kalagayan na nagtulak para tahakin niya ang landas ng armadong rebolusyon at maghangad na lagutin ang tanikala ng pagkaalipin ng uring proletaryado.

Si Ka Guma ay tubong Zamboanga del Sur na ipinanganak noong Nobyembre 9, 1988.

Mananatiling buhay sa isip at laging magiging bukambibig ng bawat masang maglulukad sa South Quezon-Bondoc Peninsula ang mga kwento ng isang masayahin at matatag na Ka Guma.

Pinatunayan ito sa isang labanan kung saan siya ay nasugatan at napawalay sa mga kasama. Pumunta siya sa isang lokal na manggagamot at pinili niyang magpagaling dito. Habang nagpapagaling, sigsig pa rin ang operasyon sa lugar na kanyang pinagtataguan dahilan para akitin siya ng masa na sumuko na.

Ngunit hindi niya ito pinatulan at patuloy siyang nanindigan.

Sa kabila ng kanyang sugat, pinilit niyang maglakad at humanap ng ligtas na lugar. Matagal siyang napawalay sa mga kasama pero ni kailanman ay hindi sumagi sa kanyang isip ang sumuko at magbuhay sibilyan na lamang.

Kahanga-hanga ang taas ng kanyang pampulitikang pagkilala at pag-unawa sa hirap at sakripisyo. Bahagyang napilay si Ka Guma dahil sa pinsalang tinamo pero kailanman ay hindi nakarinig ang yunit ng daing sa kanyang kapansanan. Sa halip na panghinaan at maghanap, ginagawa niya ang lahat ng pamamaraan upang makatuwang sa yunit ng Hukbo at masang magsasaka. Pagpapakita ito na tumatak at nanuot na sa isip ni Ka Guma ang prinsipyo ng "simpleng pamumuhay at mahirap na pakikibaka".

Sa harap ng matinding atake luwal ng desperasyon ng kaaway na durugin ang PKP-BHB sa lalawigan, hindi lamang si Ka Guma ang pinanday ng marahas na pakikihamok para ipaglaban ang uring inaapi at pinagsasamantalahan. Ang tapang at katatagan ay nananatiling tatak ng Hukbong Bayan at rebolusyonaryong mamamayan sa lalawigan.

Sa kanyang pagkamartir, kay Ka Guma ang pinakamataas na pagpupugay. Kuhanan natin ng inspirasyon ang pagpapakatatag ni Ka Guma bilang isang rebolusyonaryo! PS

# NARCISO ANTAZO ARAMIL COMMAND - BHB RIZAL


Lucio “Ka Bisaya” Simporoso ........................................................................199

Jose “Ka Pancho” Villahermosa.....................................................................201

Noel “Ka Cely/Bai” Levanta ..........................................................................203

Rodel “Ka Delo” Cruz ....................................................................................206

Kevin “Ka Facio” Castro ................................................................................208

Ka Wilfred .....................................................................................................211

Ka Payter/Rukawa ........................................................................................212

# LUCIO "KA BISAYA" SIMPOROSO

*2019 Disyembre 5*
*Sierra Vista Subdivision, Barangay Cupang, Antipolo City*

Si Lucio "Ka Bisaya" Simporoso ay hindi talaga Bisaya dahil tubong Albay, rehiyon ng Bikol siya. Humigit kumulang sa 45-47 taong gulang na si Ka BIsaya. Mula sa uring manggagawa, hiwalay sa asawa at may mga anak. Nagmula si Ka Bisaya sa isang komunidad ng maralitang lungsod at maraming beses nang nasunugan mula sa sadyang panununog ng mga nangangamkam ng lupa upang palayasin ang mga naninirahan doon. Sinikap niyang maorganisa ang sarili at mag-organisa dahil dito. Ipinaglaban niya, hindi lang ang kanyang karapatan kundi pati ang karapatan ng mamamayan na nakasama niya at iminulat sila kung gaano kahirap ang kanilang buhay.

Kumilos siya sa hayag na kilusang masa bago sumampa sa BHB noong 2012 sa larangang gerilya sa Rizal. Tumatayo siyang VIL sa yunit at kagawad ng Komiteng Larangan. Madalas ay gumagampan siya ng mga teknikal na gawain tulad ng gawain sa komunikasyon at madalas na kasama at kabuddy ni Ka Romano sa mga lakad. Karaniwang maririnig sina Ka Bisaya at Romano na nagsasalita nang Bikol. Madalas din siyang lumalabas sa sonang gerilya papuntang kalunsuran para sa pagsundo at hatid ng mga kasama, pagdadala ng mga mahahalagang sulat at minsan ay pamimili ng mga gamit. Lubos na ipinagkakatiwala sa kanya ni Ka Romano ang mga gawaing ito.

Masayahin, palabiro, kwela at makulit. Iyan ang mga katangiang hindi malilimutan kay Ka Bisaya. Lagi nating maaalala kung paano siya sumayaw habang taglay ang nakahahawang ngiti. Malilimutan din ba ng mga kasama ang kahusayan niya sa gawaing teknikal at lohistika lalo na sa pagluluto? Sa kanya natuto ang mga kasama na magluto ng iba't ibang klase ng putahe. Kahit ang mga masa mismong natutuluyan niya ay ayaw na siyang paalisin dahil sa paggampan niya sa mga gawaing bahay at produksyon ng masa. Mataas ang kanyang inisyatiba na gumampan kahit hindi siya ang nakatakda sa gawain.

Isang magulang din ang turing ng mga kasama kay Ka Bisaya. Lagi siyang nagpapaalala sa mga kasama, nagpapataas ng moral nila sa kwelang paraan. Lagi rin siyang tumutulong sa mga kasama at umaalalay sa kanila kahit na nahihirapan. Maaasahan mo siya sa lahat ng bagay — hanggang sa mga labanan. Pag-asa ang hatid niya sa mga kasamang nahihirapan. At ni hindi

rin siya nawalan ng pag-asa kahit sa usaping pag-ibig. Kahit na maraming mga kasamang nagsasabing alanganin na sagutin siya ng kanyang hinapagan ng panliligaw, tumindig pa rin siya na hangga't hindi niya nakikita at naririnig mismo sa kasamang babae kung ano ang sagot, ay magpapatuloy pa rin siya sa pag-ibig niya rito. Hindi nga sumusuko si Ka Bisaya sa lahat ng bagay. Kahit na napakahirap na ng sitwasyon, hindi siya umaalis sa rebolusyon, magpapahinga lang siya sandali, maya-maya makikita mo nang gumagawa na ulit siya— maalinman sa naglilinis ng isda na sinisid ng mga "kakoloy", nagtatadtad, nagkakayas, kung hindi man, nagluluto, nangangahoy. Hindi mo siya kakikitaan ng katamlayan, bagkus ay laging masikhay. Inspirasyon natin si Ka Bisaya para magpatatag at magparami.

Nasawi si Ka Bisaya kasama sina Ka Ermin "Ka Romano" Bellen at Jose "Ka Pancho" Villahermosa sa reyd ng mga pulis at sundalo sa tinitigilan nilang bahay sa Sierra Vista Subdivision, Barangay Cupang, Antipolo City, humigit-kumulang ala-una ng madaling araw ng Huwebes, ika-5 ng Disyembre, 2019 - isang masaker ng pasistang kaaway sa mga di armadong mga kasama.

# JOSE “KA PANCHO” VILLAHERMOSA

*2019 Disyembre 5*
*Sierra Vista Subdivision, Barangay Cupang, Antipolo City*

*“Susi lang ang ibigay mo, kahit anong sasakyan, kaya niyang patakbuhin”*

Si Jose “Ka Pancho/Razor/Cholo” Villahermosa, 63 anyos, ay mula sa uring manggagawa, taga-Antipolo City, Rizal. May asawa siya at mga anak.

Kabataan pa siya nang unang maorganisa. Noong panahon ng disoryentasyon ng Partido, *combat driver* siya ng Alex Bungcayao Brigade (ABB). May panahon din na naging tagadeliber siya ng Ang Bayan (AB) noong siya ay kabataan pa.

Nagmula ang kanyang pamilya sa Marikina. Noong siya ay tuluy-tuloy na kumilos, nag-organisa siya sa mga manggagawa at estudyante, gayundin sa mga kababaihan. Kumilos siya sa hayag na kilusang masa. Siya ay kumikilos  noon sa NCR. Itinalaga siyang organisador ng mga manggagawa.

Taong 2013 nang pormal siyang magmungkahing kumilos sa Rizal dahil may nakilala siyang Hukbo na pinatuloy sa kanyang bahay. Dahil dito, naengganyo na siyang magpalipat sa probinsya ng Rizal. Makalipas ang ilang taon, natalaga rin siya sa kanayunan. Gayunman, hindi rin siya nagtagal sa loob ng sonang gerilya dahil sa limitasyong pisikal at pangkalusugan, dagdag pa ang pagkakadisgrasya niya kung saan nabalian siya ng braso.

Kapag kailangan ng mga kasama ng isang drayber sa isang operasyong militar ng Hukbong Bayan, o sa kahit na anong gawain, hindi siya nagdadalawang-isip at mabilis na tumatalima dahil iyon ang gawaing gustung-gusto niya. Sa maraming mga *special operations*, malaki at maliit, hanggang sa mga *rescue operations*, napakarami niyang ginampanang gawain na naging matagumpay mula noong dekada 1980 sa NCR, sa Central Luzon, hanggang sa Timog Katagalugan. Sa TK, sa mga operasyon ng Maria Lorena Barros Brigade noon, isa siya sa paboritong *driver*, hanggang sa Melito Glor Command.

Si Ka Pancho, kahit mapanganib ang lalahukang operasyon ay di tatanggi— magmamaneho pa yan. Kapag sa pagpaplano ng mga taktikal na opensiba ay itinuro mo sa kanya kung saan ihihinto ang sasakyan, halimbawa sa tapat ng gate mismo ng detatsment ng kaaway, walang alinlangan, doon nga niya ihihinto ang sasakyan. Si Ka Pancho ang tumayong drayber ng isang

sasakyan noong nireyd ng mga BHB ang Municipal Police Station ng Paluan, Occidental Mindoro noong December 2014. Pinili siya at ibinoluntaryo ng mga kasama sa ganitong gawain dahIl sa kanyang husay at tatag. Malakas ang kanyang loob at walang alinlangan kapag siya ang may hawak ng manibela. Maingat din siyang magmaneho.

Nitong huli, nagkaroon siya ng karamdaman, dahilan upang pansamantalang magpahinga. Muli siyang pumakat sa gawain noong 2019. Nagtuluy-tuloy siya sa paggampan mula noon. Nag-organisa siya ng mga magsasaka, kabataan, sa komunidad ng maralita, at pana-panahon, siya ay naaatasan na magmaneho para sa byahe ng mga kasama.

Sa edad ni Ka Pancho na *senior citizen na*, ngayon lamang kung kailan siya nagkaedad ay natutunan niya ang magtanim mula sa pakikipag-integra niya sa mga magsasaka at sa paggampan ng produksyon doon. Nakumpleto na rin ang kanyang karanasan kung saan ang pagtatanim ang dati niyang kakulangan na kaalaman.

Sa edad niyang 63 taong gulang, napagsikapan niyang tuluy-tuloy na kumilos sa rebolusyon nang hindi umuuwi sa kanila. Madali ring pagbuksan si Ka Pancho ng mga usapin ng mga kasama hinggil sa gawain, lalo at maedad na siya at nakapagpapayo sa mga kasama.

Nasawi si Ka Pancho kasama sina Ka Ermin “Ka Romano” Bellen at Ka BIsaya sa reyd ng mga pulis at sundalo sa tinitigilan nilang bahay sa Sierra Vista Subdivision, Barangay Cupang, Antipolo City, humigit-kumulang ala-una ng madaling araw ng Huwebes, ika-5 ng Disyembre, 2019 - isang masaker ng pasistang kaaway sa mga di armadong mga kasama.

Ang luhang pumatak para kay Ka Pancho ay hindi lamang luha ng kalungkutan kundi luha rin ng paghihimagsik at pagpapatibay ng ating damdamin. Hindi man natin siya kasama ngayon, ang diwa niya ay hindi natin malilimutan. Hangga’t tayo’y narito, ipagpapatuloy natin ang kanilang nasimulan.

# NOEL "KA CELY/BAI" LEVANTA

*2020 Marso 28*
*So. Malasya, Brgy. Puray, Rodriguez, Rizal*



Si Noel "Ka Cely/Bai" Levanta ay tubong Bukidnon, Mindanao. Mula siya sa uring magsasaka — pambansang minorya pero napabilang sa uring petiburges. Gumampan siya ng gawain sa kilusan sa kalunsuran at sa gawaing instruksyon. Mahabang panahon ay kumilos si Ka Cely sa rehiyon ng Metro Manila bago mailipat sa rehiyon ng Timog Katagalugan nang sumampa siya sa isang larangan ng BHB sa probinsya ng Rizal noong Nobyembre 2019. Naging kagawad siya ng komite ng Partido sa subrehiyon. Narito ang pahayag ng pagpupugay sa kanya mula sa Komiteng Rehiyon ng Metro Manila:

Pinakamataas na pagpupugay ang ipinapaabot ng Komiteng Rehiyon ng Metro Manila Region kay Kasamang Noel "Bai" Levanta. Siya ay dakilang martir ng sambayanang nagrerebolusyon para ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Labis-labis ang hinagpis ang nararamdaman ng masa, mga kapwa mandirigma't kumander ng BHB, mga kasapi at kadre ng Partido sa brutal na pagpaslang sa kanya ng mga elemento ng AFP, sa pamamagitan ng 80th Infantry Battalion ng Philippine Army sa Puray, Rizal noong Marso 28, 2020. Si Bai at kanyang mga kasama ay abala sa paghahanda sa selebrasyon ng anibersaryo ng BHB at paglulunsad ng tulong medikal laban sa COVID-19 nang pasukin ng tropa ng militar ang kanilang kinalalagyan. Ang insidenteng ito ay

isang paglabag sa tigil-putukan na iniyayabang mismo ng GRP at gayundin sa panawagan ng UN na pansamantalang *ceasefire* ng lahat ng mga naglalabanang pwersa sa bansa.

Ang pagpatay kay Bai ay isa lamang patunay na pasista sa kaibuturan ang rehimeng Duterte at walang ibang alam ang gobyernong ito kundi ang pumatay at gutumin ang mamamayan lalo ang maralita at api. Ganunpaman, ang Hukbong kinaaniban ni Ka Noel, ang Bagong Hukbong Bayan, sa kabila ng limitasyon sa kagamitan at teknolohiya ay walang pag-iimbot na tumulong sa masa para labanan ang nakakamatay na virus-ang COVID 19. Ang Bagong Hukbong Bayan ay kaisa ng mamamayang Pilipino at ng buong daigdig sa pagsagip sa buhay ng sangkatauhan.

Si Bai sa kanyang kabataan, ay isang karaniwang estudyante, anak ng maralitang magsasaka na nagsikap na makapag-aral sa Maynila. Nagmula sa pambansang minorya – isang Lumad. Tubong Bukidnon, Mindanao. Ang kanilang tribu ay kilala bilang mga mandirigma dahil sa kultura ng kanilang angkan. Nagpunta sa Maynila sa maagang bahagi ng dekada 1990. Sa panahong ito, ang Partido ay nasa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto na kung saan ang mga aktibista ay masipag ang pag-aaral sa teorya at praktika ng MLM. SI Ka Noel ay nag-aaral noon ng Theology sa isang pribadong unibersidad. Mula dito ay nakasali siya sa organisasyon ng kabataan-estudyante na lumalaban sa pagtaas ng matrikula. Pagpasok ng 1996, mabilis na nagpadeploy si Kasamang Bai sa komunidad ng Tondo para makipamuhay sa masang maralita. Naging bantog siya sa pagbubuo muli ng lakas sa Estero de Magdalena, Parola at Batuhan sa Tondo. Nang pumasok ang taong 2001, kasama si Ka Noel sa mga nanguna sa pagpapakilos ng masang anakpawis para patalsikin ang pahirap na rehimen ni Estrada.

Nakitaan si Bai ng angking husay sa gawaing edukasyon noon pa mang nag-aaral siya. Nung magpasya magFT noong 1994, nakikita ng mga kasama ang kanyang potensyal. Matapos ang pag-aalsang EDSA Dos, idineploy si Bai sa gawaing instruksyon sa Komiteng Distrito ng Manila. Dito ay nanguna siya sa pagpapatapos ng maraming mag-aaral na galing sa uring manggagawa, maralita, kabataan, at kababaihan. Masigasig ang kasamang magbasa. Ito ang isa pang namumukod na katangian niya. Lahat ng libro na mahawakan niya ay binabasa nang paulit-ulit. Kaya hindi kataka-taka na napalawak ng kanyang kaalaman sa teorya at kasaysayan.

Taong 2004-2005, nagkaroon ng karamdaman si Kasamang Bai – hypothyroidism. Nangayayat siya at laging inaantok. Ganunpaman, hindi pa rin siya tumigil at laging abala sa pagbibigay ng pag-aaral. Pinangunahan niya ang pagpapalakas sa Komiteng Seksyon ng Tondo. Sa panahong ito, siya na ang kalihim. Pinangunahan niya ang gawaing masa sa maralita sa Parola at inayos ang sigalot ng mga pwersa noon dito at isinulong ang kanilang laban sa demolisyon. Naabot ang Baseco at nagpatuloy ang pagtatayo ng samahang masa dito. Higit pang pinahusay ni Bai, ang kanyang kasanayan sa gawaing edukasyon. Noong ilunsad ang Lakbayan noong 2017, pinangunahan ni Bai ang pagpapatapos ng maramihang pag-aaral ng PADEPA sa panahon na nakakampo ang Pambansang Lakbayan sa UP Diliman. Hindi napapagod at patuloy na pinapaunlad ang paraan ng pagtuturo na maging simple, praktikal at

madaling maunawaan ng karaniwang masa. Alam na alam ni Ka Noel ang kasalatan ng mga tao sa kaalaman dahil sa limitadong oportunidad na makatapos sa burgis na paaralan. Kaya pinapaunlad niya nang walang tigil ang teknik sa pagtuturo.

Alam din  ng marami na isang Martial Arts *expert* din sa Bai. *Black belter* siya ng Shotokan *karate*. Nag-aral din siya ng arnis. Ginagamit niya ito para sa pag-oorganisa ng mga kabataan sa komunidad na imbes na malulong sa masamang bisyo ay tinuturuan niya ng *martial arts*. Ito na rin ang nagiging ruta niya sa pag-oorganisa.

Si Ka Noel ay simple, mapagkumbaba at mataas ang pagpapahalaga sa kolektibo. Lagi niyang sinasangguni ang kanyang kolektibo sa mga usapin na hindi malinaw at kinakailangan nang dagdag na talakayan. Kahit na bagong aktibista ay gustung gustong katalakayan ni Bai. Mataas ang kanyang pagpapahalaga sa kabataan-estudyante. Ayon sa kanya, kailangan na maging Hukbo ng mga artikulador ang YS. Kailangan na may mahusay na nagpapaliwanag ng MLM ayon sa kanya.

Deployment sa Hukbong Bayan ang gusto talaga ni Bai. Nagsubok siya noong 2018, kung saan nagtagal siya ng isang taon sa isang probinsya sa Mindanao. Dito ay nakasalamuha niya ang kanyang kapwa Lumad. Direkta niyang naranasan ang lupit ng Martial Law sa Mindanao. Ilang beses din na napadepensiba ang kanilang yunit pero kahit pa ganito, hindi nagbago ang perspektiba ni Bai sa digma.

Matapat at mabuting kaibigan si Bai sa mga kasama lalo sa kanyang mga kakolektibo. Maraming mga kasama na naging estudyante niya ay naging malapit sa kanya dahil sa kanyang magiliw na katangian at pagbabahagi ng kanyang kaalaman sa mga turo ng Partido. Malimit ay inaaya niya pa nga ang mga kasama sa *jogging* sa Luneta at *sparring* ng arnis. Dahil meron siyang pinsan na nagtitinda sa palengke, kung minsan na libre ang panahon ni Bai, ay tumutulong siya dito para makakuha ng buto-butong baboy at laman-loob para dalhin sa opisina ng mga kasama at mga kasamang may pamilya para pangkain.

Madalas na mapuna si Bai dahil sa kabaitan at minsan ay nagiging liberal na sa mga kahinaan ng kasama. Lagi niya namang sinasabi ito. Kahinaan niya rin ang hindi masyadong mapaggiit ng kanyang punto kahit alam niyang tama ang kanyang posisyon. Gayunman, ang mga ito ay dahil sa kanyang personalidad. Ang mainam kay Bai, mahusay ang kanyang aktitud sa pagtanggap ng kanyang kahinaan.

Labis nating ikinalulungkot ang nangyari kay Kasamang Bai. Ang mga kasamang tulad niya ay marami pa ang kayang iambag sa rebolusyon. Gayunman, dapat nating tiyakin na hindi masayang ang kanyang sakripisyo. Napatay man nila si Bai, maraming naging estudyante si Bai na tiyak na magpapatuloy ng rebolusyon. Maraming katulad niya ang magbabangon para dalhin ang lipunang Pilipino sa isang matiwasay na kinabukasan.

Kaya't bilang pagkilala kay Kasamang Bai sa kanyang kabayanihan, ipapangalan sa kanya ang Primaryang Paaralan ng Partido ng Komiteng Rehiyon ng Metro Manila upang maisalin ang kanyang kwento sa mga susunod na henerasyon at dakilain ang kanyang ambag sa gawaing edukasyon.

# RODEL “KA DELO” CRUZ

*2021 Marso 22*
*Brgy. Pagsangahan, General Nakar, Quezon*



Si Ka Delo/Mighty ay isang katutubong Dumagat, binata, humigit kumulanga 35 taong gulang, at nagmula sa Brgy. Puray, Rodriguez. Nakapag-aral siya  nang elementarya at mahusay siyang magbasa at magsulat. Magaling din siyang umawit at tumugtog ng gitara— burges mang awitin o progresibo at rebolsuyonaryo tulad ng On Potok.

Gumampan siya ng gawain sa lokalidad sa hanay ng pambansang minorya at sumampa sa Hukbo noong 2006 sa isang yunit ng Narciso Antazo Aramil Command sa Rizal.  Bago

sumampa sa hukbo si Ka Mighty ay nakakilos ito sa hayag na samahan ng mga katutubong Dumagat na lumalaban at tumututol sa Laiban Dam at Kaliwa Dam, na maglulubog at kakamkam sa kanilang lupaing ninuno. Nakipagkaisa sila sa iba pang mga pambansang minorya sa isyu ng lupaing ninuno at karapatan sa pagpapasya sa sarili. Maraming kwento si Ka Mighty hinggil sa iba't ibang mga tribo ng katutubo na nakausap at nakasama niya sa mga aktibidad tulad ng Mangyan sa Mindoro, Cordillera Day sa Norte, sa Mindanao at iba pang mga pagkilos sa Kamaynilaan tulad ng Lakbayan na nagsasama-sama ang mga pambansang minorya para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan. Lagi niyang ikukuwento ang mga karanasang ito sa mga masa at mga kasama sa hukbong bayan. Ipapakita niya ang retrato niyang sumasayaw ng katutubong sayaw ng mga Dumagat sa mga pagtitipon ng mga katutubong Pilipino.

Mataas ang inisyatiba ni Ka Delo sa mga gawain, at taglay niya lagi ang diwa ng pagtulong. Masigasig sa gawaing propaganda si Ka Delo na pinadadaloy niya sa lapat na pakikipagtalakayan sa masa. Hilig din ni Ka Delo ang pakikipagkantahan sa mga kasama, lalo't habang may tinutugtog na gitara. Masigla siyang lumahok sa pagsasanay ng mga instruktor sa mga pampartidong pag-aaral at sa mga palihan sa kultura.



Makulit at palabiro si Ka Delo, bagay na naglapit sa kanya sa maraming mga kasama, gaano man kaiba ang mga katangia't kaugalian sa kanya. Maalalahanin din siya sa mga kasama, at laging handang umalalay sa mga nakikitang nahihirapan.

Nakaranas ng pana-panahong panghihina ng loob si Ka Delo dahil sa kanyang karamdaman, ngunit sa kabila ng hamon nito ay lagi niyang pinangibabaw ang diwang pasulong na 'di alintana ang mga kakaharaping hirap upang maibigay ang lahat ng maiaambag pa sa rebolusyon. Tumatayo na siyang VIL bago igupo ng malalang karamdaman. Namatay siya sa kabundukang saklaw ng North Quezon noong Marso 22, 2021. PS

# KEVIN "KA FACIO" CASTRO

*2022 Pebrero 21*
*Brgy. Binibitinan, Polillo, Quezon*



Pinakamataas na parangal at pagpupugay ang iginagawad ng National Democratic Front-Southern Tagalog kay kasamang Kevin Castro na mas nakilala ng masa at mga kapwa rebolusyonaryo bilang Ka Andres/Boni/Facio/Lima/Lucio/Isko/Pablo. Nasawi siya sa isang labanan sa Brgy. Binibitinan, Polillo, Quezon nitong Pebrero 21, 2022 sa edad na 28. Isang batang kadre ng Partido, kagawad ng Komiteng Subrehiyon sa mga probinsya ng Rizal-Quezon at Laguna, rebolusyonaryong guro at mahusay na propagandista-ahitador ng Hukbong Bayan at mamamayan si Ka Facio.

Nagmula siya sa uring petiburgesya sa Malolos, Bulacan. Isa siyang mabuting anak at panganay sa isang nakababatang kapatid na babae. Nakapag-aral siya ng kursong edukasyon sa University of the Philippines-Diliman at aktibo sa pagsusulong ng karapatan ng mga estudyante sa pamantasan laluna nang maging miyembro ng konseho sa kanilang kolehiyo. Kalaunan ay naging aktibo rin siya sa paglaban sa iba pang isyu ng mga kabataan at iba pang uri at sektor sa loob at labas ng pamantasan at namulat sa kalagayan ng mamamayang Pilipinong isinadlak sa kahirapan ng tatlong salot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Sumapi siya sa Kabataang Makabayan, ang lihim na pambansa-demokratikong organisasyon ng mga kabataang nagtataguyod ng armadong pakikibaka. Noong 2016, naging aktibo siya sa pagdalo at pagiging bahagi ng mga *peace forum* na inorganisa ng NDFP sa iba't ibang pamantasan sa Maynila at sa Timog Katagalugan.

Isa siya sa mga kabataan-estudyanteng tumugon sa panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas na sumapi sa BHB noong 2016. Mula noon, buong sigasig na ginampanan ni Ka Facio ang mga rebolusyonaryong tungkulin at higit na ginagap ang pagsusulong ng matagalang digmang bayan sa kanayunan. Naitalaga siyang kumilos sa larangan sa Hilagang Quezon kung saan siya umugat at epektibong namuno bilang sumisibol na batang kadre ng rebolusyon. Sa mahusay na paggabay at pamumuno ng komite ng Partido sa subrehiyon sa pangunguna ng namartir na si Ermin "Ka Monte/Romano" Bellen, mabilis na nahasa si Ka Facio bilang isang komprehensibong kadre na naging mahalagang salik para muling mareaktiba ang ilang naiwang mga base sa Hilagang Quezon laluna ang mga base sa Polillo Group of Islands.

Napakataas ng pagpapahalaga niya sa lahat ng gawain laluna ang gawaing masa, na di niya alintana ang mga panganib makabalik lang at mapamunuan ang masa. Kahit nga sa panahon ng pandemya, sinikap niyang alamin ang kalagayan nila at gabayan ang mga masa sa pagharap sa mahihirap na kalagayan-- hinggil sa kabuhayan, kalusugan at iba pang laban ng mamamayan.

Walang tanggi sa atas si Ka Facio, hindi siya nagsasayang ng panahon para matupad ang kanyang misyon at maiabante ang mga gawain saanman siya maitalaga. Isa rin siyang mahusay na manunulat at makata. Lapat siyang makitungo sa mga kasama at masa dahilan para mahalin siya ng mga ito, laluna ng mga katutubong Dumagat at Remontado. Katunayan, mataas ang inaani niyang respeto mula sa mga kapwa kasama at mamamayan sa taglay niyang mahusay na aktitud at pagiging huwarang batang kadre. Kritikal siya sa sarili at likas ang kanyang kababaang loob kaya mahusay niyang napakikitunguhan ang mga suliraning kinakaharap niya—sa pakikitungo sa mga kasama, sa kanyang pamumuno, at maging sa pakikitungo sa masa. Larawan siya ng pagiging di makasarili at ng walang pag-iimbot na ibigay ang kanyang kakayahan para sa katuparan ng mga rebolusyonaryong tungkulin at gawain. Isa

rin siyang huwarang kasamang may piniling kasarian at aktibong mandirigma sa pagsusulong ng pantay na pagkilala at pagrespeto sa kanilang hanay.

Nakapanghihinayang na maagang tinawid ni Ka Facio ang imortalidad. Marami pa siyang magagawa at misyong maisasakatuparan, marami pa siyang masang nais paglingkuran at masang naghihintay. Pero ang lahat ng kanyang pagsisikap at sakripisyo ay hindi masasayang dahil ipagpapatuloy ito ng mga kapwa rebolusyonaryong nakasama niya sa buhay-at-kamatayang pakikibaka, ng bawat mamamayang nakadaupang-palad niya. At higit sa lahat, ang kanyang kadakilaan at kabayanihan ay buong-panahong mananahan at magpapasalin-salin sa iba't ibang henerasyon ng mamamayan sa Maynila, sa Hilagang Quezon at sa buong Pilipinas.



Nakitil man ng kaaway ang kanyang kaisa-isang buhay, hindi nila makikitil, ni mapipigil ang pag-agos ng rebolusyonaryong enerhiya ng mamamayang binigkis ng mga pagsisikap ni Ka Facio, ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan sa Hilagang Quezon. Ipagpapatuloy ng higit na nakararaming kabataaan at mabubuting anak ng bayan sa lalawigan ang mga dakilang misyon at simulain ni Ka Facio.

PS

# KA WILFRED

*2022 Abril 17*

# KA PAYTER/RUKAWA

*2022*

# Partido Komunista ng Pilipinas

## Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
## Rehiyon ng Timog Katagalugan

*" Ang lahat ng tao ay tiyak na mamamatay. Ngunit ang kamatayan ng bawat tao ay maaaring magkakaiba ng kabuluhan. Ang mamatay na naglilingkod sa sambayanang Pilipino ay isang dakila't marangal na kamatayang higit na mabigat kaysa Bundok Sierra Madre. Samantalang ang mamatay na naglilingkod sa mga mapagsamantala't mapang-aping uri ay higit na magaan kaysa balahibo."*

Ito ang opisyal na katibayan at katunayan na si _____________ na ang tunay na pangalan ay ______________________________ ay namatay na dakila't marangal bilang isang rebolusyonaryong martir ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at Pambansang Demokratikong Prente. Napaslang siya ng mga pasistang tropa ng rehimeng US-Duterte noong _____________ sa _______________________________ habang gumagampan ng rebolusyonaryong gawain. Namatay siyang isang bayani ng Demokratikong Rebolusyong Bayan. Higit na mabigat kaysa Bundok Sierra Madre ang kanyang kamatayan.

Si _____________ ay isang huwarang rebolusyonaryong kasapi ng Partido at mandirigma ng BHB, na nag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa sambayanang Pilipino. Buong tapang niyang hinarap ang lahat ng mga hirap at pagpapakasakit alang-alang sa ikasusulong ng Digmang Bayan nang siya'y nabubuhay pa hanggang sa napaslang siya ng mga pasistang tropa. Nagdadalamhati't nagluluksa ang buong kasapian ng Partido Komunista ng Pilipinas, Bagong Hukbong Bayan at Pambansang Demokratikong Prente sa kanyang pagkamatay.

Magsisilbing opisyal na katibayan at katunayan ang dokumentong ito upang mapabilang ang kanyang mga pamilya't kaanak sa listahan ng mga pamilya't kaanak ng mga rebolusyonaryong martir na tatanggap ng kaukulang tulong at benepisyong dapat tanggapin ng mga pamilya't kaanak ng mga rebolusyonaryong martir na tulad ng itinatadhana ng Rebolusyonaryong Gabay sa Reporma sa Lupa at ng Programa Para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan.

Ang anumang dapat tanggaping tulong at benepisyo ng kanyang mga naulilang pamilya't kaanak sa kasalukuyan at sa panahong nakamit na ang tagumpay ng Demokratikong Rebolusyong Bayan ay titiyaking maipagkakaloob ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at ng Demokratikong Pamahalaang Bayan.

Nais naming ipaabot sa pamilya't kaanak ni __________ ang aming rebolusyonaryong pakikiramay sa kanyang pagkamatay. Hinding-hindi namin siya kalilimutan at ipagpapatuloy namin ang adhikaing kanyang ipinaglaban hanggang sa makamit ang ganap na tagumpay ng Demokratikong Rebolusyong Bayan.

**IBALING ANG PAMIMIGHATI SA REBOLUSYONARYONG KATAPANGAN !**

**MANGAHAS MAKIBAKA, MANGAHAS MAGTAGUMPAY !**

| | |
|---|---|
| ________________________________ | ____________________________ |
| **Lagda ng Opisyal ng PKP at/o BHB na Nagbigay** | **Lagda ng Kapamilya't Kaanak na Tumanggap** |

________________________

**Petsa ng Pagbibigay**

# *Mga Ginamit na Daglat*

| DAGLAT | KAHULUGAN |
|---|---|
| KTKR | Komiteng Tagapagpaganap ng Komiteng Rehiyon |
| KR | Komiteng Rehiyon |
| KomProb | Komiteng Probinsya |
| KLG | Komiteng Larangang Gerilya |
| KomSek | Komiteng Seksyon |
| PG | party group |
| KT | Komiteng Tagapagpaganap |
| FOC | Front Operational Command |
| SDG | sentro-de-grabidad |
| YGM | yunit sa gawaing masa |
| SYP | Sandatahang Yunit Pampropaganda |
| MLP | Mala-ligal na Pangkat |
| YMB | Yunit Milisyang Bayan |
| MB | Milisyang Bayan |
| GSM | Ganap na Samahang Masa |
| Coy | company |
| CO | commanding officer |
| PL | platoon leader |
| VPL | vice platoon leader |
| PI | political instructor |
| IL | iskwad lider |
| VIL | vice iskwad lider |
| GP | giyang pampulitika |

| DAGLAT | KAHULUGAN |
|---|---|
| S4 | opisyal sa lohistika sa iskwad |
| P4 | opisyal sa lohistika sa platun |
| RA | rebolusyong agraryo |
| BTO | batayang taktikal na opensiba |
| TO | taktikal na opensiba |
| DL | depensibang labanan |
| TOD | tour of duty |
| MOR | Mindoro Oriental |
| MOC | Mindoro Occidental |
| NQ | North Quezon |
| SQBP | South Quezon-Bondoc Peninsula |
| QBZ | Quezon-Bicol Zone (Hangganang Quezon-Bikol) |
| GRP | Gobyerno ng Republika ng Pilipinas |
| SOLCOM | Southern Luzon Command |
| WesCom | Western Command |
| NTF-ELCAC | National Task Force to End Local Communist Armed Conflist |
| PA | Philippine Army |
| ID | Infantry Division |
| IB | Infantry Battalion |
| MBK | malaking burgesyang kumprador |
| PML | panginoong maylupa |
| PC | Philippine Constabulary |

53 taon ng NEW PEOPLE'S ARMY

*Ang mga karagdagang impormasyon at kontribusyon hinggil sa mga kasamang martir na hindi nasaklaw ng librong ito ay maaaring ipadala sa mga sumusunod na email address:*

*balikwastk.wordpress.com*
*st.kalatas@gmail.com*
*dagundong.tk@gmail.com*

*at sa email address ng mga tagapagsalita ng komand sa ilalim ng BHB-ST.*
*Maaari ring ibigay ang mga isusumiteng impormasyon*
*sa pinakamalapit na yunit ng BHB sa inyong lugar.*

*PALIMBAGANG PULANG SILANGAN*

Timog Katagalugan

2022